


Daɭuayan

Journal ng Wikang Filipino

TOMO XXXI 2025



Daluyan

Journal ng Wikang Filipino

ISSN 01117-1275 | ISSN 2244-XXXX (online)
Tomo XXXI 2025

Ang mga artikulo ng Daluyan ay pawang opinyon ng mga may-akda at hindi nangangahulugang opisyal na pahayag ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman.

Will P. Ortiz, PhD

wportiz@up.edu.ph
Punong Editor, Daluyan
Tagapamahalang Opisyal,
Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman

.....

Maria Kristina S. Gallego, PhD

msgallego@up.edu.ph

Jayson D. Petras, PhD

jdpetras@up.edu.ph

Mga Editor ng Isyu

.....

Larry Boy B. Sabangan

lbsabangan@up.edu.ph
Tagapamahalang Editor

David John Alagar

dralagar@up.edu.ph
Editor Pangwika

Erik Guzman Pingol

erikguzmanpingol@gmail.com
Tagadisenyo ng Aklat at Pabalat


.....

Inilalathala ng Unibersidad ng Pilipinas sa pamamagitan
ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman dalawang beses sa isang taon.
Maaaring maakses ang elektronikong bersiyon ng Daluyan sa
<https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/issue/archive> at
<https://sentrofilipino.upd.edu.ph/>
Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman
3/F, Linangan ng Maliliit na Industriya (ISSI),
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon
Telepono blg.: +632-8924-4747 at +632-8981-8500 lok. 4583.
Email: daluyan.swf.upd@up.edu.ph

Daluyan

Journal ng Wikang Filipino

TOMO XXXI 2025
ISSN 2815-XXXX



Nilalaman

7 **Introduksiyon**
May Nangyayari
Will P. Ortiz, PhD

9 **Talâ Mula sa mga Editor**
Maria Kristina S. Gallego, PhD
Jayson D. Petras, PhD

Estruktura

13 **Ang Simple Sentence sa**
Cuyonon [cyo]
John Michael Vincent S. De Pano
Quennie Nathalie M. Dordas

40 **Ang Interaksiyonal na**
Gamit ng mga Katagang
Panapos-Sugnay na *Sa/No* at
***Ba* sa Wikang Sebwano**
Brian Salvador C. Baran

Komparatibo

78 **Mga Morposintaktikong Katangian**
ng Tagalog na Sinasalita sa
Morong, Rizal
Vincent Christopher Santiago

107 **Ang mga Katangiang Leksikal**
ng Filipino-Pangasinan Varayti:
Panimulang Sipat-Suri sa Lente ng
Kontak-Wika
Felicisimo G. Galletes Jr.

131 **#TheCityThatReads:**
Kritikal na Pagsusuri sa mga
Independiyenteng Inisyatiba sa
Panitikan at Publikasyon sa
Kanlurang Bisayas (2015–2024)
Noel Galon

167 **Mungkahing mga Senyas para sa mga
Pilíng Katawagang Pampanitikan
Tungo sa Pagpapaunlad ng Filipino
Sign Language**
Jamil Q. Carvajal

189 **“Let me Explain!”:**
Isang Pagsusuri sa Payak na Wika sa
PharmaTok Videos ni Arshie Larga
Ariel U. Bosque

215 **#IkatlongEspasyo:**
Pagsusuri sa Dalas at Tagal ng
Paggamit ng Alter ng mga Miyembro ng
LGBTQIA+ Community sa Panahon ng
Pandemyang Dulot ng COVID-19
Aljohn P. Estrella

250

**Ang Ápa Bilang Usapin at
Relasyong Pangkasarian at
Panlipunan sa *Ullalim* ng
Kalinga**

Gerome Nicolas Dela Peña

Evelyn P. Antonio


273

**Mga Kuwento ng Alon at
Ulan: Pagsusuring Ekokritikal
sa mga Piling Kuwento ni Nap
Arcilla at ni Emman Barrameda
Tungo sa Pag-ahon ng Kamalayan
sa Panitikang Tubig**

Asaytono, Mary Ann A.

306

**Pahayag sa Etika at Paglabag
sa Patakaran ng Publikasyon
sa Journals ng Sentro ng
Wikang Filipino - UP Diliman**





Introduksiyon

May Nangyayari

Noong 2025, kung kailan ginawa ang panawagan sa isyung ito ng Daluyan, binulaga tayo ng dalawang malalaking isyung panlipunan. Una, ang pagkakaaresto kay dating pangulong Rodrigo Duterte ng ICC dahil sa umanong krimen laban sa humanidad kaugnay ng kanyang kampanya laban sa droga. Sa parehong taon, nakita ang galit na protesta ng taumbayan dahil sa isyu ng korapsiyon ng mga proyektong flood control na umano’y naging dahilan ng pagkawala ng 180 bilyong piso sa “ghost projects.” Nagsampa ng kaso laban sa mga indibidwal na umano’y sangkot dito tulad nina Martin Romualdez, Zaldy Co, Manuel Bonoan, Sen. Jinggoy Estrada, Sen. Joel Villanueva, at dating senador Ramon “Bong” Revilla, Jr. Kinasuhan na rin ang mga kontraktor tulad ng mga Discaya.

Nitong 2026, nagkaroon ng putukan at barilan sa Senado dahil sa pagtatangkang hulihin si Sen. Bato dela Rosa ng PNP at NBI upang iharap siya sa ICC. Nagtalumpati pagkatapos si Sen. Risa Hontiveros, na “parang walang nangyari” dahil sa walang imbestigasyon na nagmula mismo sa Senado. Dahil dito, sumagot si Sen. Pia Cayetano, na umiiyak at nagsabing wala man lang

nangumusta sa kanila sa kabila ng kaguluhang naganap. Nagbunsod ang pag-iyak na ito ng maraming meme.

Sa gitna ng umiigting na diskurso sa lipunan—mula sa mga bangaan sa politika hanggang sa mabilis na daloy ng impormasyon sa espasyong digital—lalong lumilitaw ang kahalagahan ng masusing pag-aaral sa wika, komunikasyon, identidad, at representasyon. Sa panahong ang retorika, pagpapakahulugan, at pagganap sa publiko ay may direktang impluwensiya sa kamalayan at pananaw ng mamamayan, nagsisilbing mahalagang ambag ang mga pag-aaral sa isyung ito upang higit na maunawaan kung paano gumagana ang wika hindi lamang bilang daluyan ng kahulugan kundi bilang lunan ng kapangyarihan, identidad, at pakikipagtunggali.


Tinatampok sa isyung ito ang malawak at masiglang larangan ng pag-aaral sa wika, kultura, komunikasyon, at panitikan. Mula sa pagsusuri sa mga estruktura at baryasyon ng mga wikang rehiyonal hanggang sa pagtalakay sa kontemporaneong gamit ng wika sa digital na espasyo, sinasalamín ng mga artikulong kabilang sa isyung ito ang patuloy na paglawak ng diskurso sa lingguwistika at panitikang Pilipino.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga artikulong kabilang sa isyung ito na nananatiling kritikal ang mga pag-aaral sa wika at panitikan sa Pilipinas. Higit pa sa dokumentasyon at pagsusuri, nagsisilbi ang mga pag-aaral na ito bilang pakikilahok sa mas malawak na usapin ng identidad, komunidad, representasyon, at pagbabago sa gitna ng patuloy na pag-iral ng iba’t ibang lokal at global na hamon.

Sa kabila ng mga dramatikong pangyayari sa politika at mga natatabunang isyung panlipunan, nagaganap pa rin ang mahusay na pag-aaral ng wika at panitikan. Hindi nalilimutan ang halaga ng talino sa saliksik ng wika at panitikan. May nangyayari.

Will P. Ortiz, PhD

Punong Editor



Talâ Mula sa mga Editor

Ang pag-aaral ng wika ay nananatiling napapanahon, lalo na ngayong tayo ay hinahati ng malalaking isyung pampolitika at panlipunan. Higit na lumilitaw ang gampanin ng wika bilang instrumento ng kapangyarihan, pagkakabuklod, at paghulma ng kamalayan. Sa panahon kung kailan tayo ay babad sa iba't ibang porma at anggulo ng balita, kasaysayan, at karanasan, umiigting ang pangangailangang maging kritikal at mapanuri sa ating pagtanggap, pagproseso, at pag-unawa sa mga bersiyong ating naririnig, nababása, at ipinapása.

Sa loob ng Unibersidad ng Pilipinas, mandato ng Sentro ng Wikang Filipino ang pagsulong at pagtaguyod sa pag-aaral ng wika. Isa na rito ang patuloy na intelektuwalisasyon ng Filipino sa pamamagitan ng pagtuturo, pananaliksik, publikasyon, at malikhaing produksiyon. Simula sa pagkakatatag ng institusyon noong 1989, nananatiling mahalagang katuwang ng SWF ang mga akademikong yunit, katulad ng Departamento ng Linggwistiks at Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, sa pagpapatupad ng mandato nito.

Lantad sa tomo 31 ng *Daluyan* ang adhikain ng mga yunit na ito na mapanatili ang kayamanang pangwika ng bansa. Taliwas sa monolingguwal na perspektibong nagbibigay-halaga lamang sa iisang wika, itinatampok sa nasabing multilingguwal na perspektibo ang kahalagahan ng bawat wika sa Pilipinas, kung saan ang ating higit sandaang taal na wika ay pinaunlad kaalinsabay ng pagsusulong sa Filipino na ating Wikang Pambansa.

Ang kasalukuyang tomo ay nagtatampok ng sampung artikulo na nakatuon sa pag-unawa, paggamit, at pagsasalarawan hindi lamang ng Filipino kundi pati na rin ng iba pang mga wika sa Pilipinas katulad ng Cuyonon, Cebuano, at Filipino Sign Language. Isinasakonteksto rin ng tomo ang wika ayon sa katangian (taypolohikal, diyalektolohiyal, kontak-wika), domain (estruktura, edukasyon, panitikan), at moda nito (pasalita, pasulat, senyas, at birtuwal). Ang pagkakasunod-sunod ng mga artikulo sa tomo ay batay sa mga aspekto ng pag-aaral ng wika: estruktural, komparatibo, lingguwistikang nilapat (applied linguistics), at panitikan.

Para sa mga estruktural na pag-aaral, ibinabahagi ng artikulo nina John Michael Vincent De Pano at Quennie Nathalie Dordas ang paunang pagsasalarawan sa estruktura ng simpleng pangungusap sa wikang Cuyonon na sinasalita sa isla ng Cuyo sa Palawan. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, binubuksan ng mga

awtor ang wikang Cuyonon sa mas malalim na taypolohikal na pagkokompara, katulad ng usapin ng pagkakasunod-sunod ng mga salita, pagmamarka ng case, at estruktura ng mga pandiwa, na pawang sinasabing mahahalagang katangian ng mga wika sa Pilipinas. Sa artikulo naman ni Brian Salvador Baran, hinihimay ang ispesipikong gamit ng mga katagang *sa/no* at *ba* sa wikang Sebwano sa pamamagitan ng pagsusuri ng naturalistikong paggamit ng wika. Bagama't maliliit na kataga, naipakita ng pag-aaral na malaki ang ambag ng mga naturang salita sa pangangasiwa ng interaksyon sa pagitan ng mga tagapagsalita.

Sa bahagi naman ng mga komparatibong pag-aaral, ipinakikita sa dalawang artikulo ang mga uri ng baryasyong matatagpuan sa iisang wika. Pinatunayan ng parehong pag-aaral na bagama't mayroon nang malawak na pag-aaral sa isang wika, nananatiling limitado ang pagtuon sa ilang aspekto gaya ng baryasyon at pagbabago. Gamit ang metodo ng diyalektolohiya, sinisiyasat ni Vincent Christopher Santiago ang antas ng morposintaks sa pagsasalarawan ng diyalekto ng Tagalog na sinasalita sa Morong, Rizal. Mula naman sa lente ng kontak-wika, tinitingnan ni Felicisimo Galletes, Jr. ang pagbabago sa wikang Filipino na dulot ng interaksyon nito sa ibang mga wika, katulad ng Pangasinan at Ilocano. Pinapatunayan ng parehong pag-aaral na ito na bahagi ng buhay ng wika ang pagiging bukas nito sa pagbabagong dala ng kasaysayan ng mga tagapagsalita nito.

Itinatampok naman sa apat na artikulo sa larangan ng lingguwistikang nilapat ang iba't ibang paraan kung paano nagagamit ang wika upang tugunan ang pangangailangan ng mga komunidad at sektor ng lipunan. Sa pag-aaral ni Noel Galon, sinusuri ang posibilidad ng pagbuo ng #TheCityThatReads bilang isang kampanya sa pagbasa sa Kanlurang Bisayas sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga independiyenteng inisyatiba sa panitikan at publikasyon sa rehiyon. Ipinakikita ng pag-aaral na mahalaga ang kolaborasyon ng mga manunulat, mambabasa, tagapaglathala, at mga institusyong pang-edukasyon sa pagpapalawak ng kultura ng pagbasa at pagpapaunlad ng lokal na panitikan. Samantala, nakatuon ang saliksik ni Jamil Q. Carvajal sa paglikha ng mga mungkahing senyas para sa piling katawagang pampanitikan bilang ambag sa patuloy na pagpapaunlad ng Filipino Sign Language. Sa pamamagitan ng pakikilahok ng mismong komunidad ng mga Bingi sa proseso ng paglikha at pagpili ng senyas, binibigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng inklusibong pagbuo ng kaalamang pangwika at pang-edukasyon. Kaugnay ng pagiging mapagbuo, sinusuri naman ni Ariel U. Bosque ang paggamit ng payak na wika sa mga PharmaTok video ni Arshie Larga at ipinakikita kung paano nagiging tulay ang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagpapalaganap ng literasi pangkalusugan at pag-unawa ng publiko sa mga komplikadong konseptong medikal. Sa kabilang banda, inihahapag ni Aljohn P. Estrella ang pagsusuri sa Alter bilang ikatlong espasyo para sa mga miyembro ng komunidad ng LGBTQIA+, kung saan nagiging mahalagang daluyan ang mga

digital na plataporma para sa ekspresyon ng identidad, pagbuo ng komunidad, at pag-angkin ng ligtas na espasyo. Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga pag-aaral na ito ang lawak ng saklaw ng lingguwistikang nilapat at ang mahalagang papel ng wika sa pagsusulong ng literasi, aksesibilidad, inklusyon, at pakikilahok sa kontemporaneong lipunan.

Sa ikaapat na bahagi, ang larangan ng panitikan, ipinakikita ng dalawang artikulo kung paano nagsisilbing lunan ang panulat sa pag-unawa ng kalinangan, pagpapahalaga, at kamalayang panlipunan ng iba't ibang pamayanan. Sa pag-aaral nina Evelyn P. Antonio at Gerome Nicolas Dela Peña, binibigyang-pansin ang dalumat ng ápa sa epikong *Ullalim* ng Kalinga bilang mahalagang konseptong nakaugat sa mga usapin at relasyong pangkasarian at panlipunan. Sa pagbása sa epiko bilang tekstong pangkalinangan, inilalantad ng saliksik kung paano naipapaloob sa mga katutubong naratibo ang mga pagpapahalaga, panuntunan, at pananaw na humuhubog sa buhay ng komunidad, habang binibigyang-diin ang kahalagahan ng mga katutubong panitikan sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng pamanang kultura. Samantala, gamit ang lente ng ekokritisismo, sinusuri ni Mary Ann A. Asaytono ang mga piling maikling kuwento ni Nap Arcilla at ni Emman Barrameda upang mailantad ang tubig bilang mahalagang sangkap ng kamalayang ekolohikal, panlipunan, at pangkultura. Tinatalakay rito ang tubig hindi lamang bilang tagpuan o simbolo sa panitikan kundi isang aktibong puwersang humuhubog sa identidad, kabuhayan, at karanasan ng mga pamayanang nakaugnay sa dagat at iba pang anyong-tubig.

Sa pangkalahatan, itinatampok ng mga artikulong bumubuo sa tomo 31 ng *Daluyan* ang lawak, sigla, at patuloy na pag-unlad ng pag-aaral ng wika, at maging ng panitikan sa Pilipinas. Mula sa pagsusuri sa mga estruktura at baryasyon ng wika, pagtalakay sa mga usaping pangwika sa edukasyon, kalusugan, at lipunan, hanggang sa pagbása sa panitikan bilang daluyan ng kalinangan at pagkakakilanlan, pinatutunayan ng mga pag-aaral na nananatiling mahalagang larangan ng intelektuwal na diskurso ang wika at panitikan sa harap ng kontemporaneong hámon. Higit sa lahat, ipinaaalala ng tomo na ito na ang bawat wika, panitikan, at anyo ng pagpapahayag ay naglalaman ng natatanging paraan ng pag-unawa sa mundo. Sa pagkilala sa m ga tinig na ito—mula sa mga katutubong pamayanan, rehiyonal na wika, iba't ibang sektor ng lipunan, hanggang sa mga bagong espasyong digital—mas napayayaman natin hindi lamang ang mga araling pangwika kundi ang kolektibong kamalayan ng sambayanang Pilipino.

Maria Kristina S. Gallego, PhD

Jayson D. Petras, PhD

Mga Editor ng Isyu





Estruktura

Ang Simple Sentence sa Cuyonon [cyo]

John Michael Vincent De Pano
Quennie Nathalie Dordas

ABSTRAK

Kahit na ang pag-aaral sa mga wika sa Pilipinas ay nagsimula ilandaang taon na ang nakalilipas, nananatiling limitado ang literatura ukol sa sistema ng mga tunog, salita, parirala, at pangungusap ng karamihan sa mga wikang ito. Kasama rito ang Cuyonon (ISO 639-3 [cyo]) na sinasalita ng halos 190,000 katao sa Palawan at sa mga katabing isla. Ang papel na ito ay isang aksiyon upang makadagdag sa nasabing kakulangan ng pag-aaral. Ipinpresenta ang estruktura ng wikang Cuyonon at inihahambing ito sa estruktura ng wikang Tagalog upang gawing mas aksesible sa mas nakararaming mambabasa. Gamit ang datos na nakalap mula sa pakikipag-usap sa mga mananalita ng Cuyonon mula Mayo hanggang Hunyo 2024, sinusuri ang estruktura ng simple sentence o pangungusap na binubuo ng iisang malayang sugnay at hindi na-derive o naging resulta ng movement. Mababasa ang pagtuklas sa mga katangian ng (i) pagkakasunod-sunod ng mga salita, (ii) pagmamarka para sa case, (iii) voice-aspect paradigm, (iv) di-berbal na mga pangungusap, at (v) espesyal na konstruksiyon. Ang papel ay maaaring maging gabay sa pag-aaral ng susunod na henerasyon ng mga mananalita ng Cuyonon ng kanilang inang wika, at pinapatingkad ang ambag ng wikang ito sa lingguwistikong analisis ng mga wika sa Pilipinas.

Mga susing salita: *Cuyonon, sintaks, lingguwistika, estruktura ng wika, multilingguwalismo*

The Simple Sentence in Cuyonon

ABSTRACT

Although linguistic scholarship in the Philippines dates back a few centuries ago, the literature remains limited to the system of sounds, words, phrases, and sentences of a number of languages. This includes Cuyonon (ISO 639-3 [cyo]), which is spoken by almost 190 000 people in and around Cuyo, Palawan. This paper is an attempt to fill said research gap in the published works on the language. It presents the structure of Cuyonon and compares it with that of Tagalog such that it may be more accessible to a wider audience of readers. Using data elicited from native speakers between May to June 2024, it examines the structure of simple sentences, or sentences with only one independent clause and that are not the results of derivation or movement. The research presents the behaviors of (i) word order, (ii) case marking, (iii) the voice-aspect paradigm, (iv) non-verbal sentences, and (v) special constructions. The research findings and discussions may be used as a reference for the language-learning of the next generations of Cuyonon speakers, and highlights the contributions of the study of the language to the linguistic analysis of Philippine languages.

Keywords: *Cuyonon, syntax, linguistics, structure of languages, multilingualism*

1 Panimula

Ang Cuyonon (ISO 639-3 [cyo]), na kilala rin sa mga pangalang *Cuyono* at *Kuyonon*, ay isang West Bisayan na wikang sinasalita ng halos 190,000 na tao (Eberhard et al.) sa isla ng Cuyo sa Palawan. Ayon sa *Ethnologue*, ginagamit din ito bilang L2 ng mga mananalita ng Agutaynen [agn], Central Tagbanwa [tgt], at Kagayanen [cgc]. Sa walong katutubong wika sa Palawan, ito ang pinakagamit (San Juan 1) at dating naging lingua franca ng probinsiya. Gayunpaman, nananatiling limitado ang literatura ukol sa wikang ito. Ilan sa mga naisulat ang Lackowski, na naglista

ng mga panlapi na maaaring ikabit sa mga pandiwa para sa aspekto; San Juan, na tiningnan ang relasyon ng case¹ at panaguri; at Lee, na tumutok sa mga di-berbal na pangungusap. Gumawa din si Sorra ng isang grammar sketch ng wika. Gayunpaman, nananatiling limitado ang lingguwistikong pag-aaral sa Cuyonon, lalo na sa sintaks o estruktura ng mga pangungusap nito. Layunin ng papel na ito na punan ang puwang na ito sa pamamagitan ng pagtalakay ng simple sentence sa wika: mula sa pagkakasunod-sunod ng mga salita, case marking, voice²-aspect³ paradigm, hanggang sa di-berbal na mga pangungusap at mga espesyal na konstruksiyon.

2 Metodolohiya

Kinolekta ang mga primaryang datos na kinakailangan ng pag-aaral mula Mayo hanggang Hunyo 2024. Ginamit ang *700-sentence list* ng UP Departamento ng Lingguwistiks, at ipinasalin ang mga nilalaman nito sa isang mananalita ng Cuyonon (Consultant A) sa huling dalawang linggo ng Mayo. Ipinabalida ang mga pangungusap na ito sa dalawa pang katutubong mananalita (Consultant B at Consultant C) sa pamamagitan ng Zoom sa mga petsa ng 31 Mayo, 01 Hunyo, at 15 Hunyo. Nagkaroon din ng karagdagang konsultasyon kay Consultant A noong 29 Mayo. Ang lahat ng mga datos ay digital at inarkiba nang may pagpapaalam sa mga mananalita.

Si Consultant A ay isang propesor na nagtuturo ng lingguwistika at wikang Koreano. Samantala, si Consultant B ay isang 56-anyos na pastor na naninirahan sa Roxas, Palawan. Pareho sa kanyang mga magulang ang may L1 na Cuyonon, habang siya ay nakapagsasalita rin ng Tagalog, Ingles, at Hiligaynon. Panghuli, si Consultant C ay isang 49-anyos na guro na ipinanganak at lumaki sa Isla ng Cuyo. Kasalukuyan siyang nakatira sa Roxas, Palawan. Nakapagsasalita rin siya ng Tagalog, Ingles, at Hiligaynon.

Habang ang mga natalakay na literatura ukol sa wikang Cuyonon ay gumamit ng iba’t ibang mga framework tulad ng case grammar sa San Juan at

.....

¹ Minamarka sa pamamagitan ng case ang relasyon ng bawat pangngalan sa bawat isa, at pati na rin sa pandiwa sa pangungusap.

² Sa mga wika ng Pilipinas, ipinapakita ng voice kung ano ang papel sa pangungusap ng simuno. Halimbawa, kung ang simuno ay ang ACTOR o gumawa ng aksiyon, ang pangungusap ay nasa ACTOR VOICE. Madalas ding gamitin para dito ang terminong *focus*.

³ Tumutukoy kung ang aksiyon ay natapos na (PERFECTIVE), ginagawa pa (IMPERFECTIVE), o gagawin pa lamang (CONTEMPLATIVE).

minimalist program sa Lee, layunin ng pag-aaral na ito na maging “frameworkless” o di-batay sa anumang teoretikal na balangkas. Sa ganitong paraan ay mas magiging aksesible ang papel sa mas nakararaming mambabasa, lalo na sa mga walang pagsasanay sa lingguwistika at sa mga mananalita ng wikang Cuyonon.

Gayunpaman, ginagamit pa rin ang ilang mga teknikal na termino tulad ng voice, case, aspekto, NOMINATIVE, at GENITIVE upang maging bukas pa rin sa paghahambing sa mga estrukturang inilarawan sa mga nauna nang pag-aaral ukol sa iba’t ibang mga wika, lalo na sa mga sinasalita sa Pilipinas. Sa ganitong paraan ay nakapag-aambag ang pag-aaral sa lingguwistika sa Pilipinas.

Sa mga pagkakataong gumagamit ng mga terminong tulad nito na nanggaling sa ilang mga balangkas, isinasama rin ang maikling kahulugan nito, pati na rin ang iba pang alternatibong termino.

3 Ang Sintaks ng Cuyonon

Upang makatulong sa pagtalakay sa estruktura ng mga pangungusap, ating gagamitin ang “Leipzig Glossing Rules” (Comrie et al.) sa pagrepresenta ng gamit ng mga nilalaman ng mga ito. Makikita ang ibig sabihin ng mga pagdadaglat sa apendiks at talababa. Para naman sa mga pagsasalin ng pangungusap, ginamit ang parehong Tagalog at Ingles sapagkat lubhang magkalapit ang estruktura ng mga pangungusap at anyo ng mga salita sa Cuyonon at Tagalog.

Pinili ring panatilihin ang Ingles na bersiyon ng mga terminong may kinalaman sa lingguwistika—maliban na lang kung mayroon na itong tanyag na salin sa Tagalog—upang mas mapadali ang paghahanap ng mga mambabasa ng iba pang literatura ukol sa mga bagay na pag-uusapan sa papel na ito. Kung sakaling mayroong mga terminong Tagalog na madalas ding gamitin sa pagtalakay sa mga konseptong ito, ginagamit ang Tagalog na bersiyon.

3.1 Pagkakasunod-sunod ng mga Salita

Tulad sa ibang wikang Austronesyano, ang mga pangungusap sa Cuyonon ay sumusunod sa V-S-O, kung saan nauuna ang pandiwa na sinusundan ng dalawang pangngalan. Ang simuno ang unang pangngalan, habang tinatawag na objek ang ikalawa—ang entidad na pinakanaaapektuhan ng pandiwa.

Makikita sa ibaba ang isang halimbawa ng pangungusap sa Cuyonon.

- (1) *Maga-alin/Ma-alin*⁴ *kita* *aruman*.
 CPV⁵.AV⁶-alis 1PL.INCL.NOM⁷ bukas
 ‘Aalis tayo bukas. / *We will go tomorrow.*’

Ang pandiwang *alin* ‘pag-alis’ ay ang umookupa sa unang posisyon sa pangungusap, at sinusundan naman ng simuno na *kita* at ng *aruman*.

Walang katumbas sa Cuyonon ang inverse marker na *ay* ng Tagalog [tgl]. Ang pagkakasunod-sunod ng mga salita ay hindi rin masasabing laging nakadepende sa sintaks sapagkat naobserba ang baryasyon sa pagkakaayos ng mga salita ayon sa information structure ng pangungusap. Ang (2) ay naglalaman ng halos parehong bilang ng mga salita, ngunit mapapansing iba ang kanilang pagkakasunod-sunod:

- (2) *Kita* *ang* *maga-alin/ma-alin* *aruman*.
 1PL.INCL.NOM NOM CPV.AV-alis bukas
 ‘Aalis tayo bukas. / *We will go tomorrow.* / *We are the ones who will go tomorrow.*’

Ngunit ayon sa mga mananalita, hindi natural ang pagkakaayos ng mga salita sa (2), at mas kadalasang nakikita ang anyo sa (1).

Ating balikan ang inverse marker. Kahit na walang katumbas sa tgl. *ay* ang Cuyonon, kapareho pa rin ng pagkakasunod-sunod ng mga salita nito ang anyong makikita sa isang Tagalog na halimbawang may *ay*. Ipinapakita ito ng mga pangungusap na (3) at (4). Idinagdag ang pagsasalin patungong Tagalog sa ikatlong linya upang mas luminaw ang pagkakapareho.

- (3) *Sa=balay* *ang=daraga*.
 OBL=bahay SG.NOM=dalaga
 ‘Nasa bahay ang dalaga. / *‘The (young) lady is at the house.’*

⁴ Ang *maga-* ay maaaring paigsiin patungong *maa-* (Lackowski 98).

⁵ Contemplative aspect, wala sa Leipzig.

⁶ Actor voice, wala sa Leipzig.

⁷ NOMINATIVE, na nagmamarka ng simuno o ang pangngalan na may pinakamalapit na relasyon sa pandiwa. Halimbawa, ang NOMINATIVE marker sa Tagalog ay *ang*.

- (4) *Ang=manga=daraga* *sa=balay*
 NOM=PL=dalaga *OBL=bahay*
 ‘Ang mga dalaga (ay) nasa bahay. / ‘*The (young) ladies are at the house.*’

Sa parehong pangungusap na Cuyonon, wala mang laman ang posisyon kung saan lumalabas ang *ay* sa katumbas na Tagalog, iisa naman ang posisyon ng mga natirang salita sa dalawang wika. Ngunit, upang maiwasang mabasa ang (4) bilang unang parte ng isang embedded na pangungusap, maaaring maglagay ng kuwit (,) pagkatapos ng *daraga* ‘dalaga.’

3.1.1 Pagkakasunod-sunod ng mga Klitik at Partikulo

Hindi man sapat ang datos upang magkaroon ng komprehensibong pagtalakay sa pagkakasunod-sunod ng mga klitik at partikulo sa Cuyonon, narito ang ilang mga obserbasyon sa wika.

Sa Tagalog, kung ang modal na partikulong *pa* ay nasa isang pangungusap na mayroon ding GENITIVE⁸ na *ko*, dapat ay mauna ang *ko*: *Hindi ko pa alam*. Ang pagbaliktad ng dalawa ay hindi tinatanggap bilang tamang pagkakasunod-sunod: **Hindi pa ko alam*. Samantala, kung ang NOMINATIVE na *ako* ay nasa isang pangungusap na mayroon ding *pa*, dapat naman ay mauna ang *pa*: *Hindi pa ako kakain*. / **Hindi ako pa kakain*.

Walang ganitong restriksiyon sa Cuyonon:

- (5) *Indi=ko=pa* *ma-elam-an*⁹.
 NEG=1SG.GEN=PART *AV-alam*
 ‘Hindi ko pa alam. / *I still do not know.*’

- (6) *Indi* *ako=pa* *ag-kaen*.
 NEG *1S.NOM=PART* *PFV.AV-kain*
 ‘Hindi pa ako kakain. / *I will not eat yet.*’

.....

⁸ Tumutukoy sa isa pang pangngalan na may relasyon sa pandiwa. Sa ibang literatura ay mas sinusunod ang ERGATIVE/ABSOLUTIVE kaysa sa NOMINATIVE/GENITIVE na pagmamarka.

⁹ Ang *ma...-an* ay isang circumfix. Ang mga sumusunod na panlapi ay kinokonsidera bilang mga circumfix/kabilaan sa papel na ito sapagkat sabay na nangyayari ang paglalapi sa unahan at dulo ng salita: (i) contemplative patient voice, (ii) imperfective locative/benefactive voice, at (iii) contemplative locative/benefactive voice. Maaari ding sabihing ang mga ito ay resulta ng dalawang magkaibang proseso: pag-uulit ng unang pantig + paglalagay ng hulapi. Ang perfective locative/benefactive voice, samantala, ay malinaw na isang circumfix.

Isa pa sa mga napansin ay ang epekto ng pananong na *ba*. Ang sumusunod na dalawang pangungusap ay may parehong pagsasalin sa Ingles:

(7) *Diyan kamo run¹⁰=ba?*
 diyan 2PL.NOM PART=Q
 ‘Nandyan ka na ba? / *Are you [plural] already there?*’

(8) *Diyan den=ba kamo?*
 diyan PART=Q 2PL.NOM
 ‘Nandyan ka na ba? / *Are you [plural] already there?*’

Lumalabas na ginugulo ng *ba* ang pagkakasunod-sunod ng mga klitik, panghalip, at iba pang salita. Sa di-markadong pangungusap, ang panghalip ay dapat nasa ikalawang posisyon. Ngunit, dahil nakakabit ang *ba* sa partikulong *den/run*, ang paglagay ng *den/run* pagkatapos ng *diyan*—tulad sa Tagalog—ay mangangailangan ng paghila rin sa *ba*. Bilang resulta, lalong lumalayo ang panghalip sa orihinal nitong posisyon.

Sa mga sumusunod na pangungusap, makikitang nasa magkaibang posisyon ang *ba*, ngunit walang nagiging baryason sa gramatikalidad.

(9) *A-bati=ka(w)=ba anda?*
 ACCD¹¹.PFV.PV-rinig=2SG.NOM=Q 3PL.GEN
 ‘Narinig ka ba nila? / *Did they hear you?*’

(10) *A-bati=ka(w) anda=ba?*
 ACCD.PFV.PV-rinig=2SG.NOM 3PL.GEN=Q
 ‘Narinig ka ba nila? / *Did they hear you?*’

Nasa ikalawang posisyon ang panghalip sa dalawang pangungusap at walang ibang partikulo, ngunit makikita ang *ba* sa gitna at hulihan ng mga pangungusap. Maipapaliwanag ang iregularidad na ito bilang resulta ng grammatical interference mula sa Tagalog, sapagkat sinasabi ng lahat ng kinonsultang mananalita na nanggaling ang *ba* sa nasabing lingua franca. Dahil dito, ang pinakanatural na anyo ng (9) at (10) ay *Abati kanda*¹²?

¹⁰ Isang allomorph ng *den*. Ang /r/ ay epekto ng pagkakaroon ng patinig sa huling segment ng salitang sinusundan nito, habang ang /u/ ay resulta ng asimilasyon sa nasabing patinig.

¹¹ Accidental, tulad ng *na*- sa Tagalog (*nahulog*).

¹² Maaaring pagsamahin ang *ka* at *anda* sa di-pormal na pananalita.

Panghuli, ang *ba*—at ang lahat ng klitik—ay hindi maaaring lumabas sa huling posisyon sa kahit na anumang pangungusap sa Cuyonon. Ngunit, ayon sa nakuhang datos, maaaring ilagay ang *ba* pagkatapos ng pandiwa. Kung parehong ginagamit sa pangungusap ang *ka* at *ba*, bawal sumunod sa pandiwa ang *ba*.

3.1.2 Pagkakasunod-sunod ng mga Panghalip

Sa mga kinolektang pangungusap para sa pag-aaral na ito, ang cliticized na panghalip ay lumalabas bago ang di-cliticized na panghalip. Mapapansin ito sa (9) at (10). Inilagay din ang (11) bilang karagdagang halimbawa.

- (11) *Ma-ki~kita=ta* *tana=ng* *darwa.*
 CPV.AV-RED~kita=1PL.INC.GEN 3SG.NOM=LKR¹³ dalawa
 ‘Makikita natin silang dalawa. / *We (the two of us) will see him/her.*’

Isang posibleng rason para dito ay ang ponolohikal na bigat ng mga salita sapagkat ang mga cliticized na panghalip ay kadalasang mayroon lamang isa hanggang dalawang pantig. Ayon sa mga consultant, mas “gusto” nila ang “magagaan” na salita pagkatapos ng mga pandiwa.

Samantala, para sa kombinasyon ng panghalip at linker, c¹⁴.

- (12) *Abogado* (*ang*) *ana=ng* *bugtitinai.*
 abogado (SG.NOM) 3SG.GEN=LKR kapatid
 ‘Abogado ang kanyang kapatid. / *His/her sibling is a lawyer.*’

- (13) **Abogado* (*ang*) *bugtitinai=na.*
 abogado (SG.NOM) kapatid=3SG.GEN
 ‘Abogado ang kapatid niya. / *His/her sibling is a lawyer.*’

Kung sa Tagalog ay mas pormal ang *kanyang kapatid* kaysa sa *kapatid niya*, walang katulad na paghahambing ang Cuyonon. Ang paglabas ng panghalip bago ang pangngalan ay ginagamit sa parehong pormal at di-pormal na pag-uusap.

.....

¹³ Linker, wala sa Leipzig.

¹⁴ Ito rin ay sinusunod sa mga reflexive sapagkat ang mga ito ay kadalasang binubuo ng katumbas ng tgl. *sarili* at isang panghalip (Schachter & Otnes 138). Sa Cuyonon, isang halimbawa ang *aking sarili* ‘aking sarili.’

3.2 Case

Nagmamarka ang Cuyonon para sa tatlong case: ang NOMINATIVE (NOM), GENITIVE (GEN), at OBLIQUE (OBL). Nahahati pa ang bawat isang case sa referential at di-referential, at nagpapakita rin ang NUMBER ng pangngalan na kanilang minamarka. Makikita sa Talahanayan 1 ang mga estratehiyang ginagamit sa pagmamarka ng case.

Talahanayan 1.		Ang case marking paradigm sa Cuyonon		
		NOMINATIVE	GENITIVE	OBLIQUE
Di-referential				
	Singular	ang	i ¹⁵ (ang)	sa
	Plural	ang mga	i ang manga	sa manga
Referential				
	Singular	si	i/ni	ki
	Plural	say	anda	kanda

Makikita natin na referential ang piniling gamitin imbes na personal sapagkat ang ikalawang salita ay mas ginagamit lang kung mga pangngalan lamang ang minamarka nito.

Ang mga non-referential na NOMINATIVE, GENITIVE, at OBLIQUE ay minamarka para sa plurality ng *manga*. Halimbawa ang mga pangungusap na (3) at (4), na ipepresenta muli rito bilang (14) at (15):

- (14)

Sa=balay

ang=daraga.

OBL=bahay

SG.NOM=dalaga

‘Nasa bahay ang dalaga. / *The (young) lady is at the house.*’

¹⁵ Isinusulat ito ng ibang mananalita bilang *y*, na maaaring hiram mula sa ortograpiya ng Espanyol. Samantala, ang *i ang*, ayon sa mga consultant, ay maaari ding isulat bilang *i’ang*. Isang eksplanasyon ay ang pagkakalapit ng anyo nito sa tgl. *iyang*(g), ngunit malamang ay hindi ito ang rason dahil magkaiba ang kanilang gamit.

- (15) *Ang=manga=daraga* *sa=balay*
 NOM=PL=dalaga OBL=bahay
 ‘Ang mga dalaga ay nasa bahay. / *The (young) ladies are at the house.*’

Sunod, ang pagdaragdag ng *manga* sa referential na GENITIVE at OBLIQUE ay opsiyonal; maaaring pareho ang anyo ng singular at plural na pangngalan sa Cuyonon. Ang singular referential na GENITIVE na *i* ay may anyo ring *ni*, na madalas marinig sa mas nakatatandang mananalita ng wika. Sa Isla ng Cuyo, mas ginagamit ang *i*.

Ang mayroon sa Cuyonon na hindi nakikita sa ibang kalapit na wika ay ang specificity sa di-referential na GENITIVE. Ang paglalagay ng *ang* pagkatapos ng *i* ay nangangahulugang ang pinag-uusapan ng nagsasalita at kinakausap nito ay alam na ng dalawa.

- (16) *Ing-kaen* *i* *bata* *ang* *pumangga.*
 PFV.PV-kain SG.GEN bata SG.NOM mangga
 ‘Kinain ng bata ang mangga. / *A child ate the mango.*’

- (17) *Ing-kaen* *i=ang* *bata* *ang* *pumangga.*
 PFV.PV-kain SG.GEN=SPEC bata SG.NOM mangga
 ‘Kinain nung bata ang mangga. / *The/that child ate the mango.*’

Ang *i ang* sa (17) ay may gamit din na demonstratibo, at maaaring isalin bilang tgl. *nung*. Hindi ito nangyayari sa NOMINATIVE (**ang ang*) at OBLIQUE (**sa ang*). Madalas lumalabas sa mga tanong ang GENITIVE na *i ang*.

Isa ring tampok na katangian ng Cuyonon ang pagiging posible ng pag-alis ng kahit na anong case marker. Kapag ganito ang nangyari sa isang pangungusap, ang grammatical role ng mga salita ay ibabase ayon sa kanilang posisyon sa pangungusap. Kung ang isang argumentong ACTOR ay hindi ang simuno, dapat itong lumabas kasunod ng pandiwa. Ipinapakita ito ng (18) at (19).

- (18) *Ka~kaen-en* *anda* *(ang)=aken=g=pumangga.*
 CPV.PV~kain 3PL.GEN (SG.NOM)=GEN=LKR=mangga
 ‘Kakain sila ng aking mangga. / *They will eat my mango.*’

- (19) **Ka~kaen-en* *(ang)=aken=g=pumangga* *anda.*
 CPV.PV~kain (SG.NOM)=GEN=LKR=mangga 3PL.GEN
 ‘*Kakainin ang aking mangga nila. / **They my mango will eat.*’

Sa (18), maaaring alisin ang *ang* at magiging gramatikal pa rin ang pangungusap. Samantalang sa (19), dahil hindi sinusundan ng *anda* ‘nila’ ang

pandiwa, hindi na ito tinatanggap bilang gramatikal. Lalo pa itong nagiging ganito sapagkat nasa huling posisyon sa pangungusap ang isang panghalip, na hindi nakikita sa datos.

Dagdag pa, sa okasyon kung saan inaalis ang lahat ng mga case marker, naglalagay ng compensatory glottal stop ang mga mananalita sa dulo ng bawat salita. Kung sakaling mayroon nang glottal stop ang salita, mas dinidiinan na lamang ang pagbigkas dito.

Kahit na sinabing pinagbabasehan na ng grammatical role ang pagkakasunod-sunod ng mga salita kung wala ang mga case marker, may mga pagkakataon din kung saan gramatikal pa rin ang pangungusap kahit nag-iba ang posisyon ng mga nilalaman nitong salita.

- (20) *Ta~tanem-an diya (i)=(ang) manig-uma¹⁶ (i)=(ang) kamuti.*
 • CPV.LV~tanim iyan (SG.GEN)=(SPEC) magsasaka (SGGEN)=(SPEC) kamote
 • ‘Tataniman iyan ng magsasaka ng kamote. /
 • *That will be planted on by the farmer some sweet potatoes.’*

Kung aalisin ang lahat ng mga nakapaloob sa panaklong, mananatiling gramatikal ang pangungusap sa itaas. Mapapansin na malapit ang *manig-uma* ‘magsasaka’ sa pandiwa na *tataneman* ‘tataniman.’ Kung pagpapalitin naman ang posisyon ng dalawang pangngalan, sinasabi ng mga mananalita na kahit na hindi na dapat nila tinatanggap ang ganitong konstruksiyon, gramatikal pa rin ang pangungusap. Ito ay dahil ang *tanem* ‘tanim’ ay maaari lamang gawin ng *manig-uma* sa *kamuti* ‘kamote,’ at hindi ng *kamuti* sa *manig-uma*.

Sa mga pagkakataon kung saan hindi ganitong uri ang pandiwa, pinapanatili ang kanonikal na pagkakasunod-sunod ng mga salita:

- (21) *So~sowoay-en (ni) Juan (si) Pedro.*
 • CPV.PV~away (SG.GEN) Juan (SG.NOM) Pedro
 • ‘Aawayin ni Juan si Pedro. / *Juan will fight Pedro.’*

¹⁶ Inirerepresenta ng (-) ang glottal stop. Kahit na maaari pang hatiin ang salita sa *manig-* ‘tiga-/taga-’ at *uma* ‘saka,’ hindi na gino-gloss ang mga ganitong klase ng salita upang ipakita ang bawat morpema. Ilang kalapit na halimbawa ang tgl. *magsasaka* at ang Ingles [eng] na *teacher*.

- (22) ?So~sowogay-en (si) Pedro (ni) Juan.
 CPV.PV~away (SG.NOM) Pedro (SG.GEN) Juan
 ‘Aawayin si Pedro ni Juan / ?Juan will fight Pedro. / ?Pedro will fight Juan.’

Panghuli, kinakailangang talakayin ang pagkakaiba ng ilang pagmamarka ng GENITIVE. Maaaring alisin ang *i*, pati na rin ang *ang*. Ito ay nagreresulta sa mga sumusunod na kombinasyon ng mga marker:

- (23a) Ta~tanem-an diya **i=ang** manig-uma i=ang kamuti.
 CPV.LV~tanim iyan SG.GEN=SPEC magsasaka SG.GEN=SPEC kamote
 ‘Tataniman iyan nung magsasaka nung kamote. /
 That will be planted on by that farmer with those sweet potatoes.’

- (23b) Ta~tanem-an diya **∅** manig-uma i=ang kamuti.
 CPV.LV~tanim iyan **∅** magsasaka SG.GEN=SPEC kamote
 ‘Tataniman iyan nung magsasaka nung kamote. /
 That will be planted on by a farmer with those sweet potatoes.’

- (23c) Ta~tanem-an diya **i** manig-uma i=ang kamuti.
 CPV.LV~tanim iyan SG.GEN magsasaka SG.GEN=SPEC kamote
 ‘Tataniman iyan nung magsasaka nung kamote. /
 That will be planted on by a farmer with those sweet potatoes.’

- (23d) Ta~tanem-an diya **ang** manig-uma i=ang kamuti.
 CPV.LV~tanim iyan SPEC magsasaka SG.GEN=SPEC kamote
 ‘Tataniman iyan nung magsasaka nung kamote. /
 That will be planted on by that farmer with those sweet potatoes.’

3.3 Ang Voice-Aspect Paradigm sa Cuyonon

Talahanayan 2.		Ang Voice-Aspect Paradigm sa Cuyonon (Unang Parte)	
	AV	PV	
Perpektibo	ag-	ing-	
Imperpektibo	aga-/a:-	ing- + (C)V1 ^R -	
Kontemplatibo	maga-/ma:-	(C)V1 ^R - ... -en/-on	
		i + (C)V1 ^R -	

Talahanayan 3.		Ang Voice-Aspect Paradigm sa Cuyonon (Ikalawang Parte)	
	LV/BV	IV	
Perpektibo	ing- ... -an	ing- + pang-	
Imperpektibo	ing- + (C)V1 ^R - ... -an	ing- + (C)V1 ^S + pang-	
Kontemplatibo	(C)V1 ^R - ... -an	i- + (C)V1 ^S + pang-	

3.3.1 Actor Voice (AV)

Mayroong tatlong anyo ang actor voice sa Cuyonon, depende sa aspekto:

- (24)

Ag-tindeg

ang

bata.

PFV.AV-tayo

SG.NOM

bata

Tumayo ang bata. / The child stood.
- (25)

Aga-kaen

ang

bata

(i) pumangga.

IPFV.AV-kain

SG.NOM

bata

(SG.GEN) mangga

Kumakain ang bata ng mangga. / The child is eating a mango.
- (26)

Ma(ga)-alin

si

Maria

aruman.

CPV.AV-alis

SG.NOM.REF

Maria

bukas

Aalis si Maria bukas. / Maria will leave tomorrow.

Ayon kay Lackowski (98), maaaring paigsiin ang *aga-* at *maga-* upang maging *a:-* at *ma:-*. Sa lahat ng mga inilistang pangungusap, makikita ang noun phrase (NP) na minamarkahan ng *ang* ay ang may pinakamalapit na semantiko at morpolohikal na relasyon sa pandiwa, at ang semantic role nito ay ACTOR.

3.3.1.1 Ang Recent Perfective¹⁷

Sa Tagalog, ipinapahayag ang isang bagay na katatapos lamang gawin sa pamamagitan ng pagkabit ng *ka-* + (C)V1^s sa pandiwa kung saan ang (C)V ay ang unang pantig na binubuo ng patinig at katinig, habang ang S ay stem. Ilang mga halimbawa ang *kakakain*, *kaliligo*, at *katatakbo*. Sa unang tingin, masasabi na ang anyong ito ay nagpapakita rin ng voice, lalo na at may mga salita tulad ng kapapansulat para sa instrument voice (IV). Ngunit hindi ito magiging tama sapagkat sa isang pangungusap tulad ng *Kapapansulat ko lamang ng bolpen*, walang salita ang minamarkahan ng NOMINATIVE na *ang* na dapat tumutugma sa voice ng pandiwa.

Mukhang ganito rin ang kaso sa Cuyonon. Dito, ang recent perfective ay minamarka gamit ang *ka-* + ang pag-uulit ng unang pantig ng stem. Mairerepresenta ang proseso na ito bilang *ka-* + (C)V1^s.

- (27) *Ka-ka~kaen* *pa* *lamang* (i)=ang *bata*
 RPFV.AV-RED~kain PART lamang (SG.GEN)=SPEC bata
- (i)=ang *pumangga.*
 (SG.GEN)=SPEC mangga
 ‘Kakakain pa lang ang bata ng mangga. / *The child just ate a mango.*’

Sa di-pormal na pag-uusap, bihira gamitin ang ganitong anyo ng pandiwa. Bilang alternatibo, naglalagay ng pariralang *bago lamang* sa umpisa ng isang pangungusap. Kung ganito, mas maririnig ang (27) bilang (27b):

- (27b) *Bago* *lamang* *ag-kaen* (i)=ang *bata*
 bago lamang PFV.AV-kain (SG.GEN)=SPEC bata
- (i)=ang *pumangga*
 (SG.GEN)=SPEC mangga
 ‘Kakakain pa lamang ng bata ng mangga. / *The child just ate a mango.*’

¹⁷ Sa ibang literatura, ikinokonsidera ang recent perfective bilang impersonal construction (Malchukov at Sieierska) dahil wala itong semantiko at gramatikal na ACTOR. Tingnan ang Law para sa listahan ng mga impersonal construction sa Tagalog.

3.3.2 Patient Voice (PV)

Tulad ng sa actor voice, ang patient voice sa Cuyonon ay nag-iiba ng paraan ng pagmamarka ayon sa aspekto ng pandiwa, ngunit mayroon itong dalawang magkaibang kontemplatibong anyo.

Ipinapakita ng pangungusap (28) at (29) ang morpolohiya ng perpektibo at imperpektibo.

- (28) *Ing-uran* *ang* *lansangan.*
 PFV.PV-ulan SG.NOM lansangan
 ‘Inulan ang lansangan. / *The road was rained on.*’

- (29) *Ing-ge~getem=ka(w)* *ren?*
 IPFV.PV-RED~gutom=2SG.NOM PART
 ‘Nagugutom ka na ba? / *Are you hungry already?*’
 Para sa kontemplatibo, narito ang dalawang anyo sa wika:

- (30) *Ka~kaen-en* *i* *Maria* *ang* *pumangga*
 CPV~kain SG.GEN Maria SG.NOM mangga

i *Juan.*
 SG.GEN Juan
 ‘Kakainin ni Maria ang mangga ni Juan. / *Maria will eat Juan’s mango.*’

- (31) *I-ta~tanem* *(i)=ang* *manig-uma*
 CPV-RED~tanim (SG.GEN)=SPEC magsasaka

ang *kamuti.*
 SG.NOM kamote
 ‘Itatanim ng magsasaka ang kamote. / *The farmer will plant the sweet potato.*’

Sa (31), ang *-en* ay maaaring maging *-on* kung ito ay ikinakabit sa isang salita na mayroong back vowel.

Kahit na wala pang kongklusibong eksplanasyon para sa pagkakaiba ng gamit nitong dalawang pagmamarka ng kontemplatibong PV, isang posibleng palagay ay ang pagiging transitibo ng mga salita. Ang mga salitang tulad ng *tindeg* ‘pagtayo,’ *gurang* ‘pag-upo,’ *ingga* ‘paghiga,’ at *lod* ‘pagluhod’ ay lahat na intransitibo, at maaaring kabitan ng *i* + (C)V1^R. Ganito rin ang kaso para sa kanilang mga cognate sa Tagalog. Samantala, ang mga pandiwang *kaen* ‘pagkain,’ *pasam* ‘pagpasan,’ *dakep* ‘pagdakip,’ *adal* ‘pag-aral,’ at *elat* ‘paghintay’ ay lahat naman na monotransitibo at maaaring kabitan ng (C)V1^R - ... *-en/-on*. Ang mga

di-transitibong salita na *taw* ‘pagbigay,’ *pilak* ‘paghagis,’ *betang* ‘paglagay,’ at *lebeng* ‘paglibing’ ay sumusunod din sa ikalawang proseso.

Isa pang interesanteng pangyayari ay ang pagkakaroon ng mga pandiwang maaaring kabitan ng *i* + (C)V1^R at (C)V1^R - ... -*en/-on* (Cruz). Halimbawa nito sa Tagalog ang *luto*: *lulutoin* / *iluluto*. Ganito rin ang makikita sa *legeb* ‘pag-ihaw,’ *prito* ‘pagprito,’ *laga* ‘paglaga,’ *timpla* ‘paghalo,’ *saing* ‘pagsaing,’ *tog* ‘pagtuhog,’ at *adobo* ‘pag-adobo.’ Ayon sa mga mananalita, mas malaki ang papel sa pangungusap na may *i* + (C)V1^R, habang mas nakatutok naman sa mismong pangyayari ang mayroong (C)V1^R - ... -*en/-on*. Ngunit, hindi pare-pareho ang paningin ng mga mananalita sa dikotomiyang ito sapagkat may nagsasabi ring mas pasadya ang aksiyon sa mga salitang *iluluto* at *tutuhugin*. Pansinin ang pagkakaiba ng paglalapi sa dalawa.

Mayroon pang ilang salitang may kinalaman sa pagluluto (sa Tagalog) na tumatanggap lamang ng paglalapi gamit ang *i*- + (C)V1^R- tulad ng *i-re-ref* at *i-to-toaster*; ngunit ang eksplanasyon dito ay kadalasang kinakabit ang mas simpleng paraan ng paglalapi sa mga salitang hiram; mas madali ang unlapi kaysa sa kabilaan.

Panghuli, maaaring dumaan sa parehong nasabing proseso ang mga salitang tulad ng *halo* at *sukat*, ngunit may pagkakaiba na sa isa’t isa ang semantikong kahulugan ng mga resultang salita.

3.3.3 Locative Voice (LV)

Makikita sa ibaba ang pagmamarka sa perpektibo, imperpektibo, at kontemplatibong locative voice.

(32)	<i>Ing-betang-an</i> (<i>i</i>)	<i>bata</i>	(<i>i</i>)	<i>pumangga</i>
	PFV.LV-lagay (SG.GEN)	<i>bata</i>	(SG.GEN)	<i>mangga</i>
	<i>ang</i>	<i>balaen.</i>		
	SG.NOM	<i>bayong</i>		
	'Nilagyan ng bata ng mangga ang bayong. / <i>The child put a mango in a basket.</i> '			

- (33) *Ing-be~betang-an* (i) *bata* (i) *pumangga*
 IPFV.LV-RED~lagay (SG.GEN) *bata* (SG.GEN) *mangga*
ang balaen.
 SG.NOM *bayong*
 'Nilalagyan ng bata ng mangga ang bayong. / *The child is putting a mango in a basket.*
- (34) *Be~betang-an* (i) *bata* (i) *pumangga*
 CPV.LV~lagay (SG.GEN) *bata* (SG.GEN) *mangga*
ang balaen.
 SG.NOM *bayong*
 'Lalagyan ng bata ng mangga ang bayong. / *The child will put a mango in a basket.*

3.3.4 Benefactive Voice (BV)

Parehong-pareho ang mga ginagamit na panlapi sa locative voice at benefactive voice, na maaaring resulta ng pagmemetapora ng BENEFICIARY bilang isang LOCATION. Makikita natin ang mga halimbawang pangungusap sa ibaba:

- (35) *Ing-lut-(w)an=tana* *i* *ana=ng* *nanay*
 PFV.BV-luto=3SG.NOM SG.GEN 3SG.GEN=LKR nanay
 (i) *tinola.*
 (SG.GEN) *tinola*
 'Ipinagluto siya ng kanyang nanay ng tinola. /
Her mother cooked tinola for her.
- (36) *Ing-lu~lut-(w)an=tana* *i* *ana=ng* *nanay*
 IPFV.BV-RED~luto=3SG.NOM SG.GEN 3SG.GEN=LKR nanay
 (i) *tinola.*
 (SG.GEN) *tinola*
 'Ipinapagluto siya ng kanyang nanay ng tinola. / *Her mother is cooking tinola for her.*

- (37) *Lu~lut-(w)an=tana* *i* *ana=ng* *nanay*
 CPV.BV~luto=3SG.NOM SG.GEN 3SG.GEN=LKR nanay
 (i) *tinola.*
 (SG.GEN) tinola
 ‘Lulutuan siya ng kanyang nanay ng tinola. / *Her mother will cook tinola for her.*’

3.3.5 Instrumental Voice (IV)

Ang instrumental voice sa Cuyonon ay minamarka para sa perpektibo (*ing-* + *pang-*), imperpektibo (*ing-* + (C)V1^s + *pang-*), at kontemplatibo (*i-* (C)V1^s + *pang-*). Ipinapakita sa (38) hanggang (40) ang mga nasabing paglalapi.

- (38) *Ing-pang-sulat* (i)=*ang* *bata* (*ang*) *aken=g* *lapis.*
 PFV-IV-sulat (SG.GEN)=SPEC bata (SG.NOM) 1SG.GEN=LKR pencil
 ‘Ipinansulat ng bata ang aking lapis. / *My pencil was used by the child to write.*’
- (39) *Ing-pa~pang-sulat* (i)=*ang* *bata* (*ang*) *aken=g* *lapis.*
 IPFV-RED~IV-sulat (SG.GEN)=SPEC bata (SG.NOM) 1SG.GEN=LKR lapis
 ‘Ipinapansulat ng bata ang aking lapis. / *My pencil is being used by the child to write.*’
- (40) *I-pa~pang-sulat* (i)=*ang* *bata* (*ang*) *aken=g* *lapis.*
 CPV-RED~IV-sulat (SG.GEN)=SPEC bata (SG.NOM) 1SG.GEN=LKR lapis
 ‘Ipapansulat ng bayta ang aking lapis. / *My pencil will be used by the child to write.*’

3.4 Di-berbal na Pangungusap

Tulad ng ibang wikang Austronesyano, pinapayagan sa Cuyonon ang paggamit ng mga pangngalan, pang-uri, at particulate bilang panaguri ng isang pangungusap. Tinalakay na sa Lee (1) ang mga di-berbal na pangungusap sa wika, habang ipinapakita naman ng mga susunod na seksiyon ang ilang halimbawa mula sa nakuhang datos.

3.4.1 Pangngalan bilang Panaguri

- (41) *Abogado* *anang* *bugtitinai.*
 abogado 3S.GEN kapatid
 ‘Abogado ang kanyang kapatid. / *His/her sibling is an attorney.*’

Sa pangungusap sa itaas, ang *abogado* ‘abogado’ ang nasa posisyon ng panaguri kahit na hindi ito isang pandiwa. Narito pa ang isang halimbawa, kung saan ang case ay NOMINATIVE:

- (42) *Maestro* *si* *Juan.*
 guro SG.NOM.REF Juan
 ‘Guro si Juan. / *Juan is a teacher.*’

3.4.2 Pang-uri bilang Panaguri

Ayon sa Lee (14), may tatlong klase ng pangungusap na may pang-uring panaguri: (i) ang mga mayroong pang-uri na kinakabitan ng *ma-*, (ii) ang mga mayroong pang-uri na maaaring kabitan ng *ma-*, at (iii) ang mga mayroong pang-uri na hindi kinakabitan ng *ma-*. Isang halimbawa ng (i) ang sumusunod na pangungusap.

- (43) *Ma-pustura* *ang* *daraga.*
 STAT-ganda SG.NOM dalaga.
 ‘Maganda ang dalaga. / *The lady is beautiful.*’

3.4.3 Particulate bilang Panaguri

Ikinokonsidera ang isang pangungusap bilang particulate kung ang panaguri nito ay pang-ukol, lokasyon, o possessive (15).

- (44) *Para sa* *daraga ang* *burak.*
 para NREF.SG.OBL dalaga SG.NOM bulaklak.
 ‘Para sa dalaga ang bulaklak. / *The flower is for the lady.*’

- (45) *Sa=balay* *ang=manga=daraga.*
 OBL=bahay NOM=PL=dalaga
 ‘Nasa bahay ang mga dalaga. / *The (young) ladies are at the house.*’

- (46) *Kanana* *ang=balay* *nga=dato.*
 3SG.OBL SG.NOM=bahay OBL=DIST.NOM
 ‘Kaniya ang bahay na iyon. / *That house is his.*’

3.5 Mga Espesyal na Konstruksiyon sa Cuyonon

Sa susunod na seksiyon, tatalakayin ang ilang konstruksiyon na hindi sumusunod sa mga tipikal na anyo ng pangungusap. Kasama sa mga ito ang subjectless, meteorolohikal, eksistensiya, at mga pangungusap na may pseudo-verb.

3.5.1 Subjectless/Non-predicative na mga Pangungusap

Sa Cubar (11), inilarawan ang mga subjectless sentence bilang mga pangungusap na walang NP na minamarkahan ng *ang*. Ang mga ganitong uri ng konstruksiyon ay minsan ding tinatawag na non-predicative (Constantino 49) sapagkat hindi malinaw kung aling parte ng pangungusap ang panaguri. Sa Cuyonon, halimbawa ang (47) at (48).

(47) *Aga-bagyo.*
 IPFV.AV-bagyo
 ‘Bumabagyo. / (*It is*) *storming*. / *There is a storm*.’

(48) *Mi Dios kita sa langit.*
 EXIST Diyos 1PL.INCL.NOM SG.OBL langit
 ‘May Diyos tayo sa langit. / (*We have*) *a god in heaven*.’

Ang (47) ay maaari ding ikonsidera bilang meteorolohikal na pangungusap, habang ang (48) ay isang malinaw na halimbawa ng eksistensiyal na pangungusap. Sa Cuyonon, ang pangungusap na *Mi Dios* ‘May Diyos’ ay kompleto at gramatikal na, ngunit ayon sa mga mananalita nito, mas natural pakinggan ang mga eksistensiyal na pangungusap na mayroong OBL.

3.5.2 Meteorolohikal na mga Pangungusap

Tingnan ang mga sumusunod na pangungusap:

(49) *Aga-uran kada gabi.*
 IPFV.AV-ulan kada gabi
 ‘Umuulan kada gabi. / (*It*) *rains every night*.’

(50) *Ma-delem= den.*
 STAT-dilim=PART
 ‘Madilim na. / (*It is*) *already dark*.’

(51) *Tag-u<ru>ran=den.*
 SEAS-<INTS>-ulan=PART
 ‘Tag-ulan na. / (*It is*) *already the rainy season*.’

Lahat ng mga halimbawa sa itaas ay walang NP na maituturing bilang simuno. Ayon sa paglalapi sa (49), ang pandiwa na *uran* ‘pag-ulan’ ay nasa actor voice. Ito ay mahalaga sapagkat masasabing para sa ganitong mga klase ng pangungusap, ang semantikong ACTOR ay incorporated sa mismong pandiwa, i.e., ang ACTOR ay underlying. Lalo pa itong sinusuportahan ng pangyayari na kapag inilipat ang voice—tulad sa iba pang mga pangungusap na mayroong pandiwa—kakailanganin na ang isang argumentong PATIENT upang manatiling gramatikal ang pangungusap:

- (52) *Ing-uran* *ang=Palawan.*
 PFV.PV-ulan SG.NOM=Palawan
 ‘Inulan ang Palawan. / *Palawan was rained on.*’

Inilalarawan ni Cubar ang mga pangungusap na tulad ng (50) bilang mga mayroong ambient verbs. Kung ikokompara natin ang sinabi ni Cubar sa konstruksiyon ng (50), makikita nating nakapaloob dito ang mga temporal na pangungusap na kadalasang mayroong klitik na *den*, at mga penomenal na pangungusap kung saan halimbawa ang (52). Dahil ang kaniyang analisis ay nangangailangan ng malalim na diskusyon ng semantic role, semantika, at phrase structure, hindi na natin mailalarawan nang may maraming detalye ang penomenong ito.

3.5.3 Eksistensiyal na mga Pangungusap

Ang mga pangungusap na halimbawa nito ay kadalasang mayroong mga salitang *mi* ‘may’ at *ara* ‘wala.’ Kahit na mayroong mga NP ang mga sumusunod na pangungusap, iba pa rin ang pagmamarka kung ikokompara sa ibang halimbawa na mayroong simuno.

- (53) *Mi=taw* *sa=balay.*
 EXIST=tao OBL=bahay
 ‘May tao sa bahay. / *(There is) a person at the house.*’
- (54) *Ara* *i=taw* *sa=balay.*
 NONEXIST SG.GEN=tao OBL=bahay
 ‘Walang tao sa bahay. / *(There is) no person at the house.*’

Sa Tagalog, kabilang sa mga salita na kasama ng *may* at *wala* ang *mayroon*—na nabuo dahil sa *may* + *doon/roon*. Wala itong katumbas sa Cuyonon, at ang pinakamalapit na pagsasalin ay *midyan* (*mi* + *diyaan*). Hindi rin ito maaaring mauna sa pangngalan, ngunit maaaring gamitin nang mag-isa bilang sagot sa isang tanong.

Napansin din sa nakolektang datos na walang LKR para ikonekta ang NONEXIST sa sinusundan nitong NP, ngunit maipapaliwanag ito bilang resulta ng pagkakaroon ng GEN na *i* na nagiging harang sa pagitan ng *ara* at ng NP. Ngunit, kahit sa mga pangungusap kung saan nagkaroon ng genitive drop ay wala pa ring LKR.

3.5.4 Mga Pangungusap na may *Pseudo-verb*

Ang mga salita sa Tagalog na *ayaw*, *kailangan*, *dapat*, *gusto*, *ibig*, at *pwede* ay inilarawan nina Schachter at Otnes bilang mga miyembro ng grupo ng adjectivals na malapit sa pandiwa ang gamit ngunit hindi nalalapi para sa aspekto (261). Para naman kay Cubar (20), ang grupong ito ay tinatawag na pseudo-verbs. Sa datos para sa Cuyonon, ang lahat ng mga salitang ito ay may mga panlapi.

(55a) *A-liag-an=ko* *tana.*
 PFV.LOC-gusto=1S.GEN 3S.NOM
 ‘Gusto ko siya. / *I liked him/her.*’

(55b) **Liag=ko* *tana*
 gusto=1SG.GEN 3S.NOM
 ‘Gusto ko siya. / *I like him/her.*’

Dagdag pa, walang isang salitang katumbas sa Cuyonon ang tgl. *ayaw*—ang ginagawa ay kombinasyon ng *indi* ‘hindi’ at *liag* ‘gusto’:

(56) *Indi ako ma-liag (i) dan.*
 NEG 1S.NOM STAT-gusto (SG.GEN) iyan
 ‘Hindi ko gusto iyan. / *I do not like that.*’

Mapapansin din na ang *ma-* ay idinaragdag sa *liag* (na nagreresulta sa mas malapit nitong morpolohikal na anyo sa mga pang-uri kaysa sa pandiwa), na mas nagpapakita ng pagiging hindi gramatikal ng mga pandiwang walang panlapi sa loob ng isang pangungusap.

4 Paglalagom

Ang simple sentence sa Cuyonon, katulad ng sa iba pang mga wikang Austronesyano, ay maaaring maging berbal—kung saan makikita ang voice-aspect paradigm—o di-berbal, na maaaring magkaroon ng panaguri na pangngalan, pang-uri, o particulate. Kadalasang nauuna ang panaguri sa mga pangungusap, ngunit mapapansin din ang pagkakaroon ng mas maluwag na pagkakasunod-sunod ng mga salita. Natatanggal din sa ilang mga pagkakataon ang mga case marker para sa NOMINATIVE, GENITIVE, at OBLIQUE.

Para sa voice, iba-iba ang mga anyo ng pagmamarka para sa ACTOR, PATIENT, LOCATION, BENEFICIARY, at INSTRUMENT ayon sa kanilang aspekto. Ang recent perfective, maliban sa pagiging hindi karaniwan sa iba't ibang mga wika sa Pilipinas, ay wala ring overt na voice sa Cuyonon.

Ang mga subjectless na pangungusap ay nakikita rin sa Cuyonon, kung saan maaari silang maging meteorolohikal o eksistensiyal. Ang mga salitang tulad ng tgl. *gusto*, *ayaw*, at *kailangan*, na ikinokonsidera sa Cubar (20) bilang mga pseudo-verb, ay hindi maaaring alisin ng panlapi.

Bilang preliminaryong pagsusuri sa mga anyo ng pangugusap sa Cuyonon, ang papel na ito ay hindi nagbibigay ng komprehensibong deskripsiyon ng sintaks. Mas mapalalalim ang pag-aaral kung palalakihin pa ang korpus gamit ang datos mula sa natural na mga pangungusap mula sa mga mananalita. Para naman sa mga espesipikong paksa na dapat pang tutukan, mas makatutulong kung sisilipin muli ang mistulang identikal na pagmamarka para sa locative voice at benefactive voice. Sunod, dahil maaaring alisin ang mga case marker sa wika, dapat na ilista ang lahat na mga posibleng kombinasyon ng mga ito.

Ang pinakakagyat na ekspansiyon ng pag-aaral ay ang pagtingin sa mga complex construction o mga pangungusap na nagpapakita ng mga proseso ng derivation o movement. Sa panahon ng pagkakasulat ng artikulong ito, mayroon nang sapat na datos ang mga may-akda para sa mga karagdagang katangian ng sintaks ng Cuyonon. Kasama na rito ang mga pangungusap na pautos, patanong, temporal, konsekuwensiyal, at pag-iiba. Narito rin ang mga relative construction, negation, at mode. Pinili na lamang na hindi isama ang mga ito sa papel na ito sapagkat limitado lamang ang mailalagay sa espasyo, ngunit maaaring balikan ang mga ito sa mga susunod na pag-aaral.

Panghuli—at posibleng pinakaimportante sa lahat—ay ang paglalapat ng mga teoryang pansintaks sa Cuyonon. Sapagkat limitado ang literatura dito, mainam ang pagtingin sa kung ano ang iniaambag ng wika sa mga usapin tungkol sa mga linguistic universal, mga wika sa Pilipinas, at mga wikang Austronesyano.



Apendiks

Mga Kahulugan ng Daglat

1	<i>first person</i>
2	<i>second person</i>
3	<i>third person</i>
ACCD	<i>accidental</i>
AV	<i>actor voice</i>
BV	<i>benefactive voice</i>
CPV	<i>contemplative</i>
EXIST	<i>existential</i>
GEN	<i>genitive</i>
INC	<i>inclusive</i>
INTS	<i>intensifier</i>
IPFV	<i>imperfective</i>
IV	<i>instrument voice</i>
LKR	<i>linker</i>
LOC	<i>location</i>
LV	<i>locative voice</i>
NEG	<i>negation</i>
NOM	<i>nominative</i>
NONEXIST	<i>non-existential</i>
OBL	<i>oblique</i>
PART	<i>particle</i>
PFV	<i>perfective</i>
PL	<i>plural</i>
PV	<i>patient voice</i>
Q	<i>question</i>
RED	<i>reduplication</i>
REF	<i>referential</i>
SEAS	<i>season</i>
SG	<i>singular</i>
SPEC	<i>specific</i>
STAT	<i>stative</i>



Comrie, Bernard, et al. “Leipzig Glossing Rules.” *Max Planck Institute for Evolutionary Anthropology*, 2015. www.eva.mpg.de/lingua/pdf/Glossing-Rules.pdf.

Constantino, Ernesto. “Sentence Patterns of the Ten Major Philippine Languages.” *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia*, tomo 2, blg. 1, 1964, pp. 29-34.

Cruz, Noah. Personal na pag-uusap, Hunyo 2024.

Cubar, Ernesto. *Topicalization and Some Related Processes in Philippine Languages*. 1975. University of the Philippines Diliman Department of Linguistics, 2019.

Eberhard, David M., et al. “Cuyonon.” *Ethnologue: Languages of the World*, 2026, www.ethnologue.com/language/cyo/. Inakses 8 Enero 2024.

Lackowski, Peter. “Verb Inflection in Cuyonon.” *Oceanic Linguistics*, tomo 7, blg. 2, 1968, pp. 92-103.

Law, Paul. “The Impersonal Construction in Tagalog.” *Austronesian and Theoretical Linguistics*, inedit nina Raphael Mercado, Eric Potsdam, and Lisa deMena Travis. John Benjamins Publishing Company, 2010, pp. 297-326.

Lee, Aldrin. *The Nonverbal Sentences in Cuyonon: A Minimalist Approach*. 2007. Unibersidad ng Pilipinas Diliman, tesis MA.

Malchukov, Andrej L. at Anna Siewierska, mga editor. *Impersonal Constructions: A Cross-linguistic Perspective*. John Benjamins Publishing Company, 2011.

Paz, Consuelo J. “Ang Filipino bilang linggwa frangka.” *Ang Wikang Filipino: Atin ito*, inedit ni Consuelo J. Paz. Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, 1995, pp. 19-29.

Reid, Lawrence, at Hsiu-chuan Liao. “A Brief Syntactic Typology of Philippine Languages.” *Language and Linguistics*, tomo 5, blg. 2, 2004, pp. 433-490.

San Juan, Erlinda. “The Cuyonon Verb System: A First Approximation.” *Tenth International Conference on Austronesian Linguistics, Palawan, 17-20 Enero 2006*. Summer Institute of Linguistics, 2006, pp.1-16.

Schachter, Paul, at Fe Otones. *Tagalog Reference Grammar*. University of California Press, 1972.

Sorra, Lesley Ann. *Grammar Sketch of Cuyonon*. Unibersidad ng Pilipinas Diliman, tesis BA.

UP Department of Linguistics. *700-Sentence List*.

.....



John Michael Vincent De Pano

kasalukuyang instruktur at gradwadong mag-aaral sa Departamento ng Linggwistiks ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, kung saan din siya nagtapos ng Batsilyer ng Arte sa Linggwistiks. Nakatutok ang kanyang pananaliksik sa pagdodokumenta ng mga wika, pag-aaral, at pagtuturo ng wikang Hapon, sosyolingguwistika, at eksperimental na lingguwistika. Siya rin ay miyembro ng The Katig Collective, isang inisyatibang naglalayong manindigan para sa mga karapatan ng mga etnolingguwistikong grupo sa Pilipinas.

Quennie Nathalie Dordas

isang gradwadong mag-aaral sa Departamento ng Linggwistiks ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ilan sa kanyang mga pinagsasaliksikan ang kuwantitatibong lingguwistika at pagdodokumenta ng wika. Siya ay nag-aral ng wikang Koreano at may karanasan bilang research specialist.

Ang Interaksiyonal na Gamit ng mga Katagang Panapos-Sugnay na *Sa/No* at *Ba* sa Wikang Sebwano¹

Brian Salvador Caratao Baran

ABSTRAK

Bagaman may mga pananaliksik hinggil sa mga kataga at sa kanilang mga gamit sa wikang Sebwano (ISO 639-3 [ceb]), kulang pa rin ang pag-aaral sa clause-final particles o mga katagang panapos-sugnay (KPS). Gamit ang isang eklektikong balangkas, sinusuri ng papel ang maykro at makrong interaksiyonal na gamit ng mga KPS na *sa/no* at *ba* sa Sebwano. Maoobserbang ginagamit ang KPS upang pangasiwaan ang buong interaksiyon alang-alang sa iisang pangkalahatang layunin ng mga kalahok, lampas pa sa partikular nitong kinapapaloobang sugnay. Batay sa datos, nakitang ginagamit ang *sa/no* sa pagbabalangkas ng pakikiayon upang matiyak ang matiwasay na pag-uusap sa pangkabuuan, samantalang partikular itong ginagamit sa pag-aayon ng ebalwasyon, pagpapanatili ng pakikiayon, at pag-aayos ng pagkakaayon. Nakita namang ginagamit ang *ba* sa paghigpit ng negosasyon upang patu-patuloy na makabuo ng naratibo ang tagapagsalita, samantalang mga partikular nitong gamit ay bilang pampangasiwa ng tapik, pampanuldok sa usapan, at pampanamot ng pasulóng. Bagaman may mga partikular na gamit ang KPS ayon sa konteksto at layunin ng mga kalahok sa interaksiyon, lumalabas na mayroon din silang pangkalahatang gamit na siya ring nagsisilbing batayan ng mga kontekstuwal na gamit. Hinihikayat ang higit pang pagpapalawak at pagpapalalim ng mga interaksiyonal na pagsusuri sa mga KPS sa Sebwano at iba pang mga wika sa Pilipinas.

Mga susing salita: *Sebwano, kataga, katagang panapos-sugnay, diskurso, interaksiyon*

¹ Napresenta na ang naunang bersiyon ng papel na ito sa ika-2 Salindunong International Conference on Language & Literature at sa ika-15 Pambansang Kumperensiya sa Filipino at Pananaliksik bilang bahagi ng mas malawakang diskusyon hinggil sa mga kaparehong interaksiyonal na morpema sa Sebwano at wikang Hapon. Maraming salamat sa lahat ng tumulong sa pagbuo ng papel na ito, lalo na sa mga kalahok na kaibigan din at kamag-anak.

The Interactional Functions of the Clause-Final Particles *Sa/No* and *Ba* in the Cebuano Language

ABSTRACT

Although studies on particles and their uses in Cebuano (ISO 639-3 [ceb]) already exist, there remains a dearth of studies on clause-final particles (CFP) in particular. Using an eclectic framework, this study analyzes the micro and macro interactional functions of the CFPs *sa/no* and *ba* in Cebuano. It was observed that the CFPs are used to facilitate interaction in order to achieve a single goal shared by all interlocutors beyond the particular clauses in which they are used. The data shows that the CFP *sa/no* is generally used to create alignment frameworks for the purposes of achieving coherence within the conversation, whereas its particular uses include aligning evaluations, maintaining alignment, and repairing alignment. On the other hand, *ba* is shown to generally be used in order to restrict negotiation such that a speaker can build a narrative uninterrupted, whereas its particular uses include managing topics, concluding a stretch of talk, and move-holding. Although the CFPs fulfill varying functions depending on the particular contexts and goals of the interlocutors, they each also serve an overall function that becomes the basis of each contextual function. Further interactional analyses of CFPs in Cebuano and other Philippine languages are highly recommended and encouraged.

Keywords: *Cebuano, clause-final particles, discourse, interaction*

Mga Katagang Panapos-Sugnay at Pangangasiwa ng Interaksiyon

Iba-iba ang ginagamit na paraan ng tao sa pangangasiwa ng interaksiyong lingguwistiko. Maaari itong gawin sa mga ekstralingguwistikong paraan tulad ng pagtango upang ipakita ang pagsang-ayon, atbp. Ngunit madalas ginagamit ang mga pormang lingguwistiko sa pangangasiwa ng interaksiyon. Kabilang sa mga halimbawa nito ay ang paggamit ng *ano* sa Tagalog (ISO 639-3 [tgl]) bilang FILLER. Mayroon ding *kanáng* ‘iyang’ sa wikang Sebwano/Binisayâ [ceb] na hindi lang ginagamit bilang FILLER kundi pampahiwatig din ng pag-aalangan ng tagapagsalita (Tanangkingsing, “Marking of Weak Stance”). Isa pang lingguwistikong halimbawa ng pampangasiwa ng interaksiyon ay ang mga clause-final particle o mga katagang panapos-sugnay (KPS).

Hindi nalalayo sa pangalan nito, matatagpuan ang KPS sa dulo ng isang sugnay o utterance, i.e., bago ang paghinto ng pananalita o terminal juncture. Madalas, walang gramatikal na gamit o kahulugan ang mga KPS sa sugnay ngunit makabuluhan sila sa kabuuan ng pag-uusap. Halimbawa, sa wikang Hapon [jpn], mayroong KPS na *ne* (ね) at *sa* (さ), na bagaman walang tukoy na kahulugan ay ginagamit sa alaynment o pakikiayon at paghihigpit ng negosasyon sa interaksiyon (Morita, *Negotiation of Contingent Talk* 150). Sa kasunod na interaksiyon (1), makikitang ginamit ng B ang KPS na *ne* sa linya 1 (L1) upang makahingi ng pagsang-ayon sa N sa kaniyang kagustuhang pumunta sa Memorial Park, at pagsagot ng N sa kaniya sa L2, nilagyan niya rin ng *ne* ang kaniyang sagot upang magpakita ng pagsang-ayon; kaya sa L1 pa lang, nagawa na ng B na maisangkot ang N sa kaniyang balangkas ng usapan at naipakita rin naman ng N ang kaniyang pakikisangkot sa L2, at naipatuloy ito hanggang L5 (Morita, “Deriving the Socio-Pragmatic Meanings” 305). Makikita sa interaksiyong ito ang pagiging pampangasiwa ng pag-uusap ng *ne*.

1

Interaksiyon ng isang bata (B) at kaniyang nanay (N) (Morita 305)

1	B:	<i>ano</i>	<i>sa</i>	<i>oshoogatsu</i>	<i>(ki)nen</i>	<i>kooen</i>	<i>ikoo</i>	<i>ne</i>
		FILLER	KPS	new.year	memorial	park	punta.tayo	KPS

‘Uh, punta tayo ng memorial park (ngayong) bagong taon *ne*.’

2 N: *ikou ne:_ shouwa kinen-kouen [ne?*

punta.tayo KPS Showa Memorial-park KPS

‘Punta tayo *ne* ng Showa memorial park *ne*.’

3 B: *[u:n*

oo

4 N: *omosirokaqta [ne ::?*

nakakaaliw KPS

5 C *[u:n_*

oo

Sa mga wika sa Pilipinas, marami ring KPS. Isang halimbawa nito ang *e* sa Tagalog na makikita sa kasunod na interaksyon (2). Kahit tanggalin pa rito ang *e*, hindi masyadong magbabago ang kahulugan ng mga sugnay sa L2 at L5. Subalit, makabuluhan pa rin ang *e* dahil—sa naipakita ni Nagaya—maraming mga magkakaugnay na gamit ang *e* kabilang na ang pagdadahilan, pangangatuwiran, at pagpapahiwatig ng negatibong ebalwasyon (“Discourse Particles” 51–62). Sa halimbawa, makikitang ginagamit ni M ang *e* upang bigyang-katwiran ang kaniyang hindi pagsulpot sa klase.

2 Interaksyon ni M at C (Nagaya, 42)

- 1 M: *wala ako bukas,*
- 2 *may baito pa ako e*
- 3 C: *Tsaka Monday?*
- 4 M: *Okay lang,*
- 5 *kasi exam-exam naman iyon e,*

Maliban sa *e*, nabanggit din ni Nagaya (37) na may maraming KPS sa Tagalog, ngunit kulang ang mga pagsusuri nito. Higit na malala ang kakulangang ito sa iba pang mga wika sa Pilipinas. Isang halimbawa ay ang Sebwano na kilala rin bilang Binisayâ o Bisayâ. Isa ito sa malalaking wikang rehiyonal ng Pilipinas na parehong unang wika at wikang pang-ugnayan sa malaking bahagi ng Gitna at Timog Pilipinas (Eberhard et al.). Bilang taal na tagapagsalita ng wikang Sebwano, batid ang kakulangan sa pagsusuri ng KPS lalo na at palagi itong nagagamit sa pang-araw-araw na pag-uusap.

Sa kaniyang grammar ng Sebwano, nasimulan nang ilarawan ni Tanangkingsing ang iilang KPS kagaya ng *ba*, *ha*, *no*, *di-ba*, at *oy* (*Functional Reference Grammar* 572–574). Layunin ng pag-aaral na ito na palalimin pa ang diskusyon ng mga KPS na nasimulan ni Tanangkingsing patungkol sa mga KPS na *ba* ['bɐ] at *sa/no* ['sɐ]/[no] sa pamamagitan ng pagtingin sa kanilang gamit sa interaksyon batay sa isang eklektikong discourse-functional at interaksiyonal na balangkas. Hihimayin sa pag-aaral na ito ang espesipikong mga gamit ng mga ito at ang kanilang mga pangkalahatang gamit na nagiging batayan na rin sa mga espesipikong gamit nila. Bukod sa kontekstuwal na gamit ng KPS sa interaksyon, magagamit din sa pagsusuri ang aking intuwisyon bilang tagapagsalita ng Sebwano. Sa gayon, direktang hango sa interaksyon ang suri at hindi halaw sa salin nito.

Mga Naunang Pagsusuri ng *Sa/No* at *Ba*

Hindi marami ang mga naging pagsusuri ng mga KPS sa Sebwano. Hindi ito nakapagtataka sapagkat nakita na natin sa Hapon at Tagalog na hindi gramatikal at makahulugan ang gamit ng KPS. Halimbawa, kung tatanggalin ang *ba* sa L1 ng kasunod na interaksyon (3), pareho pa rin ang kahulugan ng pangungusap. Ngunit naipakita ni Tanangkingsing na mahalaga ang gamit ng *ba* bilang pangmarka ng tapik na *Si Peter* sa usapan (576).

3 Interaksyon ni W at T (Tanangkingsing, 576)			
1	W	Si Peter	ba,
		si Peter	KPS
		'Si Peter.'	
2	W	Ipis	
		Ipis	
		'(miyembro ng bandang) Ipis.'	

3 T *Murá=g walâ man=nâ=silá mo-sikát*

parang=JEN.DTK NEG.REAL naman=iyan=sila AV.PERP.IR-sikat

‘Parang hindi naman sila sumikat.’

Ayon kay Tanangkingsing (573), dalawa ang gamit ng *ba*: ang paggiit ng tindig (4) at paghingi ng pagsang-ayon (5). Dagdag dito, naitala rin ni Tanangkingsing bilang gamit ng *ba* ang pagmarka ng tapik (3) ngunit tinawag niya ang *ba* na ito bilang isang katagang panapos-pangngalan o post-nominal (576). Subalit, hindi naman kailangang paghiwalayin ang dalawang *ba* dahil kung tutuusin, ang parehong *ba* na tinutukoy ni Tanangkingsing ay matatagpuan bago huminto ang pagsasalita at hindi ito ang engklitikong *ba* na pananong. Halimbawa, kung ikakabit ang *ba* sa isang panaguring pangngalan, magiging tanong ang isang sugnay (6).

4 Pahayag ni A (Tanangkingsing, 573)

1 A *mas níndot sa Cebu, díli siyá congested*

mas maganda sa Cebu hindi siya congested

‘Mas maganda sa Cebu, hindi ito congested.’

2 *dí paréha sa Manílà ba*

hindi pareho sa Manila KPS

‘Hindi tulad ng sa Manila *ba*.’

5 Mula kay Tanangkingsing (573)

Hatág-an nímo, murá=g ímo ra=sa=ng gi-tolerate ba

bigay-UV.IR.APL 2SG.JEN parang=JEN.DTK 2SG.JEN lang=din=na UV.REAL-tolerate KPS

‘(Kapag) binigyan mo, parang tinotolerate mo na rin *ba*.’

Abogádo ba=nâ si Jacob?

abogado ba=iyán si Jacob

‘Abogado ba si Jacob?’

Sa pangangahulugan naman ni Wolff sa kaniyang diksiyonaryo, ipinagsama sa iisang entri ang dalawang *ba*:

ba 1 question marker used in questions with no interrogative. *Muanhi ka ba ugmà?* Will you come here tomorrow? **1a** with indirect questions: whether. *Pangutan-a si Husi ug nahinumdom ba siya,* Ask José if he reme[mb]ers it. **1b** was it [so-and-so]? *Písus ba tu ímung gihátag náku?* Was it a peso you gave me? **2 di, díli** – **2a** isn’t that the case? *Mulikà ta sa tuu, di ba?* We turn right, don’t we? **2b** [so-and-so] is surely going to be the consequence. *Hilabti nang makini[ly]a.* *Di ba latiguhun tika,* Just touch that typewriter. You think I’m not going to smack you one? **3** with interrogatives: particle indicating impatience or a strong que[st]ioning tone. *Pila bay pliti?* How much is it now? **unsa** – what do you say? how about it? *Unsa ba, palitun nátù tung awtu?* How about it? Shall we buy that car? – **gud** particle indicating disbelief. *Mangáwat ba gud ku?* Do you think I would steal? **4** shall we say? *Muanhi ka ug sayu ugmà, mga alas sayis ba,* Come here early tomorrow, shall we say, six o’clock? **5 X – Y** – either X or Y. *Muanhi ka dáyun. Pagkau[gm]à ba, sa sunud adlaw ba,* Come here as soon as possible. Either the next day or the day after that. **6** particle asking if the hearer understands. *Si Mistir Krus tu, ag [sic] maístru ba,* That was Mr. Cruz, the teacher, you know. *Sugkáyun pára ba maáyung pagk[as]águl,* Stir it so you know, it will get well-mixed. **7** in exclamations: **7a** how unb[el]ievable that it is that way! *Pagkabúang ba gayud náku,* How could I be so foolish! **7b** though. *Itusmaw sa ínit nga túbig?* *Pagkamakalulúy ba sab,* Throw it into boiling water? How pitiful! **Laliman ka** – can you beat that! *Laliman ka ba niánà!* *Bayran ang tulu ka awtu ug kás!* Can you beat that!

Paying cash for the three cars! **Tíaw mu** – Just imagine. *Tíaw mu bay latiguhun sa publiku!* Imagine! Being whipped in public! **ra** – see **RA.** (Wolff 72–73)²

Gayunpaman, kailangang pag-ibahin ang KPS na *ba* at engklitikong *ba* sapagkat ang engklitikong *ba* ay nagagamit lamang sa pagtanong (7).

7 Mula kay Wolff (72)

Mo-ánhi ka=ba³ úgmà?

AV.PERP.IR-punta.dito 2SG.NOM=**ba** bukas

‘Pupunta ka ba bukas?’

Kagaya ng *ba*, pinaghiwalay din ni Tanangkingsing ang mga gamit ng *no* batay sa kung matatagpuan ito sa posisyong panapos-sugnay (574) o panapos-pangngalan (576). Sa panapos-sugnay, pangkumpirma ang *no* (8) habang sa posisyong panapos-pangngalan, pangmarka naman ito ng tapik (9). Subalit, makikita sa pangalawang halimbawa na parehong matatagpuan ang *no* bago huminto ang pagsalita. Dagdag pa rito, hindi rin nagagamit ang *no* bilang engklitiko at kinakailangang ilagay sa dulo ng sugnay o bago huminto ang pagsalita.

8 Interaksiyon ni T at W (Tanangkingsing, 574)

1 T *ganáhan kaáyo=ko=g Thailand*

gusto PAMPATINDI=1SG.NOM=JEN.DTK Thailand

‘Gustong-gusto ko ang Thailand.’

.....

²Iniwang hindi nakasalin ang mga sipi sa diksiyonaryo upang malinaw kung paano nailahad ng may-akda ang pinag-uusapang kataga.

³ Nabanggit ng isang reviewer na mas akma ang kaayusang *ba=ka* sa Sebwano at sinasang-ayunan ko ito at sumasang-ayon din kay Tanangkingsing. Gayunman, ito ang halimbawang ibinigay ni Wolff at hindi malinaw mula sa entri kung ito ba ay ideyolektal o dayalektal na halimbawa, halimbawa ng interesanteng penomenon na hindi pa masyadong nabigyang pansin, o typo. Bagaman may naging pag-aaral na si Tanangkingsing (“A Study of Second-Position Enclitics in Cebuano”) sa kaayusan ng mga katagang second-position o katagang pang-abay, wala pang naging pag-aaral tungkol sa kaayusan ng lahat ng mga kataga sa ikalawang bahagi ng sugnay kabilang na ang mga panghalip.

2 W *balik-bálik* **no**

balik-DIMINUTIBO KPS

‘Pabalik-balik **no**?’

9

Mula kay Tanangkingsing (576)

sa ila sa Thailand no, pwérte=ng tag'ús-a sa pila

OBL kanila OBL Thailand KPS sobrang=LK haba-PADAMDAM JEN.DTK pila

‘Sa kanila sa Thailand **no**, ang hahaba ng (mga) pila.’

Ang paggamit ng *no* sa Sebwano bilang pangkumpirma ay naitala na ni Wolff (10) sa kaniyang diksiyonaryo (706). Kung titingnan ang iba pang mga wika sa Pilipinas na mayroong KPS na *no*, makikita rin ang parehong gamit. Kay Schachter pa lang, natukoy na ang pagiging pangkumpirma ng *no* sa Tagalog at Sebwano (33). Bukod dito, nabanggit din ni Wolff na mayroong kasingkahulugang KPS ang *no* sa Sebwano na *sa* (11).

10

Mula kay Wolff (706)

Mo-inóm man=ka no?

AV.PERP.IR-inom PAMPALIWANAG=2SG.NOM KPS

‘Umiinom ka naman **no**?’

11

Mula kay Wolff (1100)

Maayo (un)sa?

maganda KPS

‘Maganda **(un)sa**?’

Ang sumusunod ang pagpapakahulugan ni Wolff ng *no* at *sa*. Makikitang tinuturo ni Wolff ang mambabasa sa entri ng *sa* na lumalabas din bilang pang-apat na sab-entri ng *unsa* ‘ano.’

nu₁ **1** isn’t that right? *‘Muinum man ka nu.’* – *‘Mu lang’*, ‘You drink liquor, don’t you?’ – ‘I sure do’. **2** so it is, isn’t it? *Martis man diy run nu?* Today is Tuesday, isn’t it? **3** *particle asking the hearer if he understands*: You know what I mean? *Ákù siyang gi[ab]láhan. Unyà nu, mihílak siya*, I proposed to her. And then, you know what? She cried. **sa** — = **SA**. see **UNSA, 5**. [Sic] (Wolff 706)⁴
sa₂ **1** short for **UNSA** used at the end of phrases. see **UNSA, 5. 2** short for **UNSA GÁNÌ**. see **GÁNÌ, 5a**. (Wolff 835)
 [...] **4** [Sic] at the *end of a phrase*: it is so, is it not? *Short form: sa. Maáyu, unsa (sa)?* It was nice, wasn’t it? [...] (Wolff 1100)

Sa karanasan ko bilang tagapagsalita ng Sebwano sa Kalakhang Sugbo, madalas ginagamit na shibboleth o pangkilanlan sa mga taga-Cebu ang *sa* ng mga hindi taga-Cebu. Gayunman, pareho naman naming ginagamit ang *sa* at *no* sa Kalakhang Sugbo. Makikita rin ito sa datos kaya ituturing silang isang KPS na *sa/no* sa pangkalahatan ng papel. Ayon kay Wolff, ang *sa* ay mula sa pagpapaiksi ng pananong na *unsa* ‘ano’ at ayon sa kaniya, maaari ding gamitin ang buong *unsa* bilang KPS, bagaman hindi na ito puwedeng gawin sa kasalukuyan kong alam na Sebwano. Hindi naman kakaiba ang ganitong uri ng gramatikalisasyon ng pananong bilang KPS sapagkat makikita rin ito sa Tagalog *no* na diumano ay nagmula sa pagpapaiksi ng *ano* (Nagaya, “Beyond Questions”).

Sa mapapansin sa mga nauna nang pagsusuri ng mga KPS ni Tanangkingsing at ni Wolff, ang direksiyon ng pagsusuri sa mga KPS ay magkaiba batay sa posisyon nito sa sugnay at hindi napag-isa. Kaya kinakailangan ng isang mapag-isang pagsusuri ng mga KPS sa Sebwano batay sa kanilang gamit sa interaksyon.

.....

⁴ “4” ang talagang tinutukoy ni Wolff dito at sa kasunod na halimbawa. Malinaw ito sa sab-entri na 4 mula sa entri ng *unsa* ‘ano.’

Pangangahulugan sa Interaksiyon

Susuriin sa pag-aaral na ito ang mga KPS batay sa pinaghalong interaksiyonal at discourse-functional na balangkas. Bahagi sa metodolohiya at pagsusuri ang sistema ng Conversational Analysis (CA) (Jefferson; Wray at Bloomer; Sidnell; Hepburn at Bolden) bilang pamamaraan ng pagpresenta at pagtingin sa datos. Pangungugatan ng pagsusuri dito ang naunang discourse-functional na pagsuri ng mga KPS ni Tanangkingsing, at imomodelo ang mapag-isang pagsuri dito batay sa interaksiyonal na balangkas ni Morita sa kaniyang pagsusuring ginawa sa mga KPS ng wikang Hapon, kung saan may kontekstuwal na gamit ang bawat KPS ngunit may pangkalahatan ding gamit. Bagaman hindi batay sa wika sa Pilipinas ang modelong ito, mainam pa rin itong gamitin sapagkat ang pagpapalagay niyang nabubuo ang gamit base sa interaksiyon ay mailalapat din sa mga wika sa Pilipinas na marami ring mga interaksiyonal na KPS.


Pinapalagay sa discourse-functional na pagtingin sa wika na nabubuo at binubuo ang wika upang makamit ang mga layunin ng mga magkakausap—ng mga tagagamit ng wika (Du Bois). Kung ganoon, masusuri lamang ang wika kung ginagamit ito. Matatawag itong **paglitaw (emergence)** at ito ang sinusuri ni Tanangkingsing sa kaniyang grammar. Sa emergence, lumilitaw ang wika at gamit nito sa paggamit ng mga tagapagsalita. Susog dito, sinasabi naman ng interaksiyonal na lingguwistika na nabubuo ang gamit ng mga pormang lingguwistikong interaksiyon ng tagapagsalita at tagapakinig ayon sa kanilang konteksto (Lindström), at naipamalas ito ni Morita sa kaniyang pagsusuri ng mga KPS sa Hapon. Higit pang ginawang ganap ni Levinson ang gampanin ng interaksiyon sa pagkakabuo ng wika nang imungkahi niyang ang lipunang interaksiyon—o ang tinatawag niyang makina ng interaksiyon (interaction machine)—ang siyang duyan ng pagkakatatung-wika, at humuhulma sa wika at komunikasyon ng tao (3).

Kaya hindi lamang reaksiyonal ang pagkakabuo ng wika at gamit kundi patuloy silang nagbabago sa daloy ng interaksiyon at patuloy nila itong binabago. Sa eklektikong paghahalo ng dalawang modelong iyon, masasabing ang wika ay interaksiyon at ang interaksiyon naman ay nabubuo ng mga **pasulóng (move)** na tumutungo sa iisang layunin, i.e., pasulóng tungo sa isang layunin. Maaaring masabing unibersal ang mga layuning ito tulad ng pagnanais ng tao na pag-usapan ang mga bagay-bagay, ipagawa sa iba ang mga bagay-bagay, at malaman kung ano ang alam ng iba tungkol sa mga bagay-bagay; ang mga layuning ito ay patungo rin sa isa pang mas malawak na layunin ng kooperasyon na kinakailangan sa isang matagumpay na interaksiyon (Levinson 52).

Ang mga pasulóng namang iyon ay siyang katumbas ng mga linya sa teksto ng diskurso na katumbas din sa yunit ng prosodi na utterance na nagtatapos sa paghinto ng pagsalita. Ang mga KPS naman ay matatagpuan sa dulo ng mga utterance at masusuri lamang sila kung titingnan ang mga pasulóng na kanilang kinabibilangan sa loob ng kanilang interaksiyonal na konteksto.

Sa bawat magkasinlayunin at magkasingkontekstong pasulóng, mayroong mga espesipikong gamit o **maykro-gamit** ang bawat KPS. Batay sa pagkakabuod ng mga maykro-gamit na iyon, maaaring mahinuha ang pangkalahatang gamit o **makro-gamit** ng isang KPS na siyang magiging mapag-isang pagpapakahulugan ng KPS. Dahil ipinapalagay na sa paggamit lamang lumilitaw ang gamit ng KPS, masasabing para lang silang tabula rasa. Subalit, hindi nito nililinaw kung paano namimili ang mga tagapagsalita ng gagamitin nilang KPS, kaya ipinapalagay din dito na ang nabubuong makro-gamit ng bawat KPS ay siya ring batayan ng bawat mabubuong maykro-gamit nila. Sa gayon, naipalilitaw ang dinamiko at siklikal na katangian ng wika at gamit nito sa interaksyon.⁵ Makikita sa Figura 1 ang buod ng eklektikong balangkas na pinapairal sa papel na ito.

Pigura 1 Ang Pagkakabuod ng Eklektik na Discourse-Functional at Interactional na Balangkas



.....

⁵Nang sa gayon, ipinapalagay nang balangkas na maaaring magbago—o gaya sa nabanggit ng isang reviewer, maging kabaligtaran—ang gamit ng isang KPS nang untian (o maaari ding biglaan) dulot ng mga pagbabago sa kahit anumang bahagi ng siklo ng interaksyon. Subalit, magiging malinaw lamang ito kung may diyakronik na database, at lalabas na ito sa saklaw ng kasalukuyang pag-aaral na higit na nakatuon sa singkronik na gamit ng mga tukoy na KPS. Gayunman, maganda itong mapag-aralan sa kinalaunan.

METODOLOHIYA

Kapag interaksiyon ang sinusuri, mainam na likas na mga pangyayaring komunikatibo (communicative event) ang kukuning datos. Ayon sa klasipikasyon ni Himmelfmann, maaaring uriin ang mga pangyayaring komunikatibo batay sa spontaneity o magkahalong kalikasan at kaagaran, at nang sa gayon, magkakaroon ng klayn ng mga pangyayaring komunikatibo mula sa ganap na di-planado hanggang sa ganap na planado: (a) mga panandang o di-kontroladong pagpahayag ng damdamin gaya ng *aray!*; (b) mga direktiba o maiiksing salitang pautos o nagbibigay-pansin gaya ng pagsigaw ng doktor ng *syringe* sa ospital; (c) pag-uusap o mga pangyayaring pinangangasiwaan ng higit sa isang tao; (d) monologo o mga pangyayaring pinangangasiwaan ng isang tao lamang; at (e) mga ritwal o pangyayaring inaral, pinaghandaan, at isinasagawa sa takdang panahon (178–181). Nang sa gayon, masasaklaw pa rin sa pagsusuri ang mga interaksiyong pasulat dahil maituturing pa rin itong likas at katamtamang planado (e.g., pag-uusap sa chat) o yaong mga di-ganap na planadong pangyayari (e.g., mga iskit.) Bagaman maituturing ang iskit bilang monologo ay tumutulad pa rin naman ito sa likas na pag-uusap at ang kalakip nitong pakikiayon sa mga kausap at negosasyon ng mga layunin at pagsalita sa pag-uusap. Isinagawa rin ang pag-aaral sa kalagitnaan ng pandemya kaya may mga kahigpitan sa pisikal na pangangalap ng datos. Sa gayon, may pangangailangang kumuha ng datos na pasulat o di-ganap na planado.

Samakatuwid, ang susuriin lamang sa papel na ito ay ang likas na di-ganap na planado at katamtamang planadong uri o monologo at pag-uusap. Hindi lakip sa pagsusuri ang mga panandang at direktiba dahil maaaring hindi matagpuan ang mga KPS dito dahil sa kanilang kaiksian. Nakatala sa Talahanayan 1 ang mga nasuring datos sa papel na ito at ang kanilang mga detalye. Maliban sa mga iskit mula sa Facebook (3) na barayti ng Sebwano sa Davao ang ginagamit, ang barayti ng Kalakhang Sugbo ang nagagamit sa datos. Ang mga materyales na ito mula sa internet ay sinuri ayon sa publikong pagkakalathala nito sa pinaglagyang plataporma. Para naman sa personal na chat at interbyu, sinuri lamang ang mga ito matapos makuha ang malinaw at tahasang pagsang-ayon ng mga kausap na magamit ang kanilang inilahad na datos sa pagsusuri at kalaunan ay maibahagi ang pagsusuring ito. Upang mapangalagaan ang karapatan ng mga kalahok, tinanggal ang lahat ng bakas ng kanilang pagkakilanlan.⁶

.....

⁶ Kinumpirma rin muli ang kanilang pagsang-ayon bago mailathala ang artikulong ito

Talahanayan 1.		Tala ng mga Datos		
Blg.	Pinagkunan	Uri	Medium	Kalikasan
1	Personal na Interbyu	Bayograpikal na interbyu	Pasalita; Likas	Katamtamang planado; Pag-uusap
2	Gary Vic Monton	Youtube na podcast	Pasalita; Likas	Katamtamang planado; Pag-uusap
3	Katik	Bidyo skit sa Facebook	Pasalita; Di-likas	Di-ganap na planado; Monologo
4	Personal na Chat	Facebook Messenger	Pasulat; Likas	Katamtamang planado; Pag-uusap

Dahil interaksiyonal ang lapit, ang sistemang Conversational Analysis (CA) ang ginamit sa presentasyon ng datos alinsunod sa sistemang Jeffersonian (Jefferson; Wray at Bloomer; Sidnell; Hepburn at Bolden). Ipinapakita sa CA ang mga suprasegmental na gamit tulad ng pagkakaputol ng utterance, pagtaas ng tono, sabayang pagbigkas, at pasigaw na pagsalita, gayundin ang mga di-lingguwistikong gamit kagaya ng pagtawa o pagpahayag ng kalungkutan. Gagamitin din sa presentasyon ang sistema ng interlinyar na paggo-gloss alinsunod sa Leipzig Glossing Rules (LGR) upang malinaw ang katumbas na kahulugan ng bawat morpema (Comrie et al.). Sa gayon, nakalatag ang mga halimbawa dito alinsunod sa tatluhang pagkakahanay. Ang unang hanay ay ang transkripsiyon na nakapahilis at mayroong mga notasyong CA at LGR. Makikita ang listahan ng mga simbolong ginamit sa apendiks. Alinsunod sa CA, mayroon ding mga kumbensiyong nagtatakda ng anyo ng titik; halimbawa, ang paggamit ng malaking titik para sa salitang pasigaw [MALAKI] at pag-aalayn ng sabayang utterance gamit ang kaliwang square bracket [[]. Makikita rin ang mga kumbensiyong ito sa apendiks.

Ang pangalawang hanay naman ang interlinyar na paggo-gloss na may notasyong LGR. Pinaliit ang pangalawang hanay upang magkasya sa nakatakdang

linya at nang sa gayon, hindi makakagulo sa notasyong CA na sensitibo sa pagkakalagay ng linya at sugnay. Ang pangatlong hanay naman ang kabuuang salin sa Filipino. Matatagpuan sa kaliwang bahagi ang bilang ng pasulóng sa sipi ng datos at code ng kausap upang madaling mabanggit sa teksto. Tutukuyin din sa itaas na bahagi ng halimbawang interaksyon ang midyum ng pag-uusap. Nakaayon ang ortograpiyang Sebvano dito sa kumbensiyon ng *Bisaya Magasin* at Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) (Godin). Subalit, pinanatiling hindi nakabura ang mga tuldik upang makatulong sa mambabasang di pamilyar sa Sebvano, at ginawang kudlit ['] ang gitling pang-impit [-] upang maiwasan ang kalituhan sa gitling panghangganang morpolohikal na ginagamit sa LGR.

12

Interaksyon ni kausap A (A) at kausap B (B) (Chat)

1 A: *ing'ani-on diáy=g suwát sa:?*

ganito-PUV.IR pala=JEN.DTK sulat **KPS**

‘Ganito pala isulat sa?’

2 B: *O, [ána*

oo ganiyan

‘Oo, ganiyan.

3 [*a LAGÍ*

PANSANG-AYON

‘Ah! Oo nga.’

Ang mga Katagang Panapos-Sugnay na Sa/No at Ba

Susuriin sa susunod na dalawang bahagi ang mga gamit ng *sa/no* ['sə]/[no] at *ba* ['be] batay sa nakalap na datos. Hihimayin ang bawat espesikong maykro-gamit ng mga KPS batay sa konteksto. Pagkatapos, ibubuod sila upang mapalitaw ang pangkalahatang makro-gamit ng bawat KPS.

Ang Sa/No bilang Pambalangkang ng Pakikiayon

Madalas sa isang interaksyon na umaayon ang mga kausap sa isa’t isa kaya nagiging magkahawig ang kanilang mga salita at estruktura (Dideriksen et al. 262). Tinatawag ang paghahawig na ito na **alignment** o **pakikiayon** ng mga lingguwistikong balangkas. Bagaman nangyayari din ang pakikiayon sa paghahawig ng salita at estruktura sa Sebwano, nagagamit din sa pakikiayon ng balangkas ang KPS na *sa/no*. Maihahalintulad ang KPS na ito sa *ne* sa wikang Hapon na ginagamit din sa pagbuo ng isang naaayong balangkas sa mga kausap (Morita 147; Morita 299). Lumilitaw ang gamit ng *sa/no* sa pakikiayon sa kaniyang tatlong espesipikong gamit.

Ang Sa/No sa Pag-aayon ng Ebalwasyon

Una, makikita ang *sa/no* sa tuwing nagbabahaginan ng ebalwasyon ang mga kausap. Una nang napansin ni Tanangkingsing at ni Wolff ang pagiging pangkumpirma ng *sa/no*. Makikita rin ito sa kasunod na interaksyon ng MN at ni K2 (13) kung saan ginagamit ang *sa/no* upang malinawan ang usapan at maiayon ang kanilang kaalaman hinggil sa tapik ng kalagayan ng internet.

13 Interaksyon ng Mananaliksik (MN) at Kaibigan 2 (K2) (Chat)

1 MN: *wâ jâpon=mi net nyâ class na úgmà*
wala pa.rin=1PL.EKS.NOM internet tapos may.pasok na bukas

‘Wala pa rin kaming internet tapos may pasok na bukas.’

2 *gg*
good.game

‘GG.’

3 K2: *wâ jâpon=mo net no?*
wala pa.rin=2PL.NOM internet KPS

‘Wala pa rin kayong internet *no?*’

4 MN: *wâ jápon (.) ga-pocket-wifi mi*
 wala pa.rin AV.REAL.IMPERP-pocket-wifi 1PL.EKS.NOM

‘Wala pa rin. Nag-pocket-wifi (na lang) kami.’

5 *naka-palit mi=g Globe*
 AV.REAL.HPST-bili 1PL.EKS.NOM=JEN.DTK Globe

‘Nakabili kami ng Globe (pocket wifi).’

6 *kay hínay kay=ng Smart*
 dahil mahina talaga=NOM Smart

‘Dahil mahina talaga ang Smart (sa lugar namin).’

7 *ámò i-puli~púli*
 1PL.EKS.JEN SUV.IR-DIM~palit

‘Pinagpapalit-palit (na lang) namin.’

Pinag-uusapan ng MN at ni K2 ang pagkawala ng internet sa kanilang mga lugar kahit na palapit na ang pasukan. Sinimulan ng MN ang pasulóng 1 (P1) sa paglalahad ng kaniyang kalagayan at nagpahayag ng pagkadismaya niya rito sa P2. Kinumpirma naman ito agad ni K2 sa P3 kung saan inulit niya ang estruktura sa P1 pero nang may nakakabit na *no*. Bagaman walang dagdag na impormasyon sa P3, masasabing ginawa pa rin niya ito upang ipagpatuloy ng MN ang kaniyang paglalahad, na siya ngang ginawa nito sa P4-7. Makabuluhan din ang P3 na mayroong *no*. Dahil sa paglilinaw ni K2 gamit ang *no* sa P3, naiayon ni K2 ang usapan tungo sa pagdebelop ng tapik ng pagkawala ng internet imbes na sa tapik ng may pasukan na. Itong P3 na may *no* ang naging balangkas ng paglalahad ng MN sa P4-7 na naaayon din naman sa P1.

Kagaya sa halimbawa (10) (Wolff 706), nagagamit ang *sa/no* sa interaksyon (13) bilang pangkumpirma ng impormasyon. Subalit, maaari din namang magamit ang *sa/no* sa pagkumpirma ng ebalwasyon kagaya sa halimbawa (9) (Tanangkingsing 576) at (11) (Wolff 1100). Sa kasunod na interaksyon (14), makikitang ginamit ni

B1 ang *no* sa P1 upang makumpirmang magkatulad sila ng ebalwasyon sa mga tagapakinig tungkol sa kaniya at nang sa gayon, makakapagpatuloy siya sa P2-3. Kung may hindi katulad ng ebalwasyon kay B1, maaaring hindi makapagpatuloy sa pagsalaysay si B1 dahil hindi na naaayon ang balangkas ng usapan at hindi na magiging makabuluhan ang P2-3 kung walang naniniwalang may gusto si B1 sa agham.

14

Pagsasalaysay ni Babae 1 (B1) (Podcast)

1 *kay* (.) *kabaló* *man=gyod=mo=sákò*

dahil alam naman=talaga=2PL.NOM=1SG.OBL

ganáhan *kay=ko=g* *science* *gyod* *no*

gusto talaga=1SG.NOM=JEN.DTK science talaga KPS

‘Dahil... Alam niyo naman talaga (na) gusto ko talaga (ang) science *no*.’

2 (h) *ákò* *gyo=ng* *early* *exposure* *gyod* *sa* *science*,

1SG.JEN talaga=LK early exposure talaga OBL science

‘Ang akin talagang early exposure sa science.’

3 *Sineskwela* *Discovery* *Channel* *kanang* *NatGeo*

Sineskwela Discovery Channel FILLER National.Geographic

únyà *ga-túo* *gyod=ko* *saúna* *gyod* *nga*

tapos AV.IMPERP.REAL-tiwala talaga=1SG.NOM noon talaga LK

I can do all things gyod

I can do all things talaga

‘Ay Sineskwela, Discovery Channel, a... National Geographic. Tapos, naniniwala talaga ako noon na I can do all things talaga.’

Makikita sa dalawang interaksyon (13-14) na sa pagkakataong kailangang maiayon ang ebalwasyon ng mga kausap—maging ebalwasyon man ito ng kalagayan (13) o ebalwasyon sa impormasyon mismo (14)—ginagamit ng mga tagapagsalita ang *sa/no*. Bagaman nauna na si Wolff at si Tanangkingsing sa pagsusuri sa *sa/no* bilang pangkumpirma (706; 574), makikita sa (13-14) na di lang hanggang sa pagkumpirma ang gamit ng *sa/no* kundi sa pag-aayon din ng ebalwasyon upang mapatuloy ang pag-uusap at maikonekta ang mga nagdaang tapik sa kasunod na mga pasulóng.

Ang *Sa/No* sa Pagpapanatili ng Pagkakaayon

Pangalawa, madalas nagagamit ang *sa/no* sa tuwing kinakailangang ipatuloy ng mga kausap ang isang tapik. Naipapakita ng *sa/no* na nakikiayon ang tagapagsalita sa iba pang mga kausap at nais pa niyang magpatuloy ang usapan. Halimbawa, makikitang inulit ni K2 ang kaniyang pasulóng na may *sa/no* sa P2 doon sa P6 upang makapagpatuloy ang MK sa kaniyang binubuong naratibo.

15 Interaksyon ng MK at ni K2 (Chat)

1 MK: *náa ra=y like mga usá or duhá nga na-luwás*

mayroon lang =NEUT parang PL isa o dalawa LK UV.REAL.HPST-ligtas

‘Mayroon lang mga isa o dalawang (posteng) nailigtas.’

2 K2: *peró grábe dugáy-a sa*

pero grabe tagal-IGT KPS

‘Pero, grabe ang tagal *sa*?’

3 MK: *peró ga-order pa=gúro=g transformer-s*

pero AV.IMPERP.REAL-order pa=siguro=JEN.DTK transformer-PL

kay gi-pang-(k)áwat or nang-(k)a-gúbà

dahil UV.REAL-DISTR-nakaw o AV.REAL.DISTR-AUTO-sira

‘Pero nag-oorder pa siguro (sila) ng mga transformer kasi ninakaw o nasira ang mga iyon.’

4 *nyâ sa kuán pa*

tapos sa ano pa

‘Tapos sa ano pa.’

5 *sa padūng Marbeach ug pa-Páнас IDK sa Basbās*

sa papunta Marbeach at papuntang-Panas aywan sa Suba.Basbas

‘Sa papuntang Marbeach at papuntang Panas. Aywan sa Suba Basbas.’

6 K2: *Grabé-ha jod=diáy sa*

grabe-IGT talaga=pala KPS

‘Ang lala pala talaga sa.’

7 *átay ng-(k)áwat transformers uy ka-átay jod*

gago AV.DISTR.REAL-nakaw transformers KPS IGT-gago talaga

‘Gago (nila na) magnakaw (ng) transformers uy. Napakagago talaga.’

8 MK: } *lagí* (.huhu)

PANSANG-AYON

Pinag-uusapan ni K2 at ng MK ang kasalukuyang kalagayan ng kuryente sa kanilang lungsod. Kakapanalasa lang ng bagyo kaya maraming poste ng kuryente at transformer ang nagbagsakan sa kanila. Nabanggit ng MK sa P1 na kakaunti na lang ang nakatayong mga poste at tinugunan ni K2 sa P2 sa pakikidalamhati na may *sa*. Alinsunod sa komento sa P2, nagpatuloy ang MK sa pagdedetalye sa pinsala ng bagyo mula P3-5. Upang ipakita ni K2 na nakikibahagi pa siya sa balangkas ng usapan ng MK, ipinapakita niya ang kaniyang pakikipag-ayon sa pagkopya ng P2 doon sa P6 nang may *sa*, at mula rito, nagdagdag pa siya ng reaksiyon sa P7 ayon sa P3-5. Sinang-ayunan naman ito ng MK sa P8. Sa gayon, nagkakaroon ng gamit ang *sa/no* hindi lamang sa pagkukumpirma kundi sa pagpapanatili rin sa balangkas ng usapan.

Ang *Sa/No* sa Pag-aayos ng Pagkakaayon

Panghuli, nakikita ring ginagamit ang *sa/no* sa tuwing may kailangang ayusing balangkas ng pag-uusap. Mapapansin sa kasunod na interaksyon ni K1 at ng MK na hindi umaayon ang mga ebalwasyon ni K1 at ng MK (16). Pinag-uusapan nila ang mga café sa kanilang lungsod at paano ito nagagamit sa remote learning. Sinasabi ni K1 sa P1 na parang walang café sa kanila banda ngunit sinasalungat ito ng MK sa P3-5. Upang hindi masamain ang pagsalungat ng MK at maibalik ang usapan doon sa tapik ng relasyon ng café at remote learning, sumang-ayon muna ang MK kay K1 sa P2 at nilagyan niya ng *sa* ang pasalongat na P3 upang pangunahan ang magiging paliwanag sa 4-5 na umaayon ulit doon sa P1 ni K1, kung saan mayroon mang café ay wala namang café na mapagdadausan ng remote learning.

16 Interaksyon ng MK at ni K2 (Chat)

1 K1: *walâ pa=jo=y mga café~café arí ba*

wala pa=talaga=NEUT PL DIM~cafe dito KPS

nga náa=y wifi ganérn

LK mayroon=NEUT wifi ganoon

wala pa (naman) talagang mga café dito *ba* na mayroong wifi, ganoon.'

2 MK: } (.huhu) *lagí:*

PANGSANG-AYON

3 *náa man dirí sa però dí jod=sya like sustainable*
 mayroon naman dito KPS pero hindi talaga=3SG.NOM parang sustainable

‘Mayroon naman dito *sa*, pero parang hindi talaga siya sustainable.’

4 *like barely ra ang wifi sa mga café*
 like barely lang NOM wifi OBL PL café

‘Like halos walang wifi sa mga café.’

5 *sa mahalón kay kusóg però hurót sad kwárta*
 OBL mamahalin ay malakas pero ubos din pera

‘Sa mamahaling (café) ay malakas pero mauubos din (ang iyong) pera.’

Kagaya sa pagsusuri ni Tanangkingsing (576) sa *no* bilang pangmarka ng tapik, may pagmamarka rin ng tapik sa P3. Gayunman, hindi lang ginagawang tapik ng MK ang pagkakaroon ng café ngunit iniaayon ng MK ang tapik na ito na balangkas ng P4-5 doon sa naunang P1 ni K1. Dahil doon, hindi nagmumukhang sinasalungat lang ng MK si K1 kundi ipinagpapatuloy lang ng MK ang nasimulan na ni K1 sa pamamagitan ng pag-ayon ng salungat na opinyon sa nauna nang tapik. Makikita rin ang ganitong gamit ng *sa/no* sa kasunod na interaksyon (17).

17 Interaksyon ni Katik A at B (KA, KB) (Skit)

1 KA: *NGÁNO=NG KARÓN PA=LANG=MAN=MO NA-ABÓT*

bakit=LK ngayon pa=lang=naman=2SG.NOM UV.REAL.HPST-dating

ten AM god áto=ng sábot

ten AM kaya 1PL.INK.JEN=LK kasunduan

‘Bakit ngayon pa lang kayo dumating? Ten AM kaya ang napagkasunduan natin.’

2 >ÚNSA NA ORÁS-A RON< Mag| nga| MAG-PANIÚDTO NA=TA
 ano na oras-TK ngayon AV.IMPERP.IR-pananghalian na=1PL.INK.NOM

‘Anong oras na ngayon? Magtatanghali na tayo!’

3 KB: UY CHILL LANG=SÁ=GOD, MADÁM NO:
 KPS chill lang=muna=kaya madam KPS

KAY, BÁG'O RA=GOD=MI NANG-ABÓT
 dahil bago lang=kaya=1PL.EKS.NOM AV.DISTR.REAL-dating

‘Uy, chill lang kaya muna, Madam **no**, kasi kakarating lang kaya namin.’

4 MA-BÚHAT RA=JOD=NÁTÒ=NA=NG GROUP PRESENTATION
 UV.IR.HPST-gawa lang=talaga=1PL.INK.NOM=iyang=LK group presentation

‘Magagawa (at magagawa naman) talaga natin iyang group presentation.’

Bilang lider ng isang group presentation, sinisimulan ni KA sa P1-2 ang usapan sa kaniyang galit sa tinanghaling dating ng kaniyang mga kagrupò, kasama na si KB. Sa simula pa lang, makikitang hindi na nakaayon ang usapan nina KA at KB. Kahit nagagalit din, kinakailangang maiayon ulit ni KB ang usapan upang makapagpatuloy sila sa kailangang gawin. Bagaman pasigaw nagsalita si KB, nilagyan niya ng *no* ang kaniyang utos sa P3 kay KA upang kumalma ito at maipakitang handa naman siyang makipag-usap nang maayos. Nauugnay din ng *no* ang P3 sa P1 ni KA at P4 ni KB at nang sa gayon, maiaayos sana ang usapan at mapagtutulungan. Bagaman hindi ito matutupad, makabuluhan pa rin ang *no* sa pagpahiwatig ng intensiyon ni KB na ayusin ang balangkas ng usapan. Kaya masasabing nagagamit ang *sa/no* sa pag-aayos ng pakikipag-ayon.

Ang Sa/No sa Kabuuan

Batay sa datos, mayroong tatlong maykro-gamit ang *sa/no*: una, ang pag-aayon ng ebalwasyon; pangalawa, ang pagpapanatili ng balangkas ng pakikiayon; at pangatlo, ang pag-aayos ng pagkakaayon ng usapan. Lumilitaw sa mga maykro-gamit na ito ang pangkabuuang makro-gamit ng *sa/no* bilang **pambalangkas**

ng pag-aayon. Sa paggamit ng *sa/no*, nakagagawa ng iisang balangkas na pakikiayunan ng mga kausap tungo sa iisang layunin upang maging matiwasay ang pag-uusap. Nakikita rin ang mga naunang gamit na nasuri ni Tanangkingsing at ni Wolff, ngunit malinaw din na higit pa sa pangkumpirma at pangmarka ng tapik ang gamit ng *sa/no* sa interaksyon. Nagawang piliin ng mga kausap ang *sa/no* dahil batay sa makro-gamit nito, mainam ito sa pagbubuo ng balangkas ng pakikiayon at doon na sa mga partikular na konteksto lumilitaw ulit ang mga maykro-gamit nito.

Lumalabas din na limitado lamang sa mga datos na nasa barayti ng Kalakhang Sugbo ang paggamit ng *sa* at maaaring nagpapahiwatig ito sa talagang pagiging diyalektal nito. Gayunman, ginagamit din ang *no* sa dalawang barayting saklaw sa sinuring datos. Bukod sa pagiging limitado sa Kalakhang Sugbo, hindi malinaw mula sa datos kung paano nagkakaiba ang *sa/no* kaya ituturing muna sila na baryant ng iisang KPS na may parehong mga gamit tulad sa naging pagsusuri na nito dito. Kailangan pa ng karagdagang pag-aaral na nakatuon lamang sa baryasyong ito.⁷

Ang Ba bilang Panghigpit sa Negosasyon

Ayon kay Tanangkingsing, ginagamit ang *ba* upang magmarka ng tapik at humingi ng pagsang-ayon (573; 576). Bagaman lumalabas nga iyon sa datos, makikita ring mas malawak pa rito ang interaksiyonal na gamit ng *ba*. Halos maihahalintulad ang *ba* sa KPS na *sa* sa wikang Hapon. Sa wikang Hapon, ang *sa* ay ginagamit upang matigil ang negosasyon sa usapan at mapigil ang partisipasyon ng iba pang mga kausap (Morita 206). Mayroon ding parehong gamit ang *ba* sa pagpigil ng mga pasulóng ng ibang mga kausap. Gayunpaman, hindi gaano kahigpit ang pagpigil ng *ba* sa negosasyon sa pag-uusap at maaari pa ring makibahagi sa tapik ang ibang mga kausap; ipinapahiwatig lamang ng *ba* na kung maaari ay hindi muna sumingit ang ibang kausap. Lumilitaw ang pagiging panghigpit sa negosasyon ng *ba* sa tatlong partikular na gamit.

Ang Ba bilang Pampangasiwa ng Tapik

Una, kagaya sa sinuri na ni Tanangkingsing, nagagamit ang *ba* sa pagmarka ng tapik. Madalas nagagamit ang *ba* kung may sinisingit na bagong tapik ang tagapagsalita. Halimbawa, mapapansin sa interaksyon nina B1, B2, B3, at L1 kung paano isinisingit ni B1 ang tapik ng kaniyang pagliligo na halos hindi nauugnay sa tapik hinggil sa kanilang iniisip (18).

.....

⁷ Maraming salamat sa reviewer na humingi ng kalinawan hinggil sa baryasyong ito.

1 B1: *kanáng ákò gyo=ng gi-think kaganiha*

FILLER 1SG.JEN talaga=LK UV.REAL-isip kanina

while ga-ka-lígò ko ba

habang AV.IMPERP.REAL-AUTO-ligo 1SG.NOM KPS

‘Ano... Naisipan ko lang talaga (siya) kanina habang naliligo ako *ba*.’

2 *arí jod=ko sa [ákò self like (.hhh)*

dito talaga=1SG.NOM OBL 1SG.JEN self like

‘Dito talaga ako sa self ko like...’

3 B2: *[maó díáy dúgay ka na-lígò*

kaya pala matagal 2SG.NOM UV.REAL.HPST-ligo

‘Kaya pala matagal kang naligo.’

4 B1: *[(.hhh)*

5 B3: *[(.hhh)*

6 L1: *[(.hhh)*

Makikita sa halimbawa (18) na naisingit ni B1 ang kaniyang bagong tapik sa pamamagitan ng paglagay ng *ba* sa dulo ng P1. Dinebelop niya agad ang tapik na ito sa pamamagitan ng pagbigay-dagdag-komento sa P2. Mapapansin ding bukod sa biglaan ang pagsingit ng tapik ni B1, nagiging senyas din ito sa ibang mga kausap na hindi muna sila puwedeng sumingit pagkatapos ng *ba*, at pagkatapos lamang ng komento ni B1 sa P2 nakapagkomento si B2. Ang ganitong gamit ng *ba* sa paghihigpit ng mga tapik ay madalas ding nagagamit sa pagsingit ng isang

biglaang komento na makakapagdebelop sa tapik. Sa usapan sa pagitan ni K1 at ng MN (19), makikitang dumagdag si K1 sa P3 doon sa kaniyang naunang tapik sa P1, pero dahil maaaring biglaan masyado ang kaniyang pagkomento, nagagamit ang *ba* upang maidebelop pa ang nauna nang tapik ni K1. Kaya mapapansing hindi na nagsingit ng bagong tapik ang MN dahil naipapahiwatig na sa kaniya ng *ba* na pinagpapatuloy pa ni K1 ang kaniyang tapik.

19

Interaksiyon ni K1 at ng MN (Chat)

1 K1: *unsá kahá=y póрма náko áni ig-ting-klase na*

ano kaya=NEUT porma 1SG.JEN nito KAILAN-PANAHON-pasok na

‘Ano kaya ang mangyayari sa akin kapag may pasok na.’

2 MN: } *comrade, eyák together*

comrade iyak together

3 K1: *walâ pa=gvo=y mga café~café arí ba*

wala pa=talaga=NEUT PL DIM~cafe dito KPS

nga náa=y wifi ganérn

LK Mayroon=NEUT wifi ganoon

‘Wala pa (namang) mga café dito *ba* na may wifi, ganoon.’

4 MN: } (.huhu) *lagí:*

PANSANG-AYON

Maihalintulad ang gamit ng *ba* sa itaas sa mga halimbawa ni Tanangkingsing sa panghingi ng pagsang-ayon na gamit ng *ba*, at siguro hindi pagsang-ayon ang ginagawa ng *ba* ngunit nagdedebelop lamang ito ng isang tapik na naisingit na ng tagapagsalita. Kaya masasabing ang gamit ng *ba* sa mga kontekstong ito ay ang pagpapangasiwa ng tapik.

Ang *Ba* bilang Pampanuldok ng Usapan

Pangalawa, bukod sa pagpapangasiwa ng tapik, mapapansin sa datos na nagagamit din ang *ba* sa tuwing kinakailangang tuldukan ang usapan. Kagaya ng *sa* sa wikang Hapon na nakahaharang sa partisipasyon ng mga kausap (Morita 195), sa pamamagitan ng paglagay ng *ba*, natutuldukan ng tagapagsalita ang kaniyang gustong sabihin sa pamamagitan ng paghaharang sa komento ng mga kausap. Sa kasunod na interaksyon, makikitang nagagamit ang *ba* hindi lamang para mapangasiwaan ang tapik kundi para na rin maharangan ni KK si AM sa pagbibigay ng komento (20).

20

Interaksyon ni Angel May (AM) at Katik (KK) (Skit)

- 1

AM: (.)
- 2

KK: *HALÁ ANGEL MAY*

hala Angel May
- 3

PAG-SELFIE

NA=LA:NG ((sarcastic na mula rito))

AV.IMPERP.UTOS-selfie

na=lang

‘Mag-selfie ka na lang.’
- 4

ÁNI

NA=LANG

^NO

ganito

na=lang

KPS

‘Ganito na lang *no*?’
- 5

MAG-SELFIE

NA=LANG=TA

AV.IMPERP.UTOS-selfie

na=lang=1PL.INK.NOM

‘Magselfie na lang tayo!’

6 *ÚNYÀ KANÂ ÁTO=NG I-PRESENT BA*
 tapos iyan 1PL.INK.JEN=LK SUV.IR-present KPS

‘Tapos, ang ipe-present natin *ba*.’

7 *KANÁNG KANÂ*
 FILLER iyan

8 *KANÂ ÁTÒ I-REPORT KANÂ ÁTÒ I-ROLE-PLAY*
 iyan 1PL.INK.JEN SUV.IR-report iyan atin SUV.IR-role-play

‘Iyan (ang) ating ire-report; iyan (ang) ating iro-role-play.’

9 *O, KAY MURÁG MURÁG, KAMÍ MA=Y NA-KUÁN, MURÁG*
 oo dahil parang parang 1PL.EKS.NOM naman=NEUT UV.REAL.HPST-FILLER parang

10 *MA-HÁSOL KA=ÁNÀ ÍMO=NG ISTÁYL BA*
 AV.IR.HPST-hasel 2SG.NOM=niyan 2SG.JEN=LK style KPS

‘Mahahasel ka sa style mo *ba*.’

11 *NGA WALÂ GOD=MI=Y NA-BÚHAT*
 LK wala kaya=1PL.EKS.NOM=NEUT UV.REAL.HPST-gawa

‘Na wala kaming magagawa.’

12 *TÁPOS IKÁW LANG SIGÉ=G SELFIE*
 tapos 2SG.NOM lang parati=JEN.DTK Selfie

‘Tapos parati ka lang (nagse-)selfie.’

Makikitang galit na galit na si KK kay AM dahil wala pa siyang ginagawa para sa kanilang report at roleplay. Sa simula, nakikipag-ayon pa si KK na makikita sa P4 upang maisama niya sa kaniyang ginagawang balangkas ng pag-uusap si AM. Ngunit sa P6, biglang binago ni KK ang tapik mula sa ginagawa ni AM tungo sa dapat nilang gawin. Mula rito, hindi na nakasingit si AM. Hindi lang ito dahil galit si KK pero dahil na rin sa pagkakalagay ng *ba* sa siningit na tapik. Sa sumusunod pang pasulóng, ginamit din ni KK ang *ba* upang madebelop pa ang kaniyang isiningit na tapik. Pagdating sa P10, ginamit na naman ulit ni KK ang *ba*. Sa pagkakataong ito, nagkakaroon ulit ng pagbabago ng tapik pero bilang balangkas na ng kaniyang gagawing pagtuldok sa usapan na matatagpuan sa P11-12. Dagdag pa rito, nahihigpitan din ng *ba* ang partisipasyon ni AM kaya hindi siya makasingit at lalong nariin ang pagtutuldok ni AM. Masasabi pang ekstensiyon ang pampanuldok na gamit ng *ba* sa panghingi ng sang-ayon na gamit ng *ba* na sinuri ni Tanangkingsing. Subalit, litaw lang dito ang paggamit ng *ba* upang masang-ayunan ni KK ang kaniyang sarili at mairiin pa ang kawalan ng partisipasyon ni AM. Sa ganitong paraan, masasabing nagagamit ang *ba* bilang pampanuldok ng usapan.

Ang *ba* bilang Pampanamot ng Pasulóng

Panghuli, mapapansing sa mga naunang gamit ng *ba*, nahihirapang sumingit ang ibang mga kausap. Kagaya ng *sa* sa wikang Hapon na ginagamit upang ipagdamot ng tagapagsalita ang mga pasulóng mula sa iba pang mga kausap upang makapagpatuloy siya sa pagdebelop ng kaniyang naratibo (Morita 195), nagagamit din madalas ang *ba* upang ipahiwatig sa mga kausap na kung maaari ay hindi muna sila sumingit dahil may gusto pang sabihin ang tagapagsalita. Malimit itong mapapansin sa tuwing iniisip pa ng tagapagsalita ang mga kasunod na gusto niyang sabihin. Halimbawa nito ay ang interaksyon sa pagitan ng MN at ng kaniyang LL (21).

21

Interaksyon ni MN at ng kaniyang lola (LL) (Interbyu)

1 LL: *kana=ng tulo ^ka: manok, usa ka gatos*

iyan=LK tatlo PAMBILANG manok isa PAMBILANG daan

‘Iyang tatlong manok, (naghahalaga iyan ng) isang daan.’

2 MK: *ng:*

3 LL: *bal| baligya sad=nako=g tagsa ka gatos*

benta din=1SG.JEN=JEN.DTK bawat PAMBILANG daan

‘Ibinebenta ko rin ng (isang) daan bawat isa.’

4 *inig ako i| ikuan ba*

kapag 1SG.JEN SUV.IR-FILLER KPS

‘Kapag aking inaano *ba*.’

5 *kanang tinibuok ba=nako=nga*

FILLER buo ba=1SG.JEN=LK

‘Ano... buo ko ba na...’

6 *kanang murag lechon ba*

FILLER parang lechon KPS

‘Ano... Parang lechon *ba*.’

7 MK: [*ng:*

Makikita sa (21) na may gusto pa sanang idagdag si LL sa P4 mula roon sa P1 at P3 ngunit hindi pa niya nabubuo nang maayos ang kaniyang gustong sabihin. Kaya gumagamit na siya ng *ba* sa P4 pa lang upang senyasan ang MK na huwag muna siyang sumingit dahil idinedebelop pa niya ang kaniyang naratibo. Mapapansin din na bagaman nagpakita ng pagsang-ayon si MK sa P2, hindi muna siya nagpakita ng pagtango sa mga kasunod na pasulóng na mayroong *ba*. Doon lang nakatango si MK sa P7 nang matapos na tuldukan ni LL ang kaniyang gustong sabihin gamit ang *ba* sa P6. Batay sa halimbawang ito, makikitang nagagamit ang *ba* bilang pampanamot sa pasulóng.

Ang *Ba* sa Kabuuan

Batay sa datos, mayroong tatlong maykro-gamit ang *ba* sa Sebwano: una, sa pangangasiwa ng tapik; pangalawa, sa panunuldok ng usapan; at pangatlo, sa pagdaramot ng pasulóng. Mula sa tatlong maykro-gamit na ito, lumilitaw ang

iisang pangkabuuang makro-gamit ng *ba* sa Sebwano bilang **panghigpit sa negosasyon**. Sa paggamit ng *ba* sa interaksyon, nahihigpitan ng tagapagsalita ang pakikibahagi ng kausap at nabibigyan ang sarili ng panahong magsingit ng panibagong tapik, idebelop ito, at tuldukan ito upang makamit ang layuning ilahad ang gustong sabihin sa kabuuan nito. Mula sa pangkabuuang interaksiyonal na gamit na ito, makikita ang mga naisusog na ni Tanangkingsing na gamit ng *ba* bilang pangmarka ng tapik at panghingi ng pagsang-ayon, ngunit ipinapakita ring higit pa sa mga partikular na gamit na iyon ang nagagawa ng *ba*. Malinaw na may mas malawak pang gamit ang *ba* sa pangangasiwa ng negosasyon sa mga pasulóng ng bawat kausap sa isang interaksyon, at batay sa pangkabuuang gamit na ito, lumilitaw sa bawat partikular na konteksto ang mga maykro-gamit ng *ba*.

LAGOM

Lumilitaw na talagang mahalaga ang pangangasiwa ng interaksyon sa Sebwano, at isa sa mga paraan upang magawa ito ay ang paggamit ng mga KPS. Sinuri sa papel na ito ang mga KPS na *sa/no* at *ba* sa balangkas na pinaghalong discourse-functional at interaksiyonal na lingguwistika. Lumalabas na bagaman mayroon ngang mga partikular na gamit o maykro-gamit ang mga KPS na *sa/no* at *ba* kagaya sa naunang pagsusuri ni Tanangkingsing at sa pangangahulugan ni Wolff, mayroon din silang mga pangkabuuang gamit o makro-gamit na nabubuo mula sa mga maykro-gamit at siya ring nagsisilbing batayan ng naturang maykro-gamit.

Nakita rito na ang *sa/no* ay isang KPS na may gamit bilang pambalangkas ng pakikiayon kung saan pinapangasiwaan nito ang alaynment na maaaring kabahaginan ng mga kausap. Partikular itong nagagamit bilang pang-ayon ng ebalwasyon, na maihahalintulad sa pangkumpirmang gamit na suri ni Tanangkingsing at ni Wolff bilang pampanatili ng balangkas ng pakikiaayon at bilang pang-ayos ng pagkakaayon. Ang huling dalawang gamit na ito ay ang mga lumilitaw na kontekstuwal na gamit ng *sa/no* bilang pangmarka ng isang tapik. Sa gayon, malinaw na hindi lamang sa iisang pasulóng makabuluhan ang *sa/no*. Sa

halip, nagagamit ito bilang pamamaraan ng mga kausap sa pakikiayon ng kanilang mga sarili tungo sa iisang balangkas at tungo sa isang matiwasay na pag-uusap. Sa ganoong paraan, halos maihalintulad na ang *sa/no* sa KPS na *ne* sa Hapon na may kinalaman din sa pangangasiwa ng pakikiayon. Samakatuwid, masasabing instrumento ang mga KPS na ito sa pagkamit ng layunin ng kooperasyon sa komunikasyon (Levinson 31–32).

Sinuri din kung paanong ang *ba* ay isang KPS na may gamit bilang panghigpit sa negosasyon, kung saan nabibigyan nito ng kontrol ang tagapagsalita sa kung sino lang ang maaaring makilahok sa pag-uusap. Higit na mahalaga ang gamit na ito sapagkat isa sa mga masalimuot na bahagi ng interaksyon ay ang pangangasiwa ng salitan sa pag-uusap (Levinson 35). Partikular na nagagamit ang *ba* bilang pampangasiwa ng tapik, lalo kung isiningit lang ang tapik bilang kahalintulad sa pangmarka ng tapik sa suri ni Tanangkingsing; bilang panuldok ng usapan na masasabing ekstensiyon ng paghingi ng pagsang-ayon sa suri ni Tanangkingsing; at bilang pagdaramot ng pasulóng na nakatutulong sa tagapagsalita na idebelop ang kaniyang naratibo. Kung gayon, malinaw na hindi lamang sa iisang pasulóng makabuluhan ang *ba*, kundi nagagamit ito bilang pamamaraan ng tagapagsalita na pangasiwaan ang kaniyang mga pasulóng at ang paglahok ng mga kausap tungo sa isang mas buong naratibo.

Malinaw mula sa mga gamit ng *sa/no* at *ba* sa Sebwano na higit na makabuluhan ang pagsusuri sa mga KPS kung titingnan sila sa konteksto ng interaksyon at bibigyan—hindi lang ng mga partikular na pagsusuri—kundi pati na rin ng iisang pangkabuuang suri sa kanilang iba’t ibang gamit. Pinalalim pa rito ang mga nauna nang pagsuri ni Tanangkingsing at ni Wolff hinggil sa mga KPS na *sa/no* at *ba*, at lalo lang lumilitaw ang pangangailangan para sa mga karagdagang pag-aaral tungkol sa iba pang mga KPS sa Sebwano, gayundin sa mga KPS sa iba pang mga wika sa Pilipinas at higit-lalo sa mga wikang hindi rehiyonal o nasyonal.



Apendiks

Mga Kahulugan ng Daglat

()	Opsiyonal	> <	Mabilisang pagsalita
(())	Komento ng tagatranskrayb	1	Unang panauhan
(.)	Kaunting paghinto	2	Pangalawang panauhan
(.h)	Mahinang pagtawa	3	Pangatlong panauhan
(.hhh)	Mahaba o malakasang pagtawa	APL	Aplikatibo
(.huhu)	Pagpapakita ng lungkot	AV	Aktor voys
,	Intonasyon sa paglilista	DIM	Diminutibo
.	Metalinggwistik na paghihiwalay	DISTR	Distributibo
:	Pinahabang pagbigkas	DTK	Di-tiyak
?	Tumataas na tono (<i>pitch</i>)	EKS	Ekslusibo
[	Sabayang pagsalita	IGT	Pampaigting
^	Biglaang pagtaas ng tono (<i>pitch</i>)	IMPERP	Imperpektibo
_	Pabagsak na tono (<i>pitch</i>)	INK	Inklusibo
	Naputol na pagsalita	IR	Irealis
}	Reply sa chat	JEN	Jenetib
~	Pag-uulit	LK	Linker
=	Pagkabit ng klitik	MALAKI	Pasigaw na pagsalita
		NEUT	Neutral
		NOM	Nominatibo
		OBL	Oblik

P-	Primaryang	SG	Isahan
PERP	Perpektibo	TK	Tiyak
PL	Maramihan	UTOS	Pautos
REAL	Realis	UV	Undergoer voys
S-	Sekundaryang		

.....

- Comrie, Bernard, et al. *The Leipzig Glossing Rules: Conventions for Interlinear Morpheme-by-Morpheme Glosses*. Department of Linguistics, Max Planck Institute for Evolutionary Anthropology & Department of Linguistics, University of Leipzig, 2015, www.eva.mpg.de/lingua/resources/glossing-rules.php.
- Dideriksen, Christina, et al. "Contextualizing Conversational Strategies: Backchannel, Repair, and Linguistic Alignment in Spontaneous and Task-Oriented Conversations." *Proceedings of the 41st Annual Conference of the Cognitive Science Society*, 2019, pp. 261–267.
- Du Bois, John W. "Argument Structure: Grammar in Use." *Preferred Argument Structure: Grammar as Architecture for Function*, inedit nina John W. Du Bois et al., John Benjamins Publishing Company, 2003, pp. 11–60.
- Eberhard, David M., et al. "Ethnologue: Languages of the World." *SIL International*, 2026, www.ethnologue.com.
- Godin, Edgar S. "Lagda Sa Espeling." *Bisaya Magasin*, 2018, bismag.pbworks.com/w/page/9015814/Lagda-Sa-Espeling.
- Hepburn, Alexa, at Galina B. Bolden. *Transcribing for Social Research*. SAGE Publications Ltd, 2017. methods.sagepub.com, <https://doi.org/10.4135/9781473920460>.
- Himmelman, Nikolaus P. "Documentary and Descriptive Linguistics." *Linguistics*, tomo 36, blg. 161–195, 1998, doi.org/10.1515/ling.1998.36.1.161.
- Jefferson, Gail. "Glossary of Transcript Symbols with an Introduction." *Conversation Analysis - Studies from the First Generation*, inedit ni G. H. Lerner, John Benjamins Publishing Company, 2004, pp. 13–31.
- Levinson, Stephen C. *The Interaction Engine: Language in Social Life and Human Evolution*. Cambridge University Press, 2025, <https://doi.org/10.1017/9781009570343>.

- Lindström, Jan. "Interactional Linguistics." *The Pragmatics of Interaction*, John Benjamins Publishing Company, 2009, pp. 96–103.
- Morita, Emi. "Deriving the Socio-Pragmatic Meanings of the Japanese Interactional Particle *Ne*." *Journal of Pragmatics*, tomo 44, blg. 3, 2012, pp. 298–314. *ScienceDirect*, <https://doi.org/10.1016/j.pragma.2011.12.004>.
- . *Negotiation of Contingent Talk: The Japanese Interactional Particles Ne and Sa*. John Benjamins Publishing Company, 2005.
- Nagaya, Naonori. "Beyond Questions: Non-Interrogative Uses of *Ano* 'what' in Tagalog." *Journal of Pragmatics*, tomo 190, 2022, pp. 91–109.
- . "Discourse Particles in Tagalog: The Case of *e*." *Discourse Particles in Asian Languages*, tomo 2, Routledge, 2024, pp. 37–66, doi.org/10.4324/9781351057752-3. Routledge Studies in Linguistics.
- Schachter, Paul. "Parts-of-Speech Systems." *Clause Structure*, inedit ni Timothy Shopen, tomo 1, Cambridge University Press, 2010.
- Sidnell, Jack. "Conversation Analysis." *Oxford Research Encyclopedia of Linguistics*, ni Jack Sidnell, Oxford University Press, 2016, <https://doi.org/10.1093/acrefore/9780199384655.013.40>.
- Tanangkingsing, Michael. *A Functional Reference Grammar of Cebuano*. 2009. National Taiwan University, disertasyon, <https://doi.org/10.6342/NTU.2009.01962>.
- . "A Study of Second-Position Enclitics in Cebuano." *Oceanic Linguistics*, tomo 52, blg. 1, 2013, pp. 222–248.
- . "The Marking of Weak Stance in Cebuano: The Case of the Versatile Demonstrative *Kanáng*." *Journal of Pragmatics*, tomo 230, 2024, pp. 89–101, <https://doi.org/10.1016/j.pragma.2024.07.005>.
- Wolff, John U. *A Dictionary of Cebuano Visayan*. Cornell University Southeast Asia Program and Linguistic Society of the Philippines, 1972.
- Wray, Alison, at Aileen Bloomer, mga editor. "Transcribing Speech Phonetically and Phonemically." *Projects in Linguistics: A Practical Guide to Researching Language*, Hodder Arnold, 2006, pp. 179–195.



Brian Salvador Caratao Baran

Kasalukuyang nagtuturo bilang instruktur sa Departamento ng Linggwistiks, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagtapos siya ng BA Linguistics sa departamentong ito kung saan nakatuon ang kaniyang pag-aaral sa lingguwistika at Wikang Hapon. Dito niya rin kasalukuyang tinatapos ang kaniyang MA Linguistics. Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ay ang lingguwistika ng interaksyon, lingguwistika sa pagtatagpong-wika, araling pangkapuluan, mga wikang Bisaya, at wikang Hapon. Kamakailan, higit na nakatuon ang kaniyang pananaliksik sa wikang Bantayanon (ISO 639-3 [bfx]) at wikang Sebwano/Binisaya [ceb].



Komparatibo

Mga Morposintaktikong Katangian ng Tagalog na Sinasalita sa Morong, Rizal

Vincent Christopher A. Santiago

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay sumisiyasat sa mga katangian ng morposintaks o palabuoan ng mga salita at pangungusap sa Tagalog na sinasalita sa Morong, Rizal. Sa mga naunang pag-aaral sa Tagalog Morong at iba pang mga varayti ng Tagalog sa Rizal, pinagtuonan ng higit na pansin ang antas ng ponolohiya o ang mga tunog ng wika at pagsasaayos ng mga ito, at ang antas ng leksikon o mga salita ng wika. Bilang ambag sa deskripsiyon ng Tagalog Morong, limang (5) partikular na aspekto ng gramatika nito ang aanalisahin: (1) ang eksklamatiyong panlaping *baN*; (2) ang superlatibong pormang *pinakang*; (3) ang intensibong pormang *pinimiran ng*; (4) ang pananong na *at ano?*; at (5) ang pragmatic marker na *hane*. Batay sa mga ito, inihahambing at itinatambis ang Tagalog Morong sa mga varayti ng Tagalog na sinasalita sa iba pang mga karatig-bayan ng Rizal, sa mga diyalekto ng Tagalog sa iba pang mga lalawigan sa Timog Katagalugan, sa Tagalog sa Kalakhang Maynila, at sa mga wikang Bisayan at Bikol.

Mga susing salita: *Tagalog Morong, diyalektolohiya, morposintaks*
ISO 639-3 language codes: *tgl*

Morphosyntactic Features of the Tagalog Spoken in Morong, Rizal

ABSTRACT

This study analyzes the morphosyntactic features, or the patterns of formation and construction of words and sentences, in the Tagalog spoken in the town of Morong, Rizal Province. In existing research featuring Morong Tagalog and other varieties of Tagalog spoken in Rizal, the level of phonology—or the sounds of language and the patterning of these sounds—and the level of lexicon, or the words of the language, were given primary attention. To contribute to the description of Tagalog Morong, five (5) particular aspects of the grammar of said variety are analyzed: (1) the exclamative affix *baN-*; (2) the superlative form *pinakang-*; (3) the intensive form *pinimiran ng*; (4) the interrogative *at ano?*; and (5) the pragmatic marker *hane*. In looking at these particular examples, Morong Tagalog is compared to and contrasted with the varieties of Tagalog spoken in other neighboring towns of Rizal, the dialects of Tagalog spoken in other provinces of the Southern Tagalog region, the Tagalog of the Greater Manila Area, and the Bisayan and Bikol languages.

Keywords: *Morong Tagalog, dialectology, morphosyntax*

ISO 639-3 language codes: *tgl*

1 Panimula

Tatalakayin ng papel na ito ang ilang katangiang morposintaktiko ng Tagalog na sinasalita sa bayan ng Morong, Rizal. Sa larangan ng lingguwistika, ang MORPOSINTAKS ay sumasaklaw sa kung paano bumubuo ng mga salita, parirala, at pangungusap ang wika. Laman ng panimulang bahaging ito ang mga sumusunod na seksiyon: 1.1. Heograpiya, Topograpiya, at Kasaysayan ng Morong; 1.2. Ang mga Diyalekto ng Tagalog at ang Lugar ng Tagalog Morong; at 1.3. Panimulang Buod.

1.1 Heograpiya, Topograpiya, at Kasaysayan ng Morong

Ang Morong [ˈmɔɾ.ɾɔŋ] ay isang munisipalidad sa gitna ng Lalawigan ng Rizal, sa Rehiyon IV-A o CALABARZON. May lawak na 37.58 kilometro kuwadrado (“Morong, Rizal Profile - PhilAtlas”), ang mga kanugnog na pook nito ay ang Munisipalidad ng Teresa sa hilaga, ang Munisipalidad ng Baras sa silangan, ang Munisipalidad ng Cardona at ang Laguna de Bay sa timog, at ang munisipalidad ng Binangonan sa kanluran. Sa census noong taong 2020 ay nakapagtala ng populasyong 71 151 ang bayan (“Morong, Rizal Profile”). Tinatawag ng mga residente ang kanilang sarili bilang *Morongueño* [mɔɾ.ɾɔŋ.ˈgen.jɔ] o *tiga-Morong* [ti. ga.ˈmɔɾ.ɾɔŋ] at sila’y pawang nagsasalita ng wikang Tagalog.

Ang buong lalawigan ng Rizal, maging ang ilang mga bayan ng Kalakhang Maynila at Laguna, ay dating nasasakupan ng “Morong” (Paz, “Isang Preliminaryong” 3). Ito’y tinawag noong *Distrito Militar de Morong* at itinatag noong taong 1853. Subalit, mula pa noong 1578 ay mayroon nang presensiyang Espanyol sa lugar. Ayon kay Felix Huerta, higit na malaki ang sakop ng Distrito Militar de Morong noon kaysa ngayon, at ang buong distrito ay pinamahalaan mula sa gusali ng Comandancia na nasa kasalukuyang Barangay San Pedro ng kasalukuyang Munisipalidad ng Morong.

Ang lupain ng Morong ay pawang kapatagan at nananatiling kabuhayan ng mga Morongueño ang agrikultura at pag-aalaga ng hayop. Bukod sa pagsasaka ay may mga residente ring nakapangingisda sa Ilog Morong at Laguna de Bay, ngunit sa ngayon ay labis nang kumaunti ang nahuhuling isda sa ilog. Eksepsiyon sa pagiging kapatagan ng Morong ang lupaing saklaw ng isa sa mga barangay sa timog-kanluran nito: ang Brgy. Bombongan. Ito ay kilalang nasa relatibong mataas

na lugar. Masigla rin ang komersiyo sa bayan: iba’t ibang mga dry goods store, pamilihang-bayan at groseri, restawran at kainan, at iba pang mga negosyo.

Ang isang pangunahing ruta ng public utility vehicle (PUV) papuntang Morong ay mula sa terminal sa Shaw Boulevard sa Lungsod Mandaluyong na dadaan sa Cainta, Lungsod Antipolo, at Munisipalidad ng Teresa. Ang isa pang ruta ay mula naman sa Cubao sa Lungsod Quezon. Ang PUV sa rutang ito ay daraan sa Lungsod Antipolo at Munisipalidad ng Teresa. Marami sa “economically active population” (“Morong, Rizal Profile”) ay regular na sumasakay sa mga dyip, e-jeep, at bus sa mga rutang ito papunta at mula sa kani-kanilang mga trabaho at paaralan. Mayroon na ring terminal ng e-jeep mula sa mall na SM Masinag sa Lower Antipolo na bumibiyahe papuntang Morong.

Subalit, sa mga nakaraang yugto ng kasaysayan ay malamang hindi ganito kaaksesible ang bayan. Pinansin ni Consuelo J. Paz ang relatibong isolation ng bayan kung ikukumpara sa Bayan ng Taytay na may varayti ng Tagalog na marami nang pagkakahawig sa Tagalog ng Kalakhang Maynila (“Ay Hao” 30). Dagdag na rito ang pagkamaburo ng ilang bahagi ng Bayan ng Morong gaya ng nabanggit sa nakaraang talata, na salik na nakapagpapahirap sa pagpunta rito noon.

1.2 Ang mga Diyalekto ng Tagalog at ang Lugar ng Tagalog Morong

Tumungo naman tayo sa klasipikasyon ng Tagalog sa konteksto ng mga katutubong wika ng Pilipinas. Mahalaga munang kilalanin na ang Tagalog ay isang wikang Central Philippine (Zorc), at sa kabila ng maraming kakanyahan nito, marami pa rin itong pagkakatulad sa mga kapatid nitong wika. Ang mga naturang kapatid ng Tagalog ay ang mga wika at wikaing Bikol¹, mga wika at wikaing Bisayan, ang mga wikang Mansakan, at ang Minamanwa sa Mindanao (Eberhard et al., “Philippines”).

Establisado nang isang wikang nabibilang sa pangkat Central Philippine ang Tagalog. Ano naman ngayon ang konsepto ng DIYALEKTO o sa ibang mga sulatin, ay WIKAIN? Iba’t ibang porma ng iisang wika ang mga diyalekto (Petyt 11). Dahil sila’y mga baryasyon lamang ng iisang sistemang pangwika, mayroon pa ring pagkakaintindihan sa pagitan ng mga tagapagsalita ng magkakaibang diyalekto.

.....

¹ Itinuturing na MACROLANGUAGE ang Bikol dahil sa mataas na antas ng pagkakasari-sari ng mga paraan ng pananalita ng mga komunidad dito sa kabila ng paggamit nila ng iisang katawagang “Bikol” (Eberhard et al., “Methodology”).

Dagdag ni Keith Malcolm Petyt, “sabayang nagpapahiwatig ng pagkakaiba at pagkakaisa” (Peneyra 3) ang diyalekto: pagkakaiba sa mga tagapagsalita ng wika sa iba’t ibang rehiyon o uring panlipunan at pagkakaisa sa mga taong nagsasalita ng magkakaibang varayti na ito ngunit pinagbubuklod ng iisang gramatikal na sistema. Nakatuon lamang ang kasalukuyang pag-aaral sa **rehiyonal** o **heograpikong** diyalekto: ang Tagalog sa lokasyon ng Morong, Rizal.

Ang mga nakaraang pag-aaral ay nagtatala ng maraming diyalekto ng Tagalog, ngunit kakikitaan ang mga ito ng relatibong mataas na antas ng pagkakaintindihan (Peneyra 6). Sa ika-28 edisyon ng *Ethnologue: The Languages of the World* ay may nakalistang 9 na diyalekto o wikain ang Tagalog: “Lubang, Manila, Marinduque, Bataan, Batangas, Bulacan, Puray, Tanay-Paete, Tayabas” (Eberhard et al, “Tagalog”).² Sa heograpikong pamantayan lamang, mahihinuhaang pinakamalapit sa diyalektong Tanay-Paete ang varayti ng Tagalog na sinasalita sa Morong.

Sinasabi naman ni Irma U. Peneyra (“Isang Rekonstraksyong Internal”) na makikita ang sitwasyong *dialect chain* sa wikang Tagalog kung saan ang mga diyalektong nasa magkabilang dulo ng heograpikong saklaw ng Tagalog ay pinakamababa ang antas ng pagkakaunawaan. Sa pag-aaral ni Peneyra, 11 namang diyalekto ng Tagalog ang binibigyang-pansin: Bataan, Batangas, Bulacan, Cavite, Laguna, Marinduque, Oriental Mindoro, Occidental Mindoro, Quezon,

.....

² Hindi inililista ng sanggunian ang mga pinagkuhanang datos at/o mga pag-aaral ng mga naturang diyalekto. Ang ilan sa mga ito ay malamang nasa kamalayan na ng karaniwang Pilipino, hal., ang Tagalog ng mga Batangueño at Bulakenyo. Ngunit ang iba, katulad ng tinaguriang Puray Tagalog, Lubang Tagalog, at Tanay-Paete Tagalog, ay marapat bigyan ng kuwalipikasyon at higit na paglalarawan.

Isang interesanteng blog post na tumatalakay sa Puray Tagalog ang “Who are the Tagarugs? The Tagarug Mystery...” ni Christopher Sundita-Yang na pinost noong ika-7 ng Agosto 2005. Ang Puray ay isang barangay sa Munisipalidad ng Rodriguez (noo’y Montalban), Rizal. Bagaman kailangan ng kaukulan pang rebyu at pagbeberipika ng impormasyon, ito lamang ang natagpuan kong online na batis bukod sa *Ethnologue* na nagbabanggit sa isang diyalekto ng Tagalog na tinaguriang “Puray.”

Sinanggunian sa blog post ang papel ni Teodoro A. Llamzon na “The Importance of Dialects in Historical Linguistics: Conant’s Pepet Law as a Case in Point” na may petsang 1976 para sa katangian diumano ng Puray Tagalog ng pagkakaroon ng tunog na schwa. Inilahad ni Llamzon sa papel na ito ang mga halimbawang salitang *dakəp* ‘dakip’, *əpa* ‘ipa’, *ngipən* ‘ngipin’, *pūsəd* ‘pusod’, *təlúng* ‘talong’, *dikét* ‘dikit’, at *dینگ* ‘dinig’ (136). Ang huling salitang ibinigay ni Llamzon ay nakapagtatakang nagpapakita ng reflex na /y/ sa tunog sa Proto-Austronesian na *R; isang reflex na regular na matatagpuan sa mga wikang Central Luzon (kabilang ang mga wikang Sambal, mga wikang Ayta, at Kapampangan). Posibleng ang “Puray Tagalog” ay (1) tunay na natatanging diyalekto ng Tagalog o (2) ang wikang Hatang-Kayi sa ilang mga bayan sa Lalawigan ng Quezon at Bayan ng Tanay na kinikilalang may mas malapit na ugnayan sa mga wikang Central Luzon. Lubos na pasasalamat kay Christopher Sundita-Yang sa pagbabahagi ng kopya ng artikulo ni Llamzon.

at Rizal (7). Tinutukoy ni Peneyra na ang Tagalog Marinduque ang marahil pinakamahirap intindihin para sa isang taga-Kalakhang Maynila o ng isang tagapagsalita ng Tagalog sa Gitnang Luzon dahil sa pagkanatatangi ng mga berbal na panlapi nito (31). Mas naunang tiningnan at pinalalim ang mga obserbasyon ng mga panananaliksik ni Rosa Pelaez-Soberano ukol sa ganitong kalagayan ng Tagalog Marinduque. Ang kongklusyon ni Peneyra ay mula sa PRE-TAGALOG—ang naunang estado ng Tagalog na naabot sa pamamagitan ng teknik na internal na rekonstruksiyon—umusbong ang dalawang pangunahing diyalekto: ang Northern Tagalog (NT) at Southern Tagalog (ST).

Ang mga diyalekto ng Tagalog sa Rizal ay nabibilang sa Northern Tagalog, na mga diyalektong hindi gumagamit ng panlaping {-a-} para sa pormasyon ng imperpektibong aspekto gaya ng makikita sa mga sumusunod na halimbawa:

(1) Salitang-ugat: *trabaho*

Northern Tagalog imperpektibong aspekto C1V1: ***magta~trabaho***
 Southern Tagalog imperpektibong aspekto {-a-}: ***max-trabaho***

Sa antas pa rin ng morposintaktika, kapansin-pansin sa mga diyalekto ng Tagalog sa Marinduque, Batangas, Laguna, Quezon, at Oriental Mindoro (pawang mga nagmula sa orihinal na diyalektong ST), ang mga sumusunod na pormang IMPERATIBO o pautos sa 2b. at 3b. (Peneyra 65-66; tingnan din ang Santos 257) Matatagpuan sa 2a. at 3a. ang mga katumbas na pangungusap sa ipinagpapalagay na “standard” na Tagalog:

(2) a. *Dalhin (mo/ninyo) ang baldi sa labas.* (Peneyra 65)

dal(a)-hin(=mo/ninyo)	ang=baldi	sa=labas
dala-TR.IMP(=2SG.GEN/2PL.GEN)	ABS=baldi	OBL=labas

b. ***Dalha*** ang baldi sa labas. (Peneyra 65)

dal(a)-ha	ang=baldi	sa=labas
dala-TR.IMP	ABS=baldi	OBL=labas

(3) a. *Takpan (mo/ninyo) ang baldi.* (Peneyra 66)

tak(i)p-an(=mo/ninyo)	ang=baldi
takip-APPL(2SG.GEN/2PL.GEN)	ABS=baldi

b. ***Takpi*** ang baldi. (Peneyra 66)

tak(i)p-i	ang=baldi
takip-TR.IMP	ABS=baldi

Sa mga halimbawang pangungusap na 2b. at 3b. ay nakakakita tayo ng dalawang klase ng hulapi: *-a* at *-i*. Ginagamit ang *-a* bilang alternant ng hulaping *-in* + panghalip. Samantala, ang *-i* ay ginagamit bilang alternant ng hulaping *-an* + panghalip (Peneyra 66).³

Base sa datos na aking nakalap, hindi na natin nakikita ang ganitong mga pormang imperatibo/pautos sa Tagalog Morong. Ginagamit na nila ang kaayusang matatagpuan na rin sa Tagalog ng Kamaynilaan. Ngunit, noong 1994 ay naitala pa ni Paz ang pormang imperatibo na sinasalita sa karatig-bayan ng Cardona, hal., *tingni* at *tangni* imbes na *tingnan* at *tangnan* (Paz, “Isang Preliminaryong” 5-6). Naitala rin nina Rubin at Paz ang kaparehong pormang paautos sa Tagalog Angono, halimbawa:

- (4) **LANGISI** *ang buhok para gumanda* (Rubin at Paz 100)
langis-i ang=buhok para g<um>anda
 langis-IMP ABS=buhok para g<INTR.IPFV>anda
 ‘Langisan mo ang buhok mo para gumanda.’

- (5) **GAT-I** *na ang gulay* (Rubin at Paz 100)
gat(a)-i=na ang=gulay
 gata=IMP=COMPL ABS=gulay
 ‘Gataan mo na ang gulay.’

Maihahambing ang kaayusang ito sa mga imperatibo o pormang paautos sa mga “kamag-anak” ng wikang Tagalog: ang mga wikang Bisayan. Halimbawa:

- (6) Samar-Leyte
palit-á *an tinapay!* (Zorc 126)
palit-a an=tinapay
 buy-IMP ABS=bread
 ‘Buy the bread!’

- (7) Cebuano
bantay-i *qunyáq siyá.* (Zorc 162)
bantay-i ?unya? siya
 take.care-IMP PRT 1SG.ABS
 ‘Take good care of her.’

.....

³ Sa mas malalim na antas, maaari pang suriin ang pagkakaiba ng *-a* at *-i* batay sa SEMANTIKONG GAMPANIN (semantic role) ng simuno. Ang imperatibong hulaping *-a* ay ginagamit kapag ang simuno ay PATIENT o siyang naaapektuhan ng aksiyon ng pandiwa. Ang hulaping *-i* naman ay ginagamit kapag ang simuno ay LOKASYON o malalokasyon ang interpretasyon.

(8) Porohanon

qizáw ***pag-kuháq-a*** *qan apidábit* (Zorc 162)
ʔizaw ***pag-kuhaʔ-a*** ʔan=apidabit
PROH STEM-get-IMP ABS=apidabit
‘Don’t get the affidavit!’

Ano naman ang mga katangiang ponolohikal at leksikal ng Tagalog Morong?

Kapansin-pansing ang mga naunang pag-aaral na espesipikong tumatalakay sa mga varayti ng Tagalog sa Rizal at nagtatampok sa Tagalog ng mga tiga-Morong, ay nagbibigay-diin sa antas ng PONOLOHIYA o mga tunog ng wika, o LEKSIKON o mga salita ng wika. Sa isang maagang pananaliksik ni Ligaya G. Tiamson at sa mga klasik na artikulo ni Consuelo J. Paz (“Isang Preliminaryong”; “Ay Hao”), nailahad ang mga pangunahing ponolohikal na katangian ng Tagalog Morong.

Talahanayan I.

Retensyon ng [r] sa Tagalog Morong kumpara sa [d] ng Greater Manila (GM) Tagalog

Tagalog Morong	Tagalog ng Greater Manila
<i>ringring</i> [ɾɪŋɾɪŋ]	‘dingding’
<i>ribrib</i> [ɾɪbɾɪb]	‘dibdib’
<i>gaor</i> [gaʔɔɾ]	‘gaod’
<i>bunrok</i> [bunɾɔk]	‘bundok’
<i>raan</i> [ra:ʔan]	‘daan’
<i>narapa</i> [na:ɾapaʔ]	‘nadapa’
<i>ragrag</i> [ragrag]	‘dagdag’
<i>baklar</i> [baklar]	‘baklad’
<i>rati</i> [ra:ti]	‘dati’
<i>bakor</i> [ba:kɔɾ]	‘bakod’
<i>lakar</i> (Paz “Ay Hao” 27) [la:kar]	‘lakad’
<i>ririkit</i> [ɾɪ:ɾɪkɪt]	‘didikit’
<i>inra</i> [ʔɪnɾaʔ]	‘inda/lola’
<i>uhor</i> [ʔu:hɔɾ]	‘uod’
<i>alulor</i> [ʔalɔlɔɾ]	‘alulod’
<i>tamar</i> [tamar]	‘tamad’
<i>tuwir</i> [towɪɾ]	‘tuwid’
<i>matipir</i> (Tiamson 160) [matɪpɪɾ]	‘matipid’
<i>nirug-an</i> [nɪɾugʔan] (Aquino “Morong Dictionary”)	‘dinuguan’

.....
⁴ Bigyang-pansin ang opinyon ni Lope K. Santos sa katangiang ito:
Ang pagpapalit na ito ng L sa R sa hulihán ng mga pantíg o salitâ ay nakapagpátunay pa ng pagka-likás na di-bagay ipanghulí ng pantíg at salitâ ang magaralgál na tunóg ng R sa matatás at mayuming pananagalog: kayâ iyáng mga bigkás na *Alíbarbar*, *parpár*, *kirkír*, *saír*, *tagilir*, *gaor*, *sursór*, atb. ay di-maaring lumalaganap sa Katagalugan, kundi sukat nang umiral sa ilan-ilán lamang bayan at lalawigang tagalog na may katigasán at kabigatán ng dilà kung magsipagsalitâ. (16)

Talahanayan 2.

Pagpapanatili ng orihinal na impit sa gitna ng salita (medial glottal stop)⁵

Tagalog Morong	Tagalog ng Greater Manila
<i>bul-o</i> [bʊlʔo]	‘bulo’
<i>in-in</i> (Paz “Ay Hao” 26) [ʔmʔm]	‘inin’
<i>pus-on</i> [pusʔon]	‘puson’
<i>lub-ak</i> [lʊbʔak]	‘lubak’
<i>gab-i</i> [gabʔi]	‘gabi’
<i>ngay-on</i> [ŋajʔon]	‘ngayon’
<i>bay-awang</i> [bajʔawan]	‘baywang/bewang’
<i>pipig-an</i> (Tiamson 1-160) [pipigʔan]	‘pipigaan’

Dagdag sa mga ito, may ilan pang katangian sa mga tunog ng Tagalog Morong katulad ng sumusunod. Ang mga katangiang ito ay lumitaw sa datos mula sa isa kong naunang pag-aaral na *Mga Usáp-usáp: Isang Preliminaryong Pag-aaral ng Tagalog na Sinasalita sa Bayan ng Morong, Rizal* (Santiago, “Mga Usáp-usáp”). Ito’y nagtuon sa mga pagkakaibang leksikal sa walong (8) barangay ng munisipalidad. Katunayan, maaaring ituring na kasunod ng pag-aaral na iyon ang kasalukuyang papel dahil nasa antas naman ng mga panlapi at discourse marker ang tatalakayin dito sa papel na ito.

Talahanayan 3.

Pagkiling sa tatluhang sistemang-pampatinig (three-vowel system)⁶

Tagalog Morong	Tagalog ng Greater Manila
<i>bayiki</i> [bajɪ:kɪʔ]	‘beke’
<i>iyilo</i> [ʔɪjɪ:lʊ]	‘yelo’
<i>tsinilas</i> [tsɪnɪ:las]	‘tsinelas’
<i>bisiklita</i> [bisɪklɪ:ta]	‘bisikleta’
<i>pariha</i> [paɾɪha]	‘parehan/unahan’
<i>palingke</i> [palɪŋkɛ] (may dagdag na vowel-lowering sa huling pantig)	‘palengke’

.....

⁵ Itinuturing ni Lope K. Santos ang ganitong katangian bilang “bigkás-lalawigan” (41). Sa katunayan, ang mga salitang may medial glottal stop ay retensiyon o pagpapanatili ng orihinal na kaayusan sa mas naunang wikang Proto-Central Philippines na pinagmulan din ng mga wikang Bisayan, mga wikang Bikol, at mga wikang Mansakan. Ito ang nagpapaliwanag sa higit na malawak na distribusyon ng mga salitang may medial glottal stop sa iba pang mga diyalekto ng Tagalog at sa iba pang mga naturang pangkat-wikang umusbong mula sa Proto-Central Philippines. Tingnan ang “The Bisayan Dialects” ni Zorc.

⁶ May napansing kahawig na pagbabagong-tunog si E. Arsenio Manuel sa Tayabas Tagalog, lalo na iyong sinasalita sa mga baryo. “Inihaharap” daw ng mga Tayabasin ang mga pinal na o sa kanilang mga salita, hal., *uu* imbes na *oo*, *nuu* imbes na *noo*, at *luku* imbes na *loko* (12).

Talahanayan 4.

Pag-iral ng mga katinig na glide [j] at [w] sa pagitan ng mga patinig⁷

Tagalog Morong	Tagalog ng Greater Manila
<i>bayiki</i> [bajɪ:kɪʔ]	‘beke’
<i>iyilo</i> [ʔɪjɪ:lɔ]	‘yelo’
<i>bilawo</i> (Aquino “Morong Dictionary”) [bɪla:wɔ]	‘bilao’
<i>raying</i> [ra:jɪŋ] / <i>niraying</i> [nɪra:jɪŋ]	‘daing’
<i>tawo</i> [ta:wɔ]	‘tao’
<i>bawon</i> [ba:wɔn]	‘baon’

Madalas ding marinig ang mga salitang may mahabang patinig sa ikatlo sa huli (antepenultimate) o ikalawa sa huli (penultimate) na pantig. Kadalasan, ang mga katumbas ng mga ito sa pananalita sa Kalakhang Maynila—o ang tinatawag ni E. Arsenio (3-4) na “Central Tagalog”⁸—ay wala nang pagpapahaba ng patinig sa naturang mga posisyon. Tingnan ang pagkukumpara sa mga halimbawang salita sa Tagalog ng Kalakhang Maynila at ng sa Tagalog Morong (Santiago, “Mga Usáp-usáp”).

Talahanayan 5. Magkakaibang haba ng patinig⁹

Tagalog Morong	Tagalog ng Greater Manila
<i>natipalok</i> [na:tipalʔɔk]	<i>natapilok</i> [natapɪlɔk]
<i>ruag</i> [ru:ʔag]	<i>duwag</i> [dɔwag]
<i>pamamaraan</i> [pamamara:ʔan]	<i>pamamaraan</i> [pamamaraʔan]
<i>nasira</i> [na:sɪ:raʔ]	<i>nasira</i> [nasɪ:raʔ]

.....

⁷ Samantala, sa pananalita ng mga taga-Angono ay kinakaltas naman nila ang mga glide sa parehong mga puwesto ng salita, hal., *luwag* > *luag*, *buwan* > *buan*, *biyak* > *biak*, *liyad* > *liad* (Rubin at Paz 98).

⁸ Para kay Manuel, ang designasyong “Central” sa kaniyang kategoryang “Central Tagalog” ay ayon lamang sa heograpikong pamantayan; ito ang diyalekto ng Tagalog na sinasalita sa Kamaynilaan at sa mga “suburb” nito (3). Sinasabi ni Manuel na patuloy na ginagamit, nililining, at ineestandardisa ang Central Tagalog sa paggamit nito sa pahayagan, radyo, drama, pelikula, negosyo, pulitika sa nasyonal na antas, at sining (4).

⁹ Pinapansin din nina Rubin at Paz sa “Bigkas-Angono” ang naturang ponolohikal na katangian (98).

Nagkaroon na rin ng pag-aaral na nauukol sa INTONASYON o iyong kung tawagin ay *puntó* (Santiago, “Areal variation”). Tinutukan sa saliksik na ito ang persepsiyong may “mas malakas na punto” ang mga tagabaryo kumpara sa mga tagapoblasyon sa Morong. Naipakitang may panloob na baryasyon din sa mismong Tagalog Morong na kung saan itinuturing na “mas maalon” at may tinatawag na “scooped accent” at “rising peak accent” ang intonasyon ng isang impormanteng taga-Barangay Bombongan na nasa labas ng poblasyon ng bayan.

1.3 Panimulang buod

Sa unang seksiyong ito, ipinakilala ang lunan ng pag-aaral na Bayan ng Morong, Lalawigan ng Rizal. Ang mga residente nito na tinatawag ang kanilang mga sariling *Morongueño* o *tiga-Morong* ay pawang nagsasalita ng Tagalog, at layon ng kasalukuyang pag-aaral na ipakita ang mga natatanging morposintaktikong katangian ng kanilang diyalekto. Nilinaw rin ang pagkakaiba ng diyalekto/wikain mula sa wika, na isang importanteng nosyon sa larangan ng lingguwistika. Nakaklasipika sa pangkat ng mga wikang Central Philippine ang Tagalog, na kinabibilangan din ng mga pangkat ng Bikol, Bisayan, Mansakan, at ang wikang Minamanwa sa Mindanao.

Naglahad din ng isang maikling deskripsiyon ng mga ponolohikal at leksikal na katangian ng Tagalog Morong na siyang pokus ng lahat ng mga nakaraang pag-aaral, maliban sa pag-aaral ni Peneyra na nauna nang tumutok sa antas ng morposintaks.¹⁰ Ipinakita sa rebyu ng mga kaugnay na pag-aaral na isang mahalagang erya na kinakailangang bigyang-pansin para sa Tagalog Morong ang morposintaktika. Ito ang puwang na nais punan ng papel.

Mataas ang tsansang matatagpuan din ang mga estruktura at pormasyong ipapakita sa susunod na seksiyon sa pananalita ng mga taga-Bayan ng Teresa, Baras, Tanay, at Cardona sapagkat nabibilang din sila sa tinatawag ni Paz na R_1 , isa sa dalawang ERYANG RELIK na tinukoy niya sa Rizal (Paz, “Isang Preliminaryong” 9; “Ay Hao” 25). Ang isang eryang relik ay lugar kung saan napanatili ang naunang hitsura ng wika at hindi naapektuhan ng mga pagbabago sa wika ng mga

.....

¹⁰ Sa katunayan, ang pag-aaral nina Rubin at Paz tungkol sa Tagalog Angono ay nagtampok din ng mga morposintaktikong katangian ng naturang varayti, hal., pagbabanghay sa pang-uring nasa kasukdulan, pagbabanghay ng pandiwa (100), at panahunang banghay ng pandiwa (102), ngunit itinuring nila itong mga katangiang **leksikal** ng Tagalog Angono (99).

nakapaligid na lugar. Ngunit matatagpuan pa rin ang ilan sa mga katangiang ito sa ibang bayan ng Rizal na labas sa R₁. Halimbawa, sa pag-aaral nina Rubin at Paz tungkol sa Tagalog ng Bayan ng Angono ay itinatampok din nila ang banghay sa *bang*- para sa mga pang-uring nasa kasukdulan (tatalakayin sa sek. 3.1.1).

2 Korpus

Laman ng seksiyong ito ang paglalarawan at pagtalakay sa korpus na ginamit. Ang mga morposintaktikong katangiang tatalakayin ay nagmula sa datos na aking nakalap noong taong 2012 sa mga residente at sa aking sariling mga kapamilya sa Morong.

Pawang natural na diskurso ang datos na kinilingan ko sa pagpapalitaw ng mga konstruksiyong magpapakita ng mga kakanyahan ng Tagalog Morong. Upang makalap ang naturang tipo ng datos, gumamit ako ng mga sumusunod na materyales:

- *Pear Film*, isang 6 na minutong maikling pelikula na walang diyologo. Ito ay binuo ng lingguwistang si Wallace Chafe sa Unibersidad ng California sa Berkeley noong 1975 para sa mismong gawain ng pagkalap ng naturalistikong diskurso.
- *Invention of Love*, isa namang animated short film na isinulat at dinirehe ni Andrey Shushkov noong 2010. Hindi ito dinisenyo mismo para sa lingguwistikong pananaliksik, ngunit ginamit ito dahil walang diyologo sa pagitan ng mga karakter at bukás sa maraming interpretasyon ang mga pangyayari.
- *Frog, where are you?*, isang picture book na isinulat ni Mercer Mayer noong 1969. Gaya ng naunang pelikula, ginagamit ito upang makakuha ng isang tuloy-tuloy na naratibo mula sa konsultant na tumitingin sa mga larawan.

Sa lahat ng eliciting material ay pareho ang isinagawang mga hakbang. Ipinapanood/ipinabasa ko muna sa konsultant pangwika ang video o picture book. Pagkatapos, itinanong ko sa kaniya kung ano ang nangyari sa palabas o kuwento. Sa ganitong mga hakbang, napalitaw ang mga natural na katangian ng pananalita sa diyalekto ng Morong.

Suma total, labindalawang konsultant pangwika (apat na babae at walong lalaki) ang pumayag makilahok sa pananaliksik. Nirepresenta ang lahat ng walong barangay ng Morong. Sa panahon ng kanilang pakikilahok, ang mga kinapanayam ko ay may mga edad mula 43 hanggang 88 taong gulang. Matatagpuan sa Talahanayan 6 ang impormasyon tungkol sa kanila.

Talahanayan 6.

Mga Lumahok sa Pananaliksik

Pangalan	Barangay	Edad noong Nakilahok
Ramon Fenequito	Bombongan	85
Winston Fenequito	Caniogan-Calero-Lanang	54
Teofila Fontanilla	Lagundi	70
Nicena Francisco	Maybancal	69
Serafin Francisco	Maybancal	70
Analiza Velasquez	San Guillermo	43
Gregorio Pascual	San Jose	73
Primo Pantaleon	San Jose	73
Pedrito Bautista	San Juan	71
Pedro Fenequito	San Juan	88
Felicisima Orca	San Pedro	79
Teodoro Trinidad	San Pedro	49

Kinikilala ko ang pagkatagibang ng datos na nakalap sa mas nakatatandang populasyon. Kung kaya’t para marepresenta ang mas maraming impormanteng kababaihan at mas batang henerasyon ng mga Morongueño, nagsali ng iba pang sekundaryang batis na nagtatampok sa mga taong nagsasalita sa Tagalog Morong:

- *Minandaldalan: Pansit Dilaw*, isang produksiyon ng Lipunang Pangkasaysayan ng Morong—o LIKAS Morong, Inc.—na nagtatampok sa mga kababaihang miyembro ng organisasyon na nagluluto ng isang paboritong putahe sa Morong: ang Pansit Dilaw o “Pansit Palengke” (*Pansit Dilaw*)
- *Minandaldalan: Dila-Dila*, produksiyon muli ng LIKAS Morong na nagtatampok sa kung paano magluto ng dila-dila, o kung tawagin sa Maynila at iba pang lalawigan ay “palitaw” (*Dila-Dila*)
- “ANO RAW?! – Salitang Morong,” isang video ng LIKAS Morong na nagtatampok sa mga teenager na itinatanong kung alam pa nila ang ilang mga tinaguriang “usáp Morong” o mga salitang natatangi sa Morong (“ANO RAW?!”)

Sa kabila ng 14 na taong lumipas mula sa unang pagkalap ng datos hanggang sa kasalukuyang taon ng pagkakasulat ng artikulong ito, sa larangan ng pagbabagong pangwika ay masasabi pa rin namang parehong komunidad ang Morong, Rizal at parehong varayti pa rin naman ang pinag-aralan noon at inilalarawan ngayon. Para sa lingguwistang si Pieter Muysken, ang pagbabagong naitala sa loob ng 20 hanggang 200 taon ay ibinibilang sa baryasyong micro (268). Kumbaga, hindi pa umaabot ang pagbabago at antas ng “pagpapatong-patong” ng mga pagbabagong ito (aggregation) sa puntong humihiwalay na sa orihinal na estado ang diyalekto at masasabing naiibang paraan na ng pananalita ito.

Panghuli, kumonsulta rin ako sa aking sariling amang si G. Rennald E. Santiago para sa ilang mga halimbawa, at upang maberipika at mabalida ang

mga detalye sa paggamit ng mga ito. Siya’y tubong-Morong at kasalukuyang 62 taong gulang. Katunayan, siya ang unang nagpakita sa aking may naiibang varayti ng Tagalog na sinasalita sa kanilang bayan. Hindi ko itinuturing ang aking sarili na insider sa komunidad ng Morong sa kabila ng pagiging tiga-Morong ng angkan ng aking ama. Lumaki na akong nagsasalita ng Central Tagalog dahil sa pagkakapanganak at paglaki sa Lungsod Antipolo at kasalukuyang pagtira sa Munisipalidad ng Cainta. Ang kagustuhan kong kumonekta (at maaaring magbigay-pugay na rin) sa panig ng pamilya kong ito ang nagtutulak sa aking magsaliksik tungkol sa mga katangian ng kanilang pananalita.

3 Mga Morposintaktikong Katangian ng Tagalog Morong

Laman ng seksiyong ito ang mga morposintaktikong katangian ng Tagalog Morong. Sa sek. 3.1. Banghay sa Pang-uri, tatalakayin ang mga paraan ng pagbabanghay sa mga pang-uri na malinaw na ipinag-iiba ang Tagalog Morong sa Tagalog/Filipino ng Kamaynilaan—o Central Tagalog sa taguri ni Manuel (3-4). Sa partikular, ang sek. 3.1.1. ay tumatalakay sa eksklamatibong panlaping *baN-*. Ang sek. 3.1.2. naman ay tatalakay sa superlatibong pormang *pinakang*, at ang sek. 3.1.3. ay tatalakay sa intensibong pormang *pinimiran ng*.

Tatalakayin naman sa sek. 3.2. ang naiibang pormang pananong sa Tagalog Morong na *at ano?*

Tatalakayin sa sek. 3.3. ang pragmatic marker na *hane* na isa pang sikat na pananda ng pananalita ng tiga-Morong.

Panghuli, matatagpuan sa sek. 3.4. ang buod ng mga tinalakay na morposintaktikong katangian ng Tagalog Morong.

3.1 Banghay sa pang-uri

Paano nga ba muna natin nasasabing may hiwalay na klase ng salita na pang-uri? Ayon kay Videa De Guzman, ang isang katangiang naghihiwalay sa mga pang-uri mula sa mga pangngalan at pandiwa ay ang kakayahan ng mga pang-uri na magpakita ng magkakaibang antas o sidhi ng katangiang ipinapahayag ng salitang-ugat (“ability to express differing degrees or intensities of the property denoted by the root/stem”; 311). Maaari itong sumahin sa pamantayang tinatawag na GRADEABILITY.

Sa gradeability ng mga pang-uri lumilitaw ang pagkanaiiba ng estruktura ng Tagalog Morong.

3.1.1 *baN-*

Isa sa pinakatanyag na katangian ng Tagalog Morong ang paggamit sa panlaping *baN-*. Umaayon ang panghuling tunog na nasal ng panlaping ito sa unang tunog ng salitang-ugat, kung tawagin sa ponolohiya ay REGRESSIVE ASSIMILATION. Tingnan ang sumusunod na halimbawa.

- (9) **Bang***kara-kara mo!* (Likas Morong, “ANO RAW?!”)

[baŋ.ka.,ra.ka.ra.'mo]¹¹

baN-kara~kara=mo

EXCLA-INTEN-kara=2SG.GEN

'Ang likot-likot mo!'

Nagbigay ng halimbawang pangungusap para sa salitang *kara* 'gaslaw; playful' ang isa sa mga ininterbyu sa video (Likas Morong, “ANO RAW?!”). Makikitang umayon ang nasal sa velar na posisyon ng tunog na [k] sa salitang-ugat na [ka.ra], kaya naging velar din ang dulo ng porma ng panlapi [baŋ]. Makikita naman sa susunod na halimbawa sa ibaba ang pagkakataong nag-assimilate ang panlapi sa bilabial na tunog ng salitang-ugat:

- (10) **Bamb***ango ng pan de sal na iyon tuwing daling-araw, hane?* (Likas Morong, “Pansit Dilaw”)

[bam.ba.'ŋɔ naŋ pan.di.'sal na ʔi.'jɔn tɔ.'wiŋ da.'liŋ 'ʔa:.raw ha.'nɛ]

baN-bango ng=pan.de.sal=na=iyon

EXCL-bango GEN=pan.de.sal.=LKR=DEM.DIS

tuwing daling.araw hane

tuwing madaling-araw PM

'Ang bango ng pan de sal na iyon tuwing madaling araw, ano?'

Sa simula ng video ay nagbabalik-tanaw ang mga nagkukuwentuhang kababaihang kasapi ng LIKAS Morong tungkol sa masasarap na klase ng almusal noong araw, at nasabi ng isa ang napakabangong amoy ng pandesal na niluluto pa sa pugon.

.....

¹¹ Sa papel na ito, ang mga halimbawang Tagalog Morong lamang ang binigyan ng transkripsiyon sa pamamagitan ng International Phonetic Alphabet (IPA) upang maitampok ang kanilang aktuwal na bigkas. Sila at ang mga halimbawa mula sa iba pang mga varayti at wika ay binigyan din ng anotasyon batay sa mga kumbensiyong inihain nina Balthasar Bickel, Bernard Comrie, at Martin Haspelmath sa *Leipzig Glossing Rules*.

Ano naman ang gamit ng panlaping *baN*? Mahihinuha ang pagkakapareho nito sa inilarawan ni Lope K. Santos sa kaniyang *Balarilà ng Wikang Pambansá* na ANYONG PASUKDOL NG PANG-URI NA *ANÓNG* (PANG-URI), hal., *anóng ganda!*, *anóng tayog!*, *anóng pangit!*, *anóng hirap!*, *anóng samâ!*, *anóng dalahirà!* (228). Ayon kay Santos, ang kombinasyong panghalip pananong na *anó* + pang-angkop + pang-uri, hal., *ano=ng ganda* ay ginagamit sa mga pahayag na “pahangâ, pahinagpís, pasísí.”

Sa *Tagalog Reference Grammar* naman nina Paul Schachter at Fe T. Otnes, inuuri ang ganitong konstruksiyon bilang EXCLAMATIVE CONSTRUCTION (280). Ibinigay ng mga awtor na ito ang mga sumusunod na iba pang exclamative construction: *Ang ganda!*, *Kay ganda!*, *Kaganda!*, *Anong ganda!* Sa papel na ito, ituturing ang *baN*- ng Tagalog Morong bilang EKSKLAMATIBONG PANLAPI, sang-ayon sa klasipikasyon nina Schachter at Otnes, at upang mapag-iba rin ito sa iba pang porma ng panukdulan na tatalakayin sa mga susunod na bahagi.

Hindi eksklusibo sa Morong ang paggamit ng *baN*-. Ayon kina Rubin at Paz, ipinapakita rin ng Tagalog Angono ang “[p]agbanghay sa unlaping /bang/” na itinuturing nilang “pang-uring nasa kasukdulan” (100), gaya sa sumusunod: *bangganda*, *bangyumi*, *banglakas*, *bangbait*, *bangbagal*, *bangtalino*, *banglinis*, *banghina*, *bangtalas*. Kataka-takang hindi sumasailalim sa regressive assimilation ang mga halimbawang ibinigay para sa Angono, ngunit baka limitasyon ito ng transkripsiyon dahil sa mas naunang pag-aaral ni Paz, ibinibigay niya ang mga halimbawang *banlikot* at *bandami* para sa Angono (“Isang Preliminaryong” 7).

Muli, iginigiit ko sa papel na ito na mas mainam ilarawan ang pormang *baN*- sa Tagalog Morong bilang eksklamatibong panlapi upang mapag-iba ito sa mga iba pang banghay sa kasukdulan.

3.1.2 *pinakang*

Mapapansin din natin ang banghay sa kasukdulan o pormang SUPERLATIBO na *pinakang* [pɪ.na.'kaŋ], kung saan matatagpuan pa rin ang LINKER o pang-angkop na *=ng* [ŋ] sa dulo nito.¹² Makikita sa (11) ang dalawang halimbawang pangungusap mula kay G. Santiago:

.....

¹² Ang buong porma ng pang-angkop ay na [na].

- (11) a. ***Pinakang*** bata sa magkakapater si Ricky. (Santiago personal na komunikasyon)

[pɪ.na. 'kaŋ 'ba:.ta sa ,mag.ka.ka.pa. 'tɛr sɪ 'rɪ:.kɪ]
pinaka=ng=bata sa mag-ka~ka-pater si=Ricky
 'Pinakabata sa magkakapatid si Ricky.'

- b. *Si Efren "Bata" Reyes ang pinakang magaling sa bilyar.* (Santiago personal na komunikasyon)

[sɪ ʔɛp. 'rɛn 'ba:.ta 'rɛ:.jɛs ʔaŋ pɪ.na. 'kaŋ ma.ga. 'lɛŋ sa bɪl. 'jaɾ]
 si=Efren "Bata" Reyes ang=**pinaka=ng**=ma-galing sa=bilyar
 'Si Efren "Bata" Reyes ang pinakamagaling sa bilyar.'

Gaya ng sinabi nina Schachter at Otones (243), puwedeng umiral kasama ng mga payak na pang-uri (*bata*) at ng mga pang-uring banghay sa *ma-* (*magaling*) ang panlaping *pinaka-* na sa Tagalog Morong ay may pormang *pinakang*. Ginamit din ito ng isa sa mga nagluluto sa video na "Minandaldalan: Pansit Dilaw" upang ilarawan ang sahog na sibuyas na murà o spring onions sa niluluto nilang pansit:

- (12) *'Yan na ang pinakang-mura.* (Likas Morong "Pansit Dilaw")

[jan na ʔaŋ pɪ.na. 'kaŋ 'mu:.raʔ]
 (i)yan=na ang=pinakang-mura
 DEM.MED=COMPL ABS=SUPER=LKR=murà
 "'Yan na ang pinakamurà."

Sa karamihan ng mga tagapagsalita ng Central Tagalog (o maging ng Tagalog sa iba pang mga pook sa Rizal at iba pang lalawigan), madalas ay hindi na binibigkas ang pang-angkop sa hulihan. Dagdag pa rito, pinahaba ang ikatlo-sa-huling pantig ng pormang Central Tagalog: [pɪ.na. ka] samantalang walang pagpapahaba sa porma sa Tagalog Morong [pɪ.na. 'kaŋ].

Sa *Balarila* ni Santos, iyong pormang wala nang pang-angkop ang itinala ng awtor: "At sa diwà ng kabuuán,... may ng pagkátangì at pangìngibabaw sa lahát ng kauring mapagháhambingán, gaya ng *pinakamagandá*" (226). Ito ang itinuturing niyang istandard na porma, kumpara sa makikita sa "bigkas-lalawigan" na *pinakang*.

Posible kayang ang konstruksiyong *pinaka=na*=(pang-uri) ay isang buong parirala at ang inaakala nating simpleng unlapi (Santos 228; Schachter at Otones 243) ay isa palang pangngalan na itinutumbas sa isang pang-uri? Ngunit walang lumalabas sa datos na maaaring magsingit ng iba pang morpema sa gitna ng *pinaka* at ng pang-uri—pruwebang hindi ganap na nagsasariling morpema (free morpheme) ang *pinaka*. Bukod pa rito, mistulang tataliwas sa tipikal na landas ng gramatikalisasyon ang pagbabago mula sa isang gramatikal na morpema (panlapi) patungong nagsasariling morpema (pangngalan).

Isa ito sa mga puntong marapat ibukas sa karagdagang pag-aaral sa hinaharap.

3.1.3 *pinimiran ng*

Ang isa pang tampok na morposintaktikong katangian sa Tagalog Morong ang banghay sa *pinimiran ng* [pi.ni.'mi:.ran nan]. Narito ang dalawa pang halimbawang binuo sa konsultasyon kay G. Santiago:

- (13) a. ***Pinimiran ng/Pinimirang ganda ni Monique.*** (Santiago personal na komunikasyon)

[pi.ni.'mi:.ran nan/pi.ni.'mi:.ran gan.'da ni mo.'nik]
 pinimiran ng/pinimira=ng ganda ni=Monique
 SUPER GEN/SUPER=GEN ganda GEN.PER=Monique
 'Napakaganda ni Monique.'

- b. ***Pinimiran ng/Pinimirang talino ni Joy.*** (Santiago personal na komunikasyon)

[pi.ni.'mi:.ran nan/pi.ni.'mi:.ran ta.'li:.no ni dʒoj]
 pinimiran ng/pinimira=ng talino ni=Joy
 SUPER GEN/SUPER=GEN talino GEN.PER=Joy
 'Napakatalino ni Joy.'

Inilalarawan ni Santos ang kahulugan ng mga salitang *sakdal*, *labis*, *pisik*, *hari*, *ulo*, at *ubod* bilang “may ganáp na kahulugán sa ganáng sari-sarili;...waláng dinadalá rito kundi diwà o himig lamang ng gayóng kahulugan” (230). Kung gayon, maihahanay ang *pinimiran* sa mga ekspresyong nabanggit.

Para naman kina Schachter at Otones, ito ay tinatawag nilang INTENSIVE CONSTRUCTION o konstruksiyong NAGPAPASIDHI: “most *ma-* adjective bases also occur in an intensive construction in which they are preceded by the sequence *ubod ng* (literally, ‘core of’)” (234).

Sunod sa paglalarawang ito, maaaring negatibong katangian ang pasidhiin ng konstruksiyong *pinimiran ng* sa Tagalog Morong. Halimbawa:

- (14) a. ***Pinimiran ng/Pinimirang ganit*** (Santiago personal na komunikasyon)

[pi.ni.'mi:.ran nan/pi.ni.'mi:.ran 'ga:.nit/ 'ga:.nejt]
 pinimiran ng/pinimira=ng ganit
 'Ubod ng/Sakdal/Labis na/Hari ng/Ulo ng ganit'

- b. ***Pinimiran ng/ Pinimirang ruag*** (Santiago personal na komunikasyon)

[pi.ni.'mi:.ran nan/pi.ni.'mi:.ran ru:.ʔag]
 pinimiran ng/pinimira=ng ruag
 'Ubod ng/Sakdal/Labis na/Hari ng/Ulo ng duwag'

Silipin natin saglit ang ibang diyalekto ng Tagalog. Maihahambing din dito ang intensibong konstruksiyong *gulpi=na*=(pang-uri) sa Tagalog Marinduque na itinala ni Soberano, hal., *gulping lakas* ‘ubod ng lakas’ (189).

Mapapansin ang estratehiya ng pagtatambal o COMPOUNDING ng isang conjunction o PANG-UGNAY na *at* at ng isa pang salitang pananong na *ano*.

Maaaring gamitin nang nagsasarili ang pariralang *at ano?* Kung halimbawa’y simpleng humihingi ka lang ng dahilan para sa isang bagay na nangyari o isang bagay na iniuutos sa iyo, maaari lamang sabihing “*At ano?*” [ʔa.ta.'nɔ] (Santiago, personal na komunikasyon).

Sa katunayan, ang alternant na *bakit* ay binubuo rin naman ng dalawang morpema: *bakin* + *at* (Santos 423). “Lalawiganin” at “pampanitikan” daw ang pormang *bakin* ayon kay Santos. Ipinakita naman ni Maria Kristina Gallego ang gradwal na proseso ng reanalysis mula sa *baquin at* patungong *baqui,t* patungong *baquit* sa isang korpus ng mga isyu ng magasing *Liwayway* mula sa iba’t ibang dekada (91). Samakatuwid, ang pang-ugnay na [ʔat] ay unti-unting dumikit sa naunang salitang [ba.kin] kung kaya’t nagresulta ito sa mas ginagamit nang pormang *bakit* sa Central Tagalog at iba pang mga lalawigang Tagalog.

May makikita tayong katulad na pormasyon sa Bikol Sentral kung saan binubuo rin ng isa pang salitang pananong (o bahagi nito) at pang-ugnay ang konstruksiyong humihingi ng dahilan. Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa (Mintz 106):

(16) Bikol Sentral

- a. *Áno an binakál ni Romy?*
ano an=b<in>akal ni=Romy
Q ABS=<TR.PFV>buy GEN.PER=Romy
‘What did Romy buy?’

- b. *Tá’no ta nagdigdí ka?*
ta=(a)no=ta nag-digdi ka
CONJ=Q=CONJ INTR.PFV-DEIC.PROX 2SG.ABS
‘Why did you come here?’

- c. *Nagdigdí akó ta inapód mo akó.*
nag-digdi ako **ta** <in>apod=mo ako
INTR.PFV-DEIC.PROX 1SG.ABS CONJ <TR.PFV>call=2SG.GEN 1SG.ABS
‘I came because you called me.’

Maski nakikita natin ang ganitong pagkakatulad sa pormasyon sa dalawang magkaibang sangay ng pangkat Central Philippines, hindi pa sapat ang ebidensiya para sa kongklusyong ang pormasyong *at* + *ano* ang orihinal na kaayusan. Magandang kilatisin at ikumpara din ang mga porma ng mga wikang Bisayan at Mansakan para sa parehong interogatibong gamit. Maitatanong din

kung ano ang ginagampanang punsiyon ng pang-ugnay na *at* ? Nagbibigay-diin (emphasis) kaya ang pag-iral ng *at* sa konstruksiyon? Pansinin din nating sa mga dula, tula, iskrip, o ibang register na pampanitikan ay may tendensiyang makita ang ekspresyong: ***At bakit...***

Sa ngayon, sapat na munang ilahad na hindi lahat ng diyalekto ng Tagalog ay gumagamit sa mga ekspresyong *bakin*, *bakin + at*, *bakit*.

3.3 *hane*

Ang paggamit ng *hane* [ha.'ne]/[ha.'ni] ay isang matingkad na palatandaan na tiga-Morong o Rizalenyong ang isang tagapagsalita. Sa mga sanggunian, kapansin-pansin ang tendensiya ng mga dating iskolar na **magbigay lamang ng mga halimbawa** ng mga kontekstong pinaggagamitan ng *hane* imbes na tumbukin kung ano mismo ang pormang ito at kung ano ang punsiyon nito.

Halimbawa, sa *Balarilà* ni Santos:

“HANE —mag-ingat ka sana sa pagtirá mo sa Maynilà, *hané*?
 —uuwian mo ako, nanay, ng kakanin, *hané*?
 —huwág mo nang mauulit na gawin sa akin iyon, *hané*?

...pananóng na laging nasa-hulihán ng pangungusap, at sa mga málambingang pag-uusap lamang gumagamit, lubhâ pa ang *hané*.” (423)

Narito naman ang sipi mula kay Paz (“Isang Preliminaryong”):

“Mahalagang kaibahan ng R [dayalek ng Tagalog sa Rizal] at GM [dayalek ng Tagalog sa Greater Manila] ang **hane/hana**. Mahirap ito bigyan ng kahulugang leksikal kaya, tignan na lang natin ang ilang halimbawa:

- (1) **Matulog ka na, hane.**
- (2) **Bigyan mo ako nyan, hane.**
- (3) **Ikaw na ang bahala dyan, hane.**
- (4) **Tayo na, hane.**” (7)

Isang sipi mula sa isang reperensiya mulang taong 2017 na isinulat ng mga manunulat galing Tanay—ang karatig-bayan ng Morong—ang nagbibigay ng tila mga kasingkahulugang pahayag ng *hane*:

“**hané** – Ok ba?, Di ba?, Payag ka ba?. *Tagarito ka, hané?* Magkita tayo bukas, **hané?** Maganda na ito, **hané?**” (BAKÁS ng Tanay 109)

Makikita, samakatuwid, na nagpokus ang mga naunang pag-aaral na ito sa pagbibigay ng maraming halimbawa upang makita ang gamit ng naturang ekspresyon. Maganda namang magpakita ng maraming datos, ngunit kapos pa rin ito sa depinidong paliwanag. Kina Santos at Paz lang tayo nakakakita ng tila pagsayaw sa paligid ng depinisyong ng *hane*; ito raw ay ginagamit sa “malalambingang pag-uusap” (Santos 423) at “mahirap... bigyan ng kahulugang leksikal” (Paz, “Isang Preliminaryong” 7).

Una, ang kategorya nito. Ang *hane* ay isang halimbawa ng tinatawag sa lingguwistika na PRAGMATIC MARKER. Ang mga pragmatic marker ay mga ekspresyong pangwika na nagsisilbing pananda ng mga interaksyon sa diskurso o natural na palitan sa pagitan ng mga tao. Maaaring halawin ang mga pragmatic marker mula sa iba pang gramatikal na kategorya. Halimbawa, kinaklasipika bilang panghalip pananong ang salitang *ano* (Santos 242). Ngunit, sa isang pangungusap gaya ng *Ang pangit ng skin ko ngayon ano?* (Nagaya 102), makikitang may bagong kahulugan ang salita at dagdag na ginagampanang papel na nakadepende sa palitan ng kuro-kuro ng mga nakikipag-usap. Samakatuwid, ang mga pragmatic marker ay may PROCEDURAL MEANING (Fraser 944). Dito naman tumama si Paz sa pagsasabing hindi leksikal ang kahulugan ng *hane*. Hindi ito matutumbasan ng isang malinaw na ibig sabihin.

Ikalawa, ang puwesto nito sa pangungusap. Tinatalakay ng lingguwistang si Naonori Nagaya sa kaniyang papel ukol sa di-interogatibong gamit ng salitang *ano* sa Tagalog ang puwesto ng Right Periphery (RP) o ang hulihan ng isang yunit ng intonasyon (101). Gaya ng tinalakay ni Nagaya sa sek. 3.2.7. ng kaniyang papel, matatagpuan din sa RP ang *hane* sa Tagalog Morong. Dagdag pa sa lahat ng naibigay na tekstual na halimbawa sa itaas, tingnan natin ang mga sumusunod na halimbawa mula sa pabigkas na korpus:

- (17) *Masisipag ‘yung mga bata, hane?* (0:00:10 “Pear Story – Pedro Fenequito”)
 [ma.si. si:.pɔg juŋ ma. ʔa ˈba:.tɔ ha. nɐ]
 ma-si~sipag (i)yon=na=mga=bata hane
 ADJ-PL-sipag DEM.DIST=LNK=PL=bata PM
 ‘Masisipag ‘yung mga bata, ano?’

Ang pangungusap sa itaas ay ibinigay ng aking 88 taong gulang na konsultant mula sa Brgy. Bombongan. Tinutukoy niya rito ang mga batang karakter na nasa *Pear Film* na naisip niyang nagsisipagtulong din sa pamimitas ng peras. Ako ang kausap niya rito sa pagkakataong ito at humihingi siya ng kumpirmasyon ng kongklusyon niya sa nakita niya sa video.

Ikatlo, ang kahulugan at gamit ng *hane*. Tila pumapailalim ito sa tinatawag ni Nagaya na CONFIRMATIONAL na gamit ng pragmatic marker (102). Ang *ano* sa ANO CONFIRMATIONAL CONSTRUCTION ay pananda ng paghingi ng pagsang-ayon sa tuwing ang tagapagsalita ay hindi lubos na sigurado sa kaniyang ipinapahayag (102). Tingnan pa natin ang sumusunod:

- (18) *At saka kasi sa pugon, hane, ay napakabango!* (0:01:09 “Pansit Dilaw”)
 [ʔa.tʃa. 'ka: ka. 'sɪ sa pɔ. 'ɡɔn ha. 'nɪ ʔaj na.pa.ka.ba. 'ŋɔ]
 at=saka kasi sa=pugon hane ay napaka-bango
 CONJ=saka kasi OBL=pugon PM IM INTENS-bango
 ‘At saka kasi sa pugon, ano, ay napakabango!’

Kung papanoorin ang video, bumabaling pa ang tagapagsalita sa kaniyang katabi na nagbigay ng orihinal na sagot ng pandesal na niluto sa pugon, tila humihingi ng kumpirmasyon sa kaniyang alaala na iyon nga ang dahilan ng kakaibang bango ng tinapay.

Marapat pansinin ang *hane* at bigyan pa ito ng mas malalimang pananaliksik.

3.4 Buod ng mga morposintaktikong katangian

Tinalakay sa buong sek. 3 ang mga morposintaktikong katangian ng Tagalog na sinasalita sa Bayan ng Morong, Rizal.

Ang unang tatlong katangian ay nakatuon sa pagbabanghay sa mga pang-uri. Ipinakitang ang panlaping *baN-* ay isang EKSKLAMATIBONG PANLAPI na sumasailalim sa regressive assimilation sa unang segment ng salitang-ugat. Pinansin din ang SUPERLATIBONG PORMANG *pinakang* na katangi-tangi dahil sa pagpapanatili pa nito ng pang-angkop sa dulo, samantalang ang Central Tagalog ay kinakatigan na ang bersiyong *pinaka*. Pinag-usapan din ang INTENSIBONG PORMANG *pinimiran* ng na maaaring paikliin bilang *mirang*.

Ang sunod na tinalakay ay ang pananong na *at ano?* na nagsisilbing alternant sa pormasyong *bakit*. Ipinakita rin ang katulad nitong kaayusan sa Bikol Sentral, isang kapwa-wikang Central Philippine.

Huli, tinalakay ang PRAGMATIC MARKER na *hane* at ang confirmational na paggamit dito sa diskurso.

Sa pangkalahatan, maituturing na ALTERNANT FORMS (Peneyra) ang lahat ng nabanggit na morposintaktikong katangian, i.e., umiiral sila nang sabay sa idyolek ng isang Morongueño. Madalas na kuwento rin ang akomodasyon na ginagawa ng isang Morongueño sa tuwing siya ay pumupuntang Maynila o ibang lugar para sa trabaho, eskuwela, o mas matagal na paninirahan. Sa mga lugar na ito ay kinakailangan, o iniisip na paborable, ang pagsasalita ng Central Tagalog.

Sa aking obserbasyon ay nagkakaiba lamang sa digri ng pagpapanatili ang mga morposintaktikong katangian. Ang eksklamatiibong panlaping *baN-* at ang pragmatic marker na *hane*, gaya ng nabanggit, ay sumisimbolo sa pagiging bahagi ng komunidad ng isang Morongueño, kung kaya't hindi ito madaling nakakaltas sa pananalita. Ang iba pang banghay sa pang-uri gaya ng *pinakang* at *pinimiran ng* at ang pananong na *at ano?* ay mas nakikitang puwedeng mag-alternate sa mga pormang *pinaka-*, *ubod ng*, at *bakit*, lalo na sa mga pagkakataong mas bata ang nagsasalita o kausap naman ng tiga-Morong ang hindi taga-roon.

4 Pagbubuod at Ambag

Tinalakay sa papel na ito ang ilang mga katangiang morposintaktiko ng Tagalog na sinasalita sa Bayan ng Morong, Lalawigan ng Rizal. Ipinakilala ko ang lunang pamayanan, ang Munisipalidad ng Morong, ang mga heograpiko at topograpikong katangian nito, ang mga pamamaraan sa pagpunta rito mula sa mga karatig-rehiyon, at ilang mahalagang punto sa kasaysayan nito. Sinusuhayan ng aking papel ang obserbasyon ni Paz:

- Dapat sigurong nahugis ang isang dayalek ng R [Rizal] na halos homogeneous
- dahil sa kadalian na marating ang bawat bayan at sa kalapitan nito sa Manila...
- **Kasalungat nito, maraming malilistang mga salitang di-gamit sa**
- **GM [Greater Manila] pero gamit sa R at ang kabaliktaran nito.**
- (“Isang Preliminaryo” 4; akin ang diin)

Ipinapakita ng aking papel na sa kabila ng pagkaaksesible ng Morong mula sa mga karatig-lugar ay mayroon pa rin itong mga distintong katangian sa antas ng morposintaks.

Bukod pa sa pag-aambag sa deskripsiyon ng Tagalog Morong ay intensiyon ko ring makaambag ang pag-aaral na ito sa deskripsiyon ng dibersidad ng mga diyalekto sa Lalawigan ng Rizal, na maaari pang maging hakbang tungo sa mas malalim na paglalarawan ng dibersidad sa lahat ng rehiyong Katagalugan.



Apendiks

Mga Simbolo at Daglat

= - clitic boundary
- - morpheme boundary
. - one-to-many correspondence
~ - reduplication
1 – 1st person
2 – 2nd person
ABS – absolutive case
APPL – applicative
CAUS – causative
CONJ – conjunction
DEIC – deictic
DEM – demonstrative
DIST – distal
GEN – genitive case
INCL – inclusive
INTR – intransitive
INTEN – intensive
IM – inversion marker
IPFV – imperfective aspect
LNK – linker
MED – medial
NT – Northern Tagalog

OBL – oblique
PER – personal
PFV – perfective aspect
PL – plural
PM – pragmatic marker
POST – postposed
PRE – preposed
PROG – progressive
PROH – prohibitive
PROX – proximal
PRT – particle
Q – question word
REP – repetitive
RP – Right Periphery
SG – singular
ST – Southern Tagalog
STEM – stem-forming affix
SUPER – superlative
TR – transitive

BAKÁS (Bayanihan sa Kasaysayan) ng Tanay. *TANAY QUADRICENTENNIAL AND BEYOND Apat na Siglong Lakbay-Unlad (1606-2006...)*. BAKÁS (Bayanihan sa Kasaysayan) ng Tanay, 2017.

Chafe, Wallace L., editor. *The Pear Stories: Cognitive, Cultural, and Linguistic Aspects of Narrative Production*. Ablex, 1980. Advances in Discourse Processes, tomo 3.

Comrie, Bernard, et al. "The Leipzig Glossing Rules: Conventions for interlinear morpheme-by-morpheme glosses." *Max Planck Institute for Evolutionary Anthropology, Department of Linguistics*, 2015, www.eva.mpg.de/lingua/resources/glossing-rules.php. Huling inakses 31 Marso 2025.

De Guzman, Videia P. "Lexical Categories in Tagalog." *The Fourth International Symposium on Language and Linguistics*. Institute of Language and Culture for Rural Development, Mahidol University, 1996, pp. 307-321.

Eberhard, David, et al., mga editor. "Methodology." *Ethnologue: Languages of the World*, ika-28 edisyon., www.ethnologue.com/methodology/. Huling inakses 4 Pebrero 2026.

—. "Philippines." *Ethnologue: Languages of the World*, ika-28 edisyon., www.ethnologue.com/country/PH/. Huling inakses 4 Pebrero 2026.

—. "Tagalog". *Ethnologue: Languages of the World*, ika-28 edisyon., www.ethnologue.com/language/tgl/. Huling inakses 4 Pebrero 2026.

Fraser, Bruce. "What are discourse markers?" *Journal of Pragmatics*, tomo 31, 1999, pp. 931-952.

Gallego, Maria Kristina. "Isang korpus na analisis ukol sa pagbabago ng wikang Filipino, 1923-2013." *Philippine Social Science Review*, tomo 68, blg. 1, 2016, pp. 71-101.

Likas Morong. "Minandaldalan: Pansit Dilaw." *Youtube*, 2017, www.youtube.com/watch?v=RXnE1a4plMY&t=69s.

- . “Minandaldalan: Dila-Dila.” *Youtube*, 2017, www.youtube.com/watch?v=N7nolNpclMo&t=30s.
- . “ANO RAW?! – Salitang Morong.” *Youtube*, 2017, youtu.be/KRPpffDwbco?si=HnMpCEsyTfGpko.
- Manuel, Espiridion Arsenio. “A Lexicographic Study of Tayabas Tagalog of Quezon Province.” *The Diliman Review*, tomo 19, blg. 1-4, 1971, pp. 1-420.
- Meyer, Mercer. *Frog, where are you?*. Dial, 1969.
- Mintz, Malcolm W. *Bikol Grammar Notes*. University of Hawai’i Press, 1971.
- Muysken, Pieter. “Scenarios for language contact.” *The Handbook of Language Contact*, Wiley-Blackwell, Inc, 2010, pp. 265-281.
- Nagaya, Naonori. “Beyond questions: Non-interrogative uses of ano ‘what’ in Tagalog.” *Journal of Pragmatics*, tomo 190, 2022, pp. 91-109.
- Paz, Consuelo J. “Isang Preliminaryong Pag-aaral ng Tagalog sa Rizal.” *The Archive: A Journal Dedicated to the Study of Philippine Languages and Dialects*, tomo 10, 1994, pp. 1-18. *UP Diliman Journals Online*, www.journals.upd.edu.ph/index.php/archive/article/view/10472. Huling inakses 31 Marso 2025.
- . “Ay Hao: Ang Dayalek ng Tagalog sa Rizal.” *The Archive: A Journal Dedicated to the Study of Philippine Languages and Dialects*, tomo 10, 1994, pp. 19-30. *UP Diliman Journals Online*, www.journals.upd.edu.ph/index.php/archive/article/view/10473. Huling inakses 31 Marso 2025.
- Peneyra, Irma U. *Isang Rekonstraksyong Internal ng Tagalog Batay sa mga Piling Dayalek*. 2003. Unibersidad ng Pilipinas Diliman, disertasyon.
- Rubin, Ligaya T. at Vina P. Paz. “Mula Sa Isa Ngunit Naiba: Paglalarawan ng Varayti ng Tagalog sa Angono, Rizal.” *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino*, inedit nina Jovy M. Peregrino, et al., Sentro ng Wikang Filipino, 2012.
- Santiago, Rennald F. Personal na komunikasyon. 26 Agosto 2022.

- Santiago, Vincent Christopher A. “Mga Usáp-usáp: Isang Preliminaryong Pag-aaral ng Tagalog na Sinasalita sa Bayan ng Morong, Rizal.” 2013. Di-gradwadong papel. Lingg 121 Linggwistik na Sarbey ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- . “Areal variation in Morong Tagalog intonation: An acoustic phonetic and dialectological approach.” 12th Philippine Linguistics Congress, 27 Nobyembre 2014, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon. Papel sa kumperensiya.
- Santos, Lope K. *Balarilà ng Wikang Pambansá*. 1939. Komisyon sa Wikang Filipino, 2019.
- Schachter, Paul at Fe T. Otañes. *Tagalog Reference Grammar*. University of California Press, 1972.
- Soberano, Rosa “The Dialects of Marinduque Tagalog.” *Pacific Linguistics*, serye B, tomo 69, 1980, pp. 1-244, core.ac.uk/download/pdf/159465145.pdf. Huling inakses 31 Marso 2025.
- Shushkov, Andrey, direktor-manunulat. *Invention of love*. HHG Film Company, 2010.
- Tiamson, Ligaya G. *A Survey of the Linguistic Geography of Six Towns in Rizal (Taytay, Antipolo, Angono, Morong, Baras and Tanay)*. 1970. Unibersidad ng Pilipinas Diliman, tesis masterado.
- Zorc, R. David “The Bisayan Dialects of the Philippines: Subgrouping and Reconstruction.” *Pacific Linguistics*, serye C, blg. 44, pp. 1-352, <https://doi.org/10.15144/PL-C44>. Huling inakses 31 Marso 2025.



Vincent Christopher A. Santiago

Katuwang na propesor sa Departamento ng Linggwistiks, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Interes niya sa pananaliksik ang teoryang panggramatika at deskripsiyong pangwika, ponolohiya, diyalektolohiya, at ang kasaysayan ng lingguwistika sa Pilipinas. Nailathala ang kaniyang mga gawasa *Social Science Diliman*, *Philippine Social Sciences Review*, at *The Archive: A Journal Dedicated to the Study of Philippine Languages and Dialects*. Nakapagpresenta na rin siya ng kaniyang mga pag-aaral sa International Conference on Austronesian Linguistics, Southeast Asian Linguistics Society Conference, Philippine Linguistics Congress, at iba pang mga kumperensiya at akademikong pagtitipon. Kasalukuyan siyang nagsisilbing board member ng Linguistic Society of the Philippines.

Ang mga Katangiang Leksikal ng Filipino- Pangasinan Varayti: Panimulang Sipat-Suri sa Lente ng Kontak-Wika

Felisisimo Gabaldon Galletes Jr.

ABSTRAK

Sinusuri ng papel na ito ang Filipino-Pangasinan Varayti (FPV) sa pamamagitan ng pagsipat dito sa lente ng kontak-wika. Partikular na inilalarawan ng pag-aaral ang mga katangiang leksikal ng FPV bilang resulta ng pagiging kontak na wika nito ng mga mananalitang gumagamit dito bilang lingua franca sa isang pamayanang nagtatagpo ang mga mananalita ng Ilokano at Pangasinan. Bilang isang wikang kontak ng mga mananalitang ito, mapapansin ang paghahalo ng mga salitang Ilocano o Pangasinan bilang resulta ng mekanismo ng panghihiram ng salita bunsod ng malayang paggamit ng mga mananalita ng Filipino bilang lingua franca, ngunit kasabay nito ay pinapanatili ang paggamit ng kani-kaniyang katutubong wika. Itinala ng pag-aaral ang ilang mga salita at katagang natagpuan sa korpus na binuo ng may-akda bilang resulta ng pakikipanayam nito sa mga mananalita ng FPV sa Bautista, isang bayan sa Pangasinan. Ang pag-aaral ay nagpapakita ng paghahalo sa FPV ng mga salitang kogneyt sa Pangasinan at Ilocano na malayang naihahalo ng magkabilang grupo ng mananalita sa kanilang paggamit ng lingua franca. Ang malayang panghihiram ng FPV ng mga salita sa mga katutubong wika ng mga mananalitang ito ay nagbibigay ng prediksiyon na nasa direksiyon ng pagsasakatutubo ang lingua franca at maituturing na isang varayting umiiral na may mga naiibang katangian kung ikukumpara sa varayting sinasalita sa Kalakhang Maynila.

Mga susing salita: *Filipino Pangasinan Varayti, Filipino, lingua franca, kontak-wika, panghihiram ng salita*

The Lexical Features of the Filipino-Pangasinan Variety: A Preliminary Analysis Through the Lens of Language Contact

ABSTRACT

This paper examines the Filipino-Pangasinan Variety (FPV) through the lens of contact linguistics. Specifically, the study describes the lexical characteristics of FPV as a result of its role as a contact language for speakers who use it as a lingua franca in a community where Ilocano and Pangasinan speakers converge. As a contact language for these speakers, a mixing of Ilokano and Pangasinan words is observed due to the borrowing mechanism, which arises from the free use of Filipino as a lingua franca while maintaining the use of their respective native languages. The study documents several words and phrases found in the corpus compiled by the author based on interviews with FPV speakers in Bautista, a municipality in Pangasinan. The study highlights how FPV integrates cognate words from Pangasinan and Ilocano, which speakers from both linguistic groups freely incorporate into their use of the lingua franca. This free borrowing of words from the native languages of these speakers suggests that the lingua franca is moving in the direction of localization, making it a distinct variety with unique features compared to the variety spoken in Metro Manila.

Mga susing salita: *Filipino Pangasinan Variety, Filipino, lingua franca, language contact, word borrowing*

Introduksiyon

Mula nang italaga ng Konstitusyon ng 1987 ang Filipino bilang wikang pambansa, dumaan ito sa proseso ng paglinang at pagyabong gaya ng nakasaad sa Artikulo XIV Seksiyon 6. Sang-ayon sa nabanggit, ang Filipino ay dapat na linangin at payabungin salig sa mga umiiral na wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika. Nauna rito, ang wikang pambansa mula noong dekada ng 1930 ay unang ibinatay sa Tagalog, ang pangunahing wika ng Kamaynilaan, kaya inilarawan ito ng ilang pag-aaral (Cubar at Cubar; Rubrico, “Indigenization”; Malicsi) bilang varayti ng Tagalog na sinasalita sa Kalakhang Maynila.

Mula noong 1987, pinatindi ang pagtuturo sa Filipino bilang asignatura sa mga paaralan. Namayagpag din ito bilang wika ng mass media sa buong bansa noong dekada ng 1990 hanggang sa kasalukuyan. Lumaganap ito bilang lingua franca o komon na wikang sinasalita ng mga Pilipinong may kani-kaniyang katutubong wika. Ang ganitong mga sitwasyon ng kontak-wika ang nagsisilang sa mga varayti ng wika na sinasalita ng mga Filipino depende sa lugar kung saan sila nakatira. Bilang halimbawa, napansin ni Delima at ni Calinawagan na ang mga taga-Baguio ay madalas na nagpapasok ng mga kataga at salitang Ilokano sa kanilang pagsasalita ng Filipino. Sa iba pang halimbawa, inilarawan ni Rubrico (“Indigenization”) ang isa sa mga varayti ng Filipino na sinasalita sa Davao na resulta ng paghahalo ng mga katangiang morposintaks ng Binisaya sa Tagalog.

Unang nabanggit ni Mendigo ang Filipino-Pangasinan Varayti (FPV)—bilang Filipino Dagupan Barayti—nang ilarawan niya ang wikang ginagamit ng mga radyo sa Dagupan, Pangasinan. Sa pananaliksik niya, inilarawan niya ang FPV bilang isang varayti ng Filipino na nalalayo sa estruktura ng wikang sinasalita sa Kalakhang Maynila (FMM) bilang istandard na varayti. Naglahad din si Mendigo ng iba’t ibang teknik kung paanong naiaangkop ng mga radio announcer ang morposintaks ng wikang Pangasinan sa kanilang pagsasalita ng Filipino. Kapansin-pansin lamang na hindi lumitaw sa nabanggit na pag-aaral ang mga espesipikong salitang hiram sa wikang Pangasinan na kusang naihahalo ng mga taga-Pangasinan sa kanilang paggamit ng Filipino bilang lingua franca (FLF) at ikalawang wika (FSL).

Sa mga sitwasyon ng kontak ng wika, kadalasang naiimpluwensiyahan ng panghihiram (borrowing) mula sa isang wika ang lingguwistikong sistema ng isa pang wika. Maaaring maging leksikal ang panghihiram (gaya ng mga hiram na salita) o di kaya naman ay estruktural (panghihiram na ponolohikal, morpolohikal, o sintaktikal).

Sa papel na ito, itatampok ang mahalagang gampanin ng panghihiram bilang isang mekanismo ng kontak-lingguwistika (Weinreich; Thomason at Kaufman; Winford, *An Introduction*; Muysken) na nagreresulta sa pagbabago ng isang wika, lalong-lalo na sa sitwasyon ng kontak-wika ng isang multilingguwal na tao o lipunan. Pagkatapos, iisa-isahin ang mga naobserbahang leksikal na katangian ng FPV na umakay sa pag-aaral na ito na ipagpalagay na may mga katangian itong nagpapaiba sa Filipino Metro Manila (FMM) bilang istandard na varayti.

Ang Leksikal na Panghihiram bilang Mekanismo at Resulta ng Kontak-Wika

Madalas na iniuugnay sa language maintenance ang leksikal na panghihiram. Ang language maintenance ay isang sitwasyon o kondisyon sa kontak-wika kung saan parehong napapanatili ng isang grupo ng mananalita ang paggamit ng kanilang katutubong wika habang ginagamit ang isang mas dominante o prestihiyosong wika (Thomason at Kaufman; Winford, *An Introduction*; Winford, “Theories”). Ang panghihiram ay inilarawan nina Thomason at Kaufman bilang mekanismong ginagawa ng isang mananalita ng paghahalo ng mga katangian ng isang wika sa isa pang wikang sinasalita niya. Isang halimbawa ang paghiram ng salitang *burrito* sa wikang Ingles mula sa wikang Espanyol, at ng salitang *skyscraper* na semantic shift o calque mula sa Aleman *Wolkenkratzer* (Durkin).

Ang morpolohikal na panghihiram naman ay nagaganap kapag hinihiram ng isang wika ang katangiang morpolohikal ng isa pang wika. Halimbawa, hiniram ng Ingles ang derivational prefixes nito na *-able/-ible* sa Pranses gaya ng nasa *readable* at *incredible*.

Samantala, nagaganap ang sintaktikal na panghihiram kung hinihiram ng isang wika ang ordering requirements ng surface elements ng isa pang wika, anupa’t binabago na nito ang likas na pagkakasunod-sunod ng salita. Isang halimbawa, hiniram ng Romansch, wikang sinasalita sa Switzerland, ang adjective-noun ordering ng Aleman, anupa’t pinalitan ang orihinal nitong noun-adjective ordering (Stewart at Vaillette).

Ayon kina Thomason at Kaufman, nauugnay sa tindi ng kontak (intensity of contact) ang panghihiram ng salita. Natutukoy ito sa haba o tagal ng panahon

na nakikipag-ugnayan ang mga mananalita sa isa't isa. Naoobserbahan ang tindi ng kontak nang patuluyan mula sa napakatindi hanggang sa di gaanong matindi. Masasabing napakatindi ng kontak sa isang sitwasyon na mataas ang antas ng pakikisalamuha ng mga mananalita sa isa't isa. Hindi naman gaanong matindi ang kontak sa mga sitwasyong limitado ang ugnayan nila sa isa't isa.

Hindi kinakailangan ng matinding kontak kung manghihiram ng salita lamang. Hindi na kasi kinakailangan pa ng isang nanghihiram na mananalita na matutuhan o maunawaan nang mas malalim ang gramatikong sistema ng isang pinagmulang wika (donor language). Sa kabilang dako, kung ang isang mananalita ay bilingguwal, may posibilidad na hindi lamang salita ang mahihiram niya sa isa pang wika habang ginagamit niya ang isa pang wika. Maaari din niyang mahiram maging ang mga elemento, tuntunin, at estruktura ng isa pang wika.

Panghihiram ng salita (lexical borrowing) ang karaniwang nauuna maging adstratal o at substratal/superstratal man ang mga sitwasyon ng kontak. Nagkakaiba lang ng direksiyon ang proseso ng panghihiram. Kung adstratal ang mga wika, kabilaan ang direksiyon ng panghihiram. Kapwa nagiging tagapagbigay at tagatanggap ang mga wikang adstratum. Sa kabilang dako, yamang karaniwang mas dominante at prestihiyoso ang isang wikang superstratum, ito rin ang karaniwang tagapagbigay. Kung mayroon mang hiram na salita mula sa substratum ay kakaunti lamang. Samakatuwid, ipinagpapalagay nina Thomason at Kaufman na kabilaan ang direksiyon ng adstratal na panghihiram samantalang isahang-direksiyon lang ang substratal/superstratal na panghihiram.

Samantala, sa mga kaso ng matagalan at malawakang kontak ng iba't ibang wikang adstratal, nagkakaroon ng language convergence o lubusang pagtatagpo ng mga wika. Ito ang tawag sa dumaraming pagkakatulad sa mga sistema ng wika na kalahok sa kontak. Tinukoy ito nina Thomason at Kaufman na *Sprachbund*, isang salitang Aleman para sa “unyon ng mga wika.” Nabanggit na halimbawa ang Balkan Sprachbund sa Timog-silangang Europa kung saan naobserbahan ang linguistic convergence ng mga wikang Albanian, Macedonian, Griyego, Romanian, Bulgarian, at Serbo-Croatian dahil sa matagal nang kontak ng mga wikang ito sa isa't isa.

Kabaligtaran naman ng language maintenance ang language shift. Nagkakaroon ng language shift o paglipat ng wika kung naging malawakan at matagalan ang kontak ng mga wika na substratal at superstratal. Gaya ng nabanggit sa itaas, mas nangyayari ito kung hindi pantay ang prestihiyo at kapangyarihan ng mga wikang ito. Nangyayari ang language shift kung iniwan ng isang grupo ng

mga mananalita ang kanilang orihinal na wika habang ginagamit ang isa pang wika. Kung ang mga mananalitang ito ang natitirang grupo ng mga mananalita ng isang partikular na wika, ang pag-iwan sa kanilang orihinal na wika ay hindi lamang basta language shift o paglipat kundi magreresulta rin sa language death o pagkamatay ng wika.

Sa kaso ng mga mananalita ng FPV na lumahok bilang impormante sa pag-aaral na ito na taga-Bautista, Pangasinan, naobserbahan ng mananaliksik na parehong ginagamit ng mga mananalita ang Filipino at Pangasinan o Filipino at Ilokano na nagreresulta sa paghahalo ng mga salita at kataga na itatampok sa mga susunod na talata. Ito ay sa kabila ng katotohanang maituturing na prestihiyosong wika ang Filipino bilang wikang itinuturo at ginagamit sa paaralan at dominanteng wika sa mass media at social media.

Naglatag din sina Thomason at Kaufman ng kanilang pananaw hinggil sa gampanin ng dalawang salik panlingguwistika sa linguistic interference: ang markedness at ang typological distance (49). Ang markedness ng wika ay tumutukoy sa kaibahan ng lingguwistikong katangian ng isang wika na nagpapangyaring maging naiiba ito sa unibersal na tendensiya ng pag-iral o pagkakatulad ng mga katangian ng mga wika. Ang typological distance naman ay tumutukoy sa digri ng dibersidad sa mga categoryang estruktural sa pagitan ng dalawang wika, pati na rin sa paraan ng ekspresyon ng mga categoryang iyon. Hindi masusukat nang eksaktong-eksakto ang typological distance na ito sapagkat may mga categoryang maaaring magkatulad sa isang wika ngunit may ilan namang hindi. Gayunman, nagiging kapaki-pakinabang ang ganitong panukatan para matukoy ang uri ng lingguwistikong interference sa isang wika.

Itinuturing nina Thomason at Kaufman (49) na mas mahirap mailipat sa kontak ng dalawang wika ang mga universally marked features kaysa sa mga unmarked features. Sa mga sitwasyon ng language shift, ipinagpapalagay na maaaring mabigong matutuhan ng mga palipat na mananalita ang mga marked feature ng tunguhanglengguwahe (TL) at sa katulad na paraan, maaaring maihalo ng mga mananalitang ito ang mga marked feature ng kanilang simulaang lengguwahe (SL) sa TL ngunit hindi ito makaiimpluwensiya sa orihinal na mananalita ng TL. Ang ganitong mga tendensiya umano ay magreresulta sa pagkaunti ng kabuuang markedness ng subsystem, at tumutugma ito sa pagpapalagay na ang substratum interference ay nagdudulot ng malawakang pagpapasimple (o sa kabaligtaran, maaari ding magresulta sa higit na komplikasyon at magparami ng markedness ng isang wika).

Sa kabilang dako, hindi madaling makita ang panlahat na gampanin ng markedness ng isang wika sa mga sitwasyon ng panghihiram sa ilalim ng language maintenance. Ngunit sa mga kaso ng intensibong sitwasyon ng kontak na nagsasangkot ng malawakang bilingguwalismo, kailangan munang malaman kung anong uri ng pagkabilinguwal ang taglay na katangian ng mga mananalitang nanghihiram bago makagawa ng prediksiyon tungkol sa panghihiram ng mga marked feature. Sa pananaw nina Thomason at Kaufman, kung ganap at perpektong bilingguwal na ang isang malaking subgroup ng mga mananalitang nanghihiram, maaari nang masabi na lubusan na nilang natutuhan ang TL kaya naman hindi na isang kuwestiyon ng panghihiram kung sakaling madali nilang nahihiram ang mga marked feature ng kanilang wika sa ponolohiya at sintaks ng TL. Sa mga ganitong kaso, mas mahalagang maisaalang-alang sa prediksiyon ng panghihiram ang typological distance kaysa sa marked feature. Ipinagpapalagay din na sa mga sistemang inflectional, hindi magiging madali ang panghihiram ng morpolohiya. Sa halip, nagreresulta ito sa panghiram ng sintaks kaysa sa paghanap ng katumbas na katangiang morpolohikal. Sa ibang pananaw, ang panghihiram ng mga salitang ito ay isang katibayan ng multicompetence na katangian ng isang bilingguwal na mananalita na malayang makapagpapasok ng elemento ng ibang wikang sinasalita niya sa isa pang wika (Cook).

Sa pagsasaalang-alang sa pagbabago ng wika sanhi ng kontak, madalas ang argumentong ang iba't ibang mga materyal sa lingguwistika ay may iba't ibang antas ng kakayahang mailipat; ang ilang materyales ay malamang na mas madaling ilipat kaysa sa iba. Madalas na nagkakasundo-sundo ang mga naunang pag-aaral na leksikon o mga salita per se ang madalas na naililipat sa mga sitwasyon ng kontak, samantalang ang paglipat ng estruktura, i.e., morpolohiya at ponolohiya, ay mas bihirang mangyari (Whitney at Haugen, sinipi nina Thomason and Kaufman; Weinreich; Gallego, “Structural Consequences”).

Leksikal na Panghihiram sa FPV

Sa bahaging ito, ilalahad ng mananaliksik ang mga salitang kalahok sa binuong korpus ng mga salita sa FPV bilang resulta ng mga datos na nakalap sa pakikipag-usap sa mga impormanteng taga-Bautista, Pangasinan.

Matatagpuan ang Bautista sa gitnang bahagi ng Lalawigan ng Pangasinan. Binansagan bilang “lupang hinirang” dahil dito isinulat ni Jose Palma ang orihinal na Espanyol na titik ng pambansang awit. Estrategikong nakapuwesto

ito sa pagitan ng dalawang munisipalidad na dominante ang mga mananalitang Pangasinan (Bayambang) at Ilokano (Alcala), anupa’t nalalagay ang munti at rural na munisipalidad na ito sa isang pantanging interes ng pag-aaral bilang mikrokosmo ng isang lipunang lusawan o melting pot ng wika at kultura. Sa katunayan, literal na tinawag ito sa kasaysayan ng Pangasinan bilang *mercancia* (Espanyol para sa melting pot) dahil sa pagkakaroon nito ng magandang puwesto sa sinaunang kalakalan sa Ilog Agno man o sa dating riles ng tren. Bagaman sa matagal na panahon ay mutual na naninirahan ang nabanggit na dalawang etnolingguwistikong grupo sa Bautista, dumating ang panahon na unti-unting dumami ang mga mananalita ng Filipino bilang lingua franca bunsod ng pandarayuhan ng mga di-Pangasinan at di-Ilokano bunga ng inter-etnikong pag-aasawa at pagbabalikbayan mula sa Kamaynilaan. Isang halimbawa ang mananaliksik na lumaki sa hangganan ng Alcala at Bautista

Sa kabuuan, nakapagtala ng 3165 salita (token) ang datos na nakalap mula sa semi-estrukturalisadong pakikipag-usap sa siyam na impormanteng estratehikong kumakatawan sa lima lamang sa 18 barangay ng Bautista, sa mga nakalap na polyeto mula sa apat na barangay, at sa mga social media post ng pamahalaang-bayan. Ang mga impormante ay kumbinyenteng pinili mula sa iba’t ibang barangay lalo na at ang kalakhan ng pagkolekta ng datos ay naganap sa kasagsagan ng pandemyang COVID-19. Samantala, pinili naman ang limang barangay ayon sa dami ng mga mananalita na nag-aangking nagsasalita ng Tagalog o Filipino na ibinatay sa census na isinagawa ng Bautista Municipal Development and Planning Office noong 2021 na naakses ng mananaliksik sa tulong ng isang kawani sa munisipyo. Ayon sa report, sa 6584 na residente ng Bautista na nagsasabing nagsasalita sila ng Filipino/Tagalog at/o may etnisidad silang Tagalog, pinakamarami sa kanila ang matatagpuan sa mga barangay ng Cabuaan (18.47%), Poblacion East (16.84%), at Palisoc (15.98%) na pinagmulan ng mga impormante. Sa kabilang dako, ang dalawang natitira—Pogo at Nandacan—ay mga kalapit na barangay ng Palisoc at mas kumbinyenteng mapuntahan bunsod na rin ng mahigpit na quarantine protocol noong isinasagawa ang pagkolekta ng datos.

Tatlo sa mga impormante ay gumagamit ng FPV sa pang-araw-araw na komunikasyon bilang mga lingkod-bayan o nagtatrabaho sa barangay, bagaman gumagamit pa rin ng Ilokano o Pangasinan sa bahay o kaya ay nakadepende sa kausap sa labas lalo na kung nakikipag-ugnayan sa kanilang mga kabarangay. Ang isa ay estudyante at pinalaking FPV ang ginagamit na wika sa bahay. Ang isa ay FPV lamang ang ginagamit na wika dahil hindi siya Ilokano o Pangasinan at nakatira

lamang sa Bautista dahil nakapangasawa ng tagaroon. Ang mga natira ay alinman sa nagsasalita at/o nakaiintindi ng Ilokano o Pangasinan ngunit gumagamit din ng FPV bilang ikalawang wika.

Karamihan sa mga salitang natipon sa korpus ay umiikot sa mga paksang may kaugnayan sa COVID-19 at sa pandemya. Sa mga impormanteng nakausap ng mananaliksik, nasa 60 taong gulang ang pinakamatanda at 20 taong gulang naman ang mga nakababata. Karamihan sa mga impormante ay taal na residente ng barangay na kinakatawanan nila maliban sa isa na nakapag-asawa ng taga-Bautista at Tagalog ang etnisidad.

Bago ang panayam, pumirma ang mga impormante ng informed consent na nagpapaliwanag sa layunin, tunguhin, at proseso ng panayam, na nagsasangkot ng voice recording at di-pagbanggit ng kanilang pagkakakilanlan kung hihilingin nila, lalo na sa mga bahagi ng usapang may paksaing pribado o kumpidensiyal. Ipinaliwanag din ang patutunguhan ng datos at ang inaasahang resulta nito gaya ng nabanggit sa pasimula ng papel na ito. Pagkatapos, nagsimula ang mananaliksik sa pamamagitan ng pagtatanong muna sa isang set ng mga tanong na ibinigay sa lahat ng impormante. Ang talatanungan ay humihingi ng mga impormasyon tungkol sa tagal ng paninirahan sa Bautista at mga obserbasyon sa kung paano nila ginagamit ang mga wikang Filipino/Tagalog, Ilokano, at Pangasinan sa araw-araw na pamumuhay. Sinundan ito ng malayang pakikipagkuwentuhan sa mga impormante tungkol sa iba't ibang paksa gaya ng nararanasang pandemya sa panahong iyon. Bilang resulta, nakalikom ang mananaliksik ng 3.5 oras na voice recording na siyang pangunahing pinaghanguan ng korpus na binuo sa tulong ng AntConc, isang online na pantulong sa pagbuo ng korpus. Idinagdag ito sa mga pasulat na dokumentong nakuha mula sa mga katitikang pagpupulong ng barangay, pati na sa mga polyetong ipinamamahagi kaugnay ng pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa pandemya. Nagresulta ito sa binanggit na bilang ng token sa itaas na siyang pinaghanguan ng mga sampol na datos na ilalahad sa mga susunod na bahagi ng papel na ito.

Maituturing na limitado pa ang bilang ng datos upang kumatawan sa panlahatang katangian ng FPV, lalo na at isinagawa ang pag-aaral sa isang maliit na bayan sa gitna ng pandemya. Gayundin, kung ikukumpara sa malawak na datos na ginawa ni Mendigo para suriin ang FPV sa Dagupan, isang limitasyon ng kasalukuyang pag-aaral ang paggamit ng isang rural na bayan na mas maliit at mas malayo sa pagiging urbanisado at hindi maituturing na pook ng akademya at komersiyalisasyon. Dagdag pa, bagaman tinangkang ipakita sa datos ng

papel ang mga salitang (token) mula sa mga wikang Pangasinan at/o Ilokano na pinakamadalas lumitaw sa mga rekording, nangangailangan pa rin ng higit na pagsusog at balidasyon sa pamamagitan ng pagkalap ng karagdagang datos sa hinaharap na sumasaklaw sa ibang barangay sa Bautista na may malakilaking populasyon ng mga mananalita ng FPV, pati na rin sa iba pang bayan at lungsod sa Pangasinan. Ngunit sa isang banda, nais ipakita sa limitadong antas ang umuusbong na katangian ng FPV bilang produkto ng kontak-wika ng mga mananalita nito na may kakayahang makapagsalita ng hindi lamang isang wika at angkop na maglalarawan sa isang sitwasyon ng language maintenance.

Ang mga sumusunod na datos ang nangibabaw sa bilang at siyang tinukoy ng mananaliksik na mas madalas marinig sa kaniyang araw-araw na pakikipag-usap na labas pa sa mga nakalap na datos. Dahil sa pagiging dahop ng datos, hindi na tinukoy pa sa papel na ito ang frequency upang palutangin ang pagkakapili sa mga salita. Ang pangunahing motibasyon sa pagpili ay ang pagtukoy sa mga ito ng mananaliksik na lumaki sa inilalarawang sitwasyong pangkontak-wika at sinuportahan ng mga lumitaw na datos ayon sa paggamit ng mga impormante sa pag-aaral na ito habang nagsasalita ng Filipino sa panahon ng pakikipanayam.

Pangngalan

Pangngalan ang isa sa mga markadong katangian ng isang wika na madaling mailipat mula sa isang wika patungo sa isa pa (cf. Gallego, *Stratigraphy of a Community*). Ang mga pangngalan ding ito na nakasama sa korpus ay madalas magkaroon ng deribasyon patungong pandiwa sa ilang mga halimbawa sa pamamagitan ng paglalapi.

Lumilitaw sa datos na karamihan sa mga salitang hiram gaya ng *virus*, *councilor*, *secretary*, *positive*, *test*, *treasurer*, at iba pa ay salitang Ingles na lumaganap sa panahon ng pandemya. Sang-ayon sa sinasabi ni Gallego (*Stratigraphy of a Community*), ang paglitaw ng mga ganitong leksikon sa isang partikular na wika—sa kasong ito ay varayti ng Filipino—ay isang indikasyon ng mahahalagang pangyayari sa kasaysayan nito na nagdulot ng malaking pagbabago, anupa’t sa tindi ng epekto sa mga mananalita ay nagresulta sa pagpasok ng mga salitang gaya ng *COVID-19*, *pandemya*, *quarantine*, at iba pa.

Ang pagpasok ng mga salitang ito sa FPV (o sa pagpapalagay ng mananaliksik, sa halos lahat ng wika sa mundo nitong panahon ng pandemya) ay ebidensiya sa katotohanang wala ang mga ito sa leksikon ng mga wikang kalahok sa sitwasyong-kontak. Ang panghihiram ng salita bunsod ng kawalan ng eksaktong

termino sa wika ng isa at ang sapilitang pagdanas sa mga kaakibat na kondisyon ng mga salitang iyon ang nagtutulak sa paglalahok ng mga salitang ito sa leksikon ng partikular na wika, o sa FPV, sa kasong ito.

Sa kabilang dako—bilang tampok na katangian ng FPV na magpapangyari dito bilang isang varayting naiiba sa ibang varayti ng Filipino bilang *lingua franca* (FLF) gaya ng nabanggit sa pasimula ng papel na ito—ipinapakita ng Talahanayan 1 ang pagpasok ng mga salitang Pangasinan at Ilokano, na naglalarawan naman ng lubusang kontak ng mga wikang ito sa FLF. Bagaman ang paglitaw ng salita ay mas kakaunti kaysa sa ibang datos, maipagpapalagay na posibleng kalahok o matagal na ring nailalahok sa pagsasalita ng Filipino ang mga salitang ito na maaaring resulta ng pagpapalit-koda ng mananalita, yamang ang mga salitang ito ay may tiyak na katumbas naman sa matrix na wika ng Filipino—ang Tagalog—anupa’t pinipili ng mga mananalita na gamitin ang katumbas nito sa Tagalog kaysa sa hiramín ang salitang Ilokano o Pangasinan.

Mapapansin sa Talahanayan 1 na karamihan sa mga pangngalang pumasok sa leksikon ng FPV sa kaso ng mga taga-Bautista, Pangasinan ay nagmula sa wikang Ilokano. Mahihinuha rito na Ilokano ang unang wika ng marami sa mga lumahok na impormante. Bagaman kakaunti ang dalas o frequency ng paglitaw ng mga salitang Pangasinan, mapapansin na may makatuwirang dami rin ito na nagbibigay ng indikasyon na maaaring naihahalo na rin sa pagsasalita ng Ilokano ang ilang salitang Pangasinan bago ito nakapasok sa FPV.

Hindi sinasaklaw ng talahanayang ito ang lahat ng pangngalang nakapasok sa korpus ng FPV. Ang ilan sa mahahalagang dahilan ay ang katotohanan na ayon sa konteksto, ang mga pangangalang iyon ay lumabas sa mga kaso ng paggamit ng mismong Ilokano o Pangasinan sa paghahalong-koda o code-mixing.

Ang mga salitang matatagpuan sa Talahanayan 1 ay itinuturing ng mananaliksik na mga pangngalang bahagi ng leksikon ng FPV dahil (1) ang madalas na paglitaw ng mga ito sa korpus ay indikasyon ng maraming bilang ng mananalitang gumagamit nito, at (2) lumitaw ang mga ito sa mga pangungusap sa Filipino bilang isang salitang hiram o pagsasakatutubo ng isang terminong maaaring walang katumbas na kahulugan o kultural na halaga sa Filipino kung ihahambing sa pinagmulan nitong wikang Pangasinan o Ilokano. Gayundin, inilahok din sa listahan ang mga salitang ginamit sa mga kaso ng translanguaging o kusang pagsasalin sa loob ng isang pangungusap ng isang salitang hiniram mula sa Ilokano o Pangasinan nang hindi sinasadya o hindi namamalayan at saka isinasalin sa tunguhang wikang Filipino upang maintindihan ng kausap na maaaring hindi marunong ng simulaang wika.

Mga Pangngalan	Wika ng Impormante	Kahulugan
(1) <i>abalbalig</i>	Pangasinan	nababaliw
(2) <i>ading</i>	Ilokano	nakababatang kapatid
(3) <i>agagi</i>	Pangasinan	plural na anyo ng agi o kapatid; panlahatang tawag sa kapatiran sa isang relihiyon o samahan
(4) <i>agas</i>	Ilokano	gamot
(5) <i>apo</i>	Ilokano	magalang na pagtawag sa ibang tao; panginoong Diyos (nagsisimula sa malaking titik)
(6) <i>apong</i>	Ilokano	lolo o lola
(7) <i>atang</i>	Ilokano, Pangasinan	hain o alay na pagkain sa namatay
(8) <i>atanor</i>	Pangasinan	kumare o kumpare sa binyag o kasal
(9) <i>atse</i>	Pangasinan	ate
(10) <i>bae</i>	Pangasinan	lola

(11) <i>balay</i>	Ilokano	bahay, tahanan
(12) <i>daga</i>	Ilokano	lupa
(13) <i>kabaw</i>	Ilokano	ulyanin
(14) <i>kulos</i>	Ilokano, Pangasinan	anyong-tubig na mas maliit kaysa sa ilog o lawa
(15) <i>lake</i>	Pangasinan	lolo
(16) <i>lasi</i>	Pangasinan	kidlat, sumpa
(17) <i>manang</i>	Ilokano	ate
(18) <i>maysa</i>	Ilokano	isa
(19) <i>mula</i>	Ilokano	tanim, halaman
(20) <i>okissabam</i>	Ilokano	balat ng saging mo (ginagamit na pamalit sa isang mura na nagsasangkot sa ari ng isang ina)
(21) <i>panangan</i>	Pangasinan	kainan
(22) <i>pannangan</i>	Ilokano	kainan

(23) <i>ponciano</i>	Pangasinan	mula sa salitang <i>ponsia</i> o pagsasalusalo o pagtitipon-tipon na may kasamang handaan; tawag sa taong mahilig dumalo sa mga handaan upang makikain
(24) <i>saba</i>	Ilokano	saging

Batay sa nakalap na datos, ang mga pangngalang isinulat ng mananaliksik sa Talahanayan 1 ay masasabing mas kakaunti bunsod ng ilang mga litaw na kadahilanan. Una, maaaring matatas sa Filipino ang impormante at pamilyar naman siya sa mga tiyak na pangngalang Filipino, kaya ito ang awtomatikong ginagamit niya sa pagsasalita bilang mekanismo ng pakikibagay o akomodasyong pangwika. Nangyayari ang bagay na ito sa mga sitwasyong nagiging malay o conscious ang nagsasalita sa wikang kaniyang ginagamit.

Ang pagpasok ng mga salitang nasa talahanayan ay sinuri sa pamamagitan ng iba't ibang mga salik. Una, malaking salik ang edad ng mananalita sa konteksto at ang katatasan niya sa Filipino bilang wika. Ang di-namamalayang paggamit ng mga salita ay maaaring magbigay ng impresyon na maaaring hindi alam ng mananalita ang katumbas ng salitang ito sa Filipino. Sa kabilang dako, ang malay o sinasadyang paggamit ng mga pangngalang ito sa pagsasalita ng Filipino ay maaaring mahinuhang isang mekanismo ng pagsasakatutubo at pang-aangkin sa wika, anupa't nagbibigay ng identidad sa mananalita bilang bahagi ng isang tiyak na etnolingguwistikong grupo gaya ng dalawang sangkot sa pag-aaral na ito, ang Ilokano at Pangasinan.

Sa kabilang banda, mapapansin na ang mga pangngalang kaugnay ng relasyong pantao (2, 3, 5, 6, 8, 9, 10, 15, 17) ay mas madalas lumitaw kung ikukumpara sa ibang kategorya. Mahihinuha rito na itinuturing ng mga mananalita na may bigat ang kultural na halaga ng salita sa kanilang katutubong wika, anupa't pinapanatili ito sa pakikipag-usap lalo na para panatilihin ang paggalang at respeto sa taong kinauukulan.

Katagang Pang-abay

Kung may lumilitaw na mahahalagang impluwensiya ng Pangasinan at Ilokano sa FPV, ito ang mga katagang pang-abay. Ipinapakita ng (25) hanggang (28) na may mga namumukod-tanging partikel o kataga ang kitang-kitang nahalo sa pagfi-Filipino ng mga impormante.

- (25) Ang partikel na ‘a’ ay isang katagang Ilokano na nakahalo sa Pangasinan na kadalasang isinasama sa pagtatanong. Ang katagang ito, ayon sa *Ilokano Dictionary* ni Constantino, ay ginagamit ng mga mananalita upang ipakita ang pagkumpirma sa isang salita, parirala, o pangungusap na sinabi. Sa mga halimbawang nasa ibaba, mapapansin na bukod sa kumpirmasyon, nakatuon ang paglalagay ng katagang ‘a’ upang bigyang-diin ang aksiyon na gustong mangyari ng mananalita. Kung ginagamit sa isang pangungusap na paturol gaya ng makikita sa (b) at (c), nagpapahiwatig ito ng pagtutumbas ng katagang ‘talaga’ o ‘nga’ para kumpirmahin ang naunang salitang binanggit sa pangungusap. Maituturing itong katumbas ng Tagalog na ‘ha’ maliban lamang sa pagpapalit ng impit na tunog o glottal stop [ʔ] sa glottal fricative o pasutsot [h].

- (a) Ano yang tinatalon mo pa **a**?
- (b) Amin na **a** sabi ko
- (c) Maghahatid ka **a** may naglalaro

- (26) Ang katagang Ilokano na ‘ne’ ay kadalasang ginagamit bilang interjection o padamdang o ekspresyon (Constantino). Ipinagpapalagay na unang pumasok ang katagang ito sa wikang Pangasinan dahil sa matagal na ring kontak ng dalawang wika. Ito ang naging dahilan kung bakit sa datos ng pag-aaral na ito, mapapansin na kahit Ilokano o Pangasinan ang unang wika ng impormante, naihalo nila ito sa paggamit nila ng FPV. Sa dalawang halimbawa sa ibaba, makikitang pareho itong ginamit ng mananalita para ipakita ang pangamba o pag-aalala kaysa sa pagiging padamdang:

- (a) **Ne**, mabuhos yung mga anu kay ser u.
- (b) Dito ka, mabaligtad ka **ne**.

(27) Ang katagang ‘ngay’ ng Ilokano at ‘ey’ ng Pangasinan na halinhinang ginagamit ng mga kalahok para idiin na kailangang pansinin ng kausap ang kaniyang sinasabi. Maaari din itong magtunog na naglalambing kaysa nag-uutos kung ikukumpara sa katumbas nito sa Tagalog na ‘nga’ (cf. Calinawagan 91). Kapansin-pansin din sa mga kalahok na halinhinan nilang nagagamit ang mga katagang ito depende sa kausap, kung Ilokanong nagsasalita ng Filipino o kapwa Pangasinan na kinakausap nila sa Filipino dahil may di-Pangasinang kaharap. Kung ihahambing sa karaniwang pangungusap na Filipino na hindi ginagamitan ng mga katagang ito, napapanatili pa rin naman ang kahulugan at diin ng pangungusap depende sa tono ng pagsasalita. Gayunman, ang pagsisingit ng mga ganitong kataga sa FPV ay nagdaragdag sa katangian ng katutubong wika ng mananalita na nagpapangyaring angkinin o isakatutubo niya ang paraan ng pagpapahayag na may kasamang tono ng paglalambing o pakiusap.

- (a) Huy, ano **ngay** tara. ‘Huy, ano tara.’
- (b) Parang nakakainlab **ngay**. ‘Parang nakakainlab.’
- (c) ‘oy ikaw rin taga-Pugo, Junior ka rin **ey**. ‘oy ikaw rin taga-Pugo, Junior ka rin.’
- (d) Bakit **ey**? ‘Bakit?’

(28) Ang mga katagang pang-abay na Ilokanong ‘ngarod’ at Pangasinang ‘siren’ ay halinhinan ding narinig sa ilang mga mananalita sa recording ng pag-aaral na nagpapahiwatig ng pakiusap kaysa pag-uutos (cf. Calinawagan). Gaya rin ng mga halimbawang nabanggit sa itaas, nagagamit nila ang kataga depende sa kanilang kausap. Ngunit mapapansing ito ay makikita sa dulo ng isang pangungusap na nagbibigay-diin sa mensahe nito.

- (a) Tara **ngarod (Ilokano)**. ‘Tara kung ganoon.’
- (b) Sigi na **siren (Pangasinan)**. ‘Sigi na kung ganoon.’
o ‘Sigi na nga’

Ang ‘balet’ ay isa sa mga kataga na maituturing ng mananaliksik na prominenteng magpapakilala na ang isa ay nagsasalita ng FPV, batay sa kaniyang sariling karanasan at lumitaw din na komon sa mga impormante. Ang katagang ito ay katumbas ng Filipinong kataga na ‘ngunit’ o ‘pero.’¹ Gayunman, maliban sa kategorya nito bilang isang pangatnig o conjunction, maoobserbahang ginagamit ito ng mga kalahok bilang huling kataga para idiin ang isang kilos kaysa sa mag-ugnay ng isang salita sa salita o ng salita sa parirala.

(29) Nakita ko siya **balet**. ‘Nakita ko siya **pero**.’²

May ilang pagkakataon ding mapapansin sa datos na napapalitan ng ‘pero’ ang ‘balet.’ Halimbawa, may ilang impormanteng sa halip na gumamit ng ‘balet,’ literal na nila itong isinasalin bilang ‘pero’ sa kanilang pagsasalita.

(30) Nakikinig ako **pero** (Sa halip na nakikinig ako **balet**)

Gayunman, mahahalatang interference pa rin ito ng substratum na Pangasinan dahil sa halip na ilagay ito sa unahan ng pangungusap, inilalagay ito ng isang mananalitang FPV sa dulo gaya ng kung paano niya ginagamit ang salitang ‘balet’ sa Pangasinan.

Bagaman lumilitaw sa datos na ‘balet’ ang karaniwang ginagamit ng mga impormante, lumilitaw na may isa pang kataga na kasintunog nito. Ito ay ang ‘balot’ (Benton) na isa ring katagang pang-abay ngunit matatagpuan lamang sa mga pangungusap na negatibo. Ginagamit ang katagang ito upang pasidhiin ang negasyon at magbigay ng kabuuang saklaw dito. Ipinagpapalagay ng mananaliksik na iyon ang tinatangang tapatan ng katagang ‘balet’ sa mga datos na nakalap sa pag-aaral na ito at inilalagay sa dulo ng pangungusap na hindi negatibo ngunit ginagamit pa rin bilang pampasidhi ng pang-uri o pang-abay na kinakatawanan nito gaya ng ipinakikita sa susunod na halimbawa:

.....

¹ Ang *pero* ay isang Espanyol na pangatnig o conjunction na popular nang ginagamit sa komunikasyong Filipino, at kadalasan nang ginagamit na katumbas ng *ngunit* o *subalit*.

² Ipinapakita ng halimbawang ito ang ‘pero’ bilang literal na salin ng ‘balet.’ Kung ibabatay sa istandard na Filipino, ang ‘pero’ ay dapat na lumilitaw bago ang sugnay na ‘Nakita ko siya’ at nagpapahiwatig na may sinusundan itong sugnay o hiwalay na pangungusap na pinangangatuwiran ng ibinigay na halimbawa. Sa kabilang banda, gaya ng binanggit sa tesis ni Salopagio, maaari ding mangahulugan ang halimbawang ito na ‘Nakita ko naman siya’ kung saan ang ‘balet’ ay itinutumbas din sa katagang ‘naman.’

- (31) Nakikinig ako **balet**. ‘Nakikinig **naman** ako.’

Sa halimbawang ito, binibigyang-diin ng ‘balet’ ang ginagawang kilos ng aktor: ang pakikinig. Samakatuwid, tumatayo ito bilang isang katagang pang-abay at hindi isang pangatnig na paninsay gaya ng takdang gampanin nito. Sa tesis ni Salopagio, ipinaliwanag niya ito bilang isang uri ng pagbabago sa semantikong gamit ng katagang ‘balet’ na, sa halip na Espanyol na ‘pero’ o ‘ngunit,’ ang katumbas ay ang katagang pang-abay na ‘naman.’ Gayunman, mapapansin na kung ang katagang ‘naman’ ang itutumbas sa panghihiram ng ‘balet’ sa halimbawang pangungusap, lumilihis ito sa karaniwang puwesto ng katagang ‘naman’ sa sintaks ng Filipino na madalas matagpuan pagkatapos ng pandiwa bago ang simuno at hindi ang gaya ng makikita sa datos na kasunod ng simuno.

Pangatnig

Kapansin-pansin din sa datos ang pagpasok o paghalo ng ilang Pangasinang pangatnig sa pagsasalita ng mga impormante. Makikita sa mga halimbawa (39) at (40) ang paggamit ng mananalita sa ‘ta’ na isang pangatnig na parehong matatagpuan sa Ilokano at Pangasinan, at katumbas sa Tagalog na ‘dahil.’

- (32) Alis ka dyan **ta** may ginagawa aku. ‘Umalis ka diyan **dahil** may ginagawa ako.’
- (33) Baba ka na dyan **ta** ano. ‘Bumaba ka na diyan **dahil** ano.’

Mahihinuha sa mga ibinigay na halimbawa na ang pagiging madulas sa pagbigkas (ease of articulation) ang isa sa mga posibleng dahilan kung bakit ito ang mas ginagamit ng mga mananalita ng FPV sa halip na ang mga katumbas nito sa FMM na dadalawahing-pantig na ‘dahil’ at ‘pagkat.’ Bagaman batay sa kasalukuyang datos ay mahirap pa itong patunayan bilang pinakamabigat na rason ng panghihiram, maaaring mahinuha na ang patuloy na paggamit ng mga mananalita ng FPV sa ‘ta’ ay kinasanayang gawin kahit pa may katumbas naman ito sa matrix na wikang Tagalog. Ito ay tumataliwas sa paggawi ng mga mananalita ng FMM na paggamit ng katagang pang-abay na ‘kasi’ sa halip na ang mga salitang dahil at sapagkat. Hindi ito maaaring ipagkamali sa katagang pang-abay na ‘kasi’ ng Pangasinan na katumbas ng ‘naman’ na sa ilang pagkakataon ay nagagamit din o nailalahok sa FPV. Ang maaaring maging problema lang nito ay ang posibleng pagdulot ng pagkalito o maling interpretasyon ng katagang pang-abay, lalo na kung ang tagatanggap ng mensahe ay mananalita rin ng wikang Pangasinan. Halimbawa, ang (34) ay magiging tunog-paninisi kung gagamitin ang kahulugan

ng katagang pang-abay na ito sa Tagalog, samantalang hindi gayon kung ito ay uunawain sa kahulugan ng katagang pang-abay sa Pangasinan.

- (34) Ikaw **kasi**. ‘Ikaw **ba**’.
(35) Wala **kasi**? ‘Meron **ba**?’.

Ang pagpasok ng mga markadong katangiang ito ng mga wikang Ilokano at Pangasinan sa leksikon at sintaks ng FPV ay mapangangatwiran na isang teknik ng pag-aangkin o pagsasakatutubo ng mga taga-Bautista sa FLE. Sa pamamagitan ng kusang paglalahok ng kanilang mga salita at kataga kahit na may mga katumbas naman itong salita sa matrix na wika, maaaring makapagbigay ng prediksiyon na padron ng paglalahok ng mga salita o kataga mula sa kanilang mga katutubong wika ay isang proseso ng parsiyal o di-ganap na paglipat sa FPV.

Kongklusyon

Ipinakita ng papel na ito ang ilan sa mga umuusbong na katangian ng Filipino-Pangasinan Varayti (FPV) na maituturing na naiiba sa iba pang mga naunang pag-aaral ng varayti ng Filipino na nabanggit sa pasimula. Ilan sa mga itinampok na datos sa pag-aaral na ito ay ang mga pangngalan, pangatnig, at katagang pang-abay ng Ilokano at Pangasinan na maaaring walang eksaktong katumbas at hindi matatagpuan sa istandard na anyo ng Filipino bilang lingua franca, ang FMM. Ang mga salita at katagang ito ay nagdadala ng mga katangian ng mga katutubong wika ng mga mananalitang taga-Bautista, Pangasinan sa pambansang lingua franca na nagpapakita ng pagiging lubusang pamilyar ng mga mananalita sa mga wikang sangkot sa kontak.

Ang pagsusuring ginawa ng papel na ito sa leksikal na katangian ng FPV bunsod ng panghihiram ng mga kataga at salita sa mga wikang Ilokano at Pangasinan ng mga mananalita nito ay nakapaglatag ng iba’t ibang mga salik na sumasalamin sa pananaw ng kontak-wika.

Una, ang Bautista na siyang lokasyon ng pag-aaral ay isang multilingguwal na bayan sa kabila ng pagiging maliit nitong munisipalidad. Ang mga impormanteng kinapanayam ay sumusuporta sa katotohanang ito dahil may kakayahan silang magsalita ng alinman sa FMM, Ilokano, at/o Pangasinan. Bagaman gumagamit sila ng FMM bunsod ng pangangailangan at popularisasyon sa edukasyon, gobyerno, at komunikasyong pangmadla, lumaki rin silang nakapagsasalita o nakaiintindi ng alinman sa Ilokano, Pangasinan, o di kaya pareho bilang mga katutubong wika. Ang pagkakaroon ng ganitong repertoire ng mga wika ay nagreresulta sa malawakang kontak ng mga wikang sinasalita ng mga impormanteng kalahok sa pag-aaral na ito. Bilang resulta, nanghihiram sila ng mga salita, malay man o hindi, sa mga wikang alam at ginagamit sa araw-araw sa parehong pagkakataon

at/o depende sa pakikibagay sa kausap, lalo na at malay silang nakatira sila sa isang multilingguwal na lipunan at kailangang makibagay depende kung ano ang wika ng kausap. Ipinapahiwatig nito ang mga katangian at mekanismong nasasangkot sa isang sitwasyong nasa ilalim ng language maintenance (Thomason at Kaufman; Winford, *An Introduction*).

Ikalawa, ang pagpapalit-koda (code-switching) at panghihiram (borrowing) ng mga salita mula sa SL (Ilokano o Pangasinan) papunta sa tunguhang wika (FMM) ay maaaring magpakita ng paghahalinhinan sa paggamit ng mga wikang sinasalita ng isang bilingguwal o multilingguwal na mananalita sa pagbuo ng isang pangungusap o pahayag. Maaari din itong makita sa pamamagitan ng halinhinang paggamit ng wika sa pagbuo ng mga pangungusap o sugnay. Ang paghahalinhinang ito ay nagpapahiwatig ng matagal na paggamit at tindi ng kontak ng mga wika na resulta ng mahabang panahon ng kasaysayan ng kontak ng mga ito.

Panghuli, ang pagpasok ng mga elemento—na kadalasang salita o leksikon—ng isang SL patungo sa TL o vice versa ay sumusuporta sa mekanismo ng kontak-wika. Sa pamamagitan ng limitadong datos na inilahad sa papel na ito, naipakita ang ilang leksikal na katangian ng isang umuusbong na varayti ng wikang Filipino sa Bautista, Pangasinan na bunga ng panghihiram ng mga salitang Pangasinan at Ilokano at umaambag sa pag-usbong ng isang varayti ng wikang pambansa na masasabing naiiba kung ikukumpara sa ibang varayti ng Filipino na sinasalita sa ibang panig ng bansa.

Ang pagsusuri sa mga leksikal na panghihiram sa kaso ng FPV sa papel na ito ay nagbibigay din ng impormasyon tungkol sa kung gaano kalawak ang saklaw ng kontak-wika sa isang lunan kahit pa ginawa lamang ito sa mas maliit na eskala o antas. Bagaman nasa proseso pa ng pagpapalawak sa saklaw ng pag-aaral at hindi nito matataya kung ano ang magiging kinabukasan ng varayti na ito sa kasalukuyan, ang mga paglalahad at interpretasyon sa mga datos na natagpuan sa pag-aaral na ito ay nagbibigay ng prediksiyon kung ano ang magiging andar sa patuloy na paglinang ng wikang pambansa. Maaaring sa isang banda, magbigay ito ng ibang prediksiyon na ang mga salita o katagang ito ay hindi naman talaga permanenteng katangian ng FPV at baka lubusang mawala kapag tuluyan nang naperpekto ng isang mananalita ang katatasan sa ikalawang wika. Gayunman, may makatuwiran ding pag-asa na isiping ang pagpapasok ng mga salitang ito ay bahagi ng lubusang pag-aangkin at pagsasakatutubo (cf. Rubrico, “Indigenization”) ng isang multilingguwal na mananalita sa iba pang wikang alam niya, partikular na ang ikalawang wika gaya ng Filipino.

Nagbibigay ito ng isang pananaw-mundo sa kung ano ang maaaring maging resulta ng kontak-wika sa FPV sa pagpapatuloy ng panahon. Ang pagpapalawak sa pag-aaral na ito sa iba pang mga munisipalidad at lungsod ng Pangasinan ay makatutulong na mas maintindihan pa ang saklaw ng pag-unlad ng varayting ito ng wikang pambansa.



- Benton, Richard A. *Pangasinan Reference Grammar*. University of Hawai'i Press, 1971, <https://doi.org/10.2307/j.ctv9hvs53.5>.
- Calinawagan, Elizabeth A. "Diak Maawatan: Unang Sulyap sa Ilokano Varayti ng Filipino." *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino*, inedit nina Peregrino, Jovy M. et al., Sentro ng Wikang Filipino, 2012, pp. 74-94.
- Cook, Vivian. "Multicompetence." *The Encyclopedia of Applied Linguistics*, inedit ni Carol A. Chapelle, Blackwell Publishing Ltd., 2013, <https://doi.org/10.1002/9781405198431.wbeal0778.pub2>.
- Constantino, Ernesto. *Ilokano Dictionary*. University of Hawai'i Press, 1971, <https://doi.org/10.2307/j.ctv9hvs53.15>.
- Cubar, Nelly I. at Ernesto H. Cubar. *Writing Filipino Grammar: Traditions and Trends*. New Day Publishers, 1994.
- Delima, Purificacion G. "Umuusbong na Varayti ng Filipino Bilang Interlanguage ng mga Katutubo at Di-Katutubong Ispiker ng Tagalog." *Daluyan Journal*, tomo 7, blg. 3, 1996, pp. 11-30.
- Durkin, Philip. "Contact and Lexical Borrowing." *The Handbook of Language Contact*, inedit ni Raymond Hickey, ikalawang edisyon, John Wiley & Sons Ltd, 2020, <https://doi.org/10.1002/9781119485094.ch8>.
- Gallego, Maria Kristina S. *The Stratigraphy of a Community: 150 years of Language Contact and Change in Babuyan Claro, Philippines*. 2022. Australian National University, Disertasyon PhD.
- . "The Structural Consequences of Lexical Transfer in Ibatan." *Traces of Contact in the Lexicon: Austronesian and Papuan Studies*, inedit nina Marian Klammer at Francesca Moro, Brill, 2023.
- Galletes, Felicisimo, Jr. G. *Filipino Balet ang Filipino-Pangasinan Varayti na Resulta ng Kontak-Wika: Kaso ng Bautista, Pangasinan*. 2025. Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Tesis MA.

- Malicsi, Jonathan C. *Gramar ng Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino, 2013.
- Mendigo, Rosalina A. “Ang Papel ng Radyo sa Pagpapalaganap ng Varayting Dagupan-Filipino.” *Daluyan Journal*, tomo 7, blg. 3, 1996, pp. 31-43.
- Muysken, Pieter. “Scenarios for Language Contact.” *The Handbook of Language Contact*, inedit ni Raymond Hickey, Wiley-Blackwell, 2010, pp. 265-281.
- Paz, Consuelo J. *Ang Wikang Filipino: Atin Ito*. Sentro ng Wikang Filipino, 2006.
- Rubrico, Jessie Grace. “The Metamorphosis of Filipino as National Language.” 1998. *Academia.edu*, 2012, www.academia.edu/2284011/The_Metamorphosis_of_Filipino_as_National_Language.
- . “Filipino Variety of Davao: A Linguistic Description.” 11th Philippine Linguistics Conference, 7-9 Disyembre 2011, Lungsod Quezon, Pilipinas. *LanguageLinks.org*, www.languageLinks.org/onlinepapers/Filipino-11thPLC.pdf.
- . “Indigenization of Filipino: The Case of the Davao City Variety.” *LanguageLinks.org*, www.languageLinks.org/onlinepapers/Indigenization-of-Filipino.pdf.
- Salopagio, Joseph U. *The Semantic and Pragmatic Functions of Pangasinan Discourse Particles*. 2015. Unibersidad ng Pilipinas Baguio, Tesis MA.
- Stewart, Thomas, Jr. W., at Nathan Vaillette, mga editor. *Language Files: Materials for an Introduction to Language and Linguistics*. Ika-8 edisyon, Ohio State University Press, 2001, pp. 351-354.
- Thomason, Sarah Grey at Terrence Kaufman. *Language Contact, Creolization, and Genetic Linguistics*. University of California Press, 1988.
- Weinreich, Uriel. *Languages in Contact: Findings and Problems*. Mouton Publishers, 1953.
- Winford, Donald. *An Introduction to Contact Linguistics*. Blackwell Publishing, 2003. *ResearchGate*, www.researchgate.net/publication/273003007_An_Introduction_to_Contact_Linguistics.
- . “Theories of Language Contact.” *The Oxford Handbook of Language Contact*, inedit ni Anthony P. Grant, Oxford University Press, 2019, pp. 21-39.



Felicisimo Gabaldon Galletes Jr.

Isang katuwang na propesor sa Unibersidad ng Pilipinas Baguio, kung saan siya kasalukuyang nagtuturo ng kursong GE: Wika, Kultura, at Lipunan at iba pang kurso sa ilalim ng programang Bachelor of Arts in Language and Literature. Nagtapos siya ng kaniyang Batsilyer sa Pansekondaryang Edukasyon (Medyor sa Filipino) sa Pamantasang Normal ng Pilipinas Manila, na nagbigay-daan sa kaniya upang maging lisensiyadong propesyonal na guro. Nakamit niya ang digring Masterado ng Arte sa Filipino (Medyor sa Wika) sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman.



Linguistikang Nilapat

#TheCityThatReads: Kritikal na Pagsusuri sa mga Independiyenteng Inisyatiba sa Panitikan at Publikasyon sa Kanlurang Bisayas (2015–2024)

Noel Galon

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay isang pagsusuri sa posibilidad ng pagbuo ng #TheCityThatReads bilang isang kampanya sa pagbasa sa Kanlurang Bisayas. Layunin nitong tukuyin ang mga oportunidad at hamon sa pagtataguyod ng isang organisadong inisyatibang magpapalakas sa literasi at pagpapahalaga sa panitikan sa rehiyon. Sinusuri nito ang iba’t ibang inisyatiba sa panitikan at publikasyon mula 2015 hanggang 2024—kabilang ang mga programa ng pamahalaan, akademya, at pribadong sektor—upang maunawaan kung paano maisasakatuparan ang kampanyang ito. Ginamit sa pananaliksik ang pagsusuri ng dokumento, panayam sa mga eksperto sa literasi, at pag-aaral ng mga umiiral na proyekto sa pagbabasa. Lumabas sa pag-aaral na may matibay na pundasyon para sa isang kampanyang tulad ng #TheCityThatReads, ngunit kinakailangan ang mas masusing pagpapalano, matibay na suporta mula sa iba’t ibang sektor, at mas inklusibong kolaborasyon para magtagumpay. Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang pagbuo ng mas sistematikong estratehiya para sa kampanya, kabilang ang malawakang promosyon ng pagbabasa, suporta sa lokal na publikasyon, at mas matatag na ugnayan sa pagitan ng mga manunulat, mambabasa, at institusyong pang-edukasyon.

Mga susing salita: *kampanya sa pagbasa, literasi, panitikan, publikasyon, kolaborasyon*

DALUYAN | XXXI 2025 | #TheCityThatReads: Kritikal na Pagsusuri sa mga Independiyenteng
Inisyatiba sa Panitikan at Publikasyon sa Kanlurang Bisayas (2015–2024)

#TheCityThatReads: A Critical Analysis of Independent Literary and Publishing Initiatives in Western Visayas (2015–2024)

ABSTRACT

This study examines the feasibility of developing #TheCityThatReads as a reading campaign in Western Visayas. It aims to identify the opportunities and challenges in establishing an organized initiative that will strengthen literacy and promote appreciation for literature in the region. The study analyzes various literary and publication initiatives from 2015 to 2024—including programs by the government, academia, and the private sector—in order to understand how this campaign might be realized. The research employed document analysis, interviews with literacy experts, and a study of existing reading projects. The findings indicate that there is a solid foundation for a campaign like #TheCityThatReads. However, it requires more comprehensive planning, strong support from various sectors, and more inclusive collaboration for it to succeed. Based on the findings, it is recommended that a more systematic strategy be developed for the campaign, including extensive reading promotion, support for local publications, and stronger ties between writers, readers, and educational institutions.

Keywords: *reading campaign, literacy, literature, publication, collaboration*

DALUYAN | XXXI 2025 | #TheCityThatReads: Kritikal na Pagsusuri sa mga Independiyenteng
Inisyatiba sa Panitikan at Publikasyon sa Kanlurang Bisayas (2015–2024)

Panimula

Dalawang taon matapos itatag ni Dr. Leoncio P. Deriada ang Hubon Manunulat—isang kilalang samahan ng mga manunulat mula sa Iloilo, Antique, Aklan, at Guimaras—muling sumigla ang pagsulat at paglalathala ng mga akdang nasa wikang Hiligaynon, Kinaray-a, at Akeanon. Itinuturing si Deriada bilang Ama ng Kontemporaneong Panitikan ng Kanlurang Bisayas,¹ at sa pamamagitan ng kanyang libreng buwanang palihan sa malikhaing pagsulat, muling nabuhay ang panitikang nasusulat sa mga lokal na wika ng Kanlurang Bisayas. Ang mga palihang ito—na bukas hindi lamang sa mga kasapi ng Hubon Manunulat kundi pati na rin sa mga baguhang manunulat na nais hasain ang kanilang kasanayan—ay nagsilbing mahalagang plataporma sa pagpapalaganap ng pagpapahalaga sa katutubong wika at kultura ng rehiyon sa pamamagitan ng panitikan.

Mula 2013 hanggang 2015, tuwing huling Sabado ng bawat buwan, pinangunahan ni Deriada ang mga palihan sa opisina ng Language Program Office ng Unibersidad ng Pilipinas Visayas (UPV). Dumalo sa mga sesyon ang mga kasapi ng Hubon Manunulat tulad nina Alice Tan Gonzales, Melchor Cichon, John Barrios, Alain Russ Dimzon, Agnes Espano-Dimzon, Isidoro Cruz, Eliodora Dimzon, Rey Salem, Antonio Aguilar, at Rex Hidalgo, pati na rin ang mga batang manunulat noon na sina Jesus Insilada, Early Sol Gadong, Gil Montinola, Dulce Maria Deriada, Norman Darap, at Noel de Leon. Ang inisyatibang ito ay hindi lamang nagpasigla sa lokal na panitikan sa Iloilo kundi nagbukas din ng pinto para sa mga bagong manunulat na may parehong adhikain: ang pagpapalaganap ng panitikan mula sa Kanlurang Bisayas.

Upang matanggap sa naturang palihan, kinakailangang magsumite ang isang baguhang manunulat ng halimbawa ng sariling gawa, tulad ng maikling kwento, tula, o sanaysay, na nagpapakita ng kanyang kakayahan sa malikhaing pagsulat at orihinalidad. Karaniwan ding tinatasa ang interes, dedikasyon, at potensiyal ng aplikante sa larangan ng panitikan.

Sa kanilang patuloy na pagsisikap na maging aktibo sa paglathala at pagtaguyod ng mga batang manunulat, hinihikayat ng grupo ang kabataan na magsulat sa kanilang sariling wika at lumahok sa mga publikasyon at patimpalak tulad ng *Hiligaynon Magazine* at Gawad Palanca, na may kategoriya para sa mga maikling kuwento sa Hiligaynon. Sa kasalukuyan, kabilang sa mga bagong miyembro ng Hubon Manunulat sina Domingo Aguillon III mula sa Bacolod, Liane Carlo Suelan mula sa Davao, at Karen Francisco mula sa Guimaras. Sa

pamamagitan ng mga hakbang na ito, pinagtibay ng grupo ang kanilang misyon na itaguyod ang pamana ng panitikan ng rehiyon at magbigay-inspirasyon sa susunod na henerasyon ng mga manunulat mula sa Kanlurang Bisayas.

Noong 2014, ipinagdiwang ng Hubon Manunulat ang kanilang kauna-unahang hakbang sa paglathala ng antolohiya ng mga kuwentong pambata sa Hiligaynon na pinamagatang *Magsugilanonay Kita*.³ Binubuo ito ng siyam na kuwentong pambata. Pinamatnugutan ito ni Deriada, at may mga ilustrasyon ni Gil Montinola. Kabilang sa mga kuwentong nakapaloob sa antolohiya ay Si Ani, Ang Manugdala sang Kasanag ni Alice Tan Gonzales, Si Tungko kag Si Laon ni John Barrios, Gamot ni Jonny Bernas Pornel, Ang Kanding nga Si Zebra ni Dulce Maria Deriada, Si Pinay Pinasahi ni Gil Montinola, Igpap ni Norman Darap, Ang Sako ni Mulo ni Eliodora Dimzon, Abi, Pakta Niyo ni Agnes Espano-Dimzon, at Ang Paborito nga Duag ni Denden ni Early Sol Gadong. Ang *Magsugilanonay Kita* ay isang makulay na koleksiyon ng mga akdang naglalayong pasayahin kabataan habang itinatampok ang mahahalagang aspekto ng kultura at tradisyon ng Rehiyon VI.

Bukod sa kahalagahang pampanitikan, nagbigay-daan din ang publikasyon upang matugunan ang lumalaking pangangailangan ng mga guro sa ilalim ng MTB-MLE o Mother Tongue-Based Multilingual Education⁴ para sa de-kalidad na kuwentong pambata sa Hiligaynon. Sa kanyang introduksiyon, ipinaliwanag ni Deriada na ang antolohiya ay malikhain at makulay na pagsasanib ng mga bagong akda at muling pagsalaysay ng mga klasikong kuwento, na isinulat ng ilan sa pinakamasisigasig na manunulat sa Hiligaynon, kabilang sina Alice Tan Gonzales, John Barrios, at Norman Darap. Binanggit din niya na ang kanyang pamantayan sa pagpili ng mga kuwento ay nakabatay sa husay ng mga manunulat sa paggamit ng Hiligaynon at sa layunin ng antolohiyang ipakita ang mayamang kultura ng Kanlurang Bisayas. Ayon kay Deriada, hindi lamang nagbibigay-aliw ang mga kuwento, kundi nagsisilbi ring daluyan ng mahahalagang aral at pagpapahalaga sa lokal na tradisyon at wika—isang hakbang upang mapanatili at ipagmalaki ang mayamang pamanang pangkultura para sa mga susunod na henerasyon.

Bagaman mahalaga ang inisyatibang ito ng grupo, malinaw na kinikilala ng Hubon Manunulat—kasama ang editor at mga kontribyutor ng antolohiya—na hindi sapat ang paglathala ng isang antolohiya upang tiyakin ang malalim at pangmatagalang pakinabang para sa mga batang mambabasa. Ang ambisyong maisalin ang mga kuwento tungo sa anyong picture book ay hindi lamang estetikal na pagpapahusay, kundi isang mahalagang pedagogikal na hakbang upang higit

na maging angkop, biswal, at kaakit-akit ang teksto sa target na mambabasa.

Gayunpaman, ang pagkilala sa layuning ito ay sabay ding naglalantad ng isang kritikal na kakulangan: ang limitasyon ng grupo sa larang ng produksiyon at pagpopondo. Sa kasalukuyan, nananatiling hindi maisakatuparan ang planong ito dahil sa kakulangan ng sapat na suportang pinansiyal para sa publikasyon— isang hamon na hindi lamang teknikal kundi estruktural. Ipinapakita nito na ang adhikaing pampanitikan, gaano man kataas, ay nakatali pa rin sa materyal na kondisyon ng paglikha at distribusyon.

Sa ganitong lente, ang proyekto ay maaaring basahin hindi lamang bilang isang malikhaing ambag, kundi bilang isang paunang yugto pa lamang ng mas malawak na gawaing nangangailangan ng interdisiplinaryong kolaborasyon, institusyonal na suporta, at mas malinaw na estratehiya sa pag-abot sa batang mambabasa. Ang kakulangan sa pondo ay hindi dapat maging simpleng paliwanag lamang, kundi isang paanyaya sa mas kritikal na pagtingin sa kung paano mapapalawak ang akses, representasyon, at bisa ng panitikang pambata sa kontekstong lokal.

Unang Hakbangin Tungo sa Pagpapaunlad ng Panitikan sa Kanlurang Bisayas

Ang pagkalathala ng kauna-unahang aklat ng grupo ay humudyat sa mas seryoso at masigasig na pagsusumikap ng Hubon Manunulat sa larang ng paglalathala. Noong 2015, itinatag ni Noel de Leon ang Kasingkasing Press upang magbigay-opportunidad sa mga miyembro ng grupo at sa kabataang manunulat na may potensiyal maglunsad ng mga kampanya sa pagbabasa; muling bumuhay sa interes ng publiko sa mga akda sa mga wikang Hiligaynon, Kinaray-a, at Akeanon; at magtaguyod sa mga tinig ng mga manunulat mula Kanlurang Bisayas. Ang pagtatag ng Kasingkasing Press ay isang mahalagang hakbang sa pagpapalaganap ng mga lokal na akda at pagpapalawak ng kanilang mambabasa.

Upang ipakilala ang tagapaglathala sa publiko, nagdaos ang Kasingkasing Press ng pinakamalaki at kauna-unahang sabayang paglulunsad ng labinlimang libro noong 21 Agosto 2015 sa GT Hotel, Iloilo City. Ang makasaysayang kaganapang ito ay nagbigay-daan sa paglulunsad ng mga akdang Ilongga: *Madamo nga Guya, mga Binalaybay* ni Alice Tan Gonzales; *Ham-at Madueom*

Ro Gabii? A Collection of Aklanon Poems with Filipino Translation ni Melchor F. Cichon; *Walo kag Dose Na: Contemporary Hiligaynon Songs in the Folk Style Tradition* nina Alain Russ Dimzon at Romulo Pangan; *Gugma ni Datu Lubay: Mga Daan kag Bag-o nga Binalaybay with English Translation* ni Alex C. Delos Santos; *The Interior of Sleep: House Stories* ni Melecio F. Turao; *Mga Dilambong sang Magal-umon nga Gugma: Mga Paglubad sa Hiligaynon sang Onse Tanan ka Mga Soneto sang Sonetos del amor oscuro* ni Federico Garcia Lorca ni Felino S. Garcia Jr.; *txtm8rs at iba pang mga kwexto [pinagsamang kwento at texto]* ni John E. Barrios; *Pagpauli sa Tamarora kag iban pa nga mga sugilanon* ni Norman T. Darap; *Waling-waling kag iban pa nga mga sugilanon* ni Jesus C. Insilada; *Kasubong sang Hangin: mga Binalaybay* ni Gil S. Montinola; *Nasà sa Dulo ng Dila: stories in three tongues* ni Early Sol A. Gadong; *Gisi nga Kasanag kag iban pa nga mga sugilanon* ni Mary Rose Adelle Pacificar; *Saringsing: mga binalaybay* ni Elsed S. Togonon; and *the sea was saltier: poems* ni Kristine Buenavista; at *Sanday Tay Alib kag Tay Amar* ni Noel de Leon. Sumasaklaw ang mga akdang ito sa iba’t ibang anyo ng literatura, mula tula at maikling kuwento hanggang sa mga naratibong multilingguwal, na nagpapakita ng kahusayan ng mga manunulat sa pagpapahayag ng kanilang mga saloobin, emosyon, at pagkakakilanlan.

Itinampok dito ang iba’t ibang temang nakaugat sa natatanging kultura ng Kanlurang Bisayas, kabilang ang maselang usapin ng gender representation at ang kritikal na papel ng pagsasalin sa pagpapalawak ng saklaw ng panitikan. Gayunpaman, sa kabila ng lawak at lalim ng mga temang ito, nananatiling problematiko ang abot ng publikasyon. Kapansin-pansing kakaunti pa rin ang aktuwal na mambabasang naaabot ng mga nilathalang akda.

Sa ganitong pagbasa, hindi sapat na suriin ang mga teksto batay lamang sa nilalaman nito; kinakailangan ding suriin ang mga mekanismo ng distribusyon at akses. Ipinapakita nitong sitwasyon ang isang mahalagang puwang sa pagitan ng produksiyong pampanitikan at ng resepsiyon nito, isang agwat na madalas hindi nabibigyang-pansin sa mga proyektong nakatuon sa nilalaman ngunit kulang sa estratehiya ng pagpapalaganap.

Samakatuwid, naharap ang grupo sa isang mahalagang hamong hinihiling ang higit na sistematikong pagdulog. Kinakailangan ang muling pagsipat sa halaga ng libro bilang produktong kultural, ang pagpapalakas sa online na distribusyon bilang alternatibong daluyan, at ang paglikha ng mga literary at book event bilang espasyo ng interaksyon at pagbubuo ng komunidad ng mambabasa. Hindi lamang ito usapin ng kung ano ang naisulat, kundi kung paano rin ito epektibong maipararating—isang kritikal na dimensiyon na dapat ituring na integral, at hindi sekundarya, sa anumang proyektong pampanitikan.

Iloilo Zine Fest: Puwang para sa Alternatibong Panitikan at Sining

Matapos ang matagumpay na paglalathala ng mga manunulat mula sa Kanlurang Bisayas—gayundin ang malalimang pag-unawa sa mga hamon ng paglalathala sa rehiyon, lalo na’t maraming akda ang nakasulat sa katutubong wika—natanto ni Early Sol Gadong⁵ ang pangangailangan para sa alternatibong book at art fair upang patuloy na maitanghal ang husay at pagkamalikhain ng mga lokal na manunulat at artista, partikular sa Siyudad Iloilo. Itinatag ni Gadong ang ZineZoned: Iloilo Zine Fest,⁶ na inilunsad noong 2016 bilang mahalagang plataporma para sa mga manunulat, lalo na ang kabataan, na nagnanais subukan ang paglathala at tumuklas sa interes ng publiko sa kanilang mga likha. Sa pamamagitan ng event na ito, nakilala ang mga batang manunulat na sina Leynard Alcoran, Leonard Alcoran, Macky Torrechilla, Awe Paz, Meryl Panuncio, Rei Hontanar, Alex Dorado, Rhick Albay, at Dax Dequito. Matapos ang kanilang partisipasyon sa Iloilo Zine Fest, nakatanggap ang mga naturang manunulat ng iba’t ibang gantimpala sa pagsulat tulad ng Gawad Palanca, Dungug Kinaray-a, at Premyo Hubon Manunulat.

Nagsisilbing alternatibong pamilihan ang Iloilo Zine Fest kung saan ibinebenta ng mga manunulat at artista ang kanilang mga zine at iba pang likhang gawa sa papel, tulad ng mga postcard na may tula o bookmark na naglalaman ng sipi mula sa kanilang akda. Mahalaga ang papel ng Iloilo Zine Fest bilang lugar ng pagtitipon ng mga manunulat, ilustrador, at independiyenteng publisher, kung saan nabubuo ang mga plano para sa mga susunod pang potensiyal na proyekto. Naging tanyag ang zine at ang pag-organisa ng zine fest sa mga kabataan sa panahong iyon, kaya paulit-ulit na isinagawa ang event sa iba’t ibang venue at alternatibong espasyo, na lalong nagpapatibay sa inisyatibang ito. Pinatibay pa ang kilusang ito ng lumalawak na bilang ng mga naglalathala ng zine mula sa mga unibersidad sa Iloilo, kabilang ang West Visayas State University, Central Philippine University, University of San Agustin, at Unibersidad ng Pilipinas Visayas.

Ngayon, kahit sa mga university week o simpleng pagtitipon sa maliliit na gallery sa Iloilo, makikita ang malalim na epekto ng zine sa komunidad. Maraming kolaborasyon ang nabuo sa pagitan ng mga manunulat at visual artist, dumami ang mga kabataang seryosong nag-aaral ng pagguhit at ilustrasyon, at may ilan na ring pumasok sa mundo ng book design—isang kasanayang madalas nilang natututuhan mula sa paggawa ng zine bilang isang do-it-yourself na paraan ng paglathala. Ang patuloy na pag-usbong ng inisyatibang ito ay patunay ng pagyabong ng pagkamalikhain at inobasyon sa lokal na sining at larang ng paglalathala.

Nabago ng Iloilo Zine Fest ang pananaw ng mga manunulat tungkol sa zine bilang isang alternatibo at independiyenteng paraan ng paglalathala, na dati’y itinuturing na mababa kompara sa mga babasahing inilalathala ng mga

mainstream na palimbagan. Tumaas din ang pagpapahalaga at respeto ng mga manunulat sa Filipino at Ingles sa mga manunulat na gumagamit ng mga wikang Hiligaynon, Kinaray-a, at Akeanon.

Kapupulutan ang proseso ng paggawa ng zine ng isang mahalagang aral para sa mga manunulat kaugnay ng paglipat mula sa indibidwal na produksiyon patungo sa kolektibo at kolaboratibong praktika. Higit na ring nakikita ang halaga ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng manunulat at visual artist, pati na ang kritikal na usapin ng distribusyon na dati’y madalas naisasantabi sa mga diskurso ng malikhaing produksiyon.

Gayunpaman, ang ganitong pag-unlad ay hindi dapat romantisahin nang walang pagsusuri. Totoong dumarami ang mga manunulat na nahihikayat gumawa ng zine, at kapansin-pansin din ang pagtaas ng interes ng publiko na sumuporta dito. May mga bookshop na ring nagsisilbing alternatibong plataporma para sa pagbebenta ng zines, na maituturing na positibong indikasyon ng paglakas ng lokal na eksena. Ngunit sa kabila nito, nananatiling bukás ang ilang kritikal na tanong: Hanggang saan ang naaabot ng distribusyong ito? Sino ang may akses sa produksiyon at sirkulasyon ng zine? Sa ano-anong paraan nito tunay na napapalawak ang mga mambabasa, sa halip na manatili sa loob lamang ng iisang kultural na sirkulo?

Ang zine-making ay hindi lamang simpleng malikhaing gawain. Isa itong espasyo ng negosasyon—negosasyon sa pagitan ng sining at materyal na kondisyon; ng indibidwal na boses at kolektibong produksiyon; at ng intensiyon ng manunulat at aktuwal na resepsiyon ng publiko. Ang hamon ngayon ay kung paano mapapanatili ang inklusibidad at kritikal na kamalayan sa gitna ng lumalaking interes upang hindi ito malimitahan sa isang niche na komunidad, kundi maging tunay na demokratikong anyo ng pagpapahayag.

Iloilo Mega Book Fair: Pagpapalago ng Kultura at Panitikan sa Kanlurang Bisayas

Upang ipaunawa sa mga manunulat ang kahalagahan ng paglathala—gayundin sa mga entidad sa pribadong sektor, kabilang ang Festive Walk Mall, SM City Iloilo, at Robinsons Place Iloilo—inimbitahan ni Cristina Estorque⁷ sina Noel de Leon ng Kasingkasing Press at Early Sol Gadong ng Iloilo Zine Fest noong 2018 para sama-samang magkonseptuwalisa ng isang lokal na book fair sa Megaworld. May-ari si Estorque ng Book Latte Café, isang coffeeshop at gallery sa Lungsod ng Iloilo, samantalang parehong mga miyembro ng Hubon Manunulat sina de Leon at Gadong. Mula sa masusing pag-uusap at pagpupulong, nabuo ang Iloilo Mega Book Fair (IMBF).⁸ Una itong isinagawa sa Festive Walk Mall, isang bagong bukas

na mall sa panahong iyon na kinalauna’y naging pangunahing venue ng event sa loob ng limang sunod-sunod na taon.

Dito sa IMBF, napansin ng mga manunulat na may mga seryosong mambabasa, bagama’t hindi gaanong malakas ang purchasing power ng mga Ilonggo pagdating sa pagbili ng mga libro. Gayunpaman, ang IMBF ay naging daan para sa mga organisador, manunulat, lokal na artista, at book distributor upang mag-isip ng mga bagong ideya at makatawag-pansin sa taunang book fair na ito. Habang patuloy na lumalaki ang book fair, marami ring taga-Maynila ang nagkainteres na makiisa at pumunta sa Iloilo. Sa mga sumunod na taon, nakasama sa event ang Gantala Press—isang independiyenteng feministang publisher sa Maynila—na nagkaroon ng sold-out na libro sa kanilang unang taon ng partisipasyon. Nakasama na rin ang mga mainstream publisher gaya ng Lampara Books, Vibal Publishing House, at OMF Literature, na nagdala ng kanilang mga akda upang ipakilala sa mga mambabasang Ilonggo.

Matapos ang ilang taon ng patuloy na paglago ng IMBF, sa ika-6 na taon nito ay inilipat ito sa SM City Iloilo upang magbigay ng mas malaking exhibition area. Nakasama ng IMBF ang iba’t ibang tagapaglathala at ahensiya ng gobyerno tulad ng National Book Development Board (NBDB), Komiket Philippines, at ilang independiyenteng press mula sa Mindanao tulad ng Aklat Alamid at ABC Publishing House, na naging katuwang sa mga patuloy na pagtatagumpay ng event na tinatamasa ng mga manunulat mula sa Kanlurang Bisayas hanggang ngayon. Makalipas ang ilang taon, sa pagnanais nitong maging plataporma para sa mga nagsisimula at bagong manunulat, nakuha nito ang respeto ng publiko, lalo na ng mga unibersidad sa Iloilo tulad ng University of the Philippines Visayas, West Visayas State University, University of San Agustin, at Iloilo State University of Fisheries Science and Technology, na kalaunan ay naging katuwang ng IMBF sa mga literary talks at paglulunsad ng mga libro.

Dahil sa IMBF at sa patuloy na tiwala ng mga manunulat sa mga tagapag-organisa nito, unti-unting kinilala ng iba’t ibang ahensiya ang mga aklat na unang inilathala at inilunsad dito. Ilan sa mga tagumpay ay ang pagkakasama ng *Dorina: Finding Ana* sa Philippine Rights Catalogue 2024 para sa Bologna Children’s Book Fair⁹ sa Italy, isang prestihiyosong pandaigdigang pagtitipon ng mga publisher at tagapagtaguyod ng panitikang pambata. Dagdag pa rito, itinanghal bilang finalist sa categoryang Poetry ng Filipino Readers’ Choice Awards¹⁰ 2022 ang librong *Pocket Universe* ni Martin Ortiz, matapos makasama sa online voting ng mga mambabasa. Ang mga pagkilalang ito ay patunay ng patuloy na paglago ng panitikang rehiyonal at ng IMBF bilang isang mahalagang plataporma sa pagbibigay-espasyo sa mga bagong akda at manunulat.

Sa kabila ng pagkakaabala sa promosyon ng mga lokal na libro sa sarili nitong komunidad, masasabi ring tagumpay ng IMBF ang makita ang mga akda ng mga manunulat nito sa prestihiyosong Frankfurt Book Fair sa Alemanya. Kasama dito ang mga libro nina John Iremil Teodoro sa University of Santo Tomas Publishing House, Genevieve Asenjo sa Balangay Books, at John Barrios sa University of the Philippines Press.

Sa kabila ng masigasig na pagsusumikap ng mga organisador, nananatiling malaking hamon ang kakulangan ng pondo upang ganap na maisakatuparan ang kanilang mga programa. Higit itong lumilitaw sa kontekstong ang pangunahing pinagkukunan lamang ng suporta ay sa National Commission for Culture and the Arts (NCCA) at National Book Development Board (NBDB), na kapwa nag-aalok ng limitado at kompetitibong grant.

Makikita rito ang isang malalim na suliraning estruktural sa larang ng panitikan at sining: ang labis na pagdepende sa ilang institusyong may restriktibong mekanismo ng pagpopondo. Dahil dito, nagiging pansamantala at di matatag ang implementasyon ng mga programa, at nalilimitahan ang kakayahan ng mga organisador na magplano ng pangmatagalang inisyatiba.

Hindi rin sapat na ituring ang kakulangan sa pondo bilang logistical na problema lamang. Sa halip, dapat itong unawain bilang indikasyon ng mas malawak na isyu ng kakulangan ng sistematikong suporta para sa mga lokal at independiyenteng proyektong pampanitikan. Sa ganitong lente, ang hamon ay hindi lamang kung paano makakakuha ng grant, kundi kung paano makabuo ng mas sustenableng modelo ng operasyon—kabilang ang dibersipikasyon ng pinagkukunan ng pondo, paglinang sa komunidad ng tagasuporta, at paglikha ng alternatibong espasyo para sa produksiyon at distribusyon ng panitikan.

Sari-sari Bookstore sa Barangay : Pagpapalaganap ng Aklat sa Malalayong Komunidad ng Iloilo

Sa pagsiklab ng pandemya, naparalisa ang lahat ng pisikal na distribusyon ng libro sa bansa, at sa loob ng dalawang taon, walang book fair na ginanap sa mga mall. Gayunpaman, mabilis na nakapag-adapt ang Iloilo Mega Book Fair (IMBF) at lumipat sa isang birtuwal na plataporma, kung saan inilunsad ang pagbebenta ng mga libro sa Lazada, isang online marketplace na lalo pang sumikat noong panahong iyon. Ang digital shift na ito ay nagdala ng ilang estratehikong bentahe: Una, nagbigay ito ng mas malawak na akses sa mga mambabasa, anuman ang kanilang lokasyon; ikalawa, nakatipid ang mga organisador sa malalaking gastusin

na karaniwang nauugnay sa mga pisikal na book fair, tulad ng renta sa venue, kagamitan, at teknikal na set-up—mga hadlang na madalas nagpapabigat sa mga independiyenteng organisador, lalo na sa mga rehiyon. Bukod dito, dahil online ang book fair, naging mas madali para sa mga kilalang manunulat at eksperto sa industriya ng libro—tulad nina Neni Sta. Romana Cruz, Ani Almario, Frances Ong, Luis Gatmaitan, Rey Bufi, Eugene Evasco, at Jessica Zafra—na magbahagi ng kanilang kaalaman sa mas malawak na audience.

Sa kabila ng mga hamon ng pandemya, patuloy na isinulong ng IMBF ang adbokasiya nitong gawing mas aksesible ang pagbabasa sa lahat. Noong 2020, inilunsad nito ang Sari-sari Bookstore sa Barangay,¹¹ isang makabago at natatanging programa na nagdadala ng mga libro sa maliliit at mahihirap na komunidad, na mga lugar na bihirang maabot ng mga aklat na karaniwang matatagpuan lamang sa mga mall o book fair. Isang pangunahing inobasyon ng programang ito ay ang paggawa ng mga bersiyong zine ng mga librong pambata na ipinapamahagi nang libre sa mga sari-sari store. Isinasabit ang mga zine, chapbook, at iba pang materyales sa pagbabasa upang madaling maakses ng mga bata, kaya’t mas nagiging abot-kamay sa kanila ang pagbabasa. Sa unang dalawang taon, nakarating na ang programa sa iba’t ibang barangay, kabilang ang Barangay Bayag Sur, Leon, Iloilo; Barangay Singay at Barangay Bangac, Mina, Iloilo; Barangay Punong, Lungsod Passi, Iloilo; Sigangao Elementary School, Zarraga, Iloilo; Sitio Kati-Kati, Barangay San Miguel, Jordan, Guimaras; at Barangay South San Jose, Molo, Lungsod Iloilo.

Naging posible ang inisyatibang ito sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan (LGU), pakikipag-ugnayan sa mga kapitan ng barangay, at pagkuha ng suporta mula sa mga volunteer teacher mula sa mga reading clinic at center sa barangay, na tumulong sa pagtukoy sa mga batang nangangailangan ng mas malawak na exposure sa mga aklat. Nagbigay rin ng mga donasyong libro ang Book Nook ng National Book Development Board at ang Aklat Alamid mula sa Mindanao. Sa pamamagitan ng Sari-sari Bookstore sa Barangay, nabigyan ng IMBF ang mga batang walang kakayahang pumunta sa mall ng pagkakataong makapagbasa ng de-kalidad na mga libro. Layunin ng programang ito na hikayatin ang mga bata at kanilang mga magulang na magtayo ng sariling reading corner sa kanilang mga tahanan upang mapalaganap ang kultura ng pagbabasa sa loob ng pamilya. Naniniwala ang IMBF na mas magiging malapit ang mga bata sa pagbabasa kung sila ay lumalaki sa isang kapaligirang napapalibutan ng mga aklat, kaya’t patuloy nitong pinalalakas ang mga inisyatibang naglalayong gawing bahagi ng pang-araw-araw na buhay ang pagbabasa sa bawat tahanan.

Ngunit hindi rin naging madali para sa grupo ang ganitong uri ng gawaing kultural (cultural work.) Ang pag-mount ng mga programa at ang pagpunta sa iba't ibang lugar ay hindi lamang nangangailangan ng oras at lakas, kundi nagdadala rin ng kongkretong gastusin. Bukod sa pagbili ng mga aklat, kinakailangan ding isaalang-alang ang pagkain para sa mga bata pagkatapos ng storytelling sessions— isang praktikal na detalye na madalas naisasantabi sa pangkalahatang pagsusuri ng proyekto.

Ipinapakita nito ang tensiyon sa pagitan ng aspirasyon at materyal na kondisyon: Ang malikhain at edukasyonal na layunin ay palaging nakatali sa limitasyon ng pondo. Ang ganitong karanasan ay nagbibigay-aral sa mga manunulat at organisador na ang matagumpay na cultural work ay hindi lamang nakasalalay sa kalidad ng nilalaman kundi pati na rin sa planadong logistics at sustenableng pamamahala ng resources. Ang simpleng akto ng pagbibigay-kaalaman sa mga bata ay nagiging isang komplikadong interbensiyon sa pamayanan, na nangangailangan ng malinaw na estratehiya sa parehong edukasyon at praktikal na aspekto ng proyekto.

Manggad sang Banwa : Paglawig ng Panitikang Kanlurang Bisayas sa Digital at Print

Sa parehong taon na dumaranas ng pandemya ang Pilipinas, nakipagtulungan ang mga manunulat mula sa Kanlurang Bisayas sa Kasingkasing Press at sa Manila International Book Fair (MIBF) upang ilunsad ang Manggad sang Banwa:¹² Grand eBook Launch ng Kasingkasing Press at The Indie Publishers Collab PH noong 24 Nobyembre 2020. Ang makasaysayang inisyatibang ito ay nagbigay-daan sa paglilimbag at pagpapalaganap ng 40 eBook sa buong bansa, kabilang ang *Restless Until I Find You* ni Amelina Ambong; *Biktima sang Gyera kag iban pa nga mga sugilanon* ni Maria Luisa Defante-Gibraltar; *Sa Init kang Disyerto: Mga Binalaybay* ni Nestor Cancan, Jr.; *Paglagas kang Handum: Mga Binalaybay* ni Ma. Felicia Flores; *My Heart Is Laundry: Poems in English Translated in Kinaray-a*; *Juan Huwaran: Sinanto Pangbata* at *Ang Bubon Kang Mga Sugidanun* ni Linda Arnaez-Lee; *Mag-Rally Kita!* nina Noel de Leon at June Ivan Gumban; *Klaro na Masyado: Poems in Tacurong and Cabacan Tagalog* ni Gerald Galindez; *Astig nga Askal: A Visual Art Story Book* nina Ma Rosalie Zerrudo at Ma Margarita Chavez; *Panglugayawan: Mga Binalaybay kang Gugma kag Handurawan* ni Elsed Togonon; *Abril kag Mayo: Mga Tulang Pambata sa Kinaray-a (May Salin sa*

Filipino) ni Norman Darap; *Vinette of Voyages: Poems* ni Elvie Victornette Razon-Gonzales; *pag-ibig sa panahon ng pandemic* ni John Iremil Teodoro; *Patay, Pautwas: Mga Binalaybay sa Kinaray-a* ni Macky Torrechilla; *and then there was awe (and a chuckle)* nina Kristine Buenavista at Marrz Capanang; *Talkingthings* ni Melecio Turao; *Handum kag Dumut: Duha ka Screenplay sa Kinaray-a* ni Manuel Magbanua, Jr.; *Angel's Feathers: Poems from Aklan* ni Alrom Christian Ricafuente; *Bagtik: Original Kinaray-a Music* ni Mark Dela Gracia; *undelivered gift: essays* ni Hercharme Demegillo; *Mga Kuwento ni Juana/Cuentos de Juana: Narraciones Malayas de Las Islas Filipinas* ni Felino S. Garcia, Jr.; *Kurit Iloilo: A Visual Story Art Book* nina Ma Rosalie Zerrudo at Maria Clarisse Jaro; *Ang Buka nga Landong: Mga Bag-o nga Binalaybay* ni Alain Russ Dimzon; *Kinhas: Mga Sinwat sa Sinultihan sang Santa Fe, Isla sang Bantayan* inedit ni Jessrel Gilbuena; *Kat Nagpamaeaybay Ro Panumduman it Unga* ni Lari Sabangan; *Hexopus: The Six-limbed Lad* ni Charles Dominic Sanchez; *Tumandok: Nobela sa Hiligaynon* ni Jesus Insilada; *2020 and Other Poems* ni Jose Anthony Gerard Muyco; *Dramatero: Duha ka Kontemporari nga Drama sa Hiligaynon* ni Fundador Tipon II; *The Good Kind of Shortage (Sort of)* ni Cris Vinson; *Balayon Ko Ang Banwa: Mga Binalaybay* ni Erwin Sustento; at marami pang iba. Sa unang pagkakataon, naging mas madaling maabot ng mga mambabasa mula sa iba't ibang bahagi ng bansa ang mga akdang mula sa Kanlurang Bisayas sa pamamagitan ng digital na distribusyon.

Ang proyektong ito ay nagsilbing huwaran sa pagpapalaganap ng ebooks gamit ang mga online platform tulad ng Lazada, isang estratehiya na kalaunan ay ginamit din ng maraming independiyenteng manunulat at tagapaglathala. Bagama't nagbukas ito ng mas malawak na oportunidad sa larangan ng paglalathala, kaakibat nito ang ilang hamon. Kinailangang tiyakin ang malinaw na kasunduan sa pagitan ng mga publisher at may-akda upang maprotektahan ang kanilang intelektuwal na pag-aari. Mahigpit ding ipinatupad ang pagsunod sa mga batas ng copyright upang maiwasan ang di-awtorisadong pamamahagi o pag-upload ng mga akda online. Sa kabila ng mga hamong ito, naging matagumpay ang proyekto sa pagpapalawak ng saklaw at mambabasa ng panitikang mula sa Kanlurang Bisayas.

Isa sa pinakamalaking pagsubok para sa Kasingkasing Press at sa mga lumahok na manunulat ang paglilimbag ng mga ebook sa pisikal na anyo. Sa paglipas ng mga taon, sinimulan ang paglalabas ng mga edisyong print, at napansin ng parehong may-akda at tagapaglathala na marami pa ring mambabasa ang mas gustong humawak ng pisikal na aklat. Nang mailabas ang ilang print edition sa sumunod na taon, agad itong tinangkilik ng publiko, na nagpatibay sa pangangailangang pagsabayin ang digital at tradisyonal na paglalathala.

Habang unti-unting bumabalik sa normal ang industriya ng publishing at muling ginaganap ang iba’t ibang book fair sa bansa, nanatiling mahalaga ang patuloy na paggamit ng online platforms upang mapalawak ang distribusyon ng mga akda. Dahil sa tagumpay ng Manggad sang Banwa, ninais ngayon ng mga tagapaglathala at mga manunulat na bahagi ng proyekto na tuklasin ang posibilidad ng paglikha ng mga audiobook bilang karagdagang format upang mas palawakin pa ang saklaw ng panitikang Kanlurang Bisayas at maabot ang mas marami pang mambabasa sa makabagong panahon.

Ang umiiral na online infrastructure para sa pagpapalaganap ng libro ay hindi nag-aalok ng agaran o pangmatagalang solusyon sa distribusyon, sapagkat nananatiling mahina ang legal na proteksiyon para sa mga manunulat sa digital na espasyo. Sa kasalukuyan, ang batas ay hindi pa ganap na tumutugon sa mga hamon ng online copyright enforcement—o, sa mas matapang na paglalarawan—wala pang ngipin ang mga ahensiya upang epektibong ipagtanggol ang karapatan ng mga manunulat laban sa piracy at di-awtorisadong paggamit.

Ipinapakita nito ang limitasyon ng mga digital platform bilang simpleng kasangkapan sa pagpapalaganap ng panitikan. Bagaman nagbibigay ang internet ng mas malawak na abot, ang kakulangan ng proteksiyong legal ay lumilikha ng precarity; ang pag-akses sa akda ay hindi garantiya ng benepisyo para sa manunulat. Ang hamon, samakatuwid, ay hindi lamang teknikal o logistical kundi institusyonal at legal—isang paalala na ang epektibong online na ekosistemang pampanitikan ay nangangailangan ng parehong makabagong plataporma at matibay na proteksiyong legal upang tunay na mapanatili ang karapatan at kabuhayan ng mga lokal na manunulat.

Iloilo Children’s Book Fair at ang Kinabukasan ng Aklat para sa Kabataan

May matinding pangangailangang bigyang-prioridad ang pagpapalaganap ng mga librong pambata—isang paniniwalang mariing sinusuportahan ng mga tagapag-organisa ng IMBF. Batay sa karanasan ni Wayne Lester Ballador,¹³ na nagsilbing program coordinator ng Iloilo Mega Book Fair sa loob ng anim na taon, mahalagang magkaroon ng isang hiwalay na book fair na nakatuon lamang sa panitikang pambata sa Kanlurang Bisayas. Sa pamamagitan ng hakbang na ito,

naibibigyang-diin ang pag-usbong ng panitikang pambata, habang binibigyang-daan ang masusing pagsusuri sa kasalukuyang direksiyon ng pagsulat at paglalathala para sa mga bata sa rehiyon. Ayon kay Ballador, tunay na naipapakita ng isang tagapag-organisa ng book fair ang kanyang malasakit sa panitikang pambata kung may espasyo upang talakayin ang mga tagumpay at hamon sa larang na ito, lalo na sa natatanging konteksto ng Kanlurang Bisayas.

Bilang tugon sa pananaw na ito, pormal na inilunsad ang Iloilo Children’s Book Fair (ICBF) sa Lungsod Iloilo noong Nobyembre 2024. Layunin nitong itampok ang mga librong pambata na nakasulat sa Hiligaynon, Kinaray-a, at Akeanon—mga wikang madalas na naiiwan sa gilid ng malalaking book fair sa lungsod. Mahalaga ang ganitong maingat na piniling pagtitipon sapagkat nagkakaroon ng pagkakataon ang mga bata na ipahayag ang kanilang opinyon at pumili ng mga librong naaayon sa kanilang interes nang walang pangamba mula sa mga magulang na maaaring mabahala sa presensiya ng mga aklat na hindi angkop sa edad ng kanilang anak sa malawakang seleksiyon ng pangkalahatang book fair. Higit pa rito, nagiging daan ang book fair para sa aktibong ugnayan ng mga tagapaglathala, kung saan napag-uusapan ang mga posibilidad ng pagpapalawak ng panitikang pambata sa pamamagitan ng pagsusuri sa iba’t ibang aspekto ng pagsulat, paglalathala, marketing, at distribusyon. Sa pamamagitan ng mga inisyatibang tulad nito, nilalayon ng ICBF na lumikha ng isang masiglang ekosistema para sa panitikang pambata sa rehiyon, na magtitiyak sa patuloy nitong pag-unlad at mas malawak na akses para sa mga batang mambabasa.

Sa pagdaan ng ilang iterasyon, makikita ang malinaw na pag-unlad ng proyekto. Lumawak at dumami ang mga publisher na nakilahok, nagkaroon ng mas seryosong pagtutok sa paglalathala ng mga librong pambata, at dumami ang mga palihan para sa mga ilustrador ng pambatang libro. Bukod dito, isinagawa rin ang pagsasalin ng mga akdang nakasulat sa mga wikang rehiyonal tungo sa Filipino at Ingles, na naglalayong palawakin ang abot at aksesibilidad ng panitikan.

Ang mga pagbabagong ito ay hindi lamang pagpapakita ng dami at lawak ng partisipasyon kundi isang indikasyon ng mas sistematikong pag-unlad sa ekosistema ng panitikang pambata. Ipinapakita nito ang halaga ng iteratibong proseso: Ang pagkatuto mula sa bawat yugto ay nagbubukas ng oportunidad para sa mas inklusibo at propesyonal na produksiyon, mula sa malikhaing kolaborasyon hanggang sa pagpapalaganap ng mga teksto sa mas malawak na mambabasa. Gayunpaman, ang paglago sa dami at lawak ay dapat sabay na sinusuportahan ng sustenableng modelo sa distribusyon at proteksiyon ng karapatan ng manunulat upang matiyak ang pangmatagalang epekto ng mga hakbang na ito.

LiteraTour: Pagbisita sa mga Bahay at Puntod ng mga Manunulat

Ang Literary Tour¹⁴ o LiteraTour ay isang mahalagang bahagi ng Iloilo Children's Book Fair (ICBF) na nagbibigay ng natatanging karanasan sa pamamagitan ng pagbisita sa mga tahanan ng kilalang manunulat mula sa Iloilo. Higit pa sa paggalugad sa mga makasaysayang bahay, ang mga kalahok ay naglalaan din ng oras upang magbigay-galang sa mga yumaong manunulat sa pamamagitan ng pagdalaw sa kanilang puntod, pagsisindi ng kandila, at pag-aalay ng mga bulaklak bilang pagpapakita ng respeto.

Isang mahalagang aspekto ng LiteraTour ang pagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa kasaysayan ng panitikan sa pamamagitan ng maiikling talakayan sa loob ng bus. Dito, nagbabahagi ng kanilang kaalaman at pananaw ang mga manunulat, kritikong pampanitikan, at guro ng literatura tulad nina Dr. John Iremil Teodoro ng De La Salle University, Dr. Isidoro Cruz ng University of San Agustin, Prop. Dulce Maria Deriada ng Unibersidad ng Pilipinas Visayas, at Gng. Agnes Espano-Dimzon. Ang kanilang mga diskusyon ay nagpapayaman sa karanasan ng mga kalahok habang binibigyang-konteksto ang buhay at ambag ng mga manunulat na bahagi ng tour.

Ang LiteraTour ay hindi lamang isang paglalakbay sa mga pisikal na lugar kundi isang personal at makulay na pakikipagtagpo sa panitikan. Dito, may pagkakataon ang mga kalahok na makilala ang mga iskolar at mananaliksik na matagal nang nag-aaral sa buhay at akda ng mahahalagang manunulat sa rehiyon, tulad nina Pambansang Alagad ng Sining na si Ramon Muzones, Magdalena Jalandoni, at Leoncio Deriada. Sa pamamagitan ng mga kuwento at karanasan ng mga manunulat, nagiging inspirasyon ang kanilang buhay sa kasalukuyang henerasyon ng mambabasa at manlilikha.

Bahagi rin ng tour ang pagbisita sa personal na koleksiyon at aklatan ng mga manunulat sa kanilang tahanan, pati na rin ang pagsiyasat sa mga lumang aklatan at natatanging koleksiyon na kanilang inipon sa paglipas ng panahon. Kasabay nito, dinadalaw rin ang mga lokal na tindahan ng aklat na nagbebenta ng mga akda ng mga manunulat mula sa rehiyon, kung saan maaaring matuklasan ang bihirang kopya ng mga aklat na madalas nang hindi matatagpuan sa mga pangunahing pamilihan ng libro sa bansa.

Ang LiteraTour ay hindi lamang isang inisyatiba upang ipakita ang yaman ng panitikang rehiyonal kundi isang mabisang paraan upang itaguyod ang patuloy na pagpapahalaga sa panitikan. Sa pamamagitan ng ganitong mga aktibidad, nagkakaroon ng koneksiyon ang mga ordinaryong mambabasa sa mga iskolar at tagapagtaguyod ng panitikan, habang naitatampok ang halaga ng pangangalaga sa mga akdang maaaring maging inspirasyon ng kasalukuyan at hinaharap na henerasyon.

Dinadaluhan ang literary tour na ito hindi lamang ng mga bata kundi pati na rin ng nakatatanda, lalo na yaong may malinaw na interes sa lokal na panitikan. Kapansin-pansin ding may mga kalahok na hindi pa ganap na pamilyar sa ganitong uri ng gawain—mga dumadalo dahil sa simpleng kuryosidad kung ano nga ba ang nagaganap sa loob ng isang literary tour.

Ang ganitong uri ng partisipasyon ay nagpapakita ng potensiyal ng literary tour bilang isang bukás na espasyo ng pagkatuto at pakikipag-ugnayan. Gayunpaman, nagbubukas din ito ng tanong hinggil sa lalim ng engagement ng mga kalahok: Hanggang saan nagiging makabuluhan ang kanilang karanasan, at paano ito nasusustena lampas sa mismong event? Ang presensiya ng mga naku-curious na kalahok ay maaaring basahin bilang indikasyon ng lumalawak na interes, ngunit maaari ding magpahiwatig ng kakulangan sa mas sistematikong audience development.

Sa ganitong lente, ang hamon sa mga organisador ay hindi lamang paramihin ang dumadalo kundi paigtingin ang kalidad ng partisipasyon—mula sa panimulang kuryosidad tungo sa mas malalim na pag-unawa at patuloy na pakikilahok sa lokal na panitikan.

Pagpapalakas ng Panitikang Rehiyonal: Ang Papel ng mga Palihan at Inisyatiba sa Kanlurang Bisayas

Mahalagang kilalanin ang mga naunang inisyatiba sa panitikan na nagkaroon ng malaking ambag sa patuloy na pag-unlad ng panitikang Filipino, partikular sa Kanlurang Bisayas. Isa sa pinakamahalagang papel na ginampanan ng mga ito ay ang pagtataguyod ng mga palihan sa pagsulat, na nagsisilbing tagapanday ng maraming henerasyon ng manunulat. Dalawang mahahalagang halimbawa nito ay ang Iyas National Writers Workshop¹⁵ na taunang ginaganap sa Bacolod, at ang San Agustin Writers Workshop¹⁶ na isinasagawa sa Iloilo. Ang dalawang

prestihiyosong palihang ito, na nakabase sa mga pangunahing unibersidad sa kanilang mga lungsod, ay naging mahalagang puwersa sa patuloy na paglikha ng mga akdang nakasulat sa mga rehiyonal na wika.

Sa *Iyas Anthology 2001-2010* na inilathala ng University of St. La Salle sa Lungsod Bacolod, binigyang-diin ng direktor ng proyekto na si Dr. Elsa Victoria Coscolluela na patuloy na ginagampanan ng Iyas bilang isang pambansang palihang nakabase sa rehiyon ang tungkulin nitong palakasin at pagyamanin ang panitikan ng Kanlurang Bisayas. Itinutuloy nito ang legasiya nina Pambansang Alagad ng Sining Cirilo Bautista at Dr. Isagani Cruz, na may malasakit sa pagpapayabong ng panitikang nakasulat sa Cebuano, Hiligaynon, Kinaray-a, Filipino, at Ingles. Pinatunayan ng kanilang adbokasiya ang kahalagahan ng panitikang rehiyonal sa pagbubuo ng isang mas inklusibo at mayamang literatura sa bansa.

Gayunpaman, sa mga nagdaang taon, tumigil sa paglilimbag ang *San Ag Literary Journal*, na dating kaakibat ng San Agustin Writers Workshop at ng Fray Luis de Leon Creative Writing Institute. Dahil sa hindi na pagbibigay-prioridad ng University of San Agustin sa paglalaan ng pondo para sa nasabing journal, nagkaroon ng malaking puwang sa publikasyon ng mga antolohiya sa Kanlurang Bisayas, lalo na sa Lungsod Iloilo. Ang kawalan nito ay nakaapekto sa potensiyal na paglago ng lokal na industriya sa publishing, na sana’y higit pang nakapagtaguyod ng panitikang rehiyonal.

Sa kabila ng hamong ito, patuloy na may mga inisyatibang sumusuporta sa panitikan ng Kanlurang Bisayas. Isa na rito ang Dungug Kinaray-a¹⁷ sa Antique, na nagbibigay ng libheng palihan sa mga manunulat na nais paghusayin ang kanilang kasanayan sa pagsulat sa Kinaray-a. Ganito rin ang layunin ng Bantugan sa Panulatan Kinaray-a Kahirupan Bantugan sa Pagsulat sa Kinaray-a,¹⁸ na kapwa naglalayong tuklasin at gabayan ang mga bagong manunulat sa kanilang katutubong wika. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay at paghubog sa mga manunulat, naniniwala ang mga grupong ito na mapapanatili at mapapalago ang tradisyon ng panitikang rehiyonal—isang mahalagang hakbang sa pagpapanatili at pagdiriwang ng tinig ng mga manunulat mula sa rehiyon tungo sa pambansang literatura.

May isang makabuluhan at kapuri-puring inisyatibang pampalihan ang Hubon Manunulat—ang Pagsulat-Duag—kung saan inilalapit ang palihan sa mga eskinita at depressed areas sa loob at labas ng Lungsod Iloilo. Sa ganitong paraan, sinisikap nitong kumawala sa nakasanayang modelo ng palihan na kadalasang nakasentro sa malalaking unibersidad at pormal na espasyo.

Mahalaga ang ganitong inisyatiba sapagkat hinahamon nito ang elitistang estruktura ng produksiyon ng kaalamang pampanitikan. Ang pagdadala ng palihan sa mga komunidad na madalas naisasantabi ay hindi lamang usapin ng aksesibilidad, kundi isang politikal na hakbang tungo sa demokratisasyon ng panitikan—pagkilala na ang malikhaing pagsulat ay hindi dapat manatili sa loob ng akademya.

Gayunpaman, hindi rin dapat manatili sa romantisadong pagbasa ang ganitong proyekto. Mahalaga ring suriin kung paano nasusustena ang ganitong uri ng outreach: Sapat ba ang suporta sa mga kalahok matapos ang palihan? May malinaw bang mekanismo upang maipagpatuloy ang kanilang paglinang bilang manunulat? At paano naiiwasan na maging panandaliang interbensiyon lamang ang ganitong gawain?

Sa ganitong pagbasa, ang Pagsulat-Duag ay isang mahalagang hakbang sa pagbubukas ng panitikan sa mas malawak na publiko, ngunit nananatiling hamon ang pagtiyak na ang ganitong inklusibong espasyo ay may pangmatagalang epekto at hindi lamang episodikong proyekto.

Mga Patimpalak, Inisyatiba, at Pagtangkilik sa Lokal na Kultura

Ang mga patimpalak pampanitikan tulad ng Padya Dungug Kinaray-a at Bantugan sa Panulatan Kinaray-a sa Antique, pati na rin ang Premyo Hubon Manunulat¹⁹ at Leoncio P. Deriada Literary Prize²⁰ sa Iloilo, ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng panitikan sa Hiligaynon at Kinaray-a. Ang mga prestihiyosong patimpalak na ito ay kumikilala sa mga natatanging akdang pampanitikan sa iba't ibang genre tulad ng maikling kuwento, tula, dula, malikhaing sanaysay, at nobela. Mahalaga ang mga ito bilang mga puwersang nagtutulak sa patuloy na pag-unlad ng panitikan sa Kanlurang Bisayas, na nagbibigay ng plataporma para sa mga bagong manunulat at pati na rin sa mga itinatag nang manunulat upang maipakita ang kanilang galing at mag-ambag sa mayamang pamana ng kultura ng rehiyon.

Bukod dito, ang Komposo Festival,²¹ na nasa ikalawang taon na nito, ay isang natatanging pakikipagtulungan sa pagitan ng Hubon Manunulat at ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA). Isang kakaibang patimpalak ito kung saan ang mga manunulat ay gumagawa ng orihinal na komposisyon na inaawit bilang isang pagtatanghal. Ang mga palihan ng festival, na pinangunahan ni Dr. Alice Tan Gonzales, ay nag-aalok ng lektiyr tungkol sa kasaysayan ng komposo sa Kanlurang Bisayas at nagtuturo sa mga kalahok kung

paano magsulat ng mga piyesa para sa patimpalak. Ang inisyatibang ito ay hindi lamang nagbabalik-buhay sa tradisyonal na anyo ng komposo kundi pinapalawak din nito ang ugnayan ng panitikan at musika, na nagtataguyod ng mas malalim na pagpapahalaga sa kultura ng rehiyon.

Gayundin, matagumpay na inilunsad ng Kasingkasing Press ang Flash Fiction Competition sa Hiligaynon, Kinaray-a, at Akeanon, na nagdadagdag sa interes ng publiko sa panitikan sa rehiyon. Ang patimpalak na ito ay nakakuha ng mga kalahok mula sa labas ng komunidad ng mga manunulat, kabilang ang mga hindi manunulat na nagnanais ding makilahok sa proseso ng pagsusulat. Ang mga ganitong inisyatiba ay nagbibigay ng mahahalagang pagkakataon para sa mga lokal na manunulat na paunlarin ang kanilang kakayahan habang hinihikayat din ang publiko na yakapin ang sariling pamana sa panitikan.

Samantala, ang prestihiyosong Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature ay matagal nang naging mahalagang hakbang sa mga karera ng mga Filipino na manunulat. Ang pagsasama ng categoryang Short Story in Hiligaynon ay isang mahalagang hakbang sa pagkilala sa panitikan ng rehiyon. Gayunpaman, naniniwala ang mga manunulat mula sa Kinaray-a at Akeanon na ang pagpapalawak ng mga categorya ng Palanca upang isama ang mas maraming wikang rehiyonal ay higit pang magpapalakas sa kahalagahan at pagiging inklusibo ng patimpalak. Isang magandang halimbawa ng ganitong lapit ay ang Gawad Bienvenido Lumbers²² ng NCCA at National Committee on Literary Arts, na kumikilala sa mga akda sa mga pangunahing wikang rehiyonal, kaya't nagtataguyod ng mas malawak at mas inklusibong paraan ng pagbibigay-pugay sa mga magkakaibang tradisyon ng panitikan sa Pilipinas.

Iloilo: Lungsod ng Literatura at Pagbabasa

Ang Iloilo, #TheCityThatReads: Literary Roadmap (2025-2029) ay isang inisyatibang naglalayong labanan ang pagbaba ng interes sa pagbabasa ng mga libro, partikular sa mga kabataan, batay sa NBDB Readership Survey.²³ Layunin ng roadmap na ito na muling pasiglahin ang kultura ng pagbabasa sa Iloilo sa pamamagitan ng mga estratehiyang nakatuon sa pagpapalawak ng akses sa mga dekalidad na aklat, lalo na sa mga maralitang sektor tulad ng kabataan at matatanda na labis na naapektuhan ng pandemya. Nais nitong matiyak ang patuloy na akses sa literatura para sa lahat at itampok ang kahalagahan ng panitikan sa pagpapalakas ng ating kakayahan sa pagharap sa mga hinaharap na krisis.

Ang unang bahagi ng roadmap, na magsisimula sa 2025, ay nakatuon sa pagpapalakas ng mga pakikipagtulungan sa mga institusyong pang-akademya,

ahensiya ng gobyerno, at lokal na komunidad upang lumikha ng makatarungan at pangmatagalang inisyatiba para sa pagbabasa. Kasama rito ang pagtatatag ng All Filipino Bookstore, isang kultural na sentro para sa mga manunulat at mambabasa, at ang pagpapalawig ng mga programa sa pagbabasa sa mga barangay, lalo na sa mga hindi naaabot ng mga serbisyo. Layunin ng mga hakbang na ito na magtaguyod ng isang matibay na ekosistema ng panitikan, pinagsasama ang lokal na publishing at komunidad upang magbigay ng mga libro at materyales sa pagbabasa sa lahat.

Sa 2026, ang tuon ng kampanya ay pagpapalakas ng akademikong paglathala sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga university press at isang komprehensibong katalogo ng mga karapatan sa mga aklat mula sa Kanlurang Bisayas. Hindi lamang nito susuportahan ang akademikong at literaryong pag-unlad ng rehiyon kundi ipapalaganap din ang mga akda mula sa Kanlurang Bisayas sa pandaigdigang entablado sa pamamagitan ng pagsasalin at distribusyon. Ang pagpapakita ng mga akdang mula sa Iloilo sa mga prestihiyosong international book fair ay magbibigay-daan upang makilala ang mga lokal na manunulat at kanilang mga akda sa mas malawak na audience.

Sa 2027, ang Western Visayas Writers Congress ay magiging isang mahalagang plataporma para sa mga kabataang manunulat, artista, at mga prodyuser ng kultura mula sa buong rehiyon. Ang kongresong ito ay magsisilbing pagkakataon upang itanghal ang mga bagong boses at magbigay ng espasyo para sa kanilang mga inisyatiba sa pagsusulat, paglathala, at copyright. Kasabay nito, ang kampanya ay mag-oorganisa ng mga proyekto tulad ng mga mobile library, mga palihan sa pagsusulat, at mga digital publishing initiative upang mapalawak ang abot ng literatura sa mga rural na komunidad at iba't ibang audience.

Sa 2028, ilulunsad ang Literary Mapping Projects, isang komprehensibong proyekto na magdodokumento at magpapakilala sa mga lokal na manunulat sa pamamagitan ng isang Writers' Directory at Literary Map ng Lungsod Iloilo. Kasama ng mga proyektong ito, ipakikilala ang mga bagong inisyatiba tulad ng Author Residency Programs, Literary Retreats, at Literary Roadshows na magdadala ng literatura sa mga pamayanan, lalong-lalo na sa mga lugar na hindi tradisyonal na pinaglalagian ng mga kultural na aktibidad. Magbibigay ang mga programang ito ng pagkakataon para sa mga manunulat na makipag-ugnayan at magbahagi ng kanilang malikhaing ideya sa iba't ibang komunidad.

Sa 2029, ang kampanya ay magtatapos sa pamamagitan ng paglathala ng isang antolohiya ng mga kuwento at tula mula sa mga manunulat ng Kanlurang Bisayas bilang isang pagdiriwang ng mga kontribusyon ng mga lokal na manunulat sa

patuloy na paglago ng panitikan at paglalathala sa rehiyon. Kasabay ng paglulunsad ng antolohiya, ilalabas ang literary map ng Lungsod Iloilo na magpapakita ng mga pangalan ng mga manunulat, kanilang mga akda, at mahahalagang lugar tulad ng mga aklatan, museo, at tanyag na bookstore sa Iloilo. Sa pagtatapos ng kampanya, isang komprehensibong ulat ang ilalabas upang ipakita ang mga tagumpay ng nakaraang limang taon at magbigay ng mga hakbang para sa mga susunod na inisyatiba.

Ang roadmap na ito ay hindi lamang isang tugon sa mga hamon ng kasalukuyan kundi isang makabago at matatag na hakbang patungo sa isang masigla at masaganang kultura ng pagbabasa at literatura sa Kanlurang Bisayas. Sa pamamagitan ng pagtutulungan, inobasyon, at patuloy na pamumuhunan sa mga inisyatiba sa panitikan, layunin ng Iloilo, #TheCityThatReads na gawing haligi ng literaryong kahusayan ang rehiyon, na nag-aalok ng akses sa mga aklat at malikhaing oportunidad para sa lahat.

Ang Hamon ng Artificial Intelligence sa #TheCityThatReads

Sa kasalukuyang panahon, isa sa pinakamalaking hamon sa larangan ng panitikan ay ang mabilis na pag-usbong ng artificial intelligence (AI). Ang makabagong AI tools ay may kakayahang bumuo, sumuri, at mag-edit ng halos anumang uri ng teksto—mula sa maikling kuwento, tula, sanaysay, hanggang sa nobela—sa loob ng ilang minuto. Bagama’t nagbibigay ito ng malaking oportunidad para sa mas malawak na produksiyon at eksperimento sa malikhaing pagsulat, nagdudulot din ito ng malalim at komplikadong katanungan hinggil sa orihinalidad, intelektuwal na karapatan, at ang papel ng tunay na boses ng tao sa panitikan.

Sa kontekstong Kanlurang Bisayas at ng kampanyang #TheCityThatReads, ang hamong ito ay nagiging makabuluhang punto ng kritikal na diskurso. Ang mga lokal na inisyatiba, tulad ng Hubon Manunulat, ay hindi lamang nagsusulong ng malikhaing pagsulat sa sariling wika at pagpapalaganap ng panitikan sa rehiyon, kundi maaari ding gamitin ang pagkakataong ito upang suriin at ipaliwanag ang mga limitasyon at implikasyon ng AI sa lokal na panitikan. Halimbawa, paano mapapangalagaan ang mga natatanging boses at karanasan ng mga manunulat mula sa Kanlurang Bisayas kung ang AI ay may kakayahang lumikha ng tekstong maaaring kahalintulad ng gawa ng tao? Ano ang magiging epekto nito

sa pagpapahalaga sa orihinal na malikhaing trabaho, lalo na sa mga bagong manunulat na nagsisimula pa lamang sa kanilang malikhaing landas?

Ang hamon ng AI ay hindi lamang lokal; bahagi ito ng mas malawak na pandaigdigang diskurso kung saan pinag-uusapan ang papel ng teknolohiya sa literatura. Sa buong mundo, maraming akademiko, manunulat, at publisher ang nagbabantay sa posibleng homogenisasyon ng panitikan, kung saan nagiging produktibo ngunit nawawala ang lalim, konteksto, at identidad ng teksto. Ang paggamit ng AI sa pagsusulat ay nagbubukas ng debate tungkol sa etika, copyright, at kung paano matutukoy ang may-akda sa panahong digital. Sa ganitong global na perspektiba, ang #TheCityThatReads ay maaaring magsilbing modelo ng kung paano maaaring balansehin ang teknolohiya at tradisyon: ang paggamit ng AI bilang kasangkapan sa malikhaing pagsulat, ngunit hindi bilang kapalit ng tunay na humanista at lokal na boses sa panitikan.

Sa pamamagitan ng pagsasama ng diskusyon tungkol sa AI sa mga palihan, seminar, at publikasyon ng #TheCityThatReads, nabibigyan ang mga manunulat, lalo na ang kabataan, ng pagkakataon na maging mapanuri at kritikal sa kanilang malikhaing proseso. Hinihikayat silang patatagin ang sariling wika, karanasan, at perspektiba sa kabila ng mabilis na teknolohikal na pagbabago. Sa ganitong paraan, ang kampanya ay hindi lamang tumutugon sa kasalukuyang hamon ng AI, kundi itinataguyod din ang ideya na ang panitikan—lokal man o pandaigdig—ay dapat manatiling produkto ng malalim na karanasan at kritikal na pag-iisip ng tao, hindi lamang ng algorithm.

Kongklusyon

Ipinakikita ng mga natuklasan sa pag-aaral na may malaking potensiyal ang #TheCityThatReads bilang isang makabuluhan at pangmatagalang kampanya sa pagbasa sa Kanlurang Bisayas. Bagama't nauna nang naglatag ng matibay na pundasyon ang mga inisyatiba ng Hubon Manunulat at Kasingkasing Press sa pagpapalaganap ng panitikang panrehiyon at pagpapahalaga sa wika, kinakailangan ang isang mas masaklaw at masusing estratehiya upang matiyak ang pangmatagalang bisa at tagumpay ng kampanyang ito. Ipinakikita ng pagsusuri na bagama't nagtagumpay ang mga naunang hakbang sa pagpapalawak ng kamalayan at pagpapahalaga sa panitikan ng rehiyon, kinakailangang higit pang palakasin ang koordinasyon, institusyonal na suporta, at kolaborasyon sa iba't ibang sektor upang maisakatuparan ang isang mas malawak at ingklusibong kilusan sa literasi.

Sa kabila ng maraming oportunidad para sa tagumpay, nananatili pa rin ang ilang hamon, partikular sa larangan ng koordinasyon at aksesibilidad. Ang ganap na pagsasakatuparan ng #TheCityThatReads ay nangangailangan ng patuloy at sama-samang pagsisikap hindi lamang mula sa mga lokal na pamahalaan kundi pati na rin sa pribadong sektor, mga institusyong akademiko, at iba pang stakeholder sa komunidad. Upang matamo ang ganap na layunin ng kampanyang ito, kailangang ipatupad ang isang mas sistematiko, inklusibo, at kolaboratibong balangkas na nagsasama ng suporta sa polisiya, epektibong pamamahagi ng mga mapagkukunan, at aktibong pakikilahok ng lahat ng sektor. Sa pamamagitan ng pagtataguyod ng kultura ng pagbabasa at pagpapalakas ng produksiyon ng panitikang panrehiyon sa pamamagitan ng isang maayos at pangmatagalang estratehiya, maaaring magsilbing huwaran ang #TheCityThatReads sa pagsusulong ng literasi sa rehiyon—isang kampanyang may kakayahang patatagin ang intelektuwal at kultural na pagkakakilanlan ng Kanlurang Bisayas para sa mga susunod na henerasyon.

Rekomendasyon

Ang pagbuo ng isang komprehensibo at koordinadong estratehiya ay napakahalaga sa pagtataguyod ng isang pangmatagalang kampanyang may mga tiyak na layuning nakatuon sa pagpapalawak ng abot, pagpapalakas ng pagtutulungan, at pagsusulong ng literasi at panitikan. Ang estratehiyang ito ay dapat na maingat na planuhin at isama ang mga kontribusyon mula sa iba’t ibang sektor, kabilang ang mga ahensiya ng gobyerno, mga institusyong pangkultura, at mga lokal na komunidad, upang matiyak ang mas malawak at matatag na epekto. Isang pangunahing bahagi ng estratehiyang ito ay ang pagpapalakas ng mga ugnayan at kolaborasyon, kung saan ang mga pagsisikap ay dapat tumutok sa pagtataguyod ng matibay at kapaki-pakinabang na mga partnership sa pagitan ng mga manunulat, mga institusyong pang-edukasyon, mga tagapaglathala, at mga lokal na pamahalaan. Ang mga ganitong kolaborasyon ay hindi lamang magbibigay-diin sa mga lokal na tinig kundi magtitiyak ding makakatanggap ng sapat na suporta ang mga manunulat upang mapaunlad ang kanilang sining. Sa pamamagitan ng pagbuo ng isang network ng pagkakaisa at kooperasyon, magiging posible ang pagbibigay-kapangyarihan sa mga manunulat, pagpapalago ng kahalagahan ng panitikan, at pagbuo ng isang masigla, inklusibo, at pangmatagalang tanawin ng Literaturang Filipino.

Isang mahalagang sangkap sa tagumpay ng kampanya ang pagpapalakas at aktibong pagsusulong ng mga lokal na publikasyon at plataporma sa panitikan. Mahalagang maglaan ng sapat na pondo at imprastruktura upang suportahan ang mga lokal na manunulat at mga pahayagan, na magsisilbing daan upang mas mapalaganap ang kanilang mga akda at mapataas ang antas ng pagkilala sa panitikan ng rehiyon sa pambansang antas. Ang ganitong uri ng suporta ay hindi lamang magpapalawak ng abot ng mga lokal na akda kundi magtitiyak din sa patuloy na produksiyon nito, na magbibigay ng mga pagkakataon para sa mga talentadong indibidwal sa rehiyon na makilala at pahalagahan sa mas malawak na mambabasa. Sa pamamagitan ng pagbuo ng matibay na ugnayan sa pagitan ng mga lokal na pahayagan, manunulat, at mga plataporma sa panitikan, makakatulong ito sa pagpapaunlad ng isang inklusibo, masigla, at makulay na kultura ng panitikan na may pambansa at internasyonal na abot. Sa mga hakbang na ito, ang lokal na panitikan ay magiging mas makulay at magbibigay ng mas malalim na kontribusyon sa pagyabong ng isang mas dibersipikadong tanawin ng panitikan.

Upang epektibong mapalawak ang saklaw ng kampanya, mahalaga ang pagsasakutuparan ng mga malawakang programa sa pagbabasa sa mga paaralan, mga aklatan, at mga pampublikong lugar. Ang mga programang ito ay hindi lamang dapat magtuon sa pagpapahalaga sa pagbabasa, kundi pati na rin sa pagpapalaganap ng pagpapahalaga sa mga wika, kultura, at kuwento ng rehiyon. Sa pamamagitan ng pagsasama ng mga lokal na naratibo at pamana ng wika sa mga inisyatibang ito, mapapalawak ang kamalayan sa kultura ng komunidad, at mapapalalim ang pag-unawa sa mayamang literaturang mula sa rehiyon. Ang mga ganitong hakbang ay hindi lamang magpapalakas sa mga gawi ng pagbabasa, kundi magpapalago rin ng pagpapahalaga at pagmamalaki sa mga tradisyong pampanitikan ng rehiyon, na magdudulot ng pangmatagalang epekto sa mga susunod na henerasyon.

Mahalagang palawakin ang mga inisyatibang naglalayong pagyamanin ang kasanayan ng mga baguhang manunulat at mga mahilig sa panitikan upang mapalakas ang isang masiglang komunidad ng panitikan. Kabilang dito ang masusing mga palihan sa pagsulat, estrukturadong programa sa mentorship kasama ang mga batikang manunulat, at pampublikong pagbasa na nagsisilbing plataporma para sa malikhaing pagpapahayag. Sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga ganitong oportunidad, maaaring isulong ang patuloy na pag-unlad, inobasyon, at kolaborasyon sa loob ng ekosistemang pampanitikan, na magtitiyak

na ang mga nagsisimulang manunulat ay makatatanggap ng kinakailangang gabay, pagkilala, at suporta upang mapaghusay ang kanilang sining at makapag-ambag nang makabuluhan sa panitikang rehiyonal.

Sa pamamagitan ng mga estratehikong inisyatibang ito, may kakayahan ang #TheCityThatReads na maging isang makapangyarihang simbolo ng pagsusulong ng literasi, intelektuwal na pag-unlad, at pagmamalaki sa kultura ng Kanlurang Bisayas. Sa pagpapalakas ng isang masigla at ingklusibong ekosistema ng panitikan, maaaring magbigay-inspirasyon ang kampanyang ito hindi lamang sa kasalukuyang mga residente kundi pati na rin sa mga susunod na henerasyon upang yakapin at ipagmalaki ang kanilang wikang katutubo at pamana ng panitikan. Sa huli, ang tagumpay ng inisyatibang ito ay nakasalalay sa patuloy na kolaborasyon, suporta ng mga institusyon, at aktibong pakikilahok ng komunidad. Habang patuloy na lumalago ang #TheCityThatReads, maaari itong magsilbing isang huwarang modelo para sa pagpapaunlad ng panitikang panrehiyon—isang kampanyang nagtataguyod ng kultura ng pagbabasa, nagbibigay-lakas sa mga manunulat, at nagpapatibay ng kolektibong pagkakakilanlan sa panitikan ng Kanlurang Bisayas sa hinaharap.

Mga Talâ

- 1 Para higit na makilala si Dr. Leoncio P. Deriada bilang Ama ng Kontemporaneong Panitikan ng Kanlurang Bisayas, basahin ang pananaliksik ni Ferdinand P. Jarin na pinamagatang “Ang Mas Nakikitang Muhon ng Kontemporaryong Panitikan ng Kanlurang Visayas sa Mapa ng Pambansang Pampanitikan Bilang Produkto ng Literary Engineering ni Leoncio P. Deriada: Pakikipanayam sa Apat na Manlilikha ng Kanlurang Visayas.” Ito ay matatagpuan sa *MALAY*, tomo 35, blg. 2, De La Salle University, Hunyo 2023, pp. 14–34. Maaari itong maakses sa link na ito: <https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-35/2/2-jarin.pdf>.
- 2 Ang *Hiligaynon* ay isang nangungunang lingguhang magasin sa Iloilo na unang lumabas noong 1934. Itinatampok nito ang mga seryalisadong nobela, maikling kuwento, tula, ilustradong kuwento, sanaysay, at balita sa libangan. Umabot ito sa 70,000 kopya bago tumigil noong 1973 dahil sa Batas Militar, ngunit muling binuhay noong 1989. Ipinangalan ito sa pangunahing wika ng

Kanlurang Bisayas at Soccsksargen, at patuloy na nagsisilbing mahalagang plataporma ng panitikang Hiligaynon. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang kolum ni Herbert Vego na inilathala ng *The Daily Guardian* noong 30 Nobyembre 2022, na may pamagat “Remembering Hiligaynon and Baterna.” Maaari itong maakses sa link na ito: <https://dailyguardian.com.ph/remembering-hiligaynon-and-baterna/>.

3 *Ang Magsugilanonay Kita* ay isang koleksiyon ng mga kuwentong pambata na inilathala ng Hubon Manunulat upang palaganapin ang panitikang Hiligaynon, lalo na sa konteksto ng programang MTB-MLE (Mother Tongue-Based Multilingual Education). Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang artikulo ni Mark Angeles na inilathala sa *GMA News Online* noong 13 Enero 2015, na may pamagat na “Philippine Children’s Literature Sees Boom in Last Two Years.” Maaari itong maakses sa link na ito: <https://www.gmanetwork.com/news/lifestyle/content/402690/philippine-childrens-literature-sees-boom-in-last-two-years/story/>.

4 Sa pagpapatupad ng MTB-MLE sa Pilipinas, naging mas mahalaga ang paglikha ng mga babasahing pambata sa katutubong wika. Maraming guro ang naghahanap ng de-kalidad na materyales sa Hiligaynon upang magamit sa klase, kaya’t lalong naging makabuluhan ang paglalathala ng *Magsugilanonay Kita*. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang “Ganito na Noon, Ganito Uli Ngayon: Pagtalunton sa Kasaysayan at Daynamiks ng Multilinggwal na Edukasyon sa Pilipinas” ni Pamela Constantino na inilathala sa *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, tomo 20, 2014. Maaari itong maakses sa link na ito: <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4360>.

5 Si Early Sol Gadong ay isang kilalang tagapagtatag ng Iloilo Zine Fest, isang alternatibong book at art fair sa Iloilo. Bilang isang tagapagtaguyod ng independiyenteng paglalathala, siya ay nagtaguyod ng Zine Fest upang magbigay ng plataporma para sa mga lokal na manunulat, artista, at independiyenteng tagapaglathala mula sa Kanlurang Bisayas. Sa pamamagitan ng event na ito, nais ni Gadong na itaguyod ang pagpapahayag ng mga kabataan at mga lokal na alagad ng sining gamit ang zines at iba pang art form, at magbigay ng pagkakataon sa kanila na tuklasin ang malikhain at alternatibong paraan ng paglalathala.

6 Ang Iloilo Zine Fest ay isang alternatibong book at art fair na inilunsad noong 2016 sa Iloilo, na nagbigay ng plataporma para sa mga lokal na manunulat, artista, at independiyenteng tagapaglathala. Pinangunahan ito ni Early Sol Gadong upang ipakita ang kahusayan ng mga kabataang Ilonggo sa larangan ng zine, isang self-published na akda, at iba pang anyo ng sining. Naging isang mahalagang lugar ito ng pagtitipon at kolaborasyon ng mga manunulat at visual artist, at isang simbolo ng lumalawak na kultura ng

alternatibong paglalathala sa Kanlurang Bisayas. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang artikulong “Hubon Manunulat, Kasingkasing Press celebrate ‘Buwang ng Wika’ with Iloilo Zine Fest” na inilathala ng *Panay News* noong 26 Agosto 2017. Maaari itong maakses sa link na ito: <https://www.panaynews.net/hubon-manunulat-kasingkasing-press-celebrate-buwang-ng-wika-with-iloilo-zine-fest/>.

7 Si Cristina Estorque ay isang masugid na tagapagtaguyod ng pagbabasa at ang nagtatag ng Iloilo Mega Book Fair. Bilang may-ari ng isang community public library sa Lungsod Iloilo, kanyang pinapalaganap ang kultura ng pagbabasa at pagtangkilik sa mga akdang lokal. Ang kanyang mga inisyatiba ay nagbigay-daan sa pagpapalawak ng literasi at nakatulong sa pagbuo ng mga plataporma para sa mga manunulat at mambabasa sa rehiyon.

8 Ang Iloilo Mega Book Fair (IMBF) ay isang taunang inisyatiba na naglalayong gawing mas aksesible ang pagbabasa sa iba’t ibang sektor ng lipunan, lalo na sa mga komunidad sa Iloilo at iba pang bahagi ng rehiyon. Itinatag ito bilang isang plataporma para sa mga manunulat, ilustrador, guro, mag-aaral, at mga tagapagtaguyod ng panitikan upang ipalaganap ang kahalagahan ng pagbabasa at pagpapayaman ng lokal na panitikan. Bukod sa pagbibigay ng espasyo para sa pagbebenta ng mga libro, ang IMBF ay kilala rin sa inobatibong mga programa nito tulad ng Sari-sari Bookstore sa Barangay, na nagdadala ng mga librong pambata sa maliliit at mahihirap na komunidad sa pamamagitan ng mga sari-sari store. Mula sa mga tradisyonal na book fair sa mga mall hanggang sa digital shift nito noong pandemya, patuloy na lumalawak ang abot ng IMBF sa pamamagitan ng mga online na aktibidad, panayam, at palihan na nilalahukan ng mga kilalang manunulat at eksperto sa industriya ng libro. Sa tulong ng mga lokal na pamahalaan, mga organisasyon, at mga boluntaryo, ang IMBF ay nananatiling isa sa pinakamalaking book fair sa Kanlurang Bisayas, na may layuning gawing bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng bawat taga-Kanlurang Bisayas ang pagbabasa.

9 Ang Bologna Children’s Book Fair ay isang prestihiyosong pandaigdigang pagtitipon para sa mga publisher, manunulat, ilustrador, at tagapagtaguyod ng panitikang pambata. Itinatag noong 1964 sa Bologna, Italy, ito ay kinikilala bilang isa sa pinakamahalagang literary fair na nakatuon sa mga aklat pambata at young adult. Dinadaluhan ito ng mga propesyonal mula sa iba’t ibang bahagi ng mundo upang magbahagi ng mga bagong ideya, makipagpalitan ng copyright deals, at ipakilala ang mga aklat at ilustrasyon sa isang malawak na pandaigdigang merkado. Bukod sa networking at book showcasing, tampok din sa fair ang iba’t ibang parangal, eksibisyon, at panel discussions na naglalayong palakasin ang industriya ng panitikang pambata. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang kanilang website sa link na ito: <https://www.bolognachildrensbookfair.com/en/home/878.html>.

10 Ang Filipino Readers' Choice Awards (FRCA) ay isang prestihiyosong parangal na kumikilala sa pinakamahusay na aklat na isinulat ng mga Pilipino at inilathala sa Pilipinas. Itinatampok nito ang mga aklat na pinili mismo ng mga mambabasang Pilipino sa pamamagitan ng online na botohan at deliberasyon ng mga panelista mula sa iba't ibang sektor ng industriya ng aklat. Layunin ng FRCA na palakasin ang kultura ng pagbasa sa bansa at bigyang-halaga ang husay ng lokal na panitikan sa iba't ibang kategorya tulad ng nobela, tula, maikling kuwento, at iba pa. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang kanilang website sa link na ito: <https://www.bdap.ph/frca2022>.

11 Ang Sari-sari Bookstore sa Barangay ay isang makabago at inklusibong inisyatiba ng Iloilo Mega Book Fair (IMBF) na naglalayong dalhin ang pagbabasa sa maliliit at mahihirap na komunidad kung saan bihirang makarating ang mga aklat. Sa halip na isang tradisyonal na bookstore, gumagamit ito ng mga sari-sari store bilang distribusyon hub, kung saan isinasabit ang mga bersiyong zine ng librong pambata, chapbook, at iba pang materyales sa pagbabasa upang madaling maakses ng mga bata. Sa pamamagitan ng programang ito, nagkakaroon ng mas maraming oportunidad ang mga batang walang kakayahang pumunta sa mall o book fair na makapagbasa ng de-kalidad na libro. Layunin ng Sari-sari Bookstore sa Barangay na hindi lamang gawing mas aksesible ang mga libro kundi hikayatin din ang mga pamilya na magtayo ng kanilang sariling reading corner sa kanilang mga tahanan upang palaganapin ang kultura ng pagbabasa sa pang-araw-araw na buhay.

12 Manggad sang Banwa ay isang makasaysayang inisyatiba ng Kasingkasing Press, katuwang ang Manila International Book Fair at The Indie Publishers Collab PH, na inilunsad noong 24 Nobyembre 2020 upang itaguyod ang digital publishing sa Kanlurang Bisayas sa gitna ng pandemya. Sa pamamagitan ng proyektong ito, nailimbag at naipamahagi ang 40 ebook sa iba't ibang panig ng bansa, na sumasaklaw sa mga akdang nakasulat sa Hiligaynon, Kinaray-a, Akeanon, Filipino, at Ingles—mula sa tula at maikling kuwento hanggang sa nobela, sanaysay, at visual storytelling. Naging huwaran ito sa paggamit ng online distribution platforms, na nagbigay-inspirasyon sa maraming independiyenteng manunulat at tagapaglathala na yakapin ang digital publishing upang gawing mas aksesible ang panitikang rehiyonal. Sa kabila ng mga hamon sa intelektuwal na pag-aari at copyright, matagumpay nitong napalawak ang saklaw ng panitikang Kanlurang Bisayas, na ngayon ay patuloy pang pinauunlad sa pamamagitan ng mga edisyong print at audiobook upang mas lumawak ang maaabot nitong mambabasa sa makabagong panahon.

13

Si Wayne Lester Ballador ay isang Pilipinong tagapagtaguyod ng panitikang pambata na nagsilbing program coordinator ng Iloilo Mega Book Fair at Iloilo Children's Book Fair. Bilang tagasalin at patnugot ng mga librong pambata, aktibo siyang nakikibahagi sa pagsusulong ng panitikang pambata sa Kanlurang Bisayas. Noong 2016, kasama sina Andrea Louise Gallaza at Ignacio Lazaro III, inilathala nila ang papel na "Pattern for Centre of Twin Primes," na tumatalakay sa mga katangian ng gitna ng twin primes. Bilang mag-aaral ng University of the Philippines High School sa Iloilo, ipinakita ni Ballador ang kanyang kahusayan sa larangan ng matematika at panitikan. Sa kasalukuyan, patuloy niyang isinusulong ang panitikang pambata sa rehiyon sa pamamagitan ng kanyang mga gawain sa pag-oorganisa ng mga book fair at pag-aambag sa mga publikasyon.

14

Ang Literary Tour o LiteraTour ay isang natatanging paglalakbay na naglalayong bigyang-pagkilala ang mga manunulat at makasaysayang pook ng panitikan sa isang rehiyon. Sa konteksto ng Iloilo Children's Book Fair (ICBF), itinatampok nito ang mga tahanan at puntod ng mga kilalang manunulat mula sa Iloilo, kasabay ng mga talakayan sa loob ng bus kasama ang mga iskolar, kritiko, at guro ng panitikan upang higit pang maunawaan ang kanilang ambag sa panitikan. Bukod sa pagbibigay-galang sa mga yumaong manunulat, bahagi rin ng tour ang pagbisita sa kanilang personal na koleksiyon, lumang aklatan, at mga lokal na tindahan ng aklat na naglalaman ng mahahalagang akda mula sa rehiyon. Sa ganitong paraan, hindi lamang naitatampok ang yaman ng panitikang rehiyonal kundi naipapakita rin ang halaga ng pangangalaga sa mga akdang maaaring maging inspirasyon para sa kasalukuyan at hinaharap na henerasyon ng mga mambabasa.

15

Ang Iyas National Writers Workshop ay isang prestihiyosong pambansang palihan sa pagsulat na ginaganap taon-taon sa University of St. La Salle sa Lungsod Bacolod. Itinatag ito upang palakasin ang panitikang rehiyonal at pambansa, at may layuning hubugin ang mga manunulat sa iba't ibang anyo ng panitikan tulad ng tula, maikling kuwento, sanaysay, at iskrip para sa pelikula o entablado. Kilala ang palihan sa pagbibigay-pansin sa panitikang nakasulat sa Hiligaynon, Cebuano, Kinaray-a, Filipino, at Ingles, kaya't nagiging mahalaga ito sa pagpapalago ng panitikan sa mga rehiyonal na wika. Sa pamamagitan ng kritikal na talakayan, malikhaing pagsusuri, at mentorship mula sa mga batikang manunulat, nabibigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na mapalawak at mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsulat.

16

Ang San Agustin Writers Workshop ay isang pambansang palihan sa pagsulat na ginaganap taon-taon sa University of San Agustin sa Lungsod Iloilo. Isa ito sa mga kilalang palihan sa Kanlurang Visayas na naglalayong magbigay ng pagkakataon sa mga nagsisimulang manunulat, lalo na ang mga mula sa

rehiyon, upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa iba't ibang anyo ng panitikan tulad ng tula, kathang fiction, dula, at sanaysay. Kilala ang palihan sa kanyang mentorship program, kung saan ang mga batikang manunulat, kapwa mula sa lokal at pambansang antas, ay nagbibigay ng kritikal na feedback at gabay upang mapalago ang kakayahan ng mga kalahok.

17 Ang Dungug Kinaray-a ay grupo ng mga manunulat sa Kinaray-a na naglalayong itaguyod at buhayin ang panitikan at mga tradisyong Kinaray-a sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikan, tula, at iba pang anyo ng sining. Sa pamamagitan ng *Dungug Kinaray-a*, binibigyan ng plataporma ang mga manunulat at mga artistang Kinaray-a upang maipakita ang kanilang mga gawa at mapaabot ang mga ito sa mas malawak na madla. Bukod sa pagpapalaganap ng kultura at wika, layunin din ng programang ito na mapalago ang kamalayan tungkol sa kahalagahan ng panitikan sa rehiyon, pati na rin ang pagpapahalaga sa mga tradisyong nagpapatibay sa identidad ng mga Kinaray-a.

18 Ang Bantugan sa Panulatan Kinaray-a: Kahirupan sa Pagsulat sa Kinaray-a ay isang mahalagang kaganapan o programa na naglalayong ipagdiwang at itaguyod ang sining ng pagsulat sa wikang Kinaray-a. Ang *Bantugan* ay maaaring tumukoy sa mga taong may malaking ambag o kahusayan sa larangan ng panitikan, kaya't ang programang ito ay nagbibigay-pagkilala at pagpapahalaga sa mga manunulat na nagpapalaganap ng Kinaray-a sa pamamagitan ng kanilang mga akda. Kasama sa layunin ng *Kahirupan sa Pagsulat sa Kinaray-a* ang pagpapalawak ng kamalayan tungkol sa mga hamon at oportunidad ng mga manunulat sa rehiyon sa paggamit ng kanilang katutubong wika sa kanilang mga akda. Ang programa ay nagsisilbing plataporma upang ipakita ang kahalagahan ng wika sa pagpapahayag ng kultura, pananaw, at identidad ng mga Kinaray-a.

19 Ang Premyo Hubon Manunulat ay isang prestihiyosong patimpalak sa panitikan na isinasagawa sa rehiyon ng Kanlurang Bisayas, partikular sa Iloilo. Layunin ng premyo na kilalanin ang mga natatanging akdang pampanitikan na isinulat sa mga wika ng rehiyon tulad ng Hiligaynon, Kinaray-a, at iba pang lokal na wika. Ito ay bahagi ng mga inisyatiba ng Hubon Manunulat, isang samahan ng mga manunulat sa rehiyon, upang itaguyod at palaganapin ang panitikan sa mga lokal na wika at magbigay ng oportunidad sa mga manunulat na ipakita ang kanilang mga obra sa mas malawak na publiko.

20 Ang Leoncio P. Deriada Literary Prize ay isang prestihiyosong patimpalak sa panitikan na ipinangalan kay Leoncio P. Deriada, isang tanyag na manunulat, guro, at kritiko sa panitikan. Ang premyo ay layuning kilalanin at itaguyod ang mga natatanging akda sa larangan ng panitikan, partikular na sa mga genre tulad ng maikling kuwento, tula, dula, at sanaysay, na may kinalaman

sa mga lokal na wika ng rehiyon. Ang *Leoncio P. Deriada Literary Prize* ay nagbibigay ng plataporma para sa mga manunulat mula sa rehiyon ng Kanlurang Bisayas upang ipakita ang kanilang mga obra at mag-ambag sa pagyabong ng panitikan sa Hiligaynon at iba pang wika ng rehiyon. Bukod sa pagpapahalaga sa sining ng pagsulat, ang premyo ay isang paraan ng pag-aalala sa mga nagawa ni Leoncio P. Deriada bilang isang tagapagtaguyod ng panitikan sa rehiyon at sa buong bansa.

21

Ang Komposo Festival ay isang natatanging kaganapan sa Kanlurang Bisayas na naglalayong buhayin at itaguyod ang tradisyon ng paggawa at pag-awit ng mga orihinal na komposo o kantang nagpapakita ng kultura at kasaysayan ng rehiyon. Nagsisilbing pakikipagtulungan ito sa pagitan ng Hubon Manunulat at ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA), na may layuning magsulong ng sining at kultura ng rehiyon sa pamamagitan ng musika at panitikan.

22

Ang Gawad Bienvenido Lumbera ay isang prestihiyosong parangal na ipinagkakaloob sa mga natatanging manunulat bilang pagkilala sa kanilang ambag sa pagyabong ng kultura at panitikan ng bansa. Ang gawad ay ipinangalan kay Bienvenido Lumbera, isang pambansang alagad ng sining at makata, na kilala sa kanyang mga makabuluhang kontribusyon sa panitikang Filipino at sa pagsusuri ng kasaysayan ng panitikan. Ang Gawad Bienvenido Lumbera ay nagbibigay-pugay hindi lamang sa mga established na manunulat kundi pati na rin sa mga akdang lumalaganap sa mga rehiyonal na wika tulad ng Hiligaynon, Kinaray-a, at iba pa. Sa pamamagitan ng parangal na ito, layunin ng mga nagtatag ng gawad na palawakin at palakasin ang inklusibong pagkilala sa mga akdang pampanitikan sa iba't ibang bahagi ng bansa, nagtataguyod ng mas malawak at mas inklusibong paraan ng nagbibigay-pugay sa mga magkakaibang tradisyon ng panitikan sa Pilipinas.

23

Ang NBDB Readership Survey (National Book Development Board Readership Survey) ay isang taunang pag-aaral na isinasagawa ng National Book Development Board (NBDB) ng Pilipinas. Layunin ng sarbey na ito na suriin ang mga trend at ugali ng mga mambabasa sa bansa, kabilang ang demograpiko ng mga nagbabasa, ang mga uri ng aklat na kanilang binabasa, at ang mga aspekto ng pagbabasa na may kinalaman sa edukasyon, kita, at iba pang mga salik. Ang resulta ng sarbey ay ginagamit upang magbigay ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng mga polisiya at inisyatibang may kaugnayan sa pagbasa, paglathala, at pagsulong ng literatura sa Pilipinas. Ang sarbey ay isang mahalagang tool upang matukoy ang mga hamon at oportunidad sa pagpapalaganap ng kultura ng pagbabasa sa bansa,



- Barrios, John E. “Si Tungko kag Si Laon.” *Magsugilanonay Kita*, inedit ni Leoncio P. Deriada, Hubon Manunulat, 2014, pp. 6-7.
- . *txtm8rs at iba pang mga kwexto [pinagsamang kwento at texto]*. Kasingkasing Press, 2015.
- Buenavista, Kristine. *and the sea was saltier: poems*. Kasingkasing Press, 2015.
- Buenavista, Kristine, at Marrz Capanang. *and then there was awe (and a chuckle)*. Kasingkasing Press, 2020.
- Cancan, Nestor, Jr. *Sa Init kang Disyerto: Mga Binalaybay*. St. Anthony’s College, 2020.
- Cichon, Melchor F. *Ham-at Madueom Ro Gabii? A Collection of Aklanon Poems with Filipino Translation*. Kasingkasing Press, 2015.
- Darap, Norman. *Abril kag Mayo: Mga Tulang Pambata sa Kinaray-a (May Salin sa Filipino)*. Kasingkasing Press, 2020.
- . “Igpap.” *Magsugilanonay Kita*, inedit ni Leoncio P. Deriada, Hubon Manunulat, 2014, pp. 19-21.
- . *Pagpauli sa Tamarora kag iban pa nga mga sugilanon*. Kasingkasing Press, 2015.
- Dela Gracia, Mark. *Bagtik: Original Kinaray-a Music*. Kasingkasing Press, 2020.
- Delos Santos, Alex C. *Gugma ni Datu Lubay: Mga Daan kag Bag-o nga Binalaybay with English Translation*. Kasingkasing Press, 2015.
- Deriada, Dulce Maria. “Ang Kanding nga Si Zebra.” *Magsugilanonay Kita*, inedit ni Leoncio P. Deriada, Hubon Manunulat, 2014, pp. 11-15.
- Deriada, Leoncio P., editor. *Magsugilanonay Kita: Antolohiya ng mga Kuwentong Pambata sa Hiligaynon*. Dibuhon ni Gil Montinola, Hubon Manunulat, 2014.
- Dimzon, Alain Russ, at Romulo Pangan. *Walo kag Dose Na: Contemporary Hiligaynon Songs in the Folk Style Tradition*. Kasingkasing Press, 2015.

- Dimzon, Alain Russ. *Ang Buka nga Landong: Mga Bag-o nga Binalaybay*. Kasingkasing Press, 2020.
- Dimzon, Eliodora. “Ang Sako ni Mulo.” *Magsugilanonay Kita*, inedit ni Leoncio P. Deriada, Hubon Manunulat, 2014, pp. 22-25.
- Espano-Dimzon, Agnes. “Abi, Pakta Ninyo.” *Magsugilanonay Kita*, inedit ni Leoncio P. Deriada, Hubon Manunulat, 2014, pp. 26-27.
- Evasco, Eugene Y. “Pagpapaunlad ng Panitikang Pambata sa Kanlurang Bisayas: Panayam kay Noel de Leon.” *Liwayway Magazine*, Abril 2017.
- Flores, Ma. Felicia. *Paglagas kang Handum: Mga Binalaybay*. St. Anthony’s College, 2020.
- Gadong, Early Sol A. “Ang Paborito nga Duag ni Denden.” *Magsugilanonay Kita*, inedit ni Leoncio P. Deriada, Hubon Manunulat, 2014, pp. 28-30.
- . *Nasà sa Dulo ng Dila: stories in three tongues*. Kasingkasing Press, 2015.
- Galindez, Gerald. *Klaro na Masyado: Poems in Tacurong and Cabacan Tagalog*. Kasingkasing Press, 2020.
- Garcia, Felino S., Jr. *Mga Kuwento ni Juana/Cuentos de Juana: Narraciones Malayas de Las Islas Filipinas*. Kasingkasing Press, 2020.
- . *Mga Dilambong sang Magal-umon nga Gugma: Mga Paglubad sa Hiligaynon sang Onse Tanan ka Mga Soneto sang Sonetos del amor oscuro ni Federico Garcia Lorca*. Kasingkasing Press, 2015.
- Gilbuena, Jessrel, editor. *Kinhas: Mga Sinwat sa Sinultihan sang Santa Fe, Isla sang Bantayan*. Kasingkasing Press, 2020.
- Gonzales, Alice Tan. *Ilongga: Madamo nga Guya, mga Binalaybay*. Kasingkasing Press, 2015.
- . “Si Ani, Ang manugdala sang Kasanag.” *Magsugilanonay Kita*, inedit ni Leoncio P. Deriada, Hubon Manunulat, 2014, pp. 1-5.
- Insilada, Jesus C. *Tumandok: Nobela sa Hiligaynon*. Kasingkasing Press, 2020.
- . *Waling-waling kag iban pa nga mga sugilanon*. Kasingkasing Press, 2015.

- Montinola, Gil S. *Kasubong sang Hangin: mga Binalaybay*. Kasingkasing Press, 2015.
- . “Si Pinay Pinasahi.” *Magsugilanonay Kita*, inedit ni Leoncio P. Deriada, Hubon Manunulat, 2014, pp. 16-18.
- Muyco, Jose Anthony Gerard. *2020 and Other Poems*. Kasingkasing Press, 2020.
- Ortiz, Martin. *Pocket Universe*. Kasingkasing Press, 2023.
- Pacificar, Mary Rose Adelle. *Gisi nga Kasanag kag iban pa nga mga sugilanon*. Kasingkasing Press, 2015.
- Pornel, Jonny. “Gamot.” *Magsugilanonay Kita*, inedit ni Leoncio P. Deriada, Hubon Manunulat, 2014, pp. 8-10.
- Ricafuente, Alrom Christian. *Angel’s Feathers: Poems from Aklan*. Kasingkasing Press, 2020.
- Sanchez, Charles Dominic. *Hexopus: The Six-limbed Lad*. Kasingkasing Press, 2020.
- Togonon, Elsed S. *Panglugayawan: Mga Binalaybay kang Gugma kag Handurawan*. Kasingkasing Press, 2020.
- . *Saringsing: mga Binalaybay*. Kasingkasing Press, 2015.
- Tipon II, Fundador. *Dramatero: Duha ka Kontemporari nga Drama sa Hiligaynon*. Kasingkasing Press, 2020.
- Torrechilla, Macky. *Patay, Pautwas: Mga Binalaybay sa Kinaray-a*. Kasingkasing Press, 2020.
- Turao, Melecio F. *Talkingthings*. Trump Hood, 2020.
- . *The Interior of Sleep: House Stories*. Kasingkasing Press, 2015.
- Vinson, Cris. *The Good Kind of Shortage (Sort of)*. Kasingkasing Press, 2020.
- Zerrudo, Ma Rosalie, at Maria Clarisse Jaro. *Kurit Iloilo: A Visual Story Art Book*. Kasingkasing Press, 2020.
- Zerrudo, Ma Rosalie, at Ma Margarita Chavez. *Astig nga Askal: A Visual Art Story Book*. Kasingkasing Press, 2020.



Noel Galon

Isang guro, manunulat, editor, tagapaglathala, at book worker na aktibong nagtataguyod ng panitikan ng Kanlurang Bisayas sa Hiligaynon, Kinaray-a, at Akeanon. Nagtuturo siya ng Filipino at Malikhain Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas Visayas at kilala sa pag-oorganisa ng mga gawaing pampanitikan, pag-edit ng mga libro at zine ng mga bagong manunulat, at paglikha ng mga aklat pambata at salin na sumusuporta sa mga rehiyonal na wika. Ang kanyang mga akda, kabilang ang sanaysay at tula, ay nailathala sa iba't ibang lokal at pambansang publikasyon, at patuloy siyang nagsusulong ng alternatibong midya at paglalathala bilang mabisang paraan ng pagtuturo at pagkatuto.

DALUYAN | XXXI 2025 | #TheCityThatReads: Kritikal na Pagsusuri sa mga Independiyenteng
Inisyatiba sa Panitikan at Publikasyon sa Kanlurang Bisayas (2015-2024)

.....

Mungkahing mga Senyas para sa mga Piling Katawagang Pampanitikan tungo sa Pagpapaunlad ng Filipino Sign Language

Jamil Q. Carvajal

ABSTRAK

Binibigyang-tuon ng pag-aaral na ito ang paglikha ng makabagong senyas sa akademya, na makatutulong sa pagpapaunlad ng Filipino Sign Language (FSL) bilang pambansang wikang senyas ng mga Bingi ayon sa R.A. blg. 11106 o Filipino Sign Language Act. Sentral na paksa ng pag-aaral ang pagtugon sa Seksiyon 4, 11, at 12 na makalikha pa ng instruksiyonal na materyales at iba pang interbensiyong makatutulong sa epektibong pagtuturo at pagkatuto sa komunidad ng Bingi.

Sang-ayon sa mga mungkahi ng mga kinonsultang mananaliksik at gurong nakaririnig at Bingi mula sa DLS-CSB at iba pang Deaf institution at paaralan sa Kalakhang Maynila, saklaw ng pag-aaral ang sumusunod na sampung katawagang pampanitikang gagawan ng senyas: *alamat, dagli, dalit, El Filibusterismo, epiko, Florante at Laura, Ibong Adarna, komiks, Noli Me Tangere, at pabula*. Ang mga terminong ito ay dinisenyuhan ng senyas ng mismong mga Bingi, at ang komunidad din ng Bingi mula sa iba't ibang paaralan sa Maynila at Pasay ang pumili at tumanggap sa nilikhang mga senyas. Mula sa tatlumpu't isang nilikhang senyas para sa sampung katawagang pampanitikan, isa lamang ang pinili kada termino.

Ang pananaliksik na ito ang magiging simula sa pagsasagawa ng susunod pang mga pag-aaral hinggil sa pagpapayabong ng mga senyas-pampanitikan at pagpapaunlad sa FSL. Ang proseso ng paglikha ng mga bagong senyas sa larangan ng panitikan ay nararapat na isangguni sa komunidad ng mga Bingi bago ito malawakang gamitin sa iba't ibang mga paaralan. Magbibigay-daan ito sa pagkakaroon ng kaisahan sa pagsesenyas o unified signs ng mga katawagang pampanitikan.

Mga susing salita: *Filipino Sign Language, katawagang pampanitikan, komunidad ng Bingi, Batas Republika blg. 11106 o Filipino Sign Language Act, unified signs*

Recommended Signs for Selected Literary Terms Towards the Development of Filipino Sign Language

ABSTRACT

This study focuses on the creation of modern sign language in the academe, aimed at the further development of Filipino Sign Language (FSL) as the national sign language by virtue of Republic Act 11106 or the Filipino Sign Language Act. In accordance with Sections 4, 11, and 12 of said act, this study intends to produce instructional materials and other interventions that will contribute to the effective teaching and learning in the local Deaf community.

Based on recommendations made by consulted hearing educators and Deaf researchers from DLS-CSB and other Deaf institutions across Metro Manila, signs were generated for the following ten literary terms: *alamat*, *dagli*, *dalit*, *El Filibusterismo*, *epiko*, *Florante at Laura*, *Ibong Adarna*, *komiks*, *Noli Me Tangere*, and *pabula*. The signs for these terms were designed and created by the Deaf community themselves, and had been approved by different schools for the Deaf in Manila and Pasay. From thirty-one generated signs for the ten literary terms, only one per term was selected.

This research aims to lay the groundwork for future studies on the development of literary signs that will contribute to the enrichment of FSL. The process of creating new literary signs must require the participation and approval of the Deaf community before official adoption and implementation in schools. This may ensure the widespread standardization of signs for literary terms.

Keywords: *Filipino Sign Language, literary terminologies, Deaf community, R.A. no. 11106 o Filipino Sign Language Act, unified signs*

Introduksiyon

Sa pamamagitan ng ratipikasyon ng Filipino Sign Language Act o ang Batas Republika Blg. 11106 noong 2018, nakamit ng Filipino Sign Language (FSL) ang katayuan bilang *de jure* na pambansang wikang senyas ng Pilipinas. Ang pagsasabatas nito ay nagsisilbing legal na pundasyon para sa institusyonalisasyon ng FSL sa lahat ng antas ng bukrasya at edukasyon sa bansa (Gutierrez; Kabling; Ranada; Romero). Higit sa isang administratibong kautusan, ang mandatong ito ay isang pambansang deklarasyon ng lingguwistikong soberanya. Ipinahahayag nito na ang FSL ay isang buháy at mayabong na sistemang pangwika na may kakayahang bumuo ng sariling diskurso, habang pinagtitiyay ang karapatan ng bawat Pilipinong Bingi na linangin ang kaniyang sariling paraan ng pag-iisip at pagpapahayag sa bawat sulok ng arkipelago.

Kaakibat ng legal na pagkilalang ito ang malawak na integrasyon ng FSL sa estruktura ng pambansang komunikasyon. Itinatakda ng batas ang obligasyon ng mga pampublikong ahensiya, sektor ng midya, at maging ng sangay hudikatura, na maging inklusibo sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga lehitimong sign language interpreter. Subalit, higit sa lahat ng mga pagbabagong panlipunang ito, matatag na ipinoposisyon ang FSL bilang pangunahing midyum ng pagtuturo sa lahat ng antas ng pagkatuto. Ang transpormasyong ito, na pinamamahalaan ng mga pangunahing ahensiyang pang-edukasyon sa bansa, ay nagpapatibay sa papel ng wika bilang pundamental na kasangkapan sa literasi at intelektuwalisasyon ng mga mag-aaral na Bingi.

Bunsod ng progresibong hakbang na ito at ng patuloy na pangangailangang palawakin ang mga estandardisado at teknikal na senyas, nagiging hámon para sa mga mag-aaral na Bingi ang lubos na pag-unawa sa masalimuot na mga anyo at tayutay ng panitikan. Ang puwang na ito sa bokabularyong pasenyas ay hindi lamang naglilimita sa kanilang mataas na pagpapahalaga sa sining, kundi nagiging balakid din sa kanilang pantay na akses sa kalidad ng edukasyon.

Upang makiisa sa komunidad ng mga Bingi at tumugon sa panawagan ng batas na bumuo ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo, nilalayan ng pag-aaral na ito na magsagawa ng leksikal na elaborasyon para sa mga teknikal na katawagan sa larangan ng panitikan. Kinikilala ng pananaliksik na ito, na para makabuo ng mga senyas na may matibay na paninindigan at mataas na katanggapan, kinakailangang nakaangkla ang proseso ng paglikha nito sa mga lehitimong batayang legal ng edukasyong Bingi at sa mga napatunayan nang teoretikong pamantayan ng estruktura ng wikang senyas.

Institusyonal at Legal na Pundasyon ng Wikang Senyas sa Edukasyon

Ang integrasyon ng wikang senyas sa sistema ng edukasyon ay nakasandig sa matitibay na pandaigdigang mandato at lokal na polisiya na kumikilala rito bilang pangunahing karapatang pantao ng mga Bingi. Sa pandaigdigang antas, masugid na isinusulong ng World Federation of the Deaf at ng kinikilalang Salamanca Statement ng UNESCO na ang katutubong wikang senyas ang nararapat na maging pangunahing midyum ng pagtuturo at pagkatuto. Binibigyang-diin ng mga institusyong ito na ang bilingguwal at multilingguwal na pag-unlad ng mga mag-aaral na Bingi ay matatamo lamang kung pormal na isasama ang wikang senyas sa kurikulum, hindi lamang bilang tulay sa komunikasyon kundi bilang isang akademikong asignatura.

Kaalinsabay ng mga pandaigdigang panawagang ito para sa ingklusibong edukasyon, nagsagawa ng pagbabalangkas ang Pilipinas ng mga legal na hakbangin tungo sa pagkilala at pagpapayabong ng sarili nitong wikang senyas. Nagsimula ito sa Batas Republika Blg. 7277, o Magna Carta for Disabled Persons, na nag-oobliga sa paggamit ng wikang senyas bilang wikang panturo. Pinalakas pa ito ng Batas Republika Blg. 10533 o Enhanced Basic Education Act, na pormal na kumikilala sa FSL bilang inang wika (mother tongue) na kapantay ng mga pasalitang wika sa Pilipinas sa ilalim ng bilingguwal na edukasyon.

Ang rurok ng mga legal na pundasyong ito ay ang pagsasabatas ng Batas Republika Blg. 11106 o ang Filipino Sign Language Act noong 2018. Sa ilalim ng mandatong ito, pormal na kinikilala ang FSL bilang pambansang wikang senyas at itinatadhana ang mandatoryong paggamit nito sa lahat ng antas ng edukasyon. Inaatasan din ng batas ang mga ahensiyang gaya ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Unibersidad ng Pilipinas (UP), at Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) na magsagawa ng mga pananaliksik upang bumuo ng mga pamantayan at kagamitang panturo gamit ang pambansang wikang senyas. Bunsod ng mandatong ito, ang kasalukuyang pag-aaral ay direktang tumutugon sa pangangailangang punan ang kakulangan sa bokabularyong pasenyas, partikular sa mga teknikal at akademikong larangan.

Pagpapalawak ng Korpus: Mga Aral mula sa Agham patungong Panitikan

Sa ganap na pagsasakatuparan ng mandatong ito, ang hámon sa pagbuo ng mga terminolohiyang akademiko sa wikang senyas ay nangangailangan ng masusing pagsisiyasat sa mga umiiral na modelo ng teknikal na elaborasyon. Isang

maituturing na huwaran sa larangang ito ay ang kolaboratibong pag-aaral nina Caccamise at Lang sa ilalim ng National Technical Institute for the Deaf (NTID). Sa kanilang inisyatiba sa pagbuo ng teknikal na senyas para sa agham at matematika, pinatunayan nila na ang pagiging epektibo ng akademikong komunikasyon ay nakasalalay sa katumpakan ng ponolohiya at morpolohiya ng senyas, kabilang ang hugis ng kamay (handshape), lokasyon, at direksiyon ng kumpas.

Gayunpaman, ang tagumpay ng isang teknikal na senyas ay hindi lamang nakabatay sa pisikal na estruktura nito. Bilang teoretikong sandigan ng pananaliksik na ito, ginamit ang pag-aaral nina Lang et al. na naglatag ng tatlong pangunahing dimensiyon sa paglikha ng mabisang senyas: ang etimolohiya, o konsepto at kasaysayan ng pinagmulan ng salita; ang signability, o katanggapan at kaangkupan ng senyas ayon sa pagkakaunawa at preperensiya ng komunidad ng mga Bingi; at higit sa lahat, ang imagery, o larawang-diwang taglay ng senyas (Lang et al., “A Study of Technical Signs”).

Sinusuportahan ang teoryang ito ng pag-aaral nina Bonvillian et al. na nagpapatunay na mas madaling natatandaan ng mga mag-aaral na Bingi ang isang senyas kung lubos nilang nauunawaan ang konsepto nito at kung ang anyo ay direktang hango sa isang malinaw na visual image o iconicity. Nahahawig din ito sa paninindigan nina Hill et al. na nagbabantayog sa kahalagahan ng iconicity bilang pundasyon ng mga senyas. Dahil dito, mas nagiging epektibo ang mga konseptong kinakatawan ng iisang kumpas (single-signed) na may matibay na larawang-diwa kaysa sa mga terminolohiyang binabaybay lamang gamit ang mga daliri (fingerspelling) o mga tambalang senyas (compound signs) (Lang at Pagliaro). Ang integrasyon ng mga teoryang ito ang lalong nagpapatibay sa FSL at iba pang mga wikang senyas bilang mga awtentikong biswal na wika.

Bukod sa kalidad at batayang teoretiko ng mga nililikhang senyas, kritikal din ang papel ng mga tagapagpadaloy nito. Batay sa mga pag-aaral nina Lang et al. (“Characteristics of Effective Teachers”), gayundin nina Lang et al. (“Critical Teaching Incidents”), ang lingguwistikong kasanayan ng guro sa malinaw na pagsesenyas at ang kakayahan nitong magbigay ng motibasyon ay mga pangunahing katangiang nagtitiyak ng pedagogikal na tagumpay sa loob ng silid-aralan.

Batay sa mga nabanggit na teorya at sa inilatag na hakbang ng The NTID Technical Signs Project, nabuo ang konseptuwal na balangkas ng pag-aaral na ito na nagmumungkahi ng walong “P” sa pagbuo ng mungkahing mga senyas para sa mga Bingi. Una, ang pagpapasya at paglikom ng mga salitang maaaring tumbasan ng senyas. Ikalawa, ang malikhain at mabusising paglikha at pagdidisenyo ng

mga Bingi sa bagong mga senyas. Ikatlo, ang malayang pagkukuro-kuro ng mga Bingi sa kung anong senyas ang maaaring tanggapin at mauunawaan din mismo ng kanilang komunidad. Ikaapat, ang pagpapakilala at pagpapaunawa sa mga Bingi ng bawat institusyon at/o komunidad ng mga nilikha at idinisenyong mga senyas. Ikalima, ang pagpili at pagtanggap ng mga Bingi sa mga senyas mula sa mga inilatag na opsiyon at alternatibo, na sa tingin nila’y angkop sa tiyak na mga katawagan ayon sa kanilang pagkakaunawa. Ikaanim, ang pagtataya sa mga senyas na higit na tinanggap at tinangkilik. Mula rito, magkakaroon ng mabusisi at malalim na pagtalakay sa mga dahilan ng kanilang pagtanggap sa mga senyas na nilikha. Aalamin at susuriin ang mga salik sa mga tinanggap at hindi tinanggap na mga senyas. Ikapito, ang pagbabahagi sa mga nangungunang institusyon sa lingguwistika at edukasyon ng naging resulta ng pagtataya sa isinagawang pagpapatanggap ng mga senyas. Ang pinakamalaking bahagdan ng mga tinanggap na senyas ang siyang kikilalaning epektibo at nauunawaang senyas. At panghuli, ang pagpapalaganap sa pamamagitan ng paglalathala ng libro at paglikha ng mga database para sa bagong mga senyas na nilikha, tinanggap, at naunawaan ng mga Bingi.




Figura 1. Walong ‘P’ sa Pagbuo ng Mungkahing mga Senyas para sa mga Bingi

Ang Kalagayan ng FSL at ang Pangangailangan sa Leksikong Pampanitikan

Upang mailapat ang mga prinsipyong ito sa kontekstong Pilipino, kinakailangang kilalanin ang FSL bilang isang awtentiko at nagsasariling wika. Batay sa mga pag-aaral ni Lucas at Nina Martinez at Cabalfin, ang FSL ay nagtataglay ng sariling sistematikong organisasyon at complexity na kahanay ng kahit anong mga pasalitang wika. Ang pagbuo ng mga bagong teknikal na senyas sa FSL ay hindi arbitrario; kailangan nitong sumunod sa mga estratehikong tuntuning panlingguwistika habang iginagalang ang kalakaran ng sosyolingguwistikong komunidad. Ayon sa Philippine Federation of the Deaf, ang ebolusyon ng FSL ay nakasalalay sa kolektibong paggamit ng komunidad ng mga Bingi, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng konsultasyon sa mga native signers upang mapanatili ang kanilang lingguwistikong ahensiya ng wikang senyas.

Sa kabila ng limitasyon sa mga teknikal na bokabularyo, nasaksihan na ang mga matagumpay na inisyatiba sa leksikal na elaborasyon sa bansa. Isang kongkretong halimbawa nito ay ang pagtatangka ng De La Salle-College of Saint Benilde, na nakatuon sa sistematikong pagbuo ng mga teknikal na senyas para sa disiplina ng Culinary Arts, na naisakatuparan noong 2016, ayon sa napakanayam na Bingi sa naturang institusyon. Ang proyektong ito ay nagsisilbing mahalagang tuntungan na nagpapatunay na ang intelektuwalisasyon ng FSL ay posible at epektibo kapag may masusing kolaborasyon ang mga eksperto at ang komunidad ng mga Bingi.

Ang pangarap at pagsisikap na maitampok ang mga senyas na may matibay na pundasyong lingguwistiko at kultural ang siyang nagbigay-buhay at direksiyon sa pananaliksik na ito. Gamit ang mga teoretikong parametro sa pagbuo ng teknikal na senyas at ang legal na mandato ng bansa, layunin ng pananaliksik na ito na palawakin ang limitasyon ng leksikong akademiko sa pamamagitan ng pagmumungkahi ng mga tumpak at makabuluhang senyas para sa asignaturang panitikan.

.....

Layunin ng Pag-aaral

Naglalayon ang pananaliksik na ito na makapagmungkahi sa komunidad ng mga Bingi ng katumbas na mga senyas para sa mga piling katawagang pampanitikan. Alinsunod sa suhestiyon ng mga eksperto sa pagsesenyas na nakapanayam ng mananaliksik, hindi mahalaga ang dami ng malilikhang senyas; sa halip, higit na bibigyang-pansin ng pananaliksik ang lubos na pag-unawa at pagtanggap ng mga Bingi sa lilikhaing mga senyas. Samakatuwid, ang kalidad ng senyas ang siyang

isasaalang-alang ng pananaliksik na ito. Kaya naman, sampung mungkahing katawagang pampanitikan lamang ang bibigyan ng katumbas na senyas.

Kaugnay nito, ang itinampok na senyas sa piling mga katawagan ay nanggaling sa pagpapasya at pagpili ng komunidad ng mga Bingi, partikular ang mga Binging kabilang sa larangan ng akademya. Nagmula ang mga kalahok ng kasalukuyang pananaliksik sa iba't ibang mataas na paaralan at/o institusyon para sa mga Bingi sa Kamaynilaan, gaya ng Ramon Magsaysay High School, Manila High School, Philippine School for the Deaf, at De La Salle-College of Saint Benilde.

Bunsod ng mga kondisyong nabanggit, ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

- 1) Paano isinasagawa ang paglikha at pagpili ng angkop na senyas para sa isang tiyak na katawagang pampanitikan?
- 2) Ano-ano ang mungkahing mga senyas para sa mga piling katawagang pampanitikan?
- 3) Gaano katanggap ng komunidad ng Bingi ang mga senyas para sa mga piling katawagang pampanitikan?
- 4) Ano ang ambag ng mga mungkahing senyas sa mga piling katawagang pampanitikan sa pagpapaunlad ng Filipino Sign Language?

.....

Metodolohiya

Nilapatan ang pag-aaral na ito ng estratehiyang mixed-method na nagtatampok sa magkatuwang na lapit na kuwalitatibo at kuwantitatibo, gamit ang deskriptibong pagsipat upang komprehensibong suriin ang pagbuo ng mga bagong katawagan sa Filipino Sign Language (FSL). Bilang teoretikong lunsaran, naging gabay ng pananaliksik ang mga lathalain ng Philippine Federation of the Deaf noong 2004 at 2005 hinggil sa estruktura at katutubong senyas sa bansa, kasabay ng pag-angkla sa mga prinsipyo ng leksikal na pagbuo nina Caccamise at Lang. Upang matiyak ang lingguwistikong sensibilidad at katumpakan ng interpretasyon, ang mananaliksik ay nagtataglay ng pormal na kasanayan sa FSL mula sa tatlong antas ng programa ng De La Salle-College of Saint Benilde (DLS-CSB) at malawak na karanasan bilang volunteer interpreter sa simbahan at piling political advertisements sa telebisyon.

Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng dalawang pangunahing estratehiya: ang key informant interview (KII) at focus group discussion (FGD). Sa KII, kinapanayam ang isang Binging mananaliksik mula

sa School of Deaf Education and Applied Studies (SDEAS) ng DLS-CSB upang matukoy ang sampung piling katawagang pampanitikan na madalas idaan sa fingerspelling dahil sa kawalan ng pormal na katumbas sa FSL. Para naman sa pagdidisenyo, pagsusuri, at pagpili ng mga mungkahing senyas, isinagawa ang FGD sa 46 na mag-aaral na Bingi (36 mula sa ika-10 baitang at sampu mula sa kolehiyo) na nagmula sa Ramon Magsaysay High School, Manila High School, at Philippine School for the Deaf. Katuwang sa buong proseso ng komunikasyon at sarbey ang mga sertipikadong guro-interpreter na opisyal na rehistrado sa Philippine Registry of Interpreters for the Deaf (PRID).

Bilang pagtalima sa mga etikal na konsiderasyon, kumuha ng pormal na pahintulot ang mananaliksik mula sa mga Schools Division Offices ng Maynila at Pasay bago ang aktuwal na pag-aaral. Tininyak na ang mga panayam at sarbey ay isinagawa lamang sa mga bakanteng oras ng mga mag-aaral upang maiwasan ang pagkaabála at pagkaantala ng kanilang mga klase. Bukod dito, hayagan ding kinilala ang mga institusyong naging katuwang sa pananaliksik bilang paggalang sa kultura ng komunidad, subalit mahigpit na pinangalagaan ang personal na pagkakakilanlan ng 46 na kalahok alinsunod sa probisyon ng Data Privacy Act of 2012.

Proseso ng Leksikal na Elaborasyon

Ang leksikal na elaborasyon ng mga katawagang pampanitikan ay dumaan sa isang sistematikong proseso ng pagbuo na pinagtulungan ng mga eksperto at ng komunidad. Sa unang yugto, ang mananaliksik, mga guro sa panitikan, at mga guro-interpreter sa mga piling institusyon para sa mga Bingi ang naglatag ng etimolohikal na kahulugan ng mga terminolohiya upang magsilbing semantikong batayan ng mga kalahok. Sa ikalawang yugto, ang mga kalahok na Bingi sa FGD ang nagsilbing mga arkitekto ng wika sa pamamagitan ng pagdidisenyo ng mga kumpas at anyo ng senyas sa mga piling katawagang pampanitikan. Sa prosesong ito, hinalaw at nireporma ang mga estruktura mula sa American Sign Language (ASL) para sa mga katawagang wala pang katapat, habang ang mga umiiral nang senyas at kumpas sa mga paaralan ay itinuturing bilang mga alternatibong opsiyon.

Ang pinal na yugto ay nakatuon sa pagpapatibay ng kolektibong konsensus sa pamamagitan ng paglalapat ng sarbey sa mga kalahok. Sinuri ng komunidad ang mga idinisenyong senyas batay sa mga lingguwistikong pamantayan ng signability (kakayahang maisenyas nang madulas at ang pagiging nuanced ng

mga ito) at imagery (biswal na representasyon ng konsepto). Ang mga hakbang na ito ay eksklusibong nakadiseno para sa operasyonal na pagbuo at pagpili ng mga mungkahi, samantalang ang aktuwal na kinalabasan, pinal na anyo ng sampung senyas, at ang antas ng katanggapan ng mga ito ay ganap na inihiwalay at komprehensibong tatalakayin sa susunod na bahagi.

.....

Resulta at Pagtalakay

Bunga ng masusing proseso ng konsultasyon, leksikal na elaborasyon, at lingguwistikong pag-aangkop, lumitaw ang mga senyas na nagtataglay ng pinakamataas na antas ng katanggapan sa hanay ng mga gumagamit ng FSL. Mula sa kabuuang tatlumpu't isang (31) idinisenyong senyas, sampung (10) katawagang pampanitikan ang nagtamo ng pinakamatataas na bahagdan ng pagpili at katanggapan mula sa 46 na kalahok.

Mababasa sa ibaba ang detalyadong articulatory sequence o gabay sa pagkumpas (gloss ng senyas), kabilang ang mahahalagang sangkap gaya ng hugis ng kamay (handshape), lokasyon, direksiyon ng kumpas, at ang mga non-manual signal (NMS) gaya ng ekspresyon ng mukha at galaw ng katawan:

- a) **Alamat (48% Katanggapan):** Kombinasyon ng mga salitang NOON at ISTORYA. Sinesenyas ang NOON (tingnan ang Larawan a.1) gamit ang kanang kamay, paikot, sa kanang tainga gamit ang kanang kamay, paikot, sa kanang tainga. Ipinahihiwatig din ng ganitong senyas ang konteksto ng NAKARAAN, DATI, o NAKALIPAS. Samantala, ang ISTORYA (**Larawan a.2 at a.3**) naman ay kinukumpas sa pamamagitan ng pagpapadulas ng dalawang kamay, magkabilaan. Kanang kamay na padudulasin sa kaliwang kamay at vice versa. Padudulasin ang mga daliri ng kanang kamay sa palad hanggang dulo ng mga daliri ng kaliwang kamay.



Figura 2. Articulatory sequence ng Alamat na pinili at nagtamo ng 48% katanggapan sa mga kalahok na Bingi

b) **Dagli (52% Katanggapan):** Naglalaman ng dalawang kombinasyon: MAIKLI at ISTORYA. Sinesenyas ang MAIKLI (**Larawan b.1 at b.2**) sa pamamagitan ng pagtatagpo ng dalawang hintuturo sa hangin, mula sa malawak na espasyo papaliit, saka ikukumpas ang salitang ISTORYA (**Larawan b.3 at b.4**) na sinesenyas sa pamamagitan ng pagpapadulas ng dalawang kamay, magkabilaan. Kanang kamay na padudulasin sa kaliwang kamay at vice versa.




Figura 3. Articulatory sequence ng Dagli na pinili at nagtamo ng 52% ng katanggapan sa mga kalahok na Bingi

c) **Dalit (52% Katanggapan):** Binubuo ng dalawang kumpas at NMS: ang TULA, ang kumpas ng pagsamba, at ang non-manual signal **o ekspresyon ng mukha**. Una, ang katagang TULA (**Larawan c.1 at c.2**) na sinesenyas sa pamamagitan ng pagpaparaan ng gumagalaw na daliri ng kanang kamay sa kahabaan ng kaliwang braso, simula balikang hanggang sa kamay. Sa konteksto, ang mga daliring gumagalaw ay ang linya o taludtod ng tula at ang pagpaparaan nito sa isang braso ay nagpahihiwatig ng sukat at haba na taglay ng mga lirikong dalit. **Ikalawa, ang mano-manong kumpas ng kamay na nagpapahiwatig ng pagsamba (Larawan c.3 at c.4). At ikatlo, ang senyas na di-manwal o ekspresyon ng mukha ng sumesenyas (Larawan c.4)** na para bang tinatanaw ang sinasamba sa kalangitan; ipinahihiwatig nito ang marubdob na pagpapahalaga ng tao sa mga nilalang na banal.




Figura 4. Articulatory sequence ng Dalit na pinili at nagtamo ng 52% katanggapan sa mga kalahok na Bingi

d) **El Filibusterismo (67% Katanggapan):** Kombinasyon ng ISANG-TAO at REBELDE (**Larawan d.2 at d.3**). Dalawang braso ang kailangang gamitin sa unang gloss o prase. Nakatihayang ituturo ng kanang palad ang kabilang brasong nakaturo sa itaas. Ikukumpas nang mabilis (taas-baba-taas) ang kanang kamay na nakalahad sa patayong braso na para bang may taong ipinakikilala. Para naman maisagawa ang senyas na REBELDE, itikom ang mga kamao saka ito padaplisin sa pisngi. Ang huling posisyon ng kamao ay nararapat na nasa harapan. Ang non-manual signal sa senyas na ito ay ang galit na mukha ng sumesenyas para mailarawan ang nagpupuyos na damdamin ng isang rebelde.



Figura 5. Articulatory sequence ng El Filibusterismo na pinili at nagtamo ng 67% katanggapan sa mga kalahok na Bingi

e) **Epiko (57% Katanggapan):** Nagsisimula sa senyas para sa TULA, pagkatapos ay ang pagtatama ng dalawang braso na nakapormang ekis (**Larawan e.3**), na kahawig ng senyas para sa substitute. Ipinahihiwatig nito ang konteksto ng pagtatanggol. Ang non-manual signal (**Larawan e.3**) sa senyas na ito ay ang seryoso at matapang na mukha ng sumesenyas na para bang may nais na ipagtanggol o protektahan, gaya ng ginagawa ng mga karakter na bayani sa epiko.



Figura 6. Articulatory sequence ng Epiko na pinili at nagtamo ng 57% katanggapan sa mga kalahok na Bingi

f) **Florante at Laura (48% Katanggapan):** Naglalarawan ng PAGDURUSA at PAG-IBIG gamit ang inisyalisadong pormang F at L. Ipatong ang kanang kamay sa kaliwang kamay, na mistulang nakagapos at natatalian ng lubid para mailarawan ang senyas ng PAGDURUSA (**Larawan f.1**). Tandaang nakaporma ng F ang kanang kamay, L ang kaliwang kamay. Iikot nang makalawang ulit ang tila nakagapos na kamay na nakatapat sa dibdib. Pagkatapos ng pag-ikot, itapat ang mga kamay sa dibdib, na mistulang may niyayakap, para naman mailarawan ang senyas ng PAG-IBIG (**Larawan f.2**). Nasa pormang F at L pa rin ang mga kamay.



Figura 7. Articulatory sequence ng Florante at Laura na pinili at nagtamo ng 48% katanggapan sa mga kalahok na Bingi

g) **Ibong Adarna (52% Katanggapan):** Kabilang ang elemento ng tao (tatlong prinsipeng) sa pamamagitan ng direksiyonal na kumpas ng TATLO, na sinusundan ng kombinasyon ng TUKA at MALALAGONG BALAHIBO. Kabilang ang elemento ng tao sa senyas na ito, na kumakatawan sa tatlong prinsipeng nagtangkang humuli sa Ibong Adarna (**Larawan g.1**). Upang mailarawan ang tatlong prinsipeng, gamitin ang kanang kamay, iunat lamang ang mga daliring hinlalaki, hintuturo, at hinlalato. Mula sa malayong agwat patungo sa mismong sumesenyas ang kumpas o galaw ng TATLO. Ipinahihiwatig ng kumpas na direksiyonal ang pagdating ng tatlong prinsipeng sa kinaroroonan ng Ibong Adarna. **Ikalawa at ikatlo naman ang kombinasyon ng TUKA (Larawan g.2) at MALALAGONG BALAHIBO (Larawan g.3).** Ang kaliwang kamay ang kukumpas ng animo'y tuka ng ibon. Ang kanang kamay naman ang magmimistulang balahibo ng ibon.



Figura 8. Articulatory sequence ng Ibong Adarna na pinili at nagtamo ng 52% katanggapan sa mga kalahok na Bingi

h) **Komiks (65% Katanggapan):** Kombinasyon ng mga senyas na BALLOON at (**Larawan h.1 at h.2**) at AKLAT (**Larawan h.2**). Para maisagawa ang BALLOON, na pinaglalarayan ng diyalogo sa komiks, itaas ang dalawang mga kamay nang nakatikom, lampas sa noo. Dahan-dahang ibuka ang mga kamay at pagalawin ang mga daliri. Saka naman isasagawa ang AKLAT. Muli, pagdirikitin ang dalawang palad saka ito ibubuka na para bang binuksan ang isang babasahin.



Figura 9. Articulatory sequence ng Komiks na pinili at nagtamo ng 65% katanggapan sa mga kalahok na Bingi

i) **Noli Me Tangere (52% Katanggapan):** Bunga ng simultaneous na pagpapakilos ng mga kamay, daliri, at ulo para sa senyas na AKONG-HAWAKAN lakip ang NMS na HUWAG. Gamit ang kanang kamay, partikular ang hinlalato nito, saglit itong padampiin sa kaliwang kamay na nakatikom at nakatapat sa mismong dibdib. Sa ganitong paraan, naisagawa na ang senyas para sa katagang AKONG-HAWAKAN (**Larawan i.1**). Para naman isenyas ang HUWAG (**Larawan i.2**), na siyang non-manual signal ng senyas na ito, umiling at bigkasin (mouthing) ang salitang “huwag” nang nakakunot ang noo, na para bang nagpapahiwatig ng pagtanggi na masaling o mahawakan.



Figura 10. Articulatory sequence ng Noli Me Tangere na pinili at nagtamo ng 52% katanggapan sa mga kalahok na Bingi

j) **Pabula (57% Katanggapan):** Kombinasyon ng mga senyas na IBA-IBA (**Larawan j.1**), HAYOP (**Larawan j.2**), at ISTORYA (**Larawan j.3**). Para maisagawa ang senyas ng IBA-IBA, padaplisin ang kanang hintuturo sa kaliwang hintuturo at gawin ito ng tatlo hanggang apat na ulit. Kinukumpas naman ang salitang HAYOP sa pamamagitan ng paglalapat ng apat na daliri ng kanan at kaliwang kamay sa dibdib ng sumesenyas. Ikampay ang mga braso, pasulong at paatras nang dalawang ulit. Ang huli ay ang katagang ISTORYA.



Figura 11. Articulatory sequence ng Pabula na pinili at nagtamo ng 57% katanggapan sa mga kalahok na Bingi

Lingguwistikong Pagsusuri sa Estruktura ng Napiling Mga Senyas

Sa pagsusuri sa estruktura ng mga napiling senyas, kapansin-pansin ang paggamit ng mga compound sign o kombinasyon ng mga batayang kumpas upang mabuo ang isang kompleks na idea. Halimbawa, ang leksikon para sa alamat ay binuo mula sa morpolohikal na pagsasanib ng mga senyas para sa NOON (Figura 2) at ISTORYA, na nagpapahiwatig ng temporality o panahon at naratibong nakaugat sa nakaraan. Sa kabilang dako, ang dagli ay kinakatawan ng semantikong ugnayan ng MAIKLI at ISTORYA, na nagpapakita ng tumpak at tiyak na paglalarawan ng anyo ng panitikan. Ang mga senyas na ito ay hindi lamang simpleng representasyon kundi mga biswal na metapora na nagpapadali sa pag-unawa ng mga mag-aaral na Bingi sa masalimuot na categoryang pampanitikan.

Ang diskurso sa pagbuo ng senyas para sa dalit (Figura 4) ay nagpapakita ng mas mataas na antas ng abstraksiyon sa pamamagitan ng pagsasama ng tatlong sangkap: ang simbolismo ng TULA, ang kumpas ng pagsamba, at ang kahalagahan ng non-manual signals (NMS). Ang ekspresyon ng mukha na nakatingala sa kalangitan ay isang integral na morpema na nagbibigay ng damdamin ng kabanalan at pagpapahalaga, na siyang esensiya ng dalit. Gayundin ang makikita sa senyas para sa El Filibusterismo, na ang kombinasyon ng ISANG-TAO at REBELDE ay kinukumpleto ng isang agresibong NMS upang mailarawan ang subersibong kalikasan ng nobela. Sa ganitong pagtalakay, ang NMS ay hindi lamang pandagdag o ornamento sa pagsenyas kundi isang obligadong elementong panlingguwistika na nagtatakda ng tono at kahulugan ng senyas.

Sa categorya naman ng mga prekolonyal at klasikong akda, ang senyas para sa epiko (Figura 6) ay gumagamit ng estruktura ng TULA na dinagdagan ng kumpas para sa pagtatanggol (cross-arm gesture), na sumasalamin sa kabayanihang taglay ng ganitong anyo. Para sa mga partikular na akda gaya ng Florante at Laura at Ibong Adarna (Figura 8), ang disenyo ay mas nakatutok sa narrative imagery. Ang Florante at Laura ay gumagamit ng inisyalisadong porma ng senyas (F at L) na isinasagawa sa loob ng kumpas ng pagdurusa at pag-ibig, samantalang ang Ibong Adarna ay isang direksiyonal at deskriptibong senyas na nagpapakita ng pagdating ng tatlong prinsipeng at ang pisikal na anyo ng ibon. Dahil sa paraan ng pagsesenyas na ito, nagkakaroon ng mabilis na koneksiyon ang pamagat ng akda sa mga plot point ng awit at korido.

Ang mga anyo ng popular na panitikan gaya ng komiks, gayundin ang mga akdang may temang panlipunan tulad ng Noli Me Tangere (Figura 10), ay nagpapakita ng biswal na katapatan sa pagbuo ng mga senyas. Sa komiks, pinagsama ang kumpas para sa BALLOON (speech bubble ng komiks) at AKLAT upang ilarawan ang anyo nito. Samantala, ang Noli Me Tangere ay isang literal na pagsasalin ng pamagat na ‘Huwag Mo Akong Salingin’ sa pamamagitan ng senyas na AKO-HAWAKAN na nilalapatan ng pag-iling at ekspresyon ng pagtanggihan bilang non-manual signal. At ang senyas para sa pabula ay binuo mula sa pagsasanib ng tatlong elemento: IBA-IBA, HAYOP, at ISTORYA, na nagbibigay sa mga mag-aaral ng isang malinaw at komprehensibong kategorya para sa nasabing anyo ng panitikan.

.....

Kongklusyon at Rekomendasyon

Pinatutunayan lamang ng pananaliksik na ito na ang Filipino Sign Language (FSL) ay isang dinamikong wika na may sapat na kakayahang kumatawan sa mga kompleks at abstraktong konsepto ng panitikan. Sa pamamagitan ng sistematikong pagbuo ng mga teknikal na senyas, nabatid na ang tagumpay ng leksikal na elaborasyon ay hindi lamang nakasalalay sa lingguwistikong estruktura nito, lalo’t higit sa kultural na pag-aari o cultural ownership ng komunidad ng mga Bingi. Ang mataas na antas ng katanggapan na nakamit ng mga binuong senyas ay nagpapatunay na kapag ang mga Bingi mismo ang nagsisilbing pangunahing tagapagdisenyo ng kanilang wika, ang mga terminolohiyang akademiko ay nagkakaroon ng likas na katangian at kakanyahan at mas madaling nagiging bahagi ng kanilang paraan ng pag-unawa.

Binibigyang-diin ng pag-aaral na ito ang kritikal na kahalagahan ng pagsangguni sa mga Bingi bilang mga lehitimong tagapangalaga ng kanilang wika. Ang pagkilala sa kanilang lingguwistikong ahensiya ay isang pagbaklas sa tradisyonal na kalakaran, na ang mga hearing ang nagdidikta ng mga porma ng kanilang komunikasyon. Sa halip, ipinakita ng prosesong ito na ang mga Bingi ang may pinakamataas na awtoridad na magpasya kung alin ang nararapat at naaangkop na kumpas para sa mga katawagang pampanitikan. Sa pamamagitan ng ganitong demokratikong partisipasyon, ang FSL ay hindi lamang nagiging kasangkapan sa pagtuturo kundi isang buhay na wika na patuloy na yumayabong at umuunlad mula sa loob ng sarili nitong komunidad.

Ang mga inisyatibang gaya ng pananaliksik na ito ay nagsisilbing mahalagang hakbang tungo sa estandardisasyon ng mga teknikal na senyas

sa bansa. Bagaman kinikilala rin ang mga rehiyonal at institusyonal na varayti, ang pagkakaroon ng isang pinagkasunduang sistema ng pagsesenyas sa mga disiplinang gaya ng panitikan ay magtitiyak ng pagkakapantay-pantay sa akses ng impormasyon at kalidad ng edukasyon. Hindi lamang naglalayon ang pag-aaral na ito na magdagdag ng mga bagong salita sa leksikon ng FSL, kundi ang maglatag ng isang metodolohiyang di-kolonyal, isang proseso na ingklusibo, nagpapahalaga sa etimolohiya sa mayamang kaban ng salita sa panitikan, at kumikilala sa soberanya ng komunidad ng mga Bingi sa kanilang sariling wika.

Mula sa mga natuklasan at binuong kongklusyon ng pag-aaral na ito, inihahain ng mananaliksik ang mga sumusunod na mungkahi upang matiyak ang patuloy na pag-unlad at pagkilala sa FSL, lalong-lalo na sa disiplina ng panitikan, at sa mas marami pang larangan.

Institusyonalisasyon ng mga Teknikal na Senyas

Inirerekomenda sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Commission on Higher Education (CHED) na pormal na isama ang mga idinisenyong senyas para sa mga akdang pampanitikan (gaya ng *Noli Me Tangere* at *Ibong Adarna*) sa kurikulum ng mga mag-aaral na Bingi upang magkaroon ng estandardisadong pagtuturo ng panitikan sa buong bansa. Ang integrasyong ito ay magsisilbing opisyal na pagkilala sa kakayahan ng FSL na talakayin ang mga akademikong paksa nang may kapantay na antas sa mga pasalitang wika. Sa pamamagitan nito, maiiwasan ang kalituhan sa pagitan ng iba’t ibang rehiyon at magkakaroon ng nagkakaisang pundasyon ang mga guro sa pagtuturo ng mga akdang klasiko.

Pagbuo ng Digital na Leksikon

Iminumungkahi ang pakikipagtulungan sa mga instructional designer upang gawing isang interactive digital dictionary o mobile application ang mga senyas na ito. Ang paglalagay ng mga video ng tamang kumpas at non-manual signals ay titiyak na tumpak ang anyo ng pagsasalin ng kaalaman at mapapanatili ang lingguwistikong integridad ng bawat senyas. Ang pagbuo ng ganitong uri ng teknolohikal na kagamitan ay magbibigay ng madaling akses sa mga mag-aaral at guro sa labas ng silid-aralan, na magreresulta sa mas mabilis na paglaganap ng mga bagong terminolohiya.

Pagsasanay para sa mga Guro at Interpreter

Mahalagang magsagawa ng mga seminar-palihan para sa mga guro at sign language interpreter na nakatuon partikular sa literary signing. Ang pagtuturo ng panitikan ay nangangailangan ng masining na paggamit ng espasyo at ekspresyon na higit pa sa literal na pagsasalin ng mga salita upang ganap na maiparating ang damdamin at simbolismo ng mga akda. Ang ganitong mga pagsasanay ay magtataas sa antas ng competency ng mga tagapagdaloy ng kaalaman at masisigurong ang mga sining pampanitikan ay naihahatid nang may wastong konteksto at estetikang pasenyas.

FSL sa iba pang Disiplina

Hinihikayat ang mga susunod na mananaliksik na gamitin ang metodolohiyang ginamit sa pag-aaral na ito upang bumuo naman ng mga teknikal na senyas sa iba pang larangan gaya ng batas, agham panlipunan, at sining, upang tuluyang maabot ng FSL ang ganap na intelektuwalisasyon sa lahat ng disiplina. Ang pagpapalawak na ito ay magpapatibay sa posisyon ng FSL bilang wika ng diskursong intelektuwal at hindi lamang bilang kasangkapan sa pang-araw-araw na komunikasyon. Ang ganitong mga inisyatiba ang magiging susi upang maging inklusibo ang lahat ng larangan ng karunungan para sa komunidad ng mga Bingi.

Pakikilahok ng Komunidad sa Panitikan

Rekomendasyon din ang paghikayat sa mga Binging manunulat na lumikha ng mga orihinal na akdang pampanitikan gamit ang mga bagong terminolohiyang ito, upang ang FSL ay hindi lamang magsilbing instrumento sa pagsalin ng panitikan kundi maging wika ng mismong paglikha ng sining. Ang pagbuo ng orihinal na panitikan sa FSL ay magbibigay-daan sa pagpapahayag ng kanilang sariling mga karanasan, kultura, at kasaysayan mula sa sarili nilang lente. Sa ganitong paraan, yayabong ang panitikang Filipino na may kasamang boses na nagmumula mismo sa hanay ng mga Bingi, na nagpapakita ng kanilang malikhaing ahensiya at kontribusyon sa pambansang kalinangan.





- Bonvillian, J. D., et al. "Developmental Milestones: Sign Language Acquisition and Motor Development." *Child Development*, tomo 54, blg. 6, 1983, pp. 1435-1445.
- Caccamise, Frank at Harry G. Lang. *Signs for Science and Mathematics: A Resource Book for Teachers and Students*. National Technical Institute for the Deaf, Rochester Institute of Technology, 1996.
- Gutierrez, Pia. "Duterte signs Filipino Sign Language into law." *ABS-CBN News*, 2018, news.abs-cbn.com/news/11/12/18/duterte-signs-filipino-sign-language-into-law.
- Hill, Joseph C., et al. *Sign Languages: Structures and Contexts*. Routledge, 2019.
- Kabiling, G. "Filipino Sign Language declared as nat'l sign language of Filipino deaf." *Manila Bulletin*, 2018, news.mb.com.ph/2018/11/12/filipino-sign-language-declared-as-natl-sign-language-of-filipino-deaf/.
- Lang, Harry G., et al. "Critical Teaching Incidents: A Survey of Deaf College Students and their Instructors." *American Annals of the Deaf*, tomo 139, blg. 2, 1994, pp 119-127.
- Lang, Harry G., et al. "A Study of Technical Signs in Science: Implications for Lexical Database Development." *The Journal of Deaf Studies and Deaf Education*, tomo 12, blg. 1, 2007, pp. 65–79. *Oxford Academic*, academic.oup.com/jdsde/article/12/1/65/436369.
- Lang, Harry G., et al. "Characteristics of Effective Teachers: A Survey of Deaf College Students." *American Annals of the Deaf*, tomo 138, blg. 3, 1993, pp. 252-259, <https://doi.org/10.1353/aad.2012.0460>.
- Lang, Harry at Claudia Pagliaro. "Factors Predicting Recall of Mathematics Terms by Deaf Students: Implications for Teaching." *Journal of Deaf Studies and Deaf Education*, tomo 12, blg. 4, 2007, pp. 449-460, <https://doi.org/10.1093/deafed/enm021>.

- Lucas, Ceil. *The Sociolinguistics of Sign Languages*. Cambridge University Press, 2001.
- Martinez, L., at Cabalfin, M. *Status report on the use of sign language in the Philippines*. Philippine Deaf Resource Center, 2008.
- Mendoza, A. “The sign language unique to Deaf Filipinos.” *CNN Philippines Life*, 2018, cnnphilippines.com/life/culture/2018/10/26/Filipino-Sign-Language.html.
- Philippine Federation of the Deaf. *An Introduction to Filipino Sign Language (Part I: Understanding Structure)*. Philippine Deaf Resource Center, Inc, 2004.
- . *An Introduction to Filipino Sign Language (Part II: Traditional and Emerging Signs)*. Philippine Deaf Resource Center, Inc, 2004.
- . *An Introduction to Filipino Sign Language (Part III: Current Issues)*. Philippine Deaf Resource Center, Inc, 2004.
- . *Filipino Sign Language: A Compilation of Signs from Regions of the Philippines (Part 2)*. Philippine Deaf Resource Center, Inc, 2005.
- Republika ng Pilipinas. Batas Republika blg. 7277: Magna Carta for Disabled Persons. *Official Gazette of the Republic of the Philippines*, 1992, www.officialgazette.gov.ph/1992/03/24/republic-act-no-7277/.
- . Batas Republika blg. 10533: Enhanced Basic Education Act of 2013. *Official Gazette of the Republic of the Philippines*, 2013, www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/.
- . Batas Republika blg. 11106: The Filipino Sign Language Act. 2018. *National Council on Disability Affairs*, ncda.gov.ph/disability-laws/republic-acts/ra-11106/.
- Ranada, Pia. “New law orders gov’t, schools, media to use Filipino Sign Language.” *Rappler*, 2018, www.rappler.com/nation/216843-new-law-orders-government-schools-media-use-filipino-sign-language.
- Romero, Alexis. “Duterte signs Filipino Sign Language Act into law.” *Philstar Global*, 2018, www.philstar.com/headlines/2018/11/12/1868108/duterte-signs-filipino-sign-language-act-law.
- UNESCO. *The Salamanca Statement and Framework for Action on Special Needs Education: Access and Quality*. UNESCO at Ministry of Education and Science, Espanya, 1994.



Jamil Q. Carvajal

Nagtapos ng Bachelor of Secondary Education, Major in Filipino sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila at ng Master of Arts in Filipino sa Polytechnic University of the Philippines. May labing-apat na taong karanasan siya sa larangan ng akademya bilang Master Teacher II sa Elpidio Quirino Senior High School (Maynila) at academic staff sa Unibersidad ng Santo Tomas, Philippine Normal University, at Unibersidad ng Pilipinas Open University. Kabilang sa kaniyang interes sa pananaliksik ay ang panlipunang kalakaran at ugnayan ng kapangyarihan sa loob ng komunidad ng mga Bingi, partikular sa usapin ng adbokasiya, pagkilala, at pagpoposisyong pangwika, gayundin ang sosyolingguwistikong kalikasan ng Filipino Sign Language (FSL). Nagsilbi rin siyang Editor Pangwika ng *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* ng UP Diliman. Kasalukuyan siyang kumukuha ng Doktor ng Pilosopiya sa Pagpaplanong Pangwika sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

“Let me Explain! ”: Isang Pagsusuri sa Payak na Wika sa PharmaTok Videos ni Arshie Larga

Ariel Ursolon Bosque

ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral ang (1) matukoy ang mga retorikal na galaw na makikita sa PharmaTok videos; (2) masuri ang mga lingguwistikong katangian ng videos na nagpapamalas ng prinsipyo ng payak na wika (plain language); at (3) tayahin sa mga estratehiyang ginamit upang mapapayak ang mga konseptong medikal at parmasyutikal. Upang maisakatuparan ito, nagsagawa ang mananaliksik ng multimodal content analysis sa piling PharmaTok videos ni Arshie Larga, @arshielife, isang Pilipinong content creator. Nasuri sa PharmaTok videos ang iba’t ibang retorikal na galaw na nakatulong upang higit na gawing malinaw ang daloy ng bawat content. Kabilang dito ang: pagtukoy sa mga isyu o problema; pagpapakilala sa mga produkto, gamot, o sakit; mga komponent at epekto ng gamot; pagpapayong medikal at propesyonal; pagtugon sa mga tanong ng awdyens; pagwawasto sa mga miskonsepsiyon; at pagpapaliwanag sa preventive measures at precaution. Naipakita naman ng mga lingguwistikong katangian ang paggamit ng payak na wika sa short-form videos, gayundin ang iba’t ibang estratehiyang nailapat upang gawing aksesible ang mga konseptong tampok sa PharmaTok videos. Sa kabuuan, maituturing ang PharmaTok videos bilang inobatibong tulay ng teknikal na kaalaman at pang-araw-araw na karanasan ng madla habang itinataguyod ang diskurso ng pampublikong kalusugan at literasi pangkalusugan.

Mga susing salita: *aksesibilidad; literasi pangkalusugan; PharmaTok; payak na wika; short-form content*

“Let me Explain! ”: An Analysis of the Plain Language of Arshie Larga’s PharmaTok Videos

ABSTRACT

The study aims to (1) identify the rhetorical moves present in PharmaTok videos; (2) analyze the linguistic features that demonstrate the principles of plain language; and (3) evaluate the strategies employed to simplify medical and pharmaceutical concepts. To achieve this, the researcher conducted a multimodal content analysis of selected PharmaTok videos by a Filipino content creator, Arshie Larga, @arshielife. The analysis revealed various rhetorical moves in the PharmaTok videos that enhanced the clarity and coherence of the content. These moves included identifying issues or problems, introducing products, medicines, or illnesses, explaining components and effects of medicines, providing medical and professional advice, addressing audience questions, correcting misconceptions, and elaborating on preventive measures and precautions. The linguistic features showcased the application of plain language in short-form videos, alongside strategies that made the complex concepts featured in the videos accessible. Overall, PharmaTok videos can be considered an innovative bridge between technical knowledge and the everyday experiences of the audience, while promoting public health discourse and health literacy.

Mga susing salita: *accessibility, health literacy, PharmaTok, plain language, short-form content*

Introduksiyon

Matapos ang malawakang pananalasa ng COVID-19, mas naging alerto ang madla sa mga usaping pangkalusugan. Subalit, nananatili pa ring pandaigdigang hámon ang pagkakaroon ng mapagkakatiwalaang impormasyong pangkalusugan. Sa pag-aaral nina Tolabing et al., binanggit nilang 51.5%¹ ng kanilang sinarbey na kalahok ang may limitadong literasi pangkalusugan² sa Pilipinas (104). Sa pagtatala, lumabas na kakulangan ng akses sa impormasyon ang nangungunang salik sa mababang literasi pangkalusugan. Sinusundan ito ng kahirapan sa pagsusuri, pag-unawa, at paglalapat ng kaalamang medikal. Makikita ritong may nangingibabaw na pangangailangan para sa aksesible, magagamit, at mapananaligang impormasyon. Higit itong kailangan sa panahong may matinding bugso ng infodemya o ang labis-labis na paglikha ng impormasyon—tama man o mali—na nagpapahirap sa tao upang makahanap ng lehitimong mapagkukunan ng kaalaman (Pan American Health Organization 2). Sa ganitong gana, naghahanap ang tao ng resource na madaling makatutugon sa kaniyang mga tanong at mga isyung kailangang linawin. Gayundin, mas nangangailangan ang madla ng impormasyong madaling maunawaan at mabatid. Subalit, mas nangingibabaw ang epekto ng fake news sa pampublikong kalusugan dahil sa patuloy na paniniwala at pagtanggap ng madla sa di-beripikadong impormasyong pangkalusugan (Cordero 776). Sa kasalukuyan, lalong tumitingkad ang patuloy na lumalaking impluwensiya ng digital platforms gaya ng TikTok sa diseminasyon ng impormasyong may kaugnayan sa kalusugan. Itinuturing ni Cordero ang paglakas ng impluwensiya ng TikTok bilang isa sa mga rason sa pagkakaroon ng limitado o mataas na antas ng literasi pangkalusugan (776) sa bansa. Ipinakikita lamang nitong may epekto ang paggamit ng nano videos, i.e., short-form content na hindi hihigit sa limang minuto, sa pagbibigay

¹ 2,303 na kalahok ang kanilang sinarbey ukol sa health literacy. Bagaman nailathala ang pag-aaral noong 2022, naisakatuparan ang sarbey noong 2018-2019.

² Tumutukoy ang literasi pangkalusugan, o health literacy sa Ingles, sa kakayahang makaunawa, makapagbigay-interpretasyon, at makagamit ng impormasyon ukol sa kalusugan upang makagawa ng nababatid na desisyon at mapamahalaan ang kalusugan. Kasangkot dito ang kapasidad na maakses, mabasa, at maunawaan ang mga materyales na may kaugnayan sa kalusugan, gaya ng instruksiyong medikal, preskripsiyon, at mga tuntuning pangkalusugan. Kasama rin dito ang kakayahang makipagkomunikasyon sa mga medikal na propesyonal, masundan ang healthcare system, at makilahok sa mga gawaing pangkalusugan.

ng tuon sa isang natatangi at espesipikong impormasyon, partikular ang mga usaping medikal. Sa likod nito, hindi pa rin maisasantabi ang pangangailangan ng pagsusuri sa kredibilidad ng content creators; sa nilalaman ng kanilang ipinapaskil na videos; at sa ilan pang salik na dapat isaalang-alang para sa bisa ng videos tungo sa pagtataguyod ng literasi pangkalusugan.

Kaugnay ng kontekstong nabanggit, kritikal na kagamitan para sa mabisang komunikasyon at literasi pangkalusugan ang paggamit ng payak na wika (plain language), lalo na sa pagtugon sa mga awdyens na may iba-ibang antas ng literasi pangkalusugan. Hindi lamang paggamit ng simpleng salita ang payak na wika; isa itong pandaigdigang kilusang may malinaw na pamantayan at komprehensibong kasaysayang nakadikit sa sektor ng pamahalaan, legal, at kalusugan upang maisulong ang aksesibilidad ng impormasyon sa madla. Ayon sa Center for Plain Language, Clarity International, at Plain Language Association International (sinipi sa Schriver), maituturing na payak na wika ang isang komunikasyon kung sa sobrang linaw ng mga salita, estruktura, at disenyo ng materyal, madaling makikita ng awdyens ang kanilang hinahanap, mauunawaan nila ang kanilang mahahanap, at magagamit ang naturang impormasyon (4).

Kapara ito sa prinsipyo ng isang bersiyon ng payak na wika sa wikang Aleman na *Klare Sprache* (may saling ‘malinaw na wika’), na isinasalang-alang pa rin sa paggamit ng wika ang pag-iral ng magkakaibang antas ng kaalaman ng konsumer at hindi nagbibigay ng anumang paunang antisipasyong walang alam ang awdyens sa kinokonsumong impormasyon. Sa madaling sabi, hangad lamang nitong gawing malinaw ang ipinararating na mensahe, maging sa mga indibidwal na hindi nakararanas ng anumang kahirapan sa cognitive load na dala ng mga terminong ginagamit at pagiging komplikado ng impormasyon. Higit itong nakatuon sa pagiging payak at malinaw ng pagpapaliwanag habang niyayakap ang bahagyang kompleksidad ng rehistro ng wika, gaya ng paggamit ng ilang terminong medikal na may kaakibat na pagpapaliwanag.

Binabanggit ni Kimble na hindi naman nangangailangan ang payak na wika ng kakaunting bilang ng salita; gayumpaman, kadalasang ito ang nagiging resulta (6). Nililina at isinusulong ng mga eksperto ng payak na wika ang paggamit ng wikang naglalaman ng mga simpleng salita, gayundin ang pag-iwas sa maligoy na estruktura ng pangungusap at mga hindi na kinakailangang salita upang malinaw at agarang maunawaan ng awdyens ang mensahe (Vergara & Ballesteros-Lintao 99). Layon nitong madaling maipaubatid ang impormasyon sa pakay na awdyens, mambabasa, o sinumang tatanggap. Subalit, upang makamit

ang tunguhing ito, mahalagang mabatid at mailapat ng content creator ang mga prinsipyo ng payak na wika. Bagaman pangkaraniwang nailalapat sa pasulat na awtput ang payak na wika, hindi rin naman maikakaila ang funsiyon nito lalo na sa pagpapaliwanag ng mga isinasapublikong komplikadong detalye sa nano videos. Sa likod ng pag-iral ng short-form content na may layong makapagbahagi ng kaalaman sa publiko, may malinaw na puwang sa aplikasyon ng mga prinsipyo ng payak na wikang makatutulong sa paglinang ng komprehensiyon. Higit itong makahulugan sa mga indibidwal na kumokonsumo ng ganitong uri ng content³ at may mabababang literasi pangkalusugan.

Gaya ng layunin ng EduTok—na makamit ang demokratisasyon ng diseminasyon ng impormasyon, gaya ng mga konseptong panggramar, pangkasaysayan, pang-agham, at iba pang may kaugnayan sa literasi—hangad din ng iba’t ibang TikTok subculture⁴ (e.g., BookTok, FoodTok, FitTok, BeautyTok, ParentTok, TechTok, at MedTok) na makapagbigay ng impormasyon sa madla ukol sa kanilang mga itinataguyod na adbokasiya. Sa ngayon, popular ang kaugnay na subkultura ng MedTok na PharmaTok dahil sa ibinibigay nilang datos tungkol sa kalusugan, mga sakit, at gamot. Kabilang sa kanilang mga pinapaksa ang pagpapaliwanag sa epekto, wastong paggamit, mga dapat iwasan sa pag-inom ng gamot, at dosage nito. Nagbibigay rin sila ng mga abiso at payo ukol sa over-the-counter (OTC) drugs at wastong pamamahala sa prescription drugs. Nakaaapekto sa bisa ng diseminasyon ng impormasyon ng mga medikal na propesyonal (e.g., partikular ang mga doktor, nars, at parmasyutikong content creator) ang kanilang ginagamit na wika at mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagbabahagi ng impormasyong medikal at parmasyutikal.

Nagbubunga ang kompleksidad ng wika sa PharmaTok videos ng makahulugang impluwensiya sa pag-unawa, pakikilahok, at pagbuo ng desisyon ng isang konsumer. Maaaring magdulot ng alenisdang pakiramdam sa awdyens ang labis na teknikal na wika. Maliban dito, kasama rin ang (1) kredibilidad ng resource; (2) biswal na presentasyon; (3) tono at estilo; (4) kultural na sensitibidad; at (5) pagsunod sa mga regulasyon ng social media application sa mga salik na

.....

³ May henerikong paggamit ang mga Pilipinong lantad sa social media sa salitang *content* bilang paksa o nilalaman ng anumang ipinapaskil ng content creator sa anumang plataporma. Gagamitin din ito sa pananaliksik.

⁴ Nagmumula ang pagpapangalan ng subcultures sa portmanteau ng pinapaksa ng short-form videos (e.g., *book* para sa aklat) at paghuhulaping *-tok*.

humuhubog sa persepsiyon ng konsumer. Mula rito, layunin ng pag-aaral na masuri ang piling PharmaTok videos sa lente ng payak na wika. Naisakatuparan ito sa pamamagitan ng pagtugon sa mga sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang mga retorikal na galaw⁵ ng PharmaTok videos?
2. Ano-ano ang mga lingguwistikong katangiang nagpapamalas sa mga prinsipyo ng payak na wika na nasuri sa PharmaTok videos?
3. Ano-ano ang mga estratehiyang ginagamit upang mapapayak ang mga konseptong itinampok sa PharmaTok videos?

Metodolohiya

Kuwalitatibo ang inilapat na dulong sa pananaliksik upang masiyasat ang piling PharmaTok videos sa prinsipyo ng payak na wika. Sa pamamagitan nito, nasuri sa pag-aaral ang mga video batay sa katangiang lingguwistiko at mga estratehiyang inilapat para sa paghawan ng mga posibleng hadlang pangkomprehensiyon sa mga konsepto at kaisipang medikal at parmasyutikal.

Nagmula ang mga sinuring PharmaTok video sa TikTok account ni Arshie Larga,⁶ @arshielife. Kilala si Larga bilang isang parmasyutiko sa kanilang isla sa Boac, Marinduque, at bilang isang content creator. Layunin ng PharmaTok videos ni Larga na makapagpaliwanag ng impormasyon ukol sa medisina at ang saklaw ng kaniyang trabaho sa nauunawaang paraan⁷ (Pag-iwayan). Nagsimulang

.....

⁵ Tinatawag din ito bilang *rhetorical moves*. Hindi man katulad ng mga tradisyonal na sanaysay o talumpati, nagtataglay ito ng diskursibong aksiyong nagtataglay ng komunikatibong layunin. Bilang multimodal ang nano videos, maaaring lumitaw ang retorikal na galaw sa iba’t ibang modo.

⁶ Nagtapos si Larga ng Bachelor of Science in Pharmacy at Doctor of Pharmacy sa Centro Escolar University.

⁷ Nabanggit ni Larga, sa artikulo ni Pag-iwayan, na napagtanto niya noong panahon ng pandemya na magagamit niya ang kaniyang kaalaman at kasanayan upang mapabatid sa tao ang mga impormasyon ukol sa mga gamot, lalong higit sa mga gamot na over-the-counter, na kanilang iniinom.

gumawa ng TikTok videos si Larga noong 2019, ngunit lalong umigting ang paggawa niya ng content noong panahon ng pandemya. Malinaw kay Larga ang pagkilala sa pangangailangan ng akmaang impormasyong pangkalusugan kaya nagsimula siyang magpaskil ng serye ng mga impormatibong video upang makatugon sa mga pangkaraniwang usaping pangkalusugan. Litaw kay Larga ang kakayahang matipak ang mga medikal na konsepto sa paraang payak at madaling maunaawaan (Centro Escolar University). Pinili si Larga bilang pangunahing batis ng datos ng pag-aaral dahil sa kaniyang malinaw at matatag na presensiya sa pamayanang PharmaTok at sa palagian niyang paglikha ng mga video na may kaugnayan sa kalusugang nakapagsasalin ng mga komplikadong parmasyutikal na konsepto patungong aksesibleng wika para sa mas malawak na awdyens. Lalo pang napagtitibay ang kaniyang kredibilidad ng kaniyang propesyonal na kalipikasyon bilang isang lisensiyadong parmasyutiko at ang pagkilala sa kaniya ng mainstream media at iba pang mga award-giving body. Kabalang sa kaniyang mga natanggap na parangal ang 2023 Best Educational Content Creator Award na iginawad ng TikTok Philippines at “30 Under 30” ng Forbes noong 2024. Sa ngayon, Abril 2026, may 4.3 milyong follower ang kaniyang TikTok account. Sa ganitong gana, nakatutulong ang kaniyang propesyonal na ekspertis, bisibilidad sa publiko, at komunikatibong dulong upang maituring ang kaniyang content bilang isang korpus na nagtataglay ng mayamang impormasyon at angkop para sa eksaminasyon ng aplikasyon ng mga prinsipyo ng payak na wika para sa digital health communication.

Manwal na kinolekta ng mananaliksik ang videos. Malayuning pinili ang mga natatanging video na pumapaksa sa uri, paggamit, at epekto ng gamot, at iba’t ibang uri ng sakit. Sampung (10) PharmaTok video lamang ang napabilang sa pagsusuri; ibinatay ang seleksiyon sa (1) temang tampok ng video na kinakailangang magtaglay lamang ng impormasyong medikal o parmasyutikal; (2) haba ng videos na hindi dapat humigit sa limang minuto⁸ upang matamo ang katangiang short-form nito; at (3) panahon ng pagkakapaskil nito na kinakailangang saklaw ng mga taong mula 2022-2024. Bagaman higit pa sa 10 ang nakalap na PharmaTok videos para sa inisyal na pagsasala, hayagang napansin at nasuri ng mananaliksik ang data saturation mula sa pagsusuri. Ibig sabihin, wala nang iba pang tema, padron, at pananaw na umusbong matapos marebyu ang dataset. Natiyak ng pagpili sa

.....

⁸ Noong 2022, pinahintulutan ng TikTok ang users nitong makapag-upload ng videos hanggang sampung minuto.

10 ang pokus sa mga higit na paulit-ulit at makahulugang elemento sa loob ng PharmaTok contents ni Larga.

Limampu't dalawang (52) segundo ang pinakamaikling video habang 137 segundo naman ang pinakamahaba. Dahil sa 83 segundong average na haba ng mga sinuri, makikitang nakatugon ang PharmaTok videos sa tipikal na pormat ng short-form content. Nananatiling angkop ang haba ng mga video para sa mabilis at nakaengganyong pagkonsumo. Tinitiyak nitong nananatili ang atensiyon ng awdyens nang hindi nabibigatan sa impormasyon. Susi ang iksi at lalim upang mapanatili ang interes ng mga awdyens lalo na espasyong digital na lubhang komplikado.

Nagdaan ang mga nakalap na videos sa multimodal content analysis (MCA). Kabilang sa sinuri dito ang mga biswal na elemento (e.g., mga larawan at iba pang biswal na elemento), lingguwistikong elemento (e.g., teksto, tono at estilo, at intertekstuwalidad), estruktura at organisasyon, intermodal na relasyon, at ugnayang creator-audience. Sinunod ng mananaliksik ang prosesong inilahad nina Serafani at Reid na nakatuon sa (a) pagbuo ng mga inisyal na kategorya; (b) pagbuo at (c) pagsubok ng analitikal na template;⁹ (d) paglalapat ng template sa korpus; (e) pagbuo ng mga potensiyal na tema; at (f) pagtukoy sa mga implikasyon ng pagsusuri (631). Nakatulong ang paggamit ng MCA upang mapalutang ang mahahalagang datos ukol sa paglalapat ng katangian ng payak na wika sa PharmaTok videos. Upang makaiwas sa anumang implikasyon, tinanggal ang pangalan ng iba't ibang nabanggit na brand sa pag-uulat ng mga resulta.

Resulta

Mga Retorikal na Galaw ng PharmaTok Videos

Tumutukoy ang retorikal na galaw (rhetorical moves) sa sinasadyang estratehikong aksiyon sa pakikipagkomunikasyong naghahangad na makamit ang partikular na layunin, tulad ng panghihikayat, paghahatid-impormasyon, o pagsasangkot sa awdyens. Ipinakikita nito ang inilalapat na daloy ng sinumang nagsasagawa ng praktikang pangkomunikasyon sa kaniyang nalilikhang komunikatibong awtput.

.....

⁹ Tumutukoy ang analytical template sa isang balangkas na ginagamit upang magabayan ang MCA patungo sa mga obserbasyon at pagsusuri ng datos. Natutulungan nito ang mananaliksik upang sistematikong maikategorya at mabigyang-interpretasyon ang iba't ibang elemento sa loob ng inaaral na multimodal na teksto, gaya ng PharmaTok videos.

Mahalaga ang pagtukoy sa mga retorikal na galaw ng PharmaTok videos upang maunawaan ang mga paraan ng paglalahad ng impormasyong inilalangkap ng content creator, at masuri ang bisa ng daloy na ginagamit sa pagbalangkas sa mga impormasyong pangkalusugan. Nasa Talahanayan 1 ang mga naobserbahang retorikal na galaw ng PharmaTok videos ni Larga.

Talahanayan 1.	Retorikal na Galaw sa PharmaTok Videos
RETORIKAL NA GALAW	Frequency
Pagtukoy sa mga isyu o problema	4
Pagpapakilala sa produkto, gamot, o sakit	7
Paglalarawan sa anyo o komponent ng gamot	4
Pagpapaliwanag sa epekto o layunin ng gamot	6
Pagbibigay ng payong medikal at propesyonal	7
Pagtugon sa tanong ng mga awdyens	3
Paglilinaw o pagwawasto sa mga miskonsepsiyon	2
Pagpapaliwanag sa preventive measures	2
Pagpapaliwanag sa mga panuto at precaution	5

Mabisang pamukaw-atensiyon ang pagtukoy ng isyu o problema. Agad nitong naisasangkot ang awdyens sa talakayan at nag-uudyok sa kanila upang mabigyang-pansin ang mga potensiyal na resulta ng inilatag na sitwasyon. Ilan sa mga suliraning inilapat sa videos ang maling paggamit ng LS BL cream (“Stitch with @siliqueenofficial”); sunod-sunod na handaan at pagiging “suki” ng antacids (“Para sa mga taong hindi matunawan o inaatake ng hyperacidity”); mga sitwasyong dulot ng mga sakit; at mga sitwasyon ng lugar na humahantong sa mga sakit at pagkalat nito gaya sa pagbaha (“Dahil sa kaliwa’t kanang pagbaha dulot ng masamang panahon”). Naipakikita nito sa awdyens ang halaga ng paksa sa kanilang buhay. Isa ang pagpapakilala sa mga produkto, medikasyon, at sakit sa nakatamo ng pinakamataas na bilang. Kabilang dito ang nababanggit nang estratehiyang nagpapakilala sa gamot o produkto sa teknikal na termino at sa mas popular nitong pangalan, paglalahad ng pinanggalingan ng sakit, virus at bacteria na nagdudulot nito, at pagpapakilala sa aktibong sangkap ng mga gamot. Dinedetalye rin sa PharmaTok videos ang iba’t ibang anyo o komponent ng produkto na higit pa sa pangkaraniwang deskripsiyon nito, gaya ng pagpapaliwanag sa nilalaman ng kontraseptibo at ng mga pagkakatulad at paraan ng pagkonsumo ng dalawang gamot.

Naghahain din ang short-form content ni Larga ng mga pananaw na kongkreto at impormasyong nakabatay sa pangmedisinang agham ukol sa epekto ng paggamit ng gamot at produkto, gayundin ang incubation, sintomas, at gamutan ng mga sakit na dumadapo sa tao. Nakatutulong ito para sa impormadong pagpapasya ng madla.¹⁰ Nagbibigay rin siya ng propesyonal na payo para makadagdag sa kredibilidad ng kaniyang content at masigurong nakaiiwas ang tao sa maling paggamit ng gamot. Karaniwan sa kaniyang ginagawa ang pagbibigay ng mga medical disclaimer at myth-busting sa mga nakasanayan nang gawî at kaalaman ng madla, gayundin ang pagpapakilala sa kaibahan ng mga sakit at pagpapaliwanag sa posibleng mangyari kung hindi magagamot ang sakit.

Bahagi rin ng retorikal na galaw ng videos ang pagtugon sa mga tanong ng mga TikTok account user. Nagpapakita ito ng interaktibo at mas personalisadong dinamiko ng komunikasyong itinataguyod din ng payak na wika. Nakabubuo ang galaw ng ugnayan mula sa content creator at sa awdyens na naghahagilap

.....

¹⁰ Bagaman malinaw sa videos ni Larga na tanging suplementong impormasyon lamang ang kaniyang mailalatag at kailangang-kailangan pa rin ang pagpapakonsulta sa doktor para sa mas personalisadong gamutan.

ng mapananaligang sagot. Nakadaragdag ito sa tiwala at kumpiyansa ng users sa pagtangkilik ng content ni Larga. Kasama na rin dito ang pagwawasto at paglilinaw sa mga miskonsepsiyon sa pamamagitan ng pagbibigay sa awdyens ng malinaw at mas tumpak na pag-unawa sa gamit at limitasyon ng produkto.

Naglalatatag din si Larga ng preventive measures upang makaiwas sa anumang potensiyal na banta ng sakit. Kadalasan, nagwawakas ang videos niya sa pamamagitan ng ilan pang panuto at precaution na maaaring isakatuparan. Kabilang dito ang pagbibigay ng bilis ng epekto ng gamot, paraan ng pag-inom (i.e., pagsisimula sa mas mababang dosage), at mariing paglilinaw na kailangang sundin ang panuto ng doktor.

Nakatutulong ang mga nabanggit na galaw upang mataya ang mga mapanghiyakat at impormatibong estratehiyang ginagamit ng content creator upang maimpluwensiyahan ang persepsiyon at desisyon ng mga awdyens na mapapalalim pa sa mga susunod na talakayan. Nasisiguro din nitong malinaw at mapagkakatiwalaan ang content. Sa pagkilala sa mga nabanggit na retorikal na galaw, higit na mauunawaan kung paano ipinahahayag ang medikal at parmasyutikal na impormasyong nagtataguyod ng responsable at direktang komunikasyong pangkalusugan.

Mga Lingguwistikong Katangian ng Payak na Wika sa PharmaTok Videos

Hindi nawawala sa PharmaTok videos ni Larga ang pahayag na “Let me explain.” Hudyat ito ng palagiang tangka ng content creator na ipaliwanag ang mga inilalatag niyang konseptong pangkalusugan, tungkol man sa sakit o gamot. May mga lingguwistikong katangiang nagpapakilala sa kakanyahan ng payak na wikang lumutang sa sinuring PharmaTok videos upang maipaliwanag ang mga impormasyon. Mababatid sa content ni Larga ang paggamit ng simpleng bokabularyo, gaya ng pagbibigay-depinisyon sa mga pangkaraniwang ginagamit na termino. Kasama rito ang *prescription medicine* at *antibiotic* na mga salitang madalas na ginagamit para sa mga medikasyong kailangan ng reseta mula sa doktor at hindi mabibili nang over-the-counter sa botika. Sa katunayan, nakatala ang dalawang termino bilang bahagi ng mga pang-araw-araw na salita para sa komunikasyon ng pampublikong kalusugan (Center for Disease Control and Prevention 31). Kabilang pa sa mga nabanggit na terminong ipinaliwanag ni Larga sa mga video

ang *active ingredients* na inilalapat sa pagpapaliwanag sa mga nilalaman ng gamot, at ang *potent* na ginagamit upang ilarawan ang steroids.

Pinapasimple rin sa sinuring PharmaTok videos ang pagpapakilala sa mga tiyak na medikasyon at gampanin nito sa pagpapagaling. Halimbawa, binabanggit ang kilalang brand upang agad na mabatid ng tao ang paggagamitan nito (e.g., B— o H— para sa paggagamot ng sore throat). Sa halip na medikal na termino ang gamitin, ginagamit sa content ang katawagang mas pamilyar sa madla. Kung minsan, isinasalin pa niya ito sa wikang Filipino. Halimbawa, ang *productive cough* o *heavy-phlegm cough* ay isinasalin bilang *ubong may plema*,¹¹ at ang *non-productive cough* o *itchy/dry cough* ay *ubong walang plema* (“SKL. Alam nyo ba na merong Bactidol na hindi minumumog”). Ipinakikita ng pagsasalin ni Larga ng mga medikal na termino sa mas pamilyar na katawagang Ingles at Filipino kung paano gumagana ang payak na wika. Nagawa niyang tumbasan ang mga teknikal na jargon ng mga salitang mas payak at nakasentro sa kakayahan at kaalaman ng awdyens upang higit itong maunawaan at agarang magamit para sa komunikasyong pangkalusugan. Sa likod nito, patunay rin ang kaniyang patuloy na pagbanggit sa mga termino ng kaniyang pagpapahalaga sa teknikal na kalikasan ng wikang medikal. Kapansin-pansin din sa estilo ni Larga ang pagpapaliwanag gamit ang layman’s term ng mga nagagawa o bisa ng mga gamot na nasa generic name o estandarisadong pangalan ng gamot (e.g., *Hyoscine N-butylbromide* na para sa pananakit, paghilab at parang tumutusok-tusok sa tiyan) at klase ng gamot (e.g., *antacids* na para sa acid reflux at heartburn).

Katangian ng payak na wika ang paggamit ng mas pamilyar na termino sa nais ipaliwanag. Sa pag-aaral nina Warde et al., binabanggit nilang nakatutulong ang paggamit nito upang maipaunawa sa mga indibidwal na may limitadong literasi pangkalusugan at/o limitadong katatasan sa Ingles¹² ang mga posibleng banta sa kanilang kalusugan (55). Nakatutulong ang ganitong akomodasyong

.....

¹¹ Mabisa rin ang paggamit ni Larga ng *plema* kaysa *dahak*. Ayon sa *KWF Diksiyonaryong Filipino*, itinuturing ang *dahak* bilang sinonimo ng *plema*. Gayumpaman, ginagamit sa mas espesipikong kondisyong medikal ang *dahak* (e.g., pneumonia), samantalang ginagamit naman ang *plema* bilang isang pangkalahatang termino.

¹² Kabilang sa realidad ng kalagayang pangkalusugan sa bansa ang paggamit ng Ingles. Nakaugat ito sa oryentasyon din ng kurikulum ng medisina sa bansa at sa midyum na ginagamit sa pag-aaral at pananaliksik sa disiplina. Kaiba ito sa sitwasyong pangwikang hinaharap sa aktuwal na praktika, kung saan nangangailangan ng lingguwistikong akomodasyon lalong higit sa mga karaniwang pasyenteng tanging wikang Filipino at mga wika sa Pilipinas lamang ang kayang wikain.

pangwika upang higit na maipaunawa sa sinumang mangangailangan nito ang tunay na kahulugan at esensiya ng impormasyong pangkalusugan.

Nagagamit din ang mga kilalang sintomas bilang paraan upang maipaliwanag ang sakit (e.g., lagnat, pananakit ng katawan, pananakit ng tiyan, pagtatae, sipon, ubo, sakit ng ulo, at ilan pang pisikal na karamdaman). Nakatutulong ang pagtukoy at paglalapat sa mga palagiang ginagamit na termino para sa mga naobserbahang sintomas upang mabisang makatulong sa wastong medikasyong kinakailangang pagdaanan ng pasyente. Napatingkad din ng PharmaTok videos ang paggamit ng mahahalagang konseptong medikal. Ipinaliliwanag ni Larga ang mga salitang ginagamit ng mga internasyonal na ahensiyang pangkalusugan (e.g., *Mpox*, *Monkeypox virus*), at deskriptibong medikal na termino (e.g., *incubation period* at *injectable contraceptive*). Sa likod ng pagsisikap ni Larga na mapasimple ang mga terminong ginagamit sa pagpapaliwanag, may ilang hindi gaanong nabigyang-pansin at nangangailangan pa ng dagdag na paglilinaw para sa mga populasyong hindi agad makabatid ng kahulugan nito, lalo na kung wala itong salin o hindi nakasulat sa paraang mas kilala ng madla. Halimbawa, hindi gaanong naipaliwanag ang mga termino gaya ng *sodium alginate*, *sodium bicarbonate*, at *calcium carbonate* bilang aktibong sangkap ng gamot. Dahil sa mas komplikado kung hahanapan pa ng salin ang mga nabanggit na sangkap, inilagom na lamang ni Larga ang mga ito bilang mga karaniwang makikita sa antacid at pantulong upang maibsan ang asido sa sikhura at sintomas ng hyperacidity o acid reflux.

Masusuring nakatutugon ang pagbabalanse ni Larga ng pinasimpleng bokabularyo at masusing pagpapaliwanag sa mga teknikal na termino sa prinsipyo ng payak na wika. Sa katotohanan, kailangan pa rin ng madlang harapin ang mga medikal na termino; nakaalalay lamang ang payak na wika upang maipabatid ang mga bagay na kakailanganin ng kokonsumo at tanggalin ang mga sobra (NWT Literacy Council 10). Maliban sa pagpapasimple ng mga bokabularyo at pagpapaliwanag nito, kabilang din sa katangian ng nasuri sa PharmaTok videos ang paggamit ni Larga ng mga payak na pangungusap. Gayunman, pagkat nasa pasalitang diskurso ang sinusuring materyal, komplikadong matukoy ang pútol ng kaniyang mga pangungusap. Nakaaapekto ang fluidity ng pasalitang wika sa aksesibilidad ng mensahe. Kahit na matatas ang isang mananalita, isang tiyak na kasanayan pa rin ang kakayahang mapadali para sa tagapakinig ang proseso ng pagtanggap ng mensahe at pag-unawa sa impormasyon sa tulong ng pinipiling salita at binubuong balangkas ng pangungusap. Sa kabilang banda, nakahahadlang din sa komprehensiyon ang labis-labis na fluidity. Nakaaapekto ang dami ng salita

sa isang pangungusap, mabilis na pagsasalita, at paggamit ng mga komplikadong estruktura ng pangungusap—lalo na sa mga di-taal na mananalita o mga indibidwal na nakararanas ng kognitibong kondisyon. Narito ang ilan sa mga pangungusap na nagmula sa nano videos:

1. “Ang L— po ay naglalaman ng Ketoconazole Clobetasol Propionate.” (Larga, “Stitch with @siliqueenofficial”)
2. “Ang mga antacids po ay ginagamit kapag mayroon tayong acid reflux o ‘yung umaakyat ang laman ng sikumura natin.” (Larga, “Para sa mga taong hindi matunawan o inaatake ng hyperacidity”)
3. “Ang mga B— po ay mga syrup o ‘yung mga iniinom natin.” (Larga, “SKL. Alam nyo ba na merong B— na hindi minumog”)
4. “Ang Bu— at Bu— Plus ay parchas na naglalaman ng Hyosine N-butylbromide.” (Larga, “Pwede bang alternative ang Bu— Plus sa Bu—?”)
5. “Ang Mpox ay isang impeksiyong sanhi ng isang virus.” (Larga, Ano nga ba ang MPOX at paano ito maiiwasan?”)

Kapansin-pansing ginagamit ni Larga ang ganitong estruktura tuwing inisyal na nagpapaliwanag ng isang konsepto o gamot. Mapapansin ding gumagamit siya ng estrukturang “ay,” kung saan nauuna ang simuno bago ang panaguri. Nagbibigay ang ganitong ayos ng pagkakataon kay Larga upang maipakilala muna ang konseptong medikal o parmasyutikal bago ang depinisyon at iba pang impormasyong kailangan niyang mabanggit sa video.

Masusuri din sa videos ang paggamit ni Larga ng kumbersasyonal na tono sa halip na parang nagbibigay ng lektura ukol sa gamot o sakit. Kahit na tinatalakay niya ang posibleng epekto ng gamot sa tao, napananatili ng content creator na magaan ngunit impormatibo ang kaniyang pagpapaliwanag. Nakadaragdag sa aksesibilidad ng impormasyon ang paglalapat ng kaswal na tono sa mga talakayang medikal para sa kapakanan ng mas malawak na awdyens. Nababawasan nito ang intimidasyon sa mga medikal na jargon at takot hinggil sa mga medikal na isyu sa tulong ng pagnonormalisa ng mga tanong at pagtrato sa mga ito nang may pag-unawa. Nakahihiyakat din ito ng pakikisangkot, lalo na sa mga indibidwal

na may limitadong kaalaman ukol sa paksa. Mababatid sa kaniyang delivery ang layuning makapagpalinaw at maiparating sa publiko ang kinakailangan nilang mabatid na impormasyon. Maririnig kay Larga ang tinatawag ni Galer na TikTok Voice o rehistrong ginagamit ng isang content creator sa tuwing gumagawa ng content. Kasama rito ang paggamit ng “uptalk” o pataas na intonasyong inilalapat sa mga deklar tibong pangungusap, tulad ng ginagawa ni Larga¹³ sa tuwing nagpapaliwanag, lalo na tuwing sinasabi niya ang kaniyang introduktoryong pahayag na “Let me explain!” Hindi naman gaanong kaprominente kay Larga at sa kaniyang mga video ang labis na kilos o galaw pagkat naobserbahang nakatayo lamang siya sa lahat ng kaniyang mga content at kadalasang nasa loob ng kanilang botika. Gayumpaman, hindi naaalís sa content creator ang empatikong pagpapaliwanag na masasalamín sa kaniyang mga kumpas ng kamay.

Nagagawa rin niyang maipaliwanag ang impormasyon ukol sa sakit sa paraang di-nakakabahala ngunit may pagdiríing kinakailangan nito ng seryosong atensiyon. Dahil din sa vlogging style na inilalapat niya, mas nagiging personal at nakauugnay ito sa awdyens. Subalit, kung labis-labis naman ang paggamit ng mga nabanggit na estratehiya, o kung lubhang kampante ang paglalahad, posible nitong mabansot ang kahalagahan ng mga isyung pangkalusugan na maaaring humantong sa mga di-pagkakaunawaan sa mga usaping medikal. Nangangahulugang mabisa man ang kaswal na tono para sa pagpapabatid sa madla ng impormasyon, mahalaga pa ring magkaroon ng kontekstuwal na pagtitimbang upang matiyak na hindi nito mapapahina ang kahalagahan ng mga diskursong pangkalusugan.

Mga Estratehiya sa Pagpapayak ng mga Konsepto sa PharmaTok Videos

Hindi maisasantabi ang popularidad ng PharmaTok videos bilang midyum upang maiparating ang mga kritikal na impormasyong kaugnay sa kalusugan sa mas madali at nauunawaang format.¹⁴ Sa pagsusuri ng mga estratehiyang ginamit sa

.....
¹³ Mapapansing espesyalisado ang paggamit ni Larga ng rehistrong ito sa TikTok dahil sa iba pang rehistrong kaniyang nagagamit sa iba pang social media content (e.g., kaniyang travel vlogs na mapapanood sa YouTube, o tuwing may guesting sa iba pang vlog/content).

¹⁴ Ngunit, hindi rin maikakaila ang mga potensiyal na limitasyon nito, tulad ng misimpormasyon o labis-labis na simplipikasyon ng impormasyon—mga bagay na ipinapaalala rin ni Larga sa kaniyang mga ipinapaskil na content. Kaakibat ng kaniyang PharmaTok videos ang paalalang kumonsulta pa rin sa doktor ukol sa kondisyon.

videos, lumutang ang paggamit ng mga multimodal na elemento, iba't ibang estilo sa pagsasalaysay at pagpapaliwanag, paglalahad ng mga panawagan, at pag-uulit-ulit at pagbibigay-diin upang malinang pa ang komprehensiyon ng mga awdyens.

Nangungunang estratehiyang ginagamit ni Larga ang paglalapat ng mga multimodal na elemento, tulad ng paggamit ng mga kagamitang biswal at iba pang uri ng grapiko para sa simplipikasyon ng mga konseptong kaniyang ipinaliliwanag. Upang maipakita ang konteksto ng tinatalakay na medikasyon, nag-i-stitch¹⁵ si Larga ng video mula sa iba pang content creator (e.g., content ukol sa paggamit ng anti-fungal corticosteroid combination, o isang prescription product na ginagamit para gamutin ang fungal at yeast infections). Sa pamamagitan ng pagtatahi ng clip na kaugnay sa paksa, nagagawa nitong makuha ang atensiyon ng awdyens. Nababanghay rin nito ang content sa paraang nakatutugon sa kanilang pangangailangan (i.e., naipapakita sa ibang bahagi ng screen ang mga pansuportang datos o biswal). Nakatutulong ang ganitong estratehiya upang makapukaw-pansin sa awdyens at makatawid ang content sa kanilang personal na karanasan. Sa madaling sabi, napatatatag ng pagkakabit ng video clips sa mga unang segundo ng content ang sitwasyonal na halaga nito. Maliban dito, nakatutulong din ang presentasyon ng mga larawan ng gamot at iba pang mahahalagang datos ukol sa sakit (e.g., screenshot ng mga advisory ng mga ahensiya ng pamahalaan ukol sa tampok na gamot o sa mga napapanahong sakit). Nagagawa nitong mapatibay ang pagkuha sa atensiyon ng konsumer patungo sa mga kritikal na argumentong bitbit ng mga elementong taglay ng PharmaTok videos. Halimbawa, gumagamit siya ng highlighting technique upang mas mapalutang ang nais niyang bigyang-diing mga termino o kaisipan mula sa mga itinatampok na dokumento, gaya ng advisories ng Kagawaran ng Kalusugan. Naglalapat din siya ng superimposed texts para sa karagdagang paglilinaw at konteksto, at ng iba pang biswal na paliwanag sa tulong ng ilustrasyon (e.g., kartun na obaryong nagpapakita ng pagpigil sa ovulation at pagpapakapal sa cervical mucus) upang mapasimple ang kompleks na prosesong medikal.

Bilang madalas na bumuo ng content si Larga sa loob ng kanilang botika, may mga pagkakataon ding nagpapakita siya ng aktuwal na gamot o packaging upang makatulong sa identipikasyon nito. Mahalaga ang ganitong estratehiya para sa pagpapaliwanag ng content creator dahil may ilang videos siyang ipinapakita na

.....

¹⁵ Tumutukoy ang *stitch* bilang isang mekanismo ng TikTok na nagpapahintulot sa user na maglakip ng bahagi ng content na mula sa iba pang content creator.

lamang ng bumibili ang screenshot ng kaniyang tinatalakay na gamot, partikular sa mga produktong over-the-counter. Nakatutulong din ito lalo na sa mga kostumer na tanging hitsura lamang ng packaging ang kilala o palatandaan.¹⁶ May pagkakataon ding ipinakikita niya ang hitsura ng gamot (e.g., kung chewable form at suspension/liquid form). Sa kabilang banda, maoobserbahan din sa ganitong presentasyon—partikular sa hayagang pagpapakita ng mga produkto at packaging nito—ang pagganap nito bilang di-sadyang promosyon. Malay man o hindi, nakaaambag ito sa paglakas ng popularidad ng produkto kasabay ng paglawak ng kaniyang nagiging viewers at impluwensiya bilang isang content creator.

Binibigyang-diin ng mga ahensiyang nagtataguyod ng payak na wikang makatwiran ang integrasyon ng mga grapiko at larawan upang maiparating ang mga mensahe kaysa gamitin bilang dekorasyon. Dagdag pa nila, mainam na sa isang tingin pa lamang, kaya nang makuha ang mensahe nito. Ipinapaalala rin nilang maaaring gamitin ang grap at tsart (gaya ng naobserbahang paggamit ni Larga) sa pagpapakilala ng mga saliksik at teknikal na impormasyon ngunit kailangang mapanatili ang kalinawan nito (Health Service Executive, Health Promotion Unit, at National Adult Literacy Agency 27). Nakatutugon ang estratehiya ni Larga sa paglalapat ng mga multimodal na elemento para sa mas mabisang pagpapaliwanag.

Naobserbahan din sa pagsusuri ang paggamit ni Larga ng mga iskit para sa pagpapaliwanag ng mga sitwasyong nararanasan niya (e.g., pagbebenta ng ilang botika ng prescription medicine nang walang reseta, at matagal nang paggamit ng gamot ngunit wala namang nararamdamang side effect). Mabisa ang ganitong estratehiya pagkat nagagawa nitong mapaghalo ang mga biswal, siste, at makatotohanang konteksto upang mas mapatibay ang retensiyon ng impormasyon at makalikha ng koneksiyon sa awdyens. Kapansin-pansin ang mabisang pagbuo ni Larga ng iskit upang makaiwas sa sensationalism (i.e., eksaherado, sobrang emosyonal, o dramatikong content upang makapagdulot din ng katartikong bisa sa awdyens) at labis-labis na dramatisasyong maaaring makapagpalabnaw sa edukasyonal na halaga ng content. Sa likod nito, makikita ring malinaw kay Larga na hangad niya ang makapagbigay-kaalaman habang napepreserba ang integridad ng medikal na impormasyon. Nasisiguro nitong natututo ang awdyens at hindi lamang naaaliw sa content.

.....

¹⁶ Makikita kay Larga ang propesyonality sa pagbebenta ng gamot sa kostumer. Sakali mang hindi OTC ang gamot, magalang at matapat niyang ipinaliliwanag sa kaugali na hindi maaaring magbenta ng prescribed medicine nang walang lehitimo at updated na reseta mula sa doktor.

Masusuri din sa PharmaTok videos ang pagpapaliwanag sa wastong gamit ng gamot (i.e., iniinom na varyant ng B— at hindi minumog), at paghahambing ng dalawang gamot at mga kamukhang benepisyo nito. Nakatutulong ang ganitong mga estratehiya upang magkaroon ng karagdagang kamalayan ang konsumer ukol sa itinatampok na gamot.¹⁷ Prominente rin sa PharmaTok videos ang paggamit ng code mixing bilang mekanismo ng pagpapaliwanag. Kabilang dito ang paglalapat ng mga pamilyar na termino o parirala mula sa ibang wika, gaya ng paghahalo ng Ingles at Filipino, tulad sa:

1. “Alam niyo ba na isa sa mga **common** na paraan upang hindi mabuntis ang isang babae ay sa pamamagitan ng mga **injectable contraceptives**.” (Larga, “Contraceptives”)
2. “Ang **leptospirosis** ay isang sakit na dulot ng **bacteria** na **Leptosira PP**.” (Larga, “Dahil sa kaliwa’t kanang pagbaha dulot ng masamang panahon”)
3. “**Now**, kung hindi naman ito nireseta ni Dok, **I would suggest** po na mamili lang kayo ng isang **multivitamins**, **between** N— o kaya ay P— drops.” (Larga, “Pwede bang pagsabayin ang mga vitamins na ito?”)

Kasama rin dito ang ilang audience-specific variations o paggamit ng iba’t ibang wikang nakabatay sa kultural at lingguwistikong kaligiran ng pangkat na pakay ng video. Ilan sa mga halimbawa nito ang: paglilinaaw ng mga sabi-sabi o maling medikal na impormasyon (e.g., pagkakabaog dahil sa paggamit ng contraceptives); paggamit ng analohiya sa sakit (e.g., pagturing sa cholesterol bilang mantikang naipon sa ugat); paglalarawan sa mga larawang ipinakikita (e.g., paltos sa balat para sa blisters); pagpapakilala sa mga gamot na branded at generic (i.e., dahil kadalasan nang itinatanong kung may katumbas itong generic, dala ng mataas na presyo ng branded).

Karaniwan ding estratehiya ni Larga ang elaborasyon ng mga terminong ginagamit sa pangungusap. Ibinibigay niya ang kahulugan ng salita sa kasunod na pangungusap. Halimbawa, sinimulan ng content creator ang video sa isang maikling paliwanag sa sitwasyong nararanasan ng bansa (e.g., pagbaha)

.....

¹⁷ Gayumpaman, may palagiang paalala ang content creator na mahalaga pa rin ang pagkonsulta sa doktor at pagsunod sa kanilang diagnosis at propesyonal na opinyon.

upang maisakonteksto ang pag-iral ng isang sakit, gaya ng leptospirosis. Upang mas maiugnay sa kaniyang awdyens ang kondisyon, ibinigay muna niya ang kahulugan. Kapansin-pansin din ang paglalatatag niya ng paliwanag sa paraang patanong (e.g., “Ano nga ba ang leptospirosis?”). Sa pamamagitan ng paglalapit ng mga konsepto sa mga pamilyar na sitwasyon, naitutulay ng paliwanag ang puwang sa pagitan ng teknikal na kaalaman at pang-araw-araw na karanasan. Sa ganitong gana, higit na nakauugnay ang tao sa impormasyon. Nagagawa ng agarang pagbibigay ng depinisyon sa termino na maalis ang anumang potensiyal na kalituhan at nakatutulong sa awdyens upang makabuo ng gradwal na pag-unawa sa ipinaliliwanag. Nagagaya ng ganitong dulog ang natural na diskursong kumbersasyonal. Nababawasan nito ang intimidasyon sa teknikal na impormasyon at nagiging mas nakaengganyo para sa pakikisangkot. Dagdag pa, kabilang ang pagtatahi ng mensahe sa kapasidad ng awdyens sa prinsipyo ng payak na wikang mabisang makatugon sa kanilang pangangailangan at inaasahan bilang konsumer ng impormasyon.

Mabisang estratehiya rin sa prinsipyo ng payak na wika ang pag-uulit-ulit at pagbibigay-diin dahil nililinaang nito ang komprehensiyon at retensiyon ng impormasyon. Napatitingkad ng pag-uulit-ulit ang mahahalagang punto upang masigurong nauunawaan at naaalala ang mga kritikal na impormasyon. Nagagawa naman ng pagbibigay-diing magabayan ang awdyens upang tumuon lamang sa mga esensiyal na nilalaman. Kung pagsasamahin, kaya ng dalawang gawing malinaw at aksesible ang impormasyon, lalo na sa mga kontekstong kompleks at teknikal, gaya ng ipinakikita ng PharmaTok videos. Napagtitibay ng dalawang estratehiya sa wastong gamit ng medikasyon ang mga kritikal na detalye ng gamot at gamutan. Nababawasan din nito ang banta ng di-pagkakaunawaan. Naisusulong nitong mga estratehiya ang pagtugon sa mga instruksiyon sa medikasyon para sa mabisang epekto sa pasyente. Halimbawa, inulit-ulit ni Larga sa isang video na hindi pangkaraniwan o pang-araw-araw na cream ang L— cream, at hindi lamang basta ipinapahid sa mukha. Aniya, maaaring magkaroon ng side effect ang palagiang paggamit nito. Sa isa pang nakapaskil na video, binigyang-diin niyang iniinom ang bersiyong syrup ng itinatampok na gamot na primaryang kilala bilang pangmumog. Hindi lamang natuturuan ni Larga ang awdyens ukol sa mga gamot, kundi nakatutulong din siya upang makabuo sila ng tiwala at kumpiyansa sa wastong paggamit ng gamot.

Nakatutulong din ang kaniyang short-form videos upang mabigyan ng kamalayan ang publiko ukol sa mga sakit. Teknik ng content creator ang pagbuo

ng mga paghahambing ng mga nauusong karamdaman at mga sakit na pamilyar sa tao (e.g., hambingan ng monkeypox at chickenpox). Kabilang sa simplipikasyon ng konsepto ang malinaw na pagtatanghal ng mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga sakit na nakatutulong upang maiwasan ang maling akala ukol dito. Binibigyang-pansin din ng paghahambing ang mga kritikal na aspekto ng bawat kondisyon, tulad ng sintomas, sanhi, at paraan ng pag-iwas. Mahalaga para sa awdyens ang kabatiran ng mga nabanggit na impormasyon. Sa ilang video, nagpapaalala si Larga ukol sa kapangyarihan ng impormasyon ukol sa sakit at mabilis na diseminasyon nito upang hindi makapagdulot ng takot sa publiko.

Binibigyang-pansin din niya ang pagkakapareho at pagkakaiba ng mga gamot at mga pangunahing nilalaman nito (e.g., mga gamot na may paracetamol). Bagaman may magkakaparehong sangkap ang mga gamot, itinuturo niyang hindi ito dahilan upang pagsabayin ang pag-inom nito. Nililina niya ang panganib na dulot ng sabayang pag-inom ng mga gamot na may magkakatulad na aktibong sangkap, dahil nagdudulot ang labis na dosage nito ng panganib sa kalusugan ng tao.

Nakapagbibigay ang PharmaTok videos ng inobatibong dulong sa pagpaparating ng impormasyong pangkalusugan sa pamamagitan ng mga multimodal na elemento, gaya ng mga biswal na elemento, iskit, at video clips. Nakatutulong ito upang mapasimple ang mga kompleks na paksa at gawing mas nakahihikayat sa mas malawak na awdyens. Nililina ng ganitong mga estratehiya ang aksesibilidad ng mga krusyal na konseptong medikal. Dagdag pa, napahihintulutan nito ang awdyens upang makaugnay sa content. Gayumpaman, mahalaga ring mapansin sa ganitong kondisyon ang pagbalanse sa pagitan ng pagiging payak at tumpak, kasama rito ang pag-iwas sa labis-labis na simplipikasyon upang hindi mailayo ang orihinal nitong kahulugan. Sa likod nito, lumilitaw pa rin sa pagsusuri ang layunin ni Larga na matiyak na aksesible sa publiko nang hindi nawawala ang impormasyong angkop na mabatid ng madla. Sa kabuuan, mabisang kagamitan ang PharmaTok videos para sa pagpapalutang ng kamalayan ng madla ukol sa mga ibinabahagi ni Larga, ngunit kinakailangan pa rin ang pantay at balanseng pagtitimbang sa katumpakan ng impormasyon at lalim sa paghahatid ng mga mensaheng pangkalusugan.

Kongklusyon

Ipinamalas ng mga retorikal na estratehiyang naobserbahan sa mga PharmaTok videos ni Larga ang mabisang dulog sa presentasyon ng impormasyong pangkalusugan. Nagpapamalas din ito ng pakikisangkot ng awdyens at nagtataguyod ng impormadong pagpapasya sa mga tagatangkilik nito. Lantad sa mga video ang epektibong pagpukaw sa atensiyon ng awdyens sa pamamagitan ng tahasang pagtukoy sa mga isyu o problema at pagpapakilala sa mga produkto, gamot, o sakit sa kanilang teknikal at mas kilalang pangalan. Dahil din sa detalyadong deskripsiyon ng mga aktibong sangkap at mga epekto nito, nagawa ni Larga na mapagsanib ang mga siyentipikong pananaw at propesyonal na payo. Napatatag pa ito sa tulong ng medical disclaimers, myth-busting, at preventive measures. Nakabubuo ang ganitong interaktibong dulog—na lantad sa kaniyang pagtugon sa mga tanong mula sa awdyens at sa mga miskonsepsiyon—ng tiwala habang ginagawang personalisado ang komunikasyon. Sa tulong din ng mga multimodal na elemento, nagagawa ni Larga na miseguro ang kalinawan, kredibilidad, at aksesibilidad ng kaniyang nabubuon content. Natutulungan nito ang awdyens na mapalalim ang kanilang pag-unawa sa impormasyong medikal at parmasyutikal habang responsableng bumubuo ng mga desisyong may kaugnayan sa kanilang kalusugan.

Higit pang binibigyang-diin ng mga PharmaTok video ni Larga ang paggamit ng payak na wika upang gawing aksesible sa iba’t ibang awdyens ang mga konseptong medikal. Natitiyak ng paggamit ng: pinasimpleng bokabularyo; malinaw na paliwanag; kumbersasyonal na tono; at pagsasalin ng mga teknikal na termino patungong Filipino ang akses maging sa mga awdyens na may limitadong literasi pangkalusugan o katatasan sa wikang Ingles. Nililina ng mga teknik tulad ng: pag-i-stitch ng mga video; paglalapat ng mga makatotohanang kontekstuwal na halimbawa; at wikang nakaayon sa pakay ng konsumer ang pakikisangkot ng

awdyens habang pinananatili ang edukasyonal na integridad. Nangyayari ito sa pamamagitan ng pag-iwas sa sensasyonalismo at labis na dramatisasyon.

Sa kabilang banda, nakatutulong naman ang kaswal na dulog sa pag-unawa at nakababawas sa intimidasyon. Pinahihina ng labis-labis na impormalidad ang kaseryosohan ng mga isyung pangkalusugan. Gayundin, habang pinatataas ng simplipikasyon ng mga paksa ang aksesibilidad, nagagawa nitong mapahina ang ilang kritikal na detalyeng teknikal. Sa ganitong gana, esensiyal ang pagbabalanse sa pagitan ng kapayakan, linaw, bigat, at lalim ng medikal na diskurso. Mahalaga ito upang matiyak ang katumpakan nang hindi mapuspos ang awdyens sa impormasyon o makaramdam sila ng alyenasyon mula sa kinokonsumong content. Sa kabuuan, inobatibong naitutulay ng PharmaTok videos ang teknikal na kaalaman at pang-araw-araw na karanasan habang itinataas ang kamalayan ukol sa pampublikong kalusugan at diskurso ng literasi pangkalusugan.



Apendiks

Mga Sinuring Video



- Larga, A. [arshielife]. “Alam nyo ba na isang paraan para hindi mabuntis ang isa babae ay sa pamamagitan ng injectable contraceptive?” *TikTok*, 26 Nobyembre 2024. vt.tiktok.com/ZS6uALWDK/.
- . “Ano nga ba ang MPOX at paano ito maiiwasan?” *TikTok*, 27 Agosto 2024. vt.tiktok.com/ZS6uSTt5A/.
- . “Dahil sa kaliwa’t kanang pagbabaha dulot ng masamang panahon at walang tigil na pag-ulan.” *TikTok*, 24 Hulyo 2024. vt.tiktok.com/ZS6uAGWXn/.
- . “Hindi po pwedeng pagsabayin ang mga gamot na ito.” *TikTok*, 17 Hunyo 2024. vt.tiktok.com/ZS6uDep7H/.
- . “Para sa mga taong hindi matunawan o inaatake ng hyperacidity.” *TikTok*, 23 Disyembre 2024. vt.tiktok.com/ZS6uSgvaQ/.
- . “Replying to @alex.” *TikTok*, 14 Nobyembre 2024. vt.tiktok.com/ZS6uSXFwW/.
- . “Replying to @deeper.thought.” *TikTok*, 19 Hunyo 2024. vt.tiktok.com/ZS6uD8mxw/.
- . “Replying to @Xixxi.” *TikTok*, 15 Hunyo 2024. vt.tiktok.com/ZS6uAK487/.
- . “Skl. Alam nyo ba na merong Bactidol na hindi minumog at ginagamit para sa ubo?” *TikTok*, Disyembre 16, 2024. vt.tiktok.com/ZS6uStdcp/.
- . “stitch with @siliqueenofficial.” *TikTok*, 6 Hunyo 2022, vt.tiktok.com/ZS6uSA7qm/.



“Dahak.” *UP Diksiyonaryong Filipino*, inedit ni Virgilio Almario, ikalawang edisyon, ANVIL Publishing Inc., 2010, p. 252.

Center for Disease Control and Prevention. *Everyday Words for Public Health Communication*, 2016, www.cdc.gov/other/pdf/everydaywordsforpublichealthcommunication.pdf.

Centro Escolar University. “CEU Alumnus Arshie Larga Listed in Forbes 30 Under 30 Asia 2024.” *Centro Escolar University*, 10 Hunyo 2024, www.ceu.edu.ph/news-events/487?ceu-alumnus-arshie-larga-listed-in-forbes-30-under-30-asia-2024.

Cordero, Dalmacito, Jr. “Exploring TikTok to Increase One’s Health Literacy: The Philippine Experience.” *Postgraduate Medical Journal*, tomo 100, blg. 1188, 2024, pp. 776-777, <https://doi.org/10.1093/postmj/qgae044>.

Galer, Sophia. “How TikTok created a new accent—and why it might be the future of English.” *BBC*, 23 Enero 2024, www.bbc.com/future/article/20240123-what-tiktok-voice-sounds-like-internet-influencer.

Health Service Executive & Health Promotion Unit, at National Adult Literacy Agency. *Plain Language Style Guide for Documents*, www.lenus.ie/bitstream/handle/10147/98048/HSE_Style_guide.pdf;jsessionid=9.

Kimble, Joseph. “Flimsy Claims for Legalese and False Criticisms of Plain Language: A 30-year Collection.” *The Scribes: Journal of Legal Writing*, tomo 19, blg. 17, 2020, pp. 1-14, scribes.org/wp-content/uploads/2022/10/Kimble-8.23.21.pdf.

- NWT Literacy Council. *A Plain Language Handbook: Write for your Reader*. Northwest Territories Education, Culture, and Employment, 2015, www.nwtliteracy.ca/sites/default/files/resources/write_for_your_reader_1_dec_2015.pdf.
- Pag-iwayan, Jessica. "Meet Arshie Large: Island Pharmacists and Forbes '30 under 30' honoree." *Manila Bulletin*, 21 Mayo 2024, mb.com.ph/2024/5/21/meet-arshie-larga-island-pharmacist-and-forbes-30-under-30-honoree-1.
- Pan American Health Organization. *Understanding the Infodemic and Misinformation in the Fight Against COVID-19*. World Health Organization, 2020, iris.paho.org/bitstream/handle/10665.2/52052/Factsheet-infodemic_eng.pdf.
- Schriver, Karen. "Plain Language in the US gains momentum: 1940-2015." *IEEE Transactions in Professional Communication*, tomo 60, blg. 4, 2017, pp. 343-383, ieeexplore.ieee.org/document/8115322/.
- Serafani, Frank at Stephanie Reid. "Multimodal Content Analysis: Expanding Analytical Approaches to Content Analysis." *Visual Communication*, tomo 22, blg. 4, pp. 623-649, <https://doi.org/10.1177/1470357219864133>.
- Tolabing, Ma. Carmen, et al. "Prevalence of Limited Health Literacy in the Philippines: First National Survey." *Health Literacy Research and Practice*, tomo 6, blg. 2, 2022, pp. 104-112, <https://doi.org/10.3928/24748307-20220419-01>.
- Vergara, Fermina at Rachel Lintao. "War on Drugs: The Readability and Comprehensibility of Illegal Drug Awareness Campaign Brochures." *International Journal of Language & Literary Studies*, tomo 2, blg. 4, 2020, pp. 98-121, <https://doi.org/10.36892/ijlls.v2i4.412>.
- Warde, Fiona, et al. "Plain Language Communication as a Priority Competency for Medical Professionals in Globalized World." *Canadian Medical Education Journal*, tomo 31, blg. 9, pp. 52-59.



Ariel Ursolon Bosque

Isang lisensiyadong propesyonal na guro at kasalukuyang katuwang na propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagtapos siya ng programang Batsilyer sa Pansekondaryang Edukasyon, Medyor sa Filipino, magna cum laude, sa Rizal Technological University, at programang Master ng Sining sa Araling Pilipino (Wika at Antropolohiya) sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Sa ngayon, tinatapos niya ang programang Doktor sa Pilosopiya ng Filipino na may konsentrasyon sa Estructura ng Wikang Filipino sa kaparehong unibersidad. Nakapagsulat na siya ng mga teksbuk at reperensiyang aklat sa antas-sekondarya at tersiyarya. Nakapaglathala at naimbitahan bilang rebyuwer ng mga saliksik sa ilang lokal at internasyonal na akademikong journal. Gumaganap din siya bilang Kawakxing Kasapi ng National Research Council of the Philippines sa ilalim ng Dibisyon VIII, Agham Panlipunan. Kabilang sa kaniyang interes sa pananaliksik ang araling wika, sintaks at semantiks, Araling Pilipino, pagsasalin, diskurso, at plain language.

#IkatlongEspasyo: Pagsusuri sa Dalas at Tagal ng Paggamit ng Alter

ng mga Miyembro ng LGBTQIA+ Community sa
Panahon ng Pandemyang Dulot ng COVID-19

Aljohn Puzon Estrella

ABSTRAK

Sinaliksik ng pag-aaral ang espasyong birtuwal ng alter na sumibol sa social media platform na X, at ang pagpapanibagong-hubog ng mga indibidwal na kabahagi nito sa panahon ng pandemyang dulot ng COVID-19. Tinukoy sa pag-aaral na ito ang pagbabago sa dalas at tagal ng paggamit ng mga alter user sa alter noong bago at habang mayroong pandemya, at kung paano naging third space ang alter para sa pangkasariang minorya. Gamit ang mixed methods research design na pinagsamang kuwantitatibo at kuwalitatibong pamamaraan sa pananaliksik, nagsagawa ng mga sarbey at panayam na dumadalumat sa kulturang seksuwal sa naturang espasyo. Sa pagsusuri ng datos, lumalabas na mayorya ng mga kalahok ay aksidenteng natuklasan ang alter sa pamamagitan ng algorithmic visibility, kung saan ang algorithm ng X ang humuhubog kung aling mga content ang magkakaroon ng mas mataas na probabilidad na lumabas sa newsfeed ng isang user, partikular sa mga erotikong bidyo at larawang ibinabahagi ng kanilang mga fina-follow. Ipinapakita rin ng pag-aaral na naging mas madalas at matagal ang paggamit ng mga kalahok ng alter noong pandemya, dahil sa restriksiyon ng pisikal na ugnayan dulot ng lockdown. Sa antas teoretikal, inihahapag ng pag-aaral na ito ang pag-unawa sa alter bilang isang queer third space na nagsisilbing mahalagang daluyan ng ekspresyon, pag-iral, at kaginhawaan para sa pangkasariang minorya na sistematikong binubura at isinasantabi sa mga tradisyonal na institusyon sa lipunan.

Mga susing salita: *alter, kulturang seksuwal, third space at LGBTQIA+*

DALUYAN | XXXI 2025 | #IkatlongEspasyo: Pagsusuri sa Dalas at Tagal ng Paggamit ng Alter ng
mga Miyembro ng LGBTQIA+ Community sa Panahon ng Pandemyang Dulot ng COVID-19

#IkatlongEspasyo: An Analysis of the Frequency and Duration of Alter Use by Members of the LGBTQIA+ Community During the COVID-19 Pandemic

ABSTRACT

This study examines alter as a virtual space that emerged on the social media platform X and explores how it was reconfigured by its participants during the COVID-19 pandemic. This research identifies changes in the frequency and duration of alter users' engagement before and during the pandemic, and analyzes how alter functioned as a third space for the LGBTQIA+ community. Employing a mixed methods research design that integrates quantitative and qualitative approaches, the study conducted surveys and in-depth interviews to critically examine the sexual culture within this digital space. Data analysis indicates that the majority of participants discovered alter incidentally through algorithmic visibility, wherein X's algorithm structures which content is more likely to appear on users' newsfeeds, particularly erotic images and videos shared by accounts they follow. The findings further demonstrate that participants' engagement with alter became more frequent and prolonged during the pandemic, largely due to restrictions on physical interaction brought about by lockdown measures. On the theoretical level, this study advances an understanding of alter as a queer third space that operates as a vital site of expression, existence, and relief for gender minorities who are systematically erased and marginalized within traditional social institutions.

Mga susing salita: *alter, sexual culture, third space and LGBTQIA+*

DALUYAN | XXI 2025 | #IkatlongEspasyo: Pagsusuri sa Dalas at Tagal ng Paggamit ng Alter ng
mga Miyembro ng LGBTQIA+ Community sa Panahon ng Pandemyang Dulot ng COVID-19

Panimula

Mababatid sa kasaysayan na ang pangkasariang minorya sa Pilipinas ay nakadaranas ng patuloy na marhinalisasyon at diskriminasyon dahil sa nakaugat na heteronormatibong paniniwala sa kulturang Pilipino (Reyes et al. 512). Bilang tugon, ang mga miyembro ng komunidad LGBTQIA+ sa kasalukuyang panahon ay lumikha ng mga alternatibong espasyo kung saan maaari nilang tuklasin at kilalanin ang kanilang tunay na kasarian at seksuwal na katotohanan (Tan 30). Ang mga espasyong ito na dating limitado sa mga nakakubling lugar tulad ng madidilim na sulok ng mga lumang gusali, mga pampublikong palikuran, at lumang sinehan (Solis 228) ay nagbagong-hubog at yumabong sa mga birtuwal na plataporma sa loob ng internet (Solis 18). Isang halimbawa nito ay ang komunidad alter, na lumitaw sa social media platform na X (dating Twitter) bilang makabagong espasyo para sa pagpapahayag ng kanilang seksuwal na katotohanan (Cao 57).

Nag-ugat ang salitang *alter* sa salitang *alternative* o *alter ego*, sa dahilang ang espasyo ng alter sa loob ng social media platform na X ay karaniwang puntahan ng mga anonymous X account na itinatago ang kanilang pagkakakilanlan gamit ang mga pseudonym, ngunit lantarang hinahayag ang kanilang kalikasang seksuwal sa iba't ibang paraan, na siyang naiiba sa karaniwang ipinapakita nila sa lipunan (Piamonte et al. 4). Maingat na itinatago ng karamihan sa kanila ang tunay nilang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng mga alyas at pagtataklob ng kanilang mga mukha gamit ang maskara, photoshop, video editor, o ano mang maipantatapan nila upang ikubli ang detalye ng kanilang mukha at mga marka sa katawan. Matatagpuan ang alter kapag itinipa sa search bar ng X ang salitang *#alter* at iba pang hashtag na mayroong seksuwal na konotasyon (Piamonte et al. 4). Sa pagiging mas aksesible rin ng nasabing espasyo nakaugat ang kainaman nito bilang daluyan ng transaksyon sa sex work, na lalo pang tumitindi bunga ng kagipitan sa panahon ng pandemya (Duria).

Kung susumahin, ang alter ay tumatayong third space—o ikatlong espasyo—para sa pangkasariang minorya. Hindi tulad ng ibang espasyo, ang ligtas na espasyo para sa pangkasariang minorya ay isang espasyong walang seksismo, LGBT-phobia, at pangkasariang karahasan (Nash 192). Ayon kay Hartal, ang ligtas na espasyo para sa LGBT ay isang espasyong may anonymity, inklusibo,

at may separatismo (i.e., nakabukod sa madla at maituturing na subculture), na tumutugma sa mga katangian ng alter (1062-1065).

Nilalayon ng pag-aaral na ito na unawain ang dalas at tagal ng paggamit ng mga alter user sa espasyo ng alter sa panahon bago at habang may pandemya, at alamin kung ano-ano ang mga naging epekto nito sa iba't ibang aspekto ng kanilang buhay. Tumutugon ang pag-aaral sa hamon ng kakulangan ng pananaliksik ukol sa mga seksuwal na kultura at danas ng pangkasariang minorya sa mga alternatibong ikatlong espasyo.

Mga Pag-aaral ukol sa mga Queer Space at Espasyong Birtuwal na Seksuwal

Sa malawak na disiplina ng pag-aaral sa espasyo, binibigyang-diin ni Sara Ahmed ang mga konsepto ng *orientation* at *comfort* bilang susi sa pag-unawa sa kung paanong ang mga katawan ay nagiging akma o hindi akma sa mga umiiral na espasyo sa lipunan, at kung paanong ang paglikha ng alternatibong espasyo ay maaaring magbukas ng posibilidad ng pagkalinga, pagkilala, at pag-angkin sa sarili ng mga katawan at identidad na itinuturing na lihis sa namamayaning pamantayan (11). Sa ganitong pananaw, ang espasyo ay hindi neutral kundi aktibong humuhubog at humahadlang sa kilos, damdamin, at pag-iral. Kaugnay nito, itinuturing ni Dana Collins ang paglikha ng *queer space* bilang isang proseso ng pagtatatag at pagpapanatili ng komunidad na hindi nakasalalay sa permanente o lantad na presensiyang pisikal, kundi sa mga nabubuong ugnayan, umiiral na etika, at mga ibinabahaging pakahulugang patuloy na binubuo at isinasabuhay ng mga kasapi ng komunidad (183). Ang ganitong pag-unawa ay mahalagang sandigan sa pagbasa sa alter bilang ikatlong espasyo, sapagkat hindi ito umiiral bilang isang tiyak na lugar kundi bilang digital na lunan na nililikha sa pamamagitan ng interaksyon, pahintulot, at kolektibong pag-angkin ng mga gumagamit nito. Tulad ng mga queer space na inilalarawan ni Collins, ang alter ay kadalasang pansamantala, hindi lantad, at nakabatay sa anonymity, subalit sa kabila nito ay nagiging makabuluhang espasyong panlipunan dahil sa pagkakaroon ng inaasahang tuntunin at anyo ng pakikitungo sa loob ng komunidad. Sa ganitong balangkas, maaaring unawain ang alter hindi lamang bilang daluyan ng seksuwal na kahingian, kundi bilang isang aktibong ikatlong espasyo kung saan isinasagawa ang pagbuo ng ugnayan,

identidad, at alternatibong porma ng kabuhayan na humahamon sa dominanteng heteronormatibong espasyo.

Sa pag-angkla sa mga internasyonal na pananaw na ito, mahalagang isaalang-alang ang mga lokal na pag-aaral sa Pilipinas na tahasang tumalakay sa queer space. Halimbawa na lang ang pag-aaral ni Mark Remington Tan, na ipinapakita na ang kasarian at seksuwalidad ng mga Pilipinong queer ay patuloy na nililikha at dumadaan sa proseso ng negosasyon sa pagitan ng offline at online na espasyo. Sa kaniyang pagsusuri, ang offline na espasyo tulad ng tahanan, paaralan, lugar ng trabaho, at pampublikong lugar ay kadalasang pinaghaharian ng heteronormatibong pamantayang naglilimita sa lantad na pagpapahayag ng kasarian at seksuwalidad. Dahil dito, nagiging mahalaga ang mga online o birtuwal na espasyo bilang alternatibong lunsaran kung saan maaaring subukan, tukuyin, at angkinin ng mga queer ang mga anyo ng ekspresyon na hindi ligtas o imposible sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay (30). Gayunman, idiniriin din ni Tan na ang mga karanasang ito sa online o birtuwal na espasyo ay hindi nananatiling hiwalay sa offline na buhay. Sa halip, tuwirang nakaiimpluwensiya ang mga ito sa paraan ng paggalaw, pag-unawa, at pakikitungo ng mga indibidwal sa kanilang mga espasyong ginagalawan. Sa ganitong pagtatasa, ang queer space ay hindi isang nakapirming lugar kundi isang espasyong nabubuo sa pamamagitan ng interaksyon at representasyon sa pagitan ng online at offline na espasyo, kung saan patuloy na binabalanse ang panganib, kaligtasan, at pag-angkin sa sarili.

Samantala, sa pag-aaral ni Claudia C. Lodia hinggil sa mga Pinay femme sa Maynila, binibigyang-diin ang konsepto ng *spatiality tactics* upang ilarawan kung paanong ang mga katawang queer ay aktibong nakikibagay at nakikipagnegosasyon sa mga espasyo ng lungsod. Sa kaniyang pagsusuri, ang pag-okupa, pag-iwas, at pansamantalang pananatili sa iba't ibang lugar ay hindi simpleng pagkilos, kundi estratehiyang tumutugon sa panganib na bunga ng diskriminasyon at marhinalisasyon dulot ng hegemonikong heteronormatibong pananaw (11-18). Ang queer na pag-iral sa lungsod ay madalas na hindi lantad at hindi permanente, kundi nakasalalay sa kakayahang bumasa ng sitwasyon at magbago ng kilos ayon sa antas ng pagtanggap. Sa ganitong diwa, ang queer space ay hindi isang nakapirming lugar kundi isang pansamantalang kondisyong nililikha sa mismong sandali ng paggamit at pag-angkin ng espasyo. Ang ganitong pagbasa ay mahalagang ambag sa pag-unawa sa mga queer space sa Pilipinas, sapagkat ipinapakita nito na ang kaligtasan at ginhawa ng mga katawang queer ay madalas na nakukuha—hindi sa ganap na pag-angkin ng espasyo—kundi sa malikhaing pakikitungo sa mga limitasyon nito.

Ang mga alternatibong espasyo tulad ng mga espasyong birtuwal na seksuwal ay nagsisilbing *safe space* para sa mga marhinalisadong kasapi ng ating lipunan tulad ng isinasaad ng pag-aaral nina Grov et al. na tumatalakay sa kung paano ginamit ng komunidad LGBTQIA+ ang espasyo ng internet upang tumakas sa pangkasariang diskriminasyon at malayang maihayag ang kanilang seksuwal na katotohanan (390). Bahagi rin ng pananaliksik ang naratibo kung paano tumawid mula sa mga cruising spot patungong private chatrooms ang ugnayan ng ilang mga homoseksuwal at biseksuwal na kalalakihan upang ihayag ang kanilang tunay na seksuwalidad (Solis 228). Lumalabas sa nasabing pananaliksik na labis na pinahahalagahan ng mga naturang indibidwal ang ligtas na espasyong kanilang nalikha sa loob ng internet, dahil naging mainam na daluyan ito ng kanilang mga nililihim na pangkasariang katotohanan at mga kahingiang seksuwal.

Tuwiran namang nakatuon sa seksuwal na karanasan ng mga homoseksuwal at biseksuwal na lalaki sa alter sa Pilipinas ang pananaliksik nina Piamonte et al. (4-5). Lumalabas sa pag-aaral na maituturing na pangunahing dahilan kung bakit sila gumawa ng alter account ay upang tugunan ang kanilang libido o libog na nagagawang punan ng naturang espasyo. Naibalangkas din ng naturang pag-aaral ang iba't ibang tipo ng alter user, tulad ng mga *exhibitionist alter* na karaniwang nagpo-post ng larawan at bidyo ng kanilang kaselanan upang makamit ang seksuwal na satsipaksiyon; mga *wholesome alter* at *lurker* na karaniwang nakikinoood lamang ng mga seksuwal na bidyo at larawan; at mga *retweeting alter* na taga-retweet ng mga seksuwal na bidyo at larawan na siyang nagpapalawak sa impluwensiya ng naturang espasyo.

Ang pangunahing teoretikal na ambag ng papel na ito ay ang pagpapalawak at pagsasakonteksto sa konsepto ng ikatlong espasyo sa loob ng birtuwal na seksuwal na espasyo sa Pilipinas, partikular sa pamamagitan ng pagbasa sa alter bilang isang dinamikong espasyong panlipunan. Ipinapakita ng papel na ang alter ay hindi lamang alternatibong daluyan ng seksuwal na ekspresyon, kundi isang espasyo kung saan patuloy na nagaganap ang negosasyon ng kapangyarihan, panganib, at posibilidad sa pagitan ng mga gumagamit. Sa loob ng espasyong ito, ang seksuwal na ekspresyon, emosyonal na ugnayan, at maging ang seksuwal na kabuhayan ay nagiging bahagi ng mga estratehiya ng pag-angkin sa sarili at paglikha ng kahulugan. Sa ganitong pagbasa, lumalampas ang papel sa mga moralistiko at reduksiyonistang pananaw na naglilimita sa alter bilang simpleng mapanganib, mapagsamantala, o pornograpikong espasyo. Sa halip, inilalatag nito ang alter bilang mahalagang ikatlong espasyo na katulad ng mga queer space

na tinatalakay nina Ahmed, Collins, Tan, at Lodia, kung saan ang kaligtasan, ginhawa, at pag-angkin sa sarili ay hindi ibinibigay ng estruktura ng espasyo, kundi nililikha sa pamamagitan ng kolektibong praktika at patuloy na negosasyon ng mga katawang marhinalisado. Sa ganitong lente, magiging mahalagang ambag ang papel sa pag-unawa sa kontemporaneong digital na karanasan ng mga queer at iba pang marhinalisadong katawan sa Pilipinas, at sa paglantad sa alter bilang isang aktibong lunan ng pagbuo ng identidad at ugnayan.

Teyoretikal at Konseptuwal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay inangkla sa *Third Space Theory* upang masusing maunawaan ang umiiral na kulturang seksuwal sa alter sa konteksto ng pandemya. Ang Third Space Theory ay tumutukoy sa mga espasyong nililikha ng mga marhinalisadong katawan bilang alternatibong espasyo ng pag-angkin at paggalaw sa labas ng mapanupil na estruktura ng lipunan, kung saan maaaring maganap ang negosasyon ng identidad, kapangyarihan, at kahulugan (Bhabha; Soja). Sa ganitong balangkas, ang espasyo ay hindi lamang isang pisikal na lugar, kundi nabubuo at nagkakaroon ng kahulugan sa pamamagitan ng karanasan, tunggalian, at pakikipag-ugnayan ng mga tao.

Sa pamamagitan ng Third Space Theory, maipapaliwanag ang pagkakalikha ng alter bilang isang ikatlong espasyo na umuusbong mula sa karanasan ng displacement ng pangkasariang minorya mula sa mga dominanteng espasyo. Sa modelo (tingnan ang Figura 1), ang unang espasyo tulad ng tahanan ay madalas na pinaghaharian ng heteronormatibong disiplina at moralidad, samantalang ang ikalawang espasyo ng mas malawak na lipunan ay nagtatakda ng mga pamantayang naglilimita sa lantad na seksuwal na ekspresyon. Ang ganitong kondisyon ng pagkataboy at kawalan ng kapasidad umangkop sa mga dominanteng espasyo ang nagtutulak sa mga alter user na lumikha ng alternatibong espasyo kung saan maaaring maisabuhay ang kanilang pangkasarian at seksuwal na katotohanan.

Mahalaga ring bigyang-diin na ang alter bilang ikatlong espasyo ay may likas na katangiang hybrid. Ito ay espasyong nagsasanib ang online at offline na karanasan, ang anonymity at intimacy, ang panganib at kaligtasan, pati na ang aliw at kabuhayan. Sa ganitong diwa, hindi ganap na hiwalay ang alter sa umiiral na estrukturang panlipunan kundi isang espasyong patuloy na nakikipagnegosasyon sa mga limitasyon nito. Ang hybridity ng alter ang nagpapahintulot sa mga gumagamit na sabay na umiwas at makibahagi, magtago at maglantad, at

lumikha ng pansamantalang kalayaan. Ang alter ay isang espasyong lumilitaw mula sa pagitan ng mga hangganan ng dominasyon at paglaban, at nagsisilbing mahalagang lunan ng pagbuo ng kahulugan, pag-iral, at pagkalinga sa gitna ng krisis at kawalang-katiyakan (Hartal).




Fig. 1. Modelo ng Alter Bilang Third Space

DALUYAN | XXXI 2025 | #IkatlongEspasyo: Pagsusuri sa Dalas at Tagal ng Paggamit ng Alter ng mga Miyembro ng LGBTQIA+ Community sa Panahon ng Pandemyang Dulot ng COVID-19

Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed methods research design, isang uri ng pananaliksik na pinagsasama ang kuwantitatibo at kuwalitatibong pamamaraan upang makalikom at sumuri ng datos. Alinsunod sa ganitong disenyo, ginamit ang iba't ibang instrumento sa pangangalap ng datos upang matiyak ang komprehensibo at masusing pag-unawa sa penomenong sinasaliksik. Kabilang sa mga instrumentong ginamit ang birtuwal na sarbey at gabay sa semi-nakabalangkas na panayam. Idinisenyo ang gabay sa sarbey at panayam upang tumugma sa mga layunin ng pag-aaral, kabilang ang dokumentasyon ng dalas at tagal ng paggamit ng mga kalahok ng alter (Wéry 705). Ang ilang mga tanong sa sarbey ay inangkop mula sa pag-aaral nina Rice et al. ukol sa seksuwal na kultura ng mga birtuwal na networking platform, na lubos na angkop para sa pangangalap ng datos sa internet (3). Samantala, binase naman ang mga panayam sa online interview design nina Grov et al (390).

Ang epistemolohikal na posisyon ng pag-aaral na ito ay maaaring ilarawan bilang pragmatiko at postpositivist. Mula sa pragmatikong pananaw, pinahahalagahan ng pananaliksik ang paggamit ng iba't ibang anyo ng kaalaman at ebidensiya batay sa kanilang kakayahang tumugon sa layunin ng saliksik, sa halip na mahigpit na umasa sa iisang teoretikal o metodolohikal na tradisyon. Ito ang nagbibigay-katwiran sa pagsasama ng kuwantitatibo at kuwalitatibong pamamaraan, sapagkat kinikilala ng pag-aaral na ang komplikadong karanasan ng mga alter user ay hindi ganap na mauunawaan sa pamamagitan ng iisang uri ng datos lamang.

Sa ontolohikal na antas, ipinapalagay ng pag-aaral na ang panlipunang realidad ay mailalarawan lamang sa pamamagitan ng mga padron (pattern) at mga aspektong nakabatay sa kahulugan, karanasan, at interpretasyon ng mga indibidwal. Ang paggamit ng frequency at iba pang deskriptibong estadistika ay nakaugat sa paniniwalang may mga umiiral na regularidad sa gawi at praktika ng mga alter user na maaaring sukatin at ilarawan ng empirikal na datos. Gayunman, alinsunod sa postpositivist na pananaw, kinikilala rin ng pag-aaral na ang ganitong mga panukat ay hindi ganap na neutral o ganap na kumakatawan sa kabuuan ng realidad, bagkus ay tinatayang representasyon lamang na may kalakip na limitasyon at posibilidad ng pagkiling.

Sa ganitong balangkas, ang pagsasama ng kuwantitatibo at kuwalitatibong pamamaraan ay hindi simpleng teknikal na desisyon kundi isang epistemolohikal

na estratehiyang tumutugon sa layunin ng pag-aaral na ilarawan hindi lamang ang lawak ng mga karanasan sa alter kundi pati ang lalim ng mga kahulugang ikinakabit ng mga gumagamit dito. Angkop ang ganitong pagdulog sa pagsusuri sa alter bilang ikatlong espasyo, sapagkat binibigyang-daan nito ang sabayang pag-unawa sa estruktural na padron ng paggamit at sa masalimuot na proseso ng pag-angkin, pag-iwas, at negosasyon ng identidad sa loob ng nasabing espasyo.

Mga Kalahok ng Pag-aaral

Ang tatlong daan at limampung (350) kalahok sa pananaliksik na ito ay binubuo ng mga indibidwal na kabilang sa komunidad LGBTQIA+ na aktibong kabahagi ng alter upang humanap ng seksuwal, sikolohikal, pinansiyal, o/at panlipunang kaginhawaan sa panahon ng pandemya. Upang maging kuwalipikado, kinakailangang ang mga kalahok ay nanirahan sa Pilipinas noong kasagsagan ng pandemya at aktibong gumamit ng Twitter bilang birtuwal na plataporma ng pakikipag-ugnayan. Hindi nakatuon sa iisang partikular na propesyon, antas ng edukasyon, o estado sa buhay ang pagpili ng kalahok bilang pagpapakita ng inklusibong pamantayan ng pananaliksik.

Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos

Gumamit ang mananaliksik ng purposive at snowball sampling na teknik sa pagpili ng mga kalahok mula sa hanay ng mga indibidwal na aktibong kabahagi ng komunidad alter. Bilang panimulang hakbang, lumikha siya ng hiwalay na Twitter account na eksklusibong inilaan para sa pagsasagawa ng pananaliksik. Sa pamamagitan ng search bar ng X (dating Twitter), nagsagawa siya ng sistematikong paghahanap gamit ang mga salitang may seksuwal na konotasyon at ang hashtag na *#alter* upang tukuyin ang mga posibleng kalahok na pasok sa pamantayan ng pagiging alter user. Matapos tukuyin ang mga angkop na account, nagpadala ang mananaliksik ng mensahe (direct message o DM) na naglalaman ng impormasyon hinggil sa layunin, kahalagahan, at magiging proseso ng kanilang posibleng partisipasyon sa pananaliksik. Ang mga indibidwal na boluntaryong nagpahayag ng interes ay pinadalhan ng online consent form na kanilang binasa, sinagutan, at nilagdaan. Binigyang-diin sa komunikasyon na mahigpit na pangangalagaan ang anonymity at pagiging kumpidensiyal ng lahat ng impormasyong kanilang ibabahagi, alinsunod sa mga probisyon ng nasabing consent form.

Sa tulong ng mga referral mula sa mga naunang kalahok, napalawak pa ng mananaliksik ang network at ugnayan sa iba pang kasapi ng alter, na lalo pang nagpayaman sa datos na nakalap para sa pag-aaral. Sinikap din ng mananaliksik na magsama ng mga kalahok mula sa iba’t ibang larang, seksuwalidad, at tipo ng alter user upang matiyak ang mas malawak at makatarungang representasyon sa pananaliksik.

Pagkatapos ng sarbey, isinagawa ang mga birtuwal na panayam sa mga kalahok na napili sa pamamagitan ng random draw. Mula sa bilang na isa (1) hanggang tatlong daan at limampu (350), labinlimang (15) kalahok ang unang sapalarang napili at inanyayahang sumali sa mga panayam. Sa mga ito, labing-isa (11) lamang ang pumayag, kaya nagsagawa ng ikalawang pagbunot upang mag-anyaya ng karagdagang apat (4) na kalahok, na siyang kalaunan ay tinanggap din ang imbitasyon. Bago simulan ang mga panayam, muling kinumpirma ng mga kalahok ang kanilang pahintulot sa pamamagitan ng paglagda sa panibagong online consent form. Makikita sa Talahanayan 1 ang profile ng mga kalahok na kinapanayam.

Talahanayan 1.		Propayl ng mga Kinapanayam na Kalahok	
Pangalan at Edad	Seksuwal na Oryentasyon	Katauhang Pangkasarian	Trabaho
Adonis, 21	Biseksuwal	Cisgender	Sex Worker/ Erotic Performer/ Estudyante
Mikay, 19	Homoseksuwal	Transgender	Sex Worker/ Erotic Performer/ Estudyante
Charles, 24	Biseksuwal	Cisgender	Sex Worker/ Erotic Performer/ Estudyante
Meynard, 21	Biseksuwal	Cisgender	Estudyante
Dexter, 27	Biseksuwal	Cisgender	Propesyonal

Neil, 20	Biseksuwal	Cisgender	Sex Worker/ Erotic Performer/ Estudyante
Kelvin, 18	Biseksuwal	Cisgender	Sex Worker/ Erotic Performer/ Estudyante
Limwell, 22	Biseksuwal	Cisgender	Estudyante
Minerva, 25	Queer	Transgender	Sex Worker/ Erotic Performer
Johnny, 21	Homoseksuwal	Non-binary	Sex Worker/ Erotic Performer/ Estudyante
Madonna, 50	Homoseksuwal	Non-binary	Propesyonal
Matthew, 21	Biseksuwal	Cisgender	Estudyante
Sam, 20	Biseksuwal	Cisgender	Estudyante
Antonio, 27	Homoseksuwal	Non-binary	Propesyonal
Carlos, 24	Pansexual	Cisgender	Propesyonal

Ang semi-nakabalangkas na panayam ay hinango mula sa sarbey, at naglapat ng mga karagdagang katanungan para sa paglilinaw ng mga partikular na mahalagang punto. Sa pagsusuri ng kuwalitatibong datos, ginamit ang reflexive thematic analysis alinsunod sa anim na hakbang na inilarawan nina Braun at Clarke: (1) pagiging pamilyar sa datos; (2) aktibong paggawa ng mga initial code batay sa mga makabuluhang bahagi ng datos; (3) konstruksiyon ng mga temang may saysay sa konteksto ng layunin at teoretikal na lapit ng pananaliksik; (4)

patuloy na pagsusuri at pagrerebisa ng mga temang nabubuo; (5) pagbibigay ng pangalan at masusing pagbibigay-kahulugan sa mga tema; at (6) pagsulat ng ulat (330–331). Sa halip na ituring ang mga tema bilang obhetibong katotohanan, kinikilala sa reflexive thematic analysis ang aktibong papel ng mananaliksik sa pagbubuo ng kahulugan bilang bunga ng patuloy na ugnayan sa datos, tanong ng pananaliksik, at kontekstuwal-teoretikal na salik. Gumamit ng coding frame upang tiyakin ang sistematikong pagsusuri ng datos at mapanatili ang lohika at konsistensi sa interpretasyon. Ginabayan ang pagsusuri ng epistemolohiyang postpositivist, kung saan kinikilala ang limitasyon ng ganap na obhetibidad ngunit isinasaalang-alang pa rin ang kahalagahan ng ebidensiyang empirikal, lohikal na pag-aanalisa, at mapanuring pag-aanalisa ng datos. Ang konseptuwal at teoretikal na balangkas ay nagsilbing lente sa pagtanaw sa mga tugon ng mga kalahok, at ang mga piling sipi mula sa panayam ay ginamit upang patunayan at palalimin ang mga temang lumitaw. Sa ganitong paraan, sinikap ng mananaliksik na makabuo ng mapanuring analisis na may balanse sa pagitan ng interpretasyon at empirikal na batayan.

Etika ng Pananaliksik

Sumunod ang pag-aaral sa mabusising prosesong etikal upang mapangalagaan ang kaligtasan at kapakanan ng mga kalahok mula sa komunidad alter. Pinanatili ang kanilang anonymity sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga bagong pseudonym upang tiyakin ang pagiging kumpidensiyal ng kanilang tunay na pagkakakilanlan. Boluntaryo ang paglahok at may malinaw na pahintulot na nakuha sa pamamagitan ng komprehensibong mga online consent form na nagdedetalye sa layunin, saklaw, at posibleng implikasyon ng pag-aaral. Upang higit pang matiyak ang pagiging kumpidensiyal, limitado lamang sa mananaliksik ang pag-akses sa hilaw na datos, na ligtas na inimbak sa isang dedikadong external hard drive na nakakandado sa isang tiyak na lokasyon. Buburahin ng mananaliksik ang lahat ng hilaw na datos matapos ang limang taon pagkaraang makalap at masuri ang mga datos. Isinagawa nang patas at malinaw ang pagsuri sa datos alinsunod sa mahihigpit na metodolohikal na panuntunan upang mapanatili ang kawalan ng kinikilingan at tiyakin ang patas na balanse sa pagitan ng mga posibleng panganib at benepisyo.

Ang prinsipyo ng beneficence at non-maleficence ang naging saligan ng pananaliksik, kaya pinagtibay ang mga hakbang upang maiwasan ang anumang

pinsala sa mga kalahok, kabilang na ang pagbibigay ng pagkakataon para sa mga kalahok na umatras sa partisipasyon at tumanggi sa pagsagot ng mga sensitibong katanungan. Bilang pagkilala sa posibilidad ng sikolohikal na pinsala sa mga kalahok, may lisensiyadong sikolohistang pangklinika na nakaantabay sa pagsuporta, at anumang gastusing may kaugnayan sa posibleng medikal na atensiyon na kakailanganin ay sasagutin ng mananaliksik bilang pagtitiyak na ang kapakanan ng mga kalahok ay nanatiling pangunahing konsiderasyon sa buong proseso ng pag-aaral.

Mahalagang kilalanin na ang komunidad alter ay maituturing na isang bukas na lihim o open secret. Bagaman madaling matagpuan ang mga alter account at bukas sa publiko ang kanilang mga erotikong bidyo at larawan, ang kanilang mga tunay na pagkakakilanlan ay karaniwang nananatiling lihim o hiwalay sa kanilang online na identidad. Dahil dito, may kaakibat na etikal na hamon ang pagsasagawa ng pananaliksik sa ganitong uri ng espasyo. Bilang tugon, isinagawa ang pananaliksik nang may mataas na antas ng paggalang sa awtonomiya at pagiging pribado ng mga kalahok. Hindi isinama sa pag-aaral ang anumang impormasyong maaaring maglantad sa kanilang mga birtuwal na identidad, at siniguro na ang lahat ng paglalarawan ng kanilang karanasan ay inilatag sa paraang hindi magagamit upang matunton ang kanilang mga personal na pagkakakilanlan. Sa ganitong paraan, kinikilala ng pananaliksik ang pagiging bukas na lihim ng alter habang pinangangalagaan ang lihim ng mga alter user.

Higit pa rito, ang pagsasabuhay ng prinsipyo ng beneficence sa pananaliksik na ito ay hindi lamang limitado sa pag-iwas sa pinsala, kundi nakatuon din sa ambag ng saliksik sa mas malawak na panlipunang konteksto. Sa pamamagitan ng paglalantad at masusing pagsusuri sa alter bilang ikatlong espasyo, nilalayon ng pag-aaral na mag-ambag sa mas inklusibo at makataong pag-unawa sa karanasan ng mga pangkasariang minorya sa mga birtuwal na espasyo. Ang kaalamang nilikha mula sa pananaliksik ay maaaring magsilbing batayan sa pagbuo ng mga programang pang-edukasyon, patakaran, at interbensiyong sensitibo sa karanasan ng mga marhinalisadong sektor, partikular sa usapin ng digital na kaligtasan, kalusugang pangkaisipan, at karapatang seksuwal. Sa ganitong paraan, ang pananaliksik ay hindi lamang nagtataguyod ng etikal na pagtrato sa mga kalahok, kundi aktibong nakikibahagi sa adhikaing pagbabago tungo sa mas makatarungan at mapagkalingang lipunan.

Ang mga etikal na konsiderasyon ng pananaliksik na nakasaad sa itaas ay dumaan sa pagsusuri at pormal na inaprubahan ng Departamento ng

Antropolohiya at ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman noong ika-22 ng Abril 2021 bilang bahagi ng gradwadong tesis ng mananaliksik. Isinagawa ang prosesong ito upang matiyak na ang buong proseso ng pananaliksik—kabilang ang pangangalap, paghawak, at pag-uulat ng datos—ay sumusunod sa mga itinatag na pamantayang etikal at nagbibigay ng sapat na proteksiyon sa mga kalahok sa pag aaral.

Resulta at Diskusyon

Ang Espasyo o Komunidad ng Alter

Ang alter ay isang espasyo o komunidad na maaaring nag-ugat ang katawagan sa salitang *alternative* o *alter ego* sa dahilang ang alter na nasa loob ng social media platform na X ay karaniwang puntahan ng mga anonymous X account na itinatago ang kanilang pagkakakilanlan gamit ng mga alyas o pseudonym, habang lantarang hinahayag ang kanilang seksuwal na kalikasan sa iba’t ibang paraan na siyang iba sa karaniwang ipinapakita nila sa ating lipunan (Piamonte et al. 4-5). Nagsisilbing safe space o ligtas na espasyo ang alter dahil dito ay malaya nilang naibabahagi ang kanilang mga saloobin at pagnanasa, na hindi iniisip kung ito ba ay makaaapekto sa kanilang pagkakakilanlan (Cao 252). Paglaya mula sa restriksiyon ng lipunan ang pakahulugan din ng ilang kalahok tulad nina Sam at Meynard ukol sa alter na mababatid sa kanilang mga pahayag:

• A place where you can express yourself without any prejudice coming from bigoted members of our society. Kahit puro tite minsan sa alter, I still consider it as my safe space. One of the main reasons why I created alter ay para kilalanin ang queerness ko. I am a victim of discrimination from my own family and other members of our society, kaya malaking pahinga talaga sa akin ang alter. (Sam, 20 taong gulang)

• Alter is a special place in Twitter, where we are free to express ourselves without thinking about our identities, because most of the individuals in the community are anonymous. Even ako, I’m enjoying the anonymity ng alter dahil I am free to do what I want here. Unlike sa society natin, napakaraming judgmental, minsan sarili mo pang kamag-anak ang mangdidiscriminate sa ‘yo. (Meynard, 21 taong gulang)

Pinagtitibay ng kanilang mga karanasan ang kahalagahan ng alter bilang alternatibong espasyong nilikha bilang tugon sa danas nilang diskriminasyon at marhinalisasyon dahil sa heteronormatibo at heteropatriyarkal na pamantayan ng lipunan. Sa ganitong konteksto, lumilitaw ang alter bilang isang ikatlong espasyong nagbibigay-daan sa ligtas at kontroladong ekspresyon ng pangkasarian at seksuwal na identidad na labas sa normatibo, kung saan maaaring makilala at maipahayag ng mga kalahok ang kanilang sarili nang walang takot sa estigmatikong pagtingin o panlipunang panliligalig. Tulad ng ipinapahayag ni Doan, ang lantad o lalad na aksiyon sa loob ng queer space ay nagtataguyod ng isang ligtas na lugar para sa mga taong kinikilala ang sarili bilang queer (57), kaya maituturing na isang porma ng pagtatatag ng ligtas na espasyo ang paglikha at paggamit ng alter. Sa ganitong paraan, ang alter ay hindi lamang nagsisilbing daluyan ng seksuwal na ekspresyon kundi isang ahensiya ng pag-angkin at proteksiyon laban sa umiiral na heteronormatibong limitasyon ng lipunan, na nagbibigay-kapangyarihan sa mga kalahok na muling hubugin ang kanilang identidad at relasyon sa loob ng isang digital na komunidad.

Matatagpuan ang naturang espasyo kapag tinipa mo sa search bar ang salitang *#alter* o kahit anong hashtag na mayroong seksuwal na konotasyon (Bautista 45). Walang tiyak na naratibo na magpapatungkol sa panahon kung kailan, saan, at paano nagsimula ang alter dahil sa komplikadong kayarian ng espasyo. Ngunit, ayon kina Carlos at Charles, ang mga taong 2015, 2019, at 2020 ang mga panahong yumabong at pinakalumaki ang bilang ng mga alter user:

• Sobrang daming nagbago, pero as far as I remember, nagsimulang mag-bloom ang alter noong 2015, and year bago pumasok ang pandemic ay sobrang naging active and sobrang daming naging mga bagong alter users. Pero ‘yung mga old timers tulad ko, madaming umalis, lalo noong nagsipasukan na ‘yung mga nag-o-OnlyFans and Justforfans, and mayroong nagre-reveal ng identity ng iba. (Carlos, 24 na taong gulang)

• I have started using alter since 2015 na masasabi kong one of the Golden Eras of Alter. Sobrang dami namin no’n at very respectful pa ‘yung community. Tapos ayun, there are a lot of changes since dumating ang pandemic. Year 2019, 2020, around June siguro, dumami bigla ang mga alter content creators at ngayon mas madami na ata ang alter na nagfe-face reveal. (Charles, 24 na taong gulang)

Mapapansin na maraming mga alter user ang nahuhumaling sa paggamit ng alter dahil sa pagiging lihim ng iba't ibang dimensiyon nito, na siyang nagpapatindi sa pananabik ng mga gumagamit na tuklasin ang naturang mga lihim (Ross et al. 59). Maiuugnay natin ito sa pahayag nina Limwell at Mikay na nagpapakita ng kanilang pananabik sa paggamit ng alter:

- Alter is somewhat a very exciting place because everything seems surprising. From the reveal of their identities kapag nagmeet na kayo, from their POVs kapag nag-uusap na kayo after sex. Lahat ‘yun is something na very refreshing and very in need especially in these trying times. Laking relief sa sanity ko ang connection na naibibigay ng alter ngayong pandemic. (Limwell, 22 taong gulang)
- Sobrang exciting sa akin ang alter kasi parang nag-o-open ka ng presents tuwing may makakausap ka at makaka-meet mo. ‘Yung pagiging mysterious ng place ang plus factor para sa akin kung bakit mas nagse-stay ako sa community na ito. Dagdag na rin siyempre ‘yung idea na dito ko naramdaman ‘yung sense of belongingness dahil usually nauunawaan ako ng mga taong nakakasalamuha ko dito. (Mikay, 19 na taong gulang)

Higit pa sa pagtugon sa panlipunang ugnayan, ipinapakita ng alter ang pagbuo ng isang natatanging komunidad na hinuhubog ng mga alternatibong konseptuwalisasyon ng moralidad at etika na hindi nakabatay sa pisikal na presensiya o pormal na ugnayan. Sa kabila ng kawalan ng personal na ugnayan, nabubuo sa loob ng alter ang isang anyo ng komunidad na pinagbubuklod ng mutual na pag-unawa, di pormal na mga panuntunan, at patuloy na negosasyon ng pahintulot, tiwala, at pananagutan. Sa ganitong konteksto, ang kalayaang seksuwal ang nagsisilbing lunsaran ng ugnayan, ngunit ang pagpapanatili ng espasyo ay nakasalalay sa kolektibong paggalang na inaasahan ng mga kasapi. Dahil dito, ang alter ay maaaring ituring na ikatlong espasyong hindi lamang tumutugon sa mga seksuwal at panlipunang kahingian kundi bumubuo rin ng alternatibong anyo ng komunidad at kolektibong identidad na humahamon sa limitasyon ng pisikal na mundo (Piamonte et al. 8).

Talahanayan 2.		Tagal ng Panahon ng Pagbisita sa Espasyo ng Alter	
Tagapagpahiwatig	<i>f</i>	<i>%</i>	
Mas mababa sa isang buwan	8	2.29%	
Isa (1) hanggang anim (6) na buwan	59	16.86%	
Pitong (7) buwan hanggang isang (1) taon	49	14%	
Dalawang (2) taon	71	20.29%	
Tatlong (3) taon	65	18.57%	
Apat (4) na taon	24	6.86%	
Limang (5) taon	38	10.86%	
Mas mahigit sa limang (5) taon	36	10.29%	
Kabuuan	350	100%	

Talâ: f = bilang ng mga respondente

Ipinapakita ng Talahanayan 2 na ang karaniwang tagal ng panahon ng mga kalahok sa paggamit ng alter ay: isa (1) hanggang anim (6) na buwan; pitong (7) buwan hanggang isang (1) taon; dalawang (2) taon; at tatlong (3) taon. Ang mga datos ay batay sa sagot ng mga kalahok hinggil sa haba ng kanilang aktibong paggamit mula sa unang pagkakataong pumasok sila ng alter hanggang 1 Mayo 2021, kung kailan sinimulan ang pananaliksik. Makikita sa talaang ito

ang pagkakaiba-iba sa antas ng karanasan ng mga kalahok, mula sa mga baguhan hanggang sa mga matagal nang kasapi ng alter. Mahalaga ring pansinin na ang haba ng kanilang paggamit ay nagpapatunay sa tibay ng kanilang mga naratibo, dahil sapat na ang panahon upang masalamin at mailahad ang mga obserbasyon at karanasan nila sa espasyo. Ang resulta ng talahanayan ay tumutugma sa mga naratibo nina Madonna at Antonio, na naglalarawan sa magkakaibang yugto ng pakikilahok sa alter, at sa pagbabago ng kanilang interaksyon sa digital na espasyo sa paglipas ng panahon:

- Matagal na akong gumagamit ng alter, mga 8 years na. Naaalala ko ang mga pagkakataon na iilan pa lang ang mga alter user na sikat, sila [*sic*] Laguna tripper, Timfuck Manila, at wala pang nagfe-face reveal noong mga panahon na ‘yon. Pero ayun, dumami talaga ang mga alter user na nagvi-video nitong 2019 at sa pagpasok ng pandemic at lumaki ang clout ng mga sikat na alter user. (Madonna, 50 taong gulang)
- Pre-pandemic pa ako gumagamit ng alter, tandang-tanda ko ‘yung panahon na halos lahat magkakakilala dahil iilan lang naman ang mga alter users at content creators noong panahon na ‘yun. Unti-unti talagang dumami noong 2019 and towards the pandemic at dumami ‘yung mga content creators kaya di lahat talaga sumisikat kasi sobrang daming videos na ang naglipana. (Antonio, 27 taong gulang)

Ang mga naratibo ay malinaw na nagpapakita ng paglago ng alter noong 2019 at 2020 sa pagpasok ng pandemya na nagdulot ng mas mataas na partisipasyon at bisibilidad ng naturang espasyo. Ipinapakita ng kanilang karanasan ang yugto ng alter mula sa iilang kilalang user na may limitadong bilang ng nagfe-face reveal, hanggang sa mas malawak na interaksyon at paglabas ng mga seksuwal na larawan at bidyo na nagte-trending. Kung uugatin, ang pandemya ay nagdulot ng limitasyon sa kanilang kapasidad na makiugnay sa mga pisikal na espasyo, na siyang nagtulak sa marami na tumawid sa mga birtuwal na espasyo tulad ng alter. Bukod dito, ipinapakita rin ng kanilang salaysay na maraming katawang queer ang pumasok sa larangan ng erotic content creation sa alter bilang tugon sa kanilang pinansiyal na pangangailangan. Sa ganitong konteksto, mas malinaw na nakikita ang alter bilang ikatlong espasyong pinagsasama ang seksuwal, panlipunan, at pinansyal na mga kahiguan.

Talahanayan 3.		Paraan ng Pagkakatuksa sa Espasyo ng Alter	
Tagapagpahiwatig		<i>f</i>	%
Aksidenteng natuklasan habang gumagamit ng social media		264	75.43%
Naibahagi o nabanggit ng kaibigan o kakilala		79	22.57%
Nabasa sa isang pag-aaral		4	1.14%
Napanood sa TV		2	0.57%
Naibahagi ng katalik		1	0.29%
Kabuuan		350	100%

Talâ: *f* = bilang ng mga respondente

Batay sa Talahanayan 3 hinggil sa paraan ng pagkatuklas ng mga kalahok sa alter, lumalabas na mayorya ng mga kalahok ay aksidenteng nadiskubre ang alter habang gumagamit ng social media (Piamonte et al. 3). Ipinapahiwatig ng datos na ang pagpasok sa alter ay kadalasang hindi planado, kundi bunga ng aksidenteng pagkatuklas dahil sa algorithm ng X. Sa ganitong konteksto, makikitang umuusbong ang alter bilang bukas na lihim, isang di-lantad ngunit madaling matagpuang espasyo na kusang lumilitaw sa daloy ng pang-araw-araw na birtuwal na karanasan. Ang ganitong obserbasyon ay sinusuportahan ng mga naratibo nina Charles at Neil, na kapwa naglahad na aksidente rin nilang natuklasan ang alter:

- While surfing over the internet particularly in Twitter, ayun biglang nag-flood
- ng sex videos ‘yung isang fina-follow ko. Kaya I can say more of accidental
- ang pagkaalam ko sa alter dahil nadaan lang siya sa feeds ko, and I’m sure

- maraming katulad ko kasi lahat ng mga nameet ko na kapwa alter, ‘yun din ang type of incident na nagpasok sa kanila sa alter. (Charles, 24 na taong gulang)
- Matagal na akong *Twitter* user, tapos isa sa mga fina-follow ko ay biglang nag-retweet ng content ng isang alter user, nagulat ako na puwede palang lumusot ang sexual content sa alter, kaya ayun, doon ako nagsimula na maghanap pa ng relative content. Nagkataon na ‘yung alter user na ‘yun ay madaming naka-collab na ibang alter. Kaya madali na akong nakapasok sa mundo ng alter. (Neil, 20 na taong gulang)

Maaaring iugnay rito ang X algorithm na siyang tuwirang nagbabahagi ng mga tweet o post ng mga indibidwal na iyong finollow sa iyong X timeline at mga post na kahalintulad nito (Fazil et al. 65). Maging ang mga taong kanilang fina-follow ay maaari mo ring makita ang mga aktibidad, kaya mataas ang probabilidad na makakita ka ng mga tweet mula sa isang alter user na fina-follow ng iyong mga kaibigan, lalo na at karaniwan sa mga alter user ang may malalaking bilang ng followers na minsan ay umaabot ng daan-daang libo. Higit pa rito, ang mga social media algorithm ay may kapangyarihang hubugin kung aling mga content ang nagiging lantad at tago (Bucher 1166). Sa ganitong pagbasa, ang pagkatuklas sa alter ay hindi lamang bunga ng personal na interes, kundi produkto rin ng algorithmic visibility na nililikha ng lohika at estruktura ng plataporma. Ang mga interaksyon at popularidad (i.e., dami ng followers) ng ilang mga alter user ang nagiging batayan upang ang kanilang mga erotic content ay maitulak sa mas malawak na audience, kaya nagiging posible ang tinatawag na aksidenteng pagkatuklas sa alter.

Maituturing na malaki rin ang bilang ng kalahok na natuklasan ang alter dahil sa kanilang mga kaibigan at kakilala (Piamonte et al. 3), tulad ng ibinahagi nina Adonis at Dexter:

- Since Senior High School po, mga 3 years na rin po. Introduced siya ng classmate ko kasi nagshe-share siya ng sex videos ng mga sikat na alter user that time. Di ko naman aakalain na one day magiging alter user din ako. (Adonis, 21 taong gulang)
- I learned it from a burikat na friend, na alam ‘yung sexuality ko so hinaya niya akong mag-create ng account at ayun, di na ako natapos. Nag-enjoy na ako sa kakagamit. (Dexter, 27 taong gulang)

Sa dami ng mga indibidwal na nakakaalam ukol sa alter lalo na sa mga karaniwang gumagamit ng X sa Pilipinas, maaaring masabi na ang alter ay isang bukas na lihim, dahil halos lahat ng gumagamit ng X sa Pilipinas ay may idea sa eksistensiya ng naturang espasyo, lalo na at aktibong nakikibahagi ang ilang alter user sa mga birtuwal na aktibidad ng iba pang X user. Sa ganitong paraan, pinapatunayan ng bisibilidad ng alter ang katangian nito bilang ikatlong espasyo, kung saan ang kaalaman at partisipasyon ay hindi ganap na lihim ngunit kontrolado ng birtuwal na ugnayan ng komunidad.

Sa 350 kalahok na sumagot ng sarbey, 275 ang bumibisita na sa alter bago pa man ang pandemya. Ang panandang tinutukoy bilang pagsisimula ng pandemya ay ang unang lockdown na naganap noong 15 Marso 2020.

Talahanayan 4. Dalas ng Pagdalaw sa Espasyo ng Alter		
Tagapagpahiwatig	<i>f</i>	%
Bago ang Pandemya		
Lubhang Madalas - Araw-araw	126	45.82%
Madalas - Dalawa (2) hanggang anim (6) na beses kada linggo	91	33.09%
Katamtaman - Isang (1) beses kada linggo	35	12.73%
Bibihira - Isa (1) hanggang tatlong (3) beses kada buwan	14	5.09%
Lubhang Bibihira - Isa (1) hanggang limang (5) beses kada taon	9	3.27%
Kabuuan	275	100%

Talâ: *f* = bilang ng mga respondente

Tagapagpahiwatig	<i>f</i>	%
Habang May Pandemya		
Lubhang Madalas - Araw-araw	229	65.43%
Madalas - Dalawa (2) hanggang anim (6) na beses kada linggo	90	25.71%
Katamtaman - Isang (1) beses kada linggo	16	4.57%
Bibihira - Isa (1) hanggang tatlong (3) beses kada buwan	9	2.57%
Lubhang Bibihira - Isa (1) hanggang limang (5) beses kada taon	6	1.71%
Kabuuan	350	100%

Talâ: f = bilang ng mga respondente

Kung pagtatambisin ang datos ukol sa dalas ng pagdalaw sa alter noong bago at kasalukuyang may pandemya, makikita ang pagtaas sa porsiyento ng mga indibidwal na araw-araw ang paggamit ng alter noong pandemya—mula 45.82% patungong 65.43%. Sinesegundahan ito ng naratibo nina Charles, Minerva, at Matthew:

- In my situation, naging mas madalas talaga ang paggamit ko ng alter nitong pandemic, ‘yung shift from office to work-from-home setup ang number 1 reason. Mas convenient at nakakalibang para sa akin na magbukas nang pasundot-sundot ng alter habang nagwo-work dahil nakaka-bore sa bahay. (Charles, 24 na taong gulang)
- Sis, ratsada talaga at mas kabugan ang paggamit ko ng alter this pandemic. Dahil di ba nawalan ang accla ng work noong bungad ng pandemic ay for the alter na lang tayo para makahanap ng kabuhayan at libangan. Imagine may work ka na, may hada ka pa. (Minerva, 25 taong gulang)

- Mas naging frequent this pandemic dahil sa shift from face-to-face to online learning. I often open alter sa gitna ng classes ko dahil bored na bored na ako sa setup. Means talaga siya to adapt this pandemic. (Matthew, 21 taong gulang)

Kung pagbabatayan ang kanilang naratibo, lumalabas na ang paglipat mula sa pisikal na opisina at paaralan patungo sa online work at remote learning ay isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit naging mas madalas ang paggamit nila ng alter noong pandemya. Ang transisyon ng maraming empleado at mag-aaral sa distance learning at work-from-home arrangement sa Pilipinas ay nagbunga ng mas maraming oras para igugol sa pakikiugnayan online, na nagbigay-daan sa mas madalas na paggamit ng alter habang nasa kalagitnaan ng trabaho o klase. Bilang pag-uugnay, lumalabas sa pag-aaral nina Caringal-Go et al. na ang mga empleadong work-from-home sa Pilipinas dahil sa pandemya ay mas madaling naiaayos ang kanilang work-life balance sa pamamagitan ng pamamahala ng oras at espasyo habang nasa bahay at paglahok sa mga digital na espasyo upang makipagkapwa (112–131). Sa ganitong konteksto, ang alter ay naging mas aksesible at nagiging mainam na outlet ng kanilang ekspresyon at pagnanais ng ugnayan.

Talahanayan 5.		Tagal ng Pagdalaw sa Espasyo ng Alter	
Tagapagpahiwatig		<i>f</i>	%
Bago ang Pandemya			
Mas mababa sa isang (<1) oras		67	24.36%
Isa (1) hanggang tatlong (3) oras		126	45.82%
Apat (4) hanggang anim (6) oras		54	19.64%
Pito (7) hanggang siyam (9) na oras		8	2.91%
Sampu (10) hanggang labindalawang (12) oras		6	2.18%
Mahigit sa labindalawang (>12) oras		14	5.09%
Kabuuhan		275	100%

Tagapagpahiwatig	<i>f</i>	%
Habang May Pandemya		
Mas mababa sa isang (<1) oras	52	14.86%
Isa (1) hanggang tatlong (3) oras	148	42.29%
Apat (4) hanggang anim (6) oras	77	22%
Pito (7) hanggang siyam (9) na oras	31	8.86%
Sampu (10) hanggang labindalawang (12) oras	9	2.57%
Mahigit sa labindalawang (>12) oras	33	9.43%
Kabuuan	350	100%

Talâ: f = bilang ng mga respondente

Kung ikokompara ang tagal ng paggamit ng mga kalahok ng alter noong bago at habang may pandemya, bahagyang mas dumami ang bilang ng mga indibidwal na mas nagtatagal sa alter noong panahon ng pandemya. Maaaring bunga ito ng restriksiyon ng lockdown at kawalan ng kapasidad na lumabas ng tahanan, kaya pinipili nilang igugol ang kanilang panahon sa alter. Nagsisilbing alternatibong pamatay-oras ang alter dahil hindi ito nangangailangan ng pisikal na ugnayan upang kumonekta, na siyang mainam noong lockdown. Makikita rin ang mas matagal na paggamit ng alter sa pahayag nina Dexter at Johnny:

- Every day pa rin and palaging more than 12 hours kasi maraming time na available. Saka alter ang nagiging outlet ko to remove my anxiety ngayong pandemic. Lalo ‘yung bago ngayon na *Spaces*, dati kailangan pa naming lumipat ng *Telegram* to talk, pero ngayon pasok ka na lang nang pasok sa *Spaces* ng mga alter users. (Dexter, 27 taong gulang)

I can say na ‘yung isolation or seclusion this pandemic ang main reason why mas grabe akong gumamit ng alter. Imagine, almost every opportunity na mayroon ako to use internet ay alter ang binubuksan ko. Di lang para makahanap ng possible client pero para makipag-socialize. Actually, naaapektuhan na ang acads ko pero kaysa naman wala kaming mapanggastos at huminto ako sa pag-aaral ay itutuloy ko na lang ang pag-a-alter. (Johnny, 21 na taong gulang)

Mababatid na ang seklusyong nilikha ng restriksiyon ng pandemya ang nagtulak sa mga alter user na mas madalas gamitin ang naturang espasyo. Bukod dito, natutugunan ng alter ang kanilang mga sikolohikal, seksuwal, at pinansiyal na pangangailangan sa panahong limitado lamang ang personal na mga ugnayan. Kaya kung pagninilayan ay magiging mahirap tukuyin kung ang labis na paggamit ng alter ay isang adiksiyon o adaptasyon (coping mechanism) lamang sa mga hamon ng pandemya (Singh et al.).

Kung iisipin, madaming makabuluhang bagay na ang maaaring isakatuparan sa loob ng isa hanggang tatlong oras. Patunay sa mga gawaing naisasaalang-alang sa paggamit ng alter ang laman ng mga kuwento nina Adonis, Madonna, at Sam:

May time na di ako nakapag-submit ng project at nale-late sa pag-log-in sa klase dahil sa alter. Pero wala akong magawa, need ko kausapin ang mga possible customers ko. Saka nakakalibang din siyempre na may nakakausap kang nakakaunawa sa ‘yo. (Adonis, 21 taong gulang)

I remember one time na di ako naka-attend sa isang important work-related meeting dahil napuyat ako sa kakagamit ng alter. I want to regulate it pero it’s so addictive, lalo sa first few months ng paggamit ko. (Madonna, 50 taong gulang)

Guilty, sira na talaga ang body clock ko sa paggamit excessively ng alter. There are times na umaabot kaming mag-usap sa *Spaces* ng 8 a.m. tapos diretso na lang akong pasok sa Zoom for my classes. Mas updated pa ako sa mga ganap sa alter over my own lessons. (Sam, 20 taong gulang)

Ipinapakita ng mga naratibo nina Adonis, Madonna, at Sam na maaaring makaapekto ang labis na paggamit ng alter sa gampanin ng isang indibidwal

sa kanilang pag-aaral at trabaho (Griffiths 333-342). Tulad ng ibang espasyo sa internet, nakahuhumaling ang pakikiugnayan sa alter kaya ang di-kontroladong paggamit nito ay maaaring magdulot ng detrimental na epekto sa buhay ng isang indibidwal (Zivnuska et al. 746).

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na ang alter ay tunay na ikatlong espasyo para sa mga katawang queer, na nagbibigay-daan sa malayang ekspresyon ng kanilang seksuwal na katotohanan sa kabila ng heteronormatibong limitasyon ng lipunan. Gayunpaman, tulad ng ibang digital na espasyo, may positibo at negatibong epekto ito. Tunay na nakatutugon sa sikolohikal, seksuwal, pinansiyal, at panlipunang pangangailangan ang alter, ngunit ang labis o di-responsableng paggamit nito ay maaaring magdulot ng pinsala sa personal na buhay at sa mga gampanin ng isang indibidwal.

Kongklusyon

Sa konteksto ng isang lipunang patuloy na nakaangkla sa heteronormatibo at heteropatriyarkal na paniniwala, limitado ang mga espasyong maaaring galawan ng pangkasariang minorya upang malayang ipahayag at maangkin ang kanilang mga katawan at identidad. Sa ganitong kondisyon umusbong ang alter bilang isang espasyong queer na nagbibigay-daan sa muling paghubog at pag-angkin ng mga katawang karaniwang binubura o itinutulak sa dilim ng hegemonikong naratibo ng lipunan. Bilang queer na ikatlong espasyo, ang alter ay hindi lamang alternatibong lunan ng ekspresyon kundi mahalagang daluyan ng paglaban, paghilom, at pag-iral.

Bukod pa sa kalayaang magpahayag, inihahapag ng alter ang pagbuo ng isang alternatibong komunidad na hinuhubog ng kolektibong pag-unawa, pahintulot, at pananagutan na tumatawid sa limitasyon ng pisikal na espasyo. Sa loob nito, ang kalayaang seksuwal ay nagiging lunsaran ng ugnayan, habang ang pagpapanatili ng espasyo ay nakaugat sa inaasahang paggalang at patuloy na negosasyon ng mga hangganan. Sa ganitong diwa, ang alter ay lumilitaw bilang isang ikatlong espasyong hindi lamang tumutugon sa seksuwal at panlipunang kahingian, kundi bumubuo rin ng alternatibong anyo ng komunidad at kolektibong identidad.

Lumalabas na isa (1) hanggang anim (6) na buwan; pitong (7) buwan hanggang isang (1) taon; dalawang (2) taon; at tatlong (3) taon ang karaniwang

tagal ng panahon ng mga kalahok sa paggamit ng alter, na siyang tumutugma sa panahong pinakayumabong ang alter noong 2019 at 2020. Ang panahong ito rin ang pagsimula ng pandemya, kung kailan labis na nalimitahan ang kakayahan ng mga indibidwal na makipag-ugnayan sa mga pisikal na espasyo, dahilan upang maraming katawang queer ang tumawid at umangkin ng mga birtuwal na lunan tulad ng alter. Higit pa rito, ipinapakita ng mga naratibo na ang pagpasok ng ilan sa erotic content creation ay hindi lamang usapin ng seksuwal na ekspresyon kundi tugon din sa agarang pinansiyal na pangangailangan bunga ng pandemya. Sa ganitong pagbasa, higit na nailalatag ang alter bilang ikatlong espasyong nagsasanib ang panawagan para sa seksuwal, sikolohikal, panlipunan, at pinansiyal na kaginhawaan.

Karamihan sa mga kalahok ay aksidenteng natuklasan ang alter sa pamamagitan ng algorithmic visibility, kung saan ang algorithm ng X ang humuhubog sa kung aling mga content ang magkakaroon ng mas mataas na probabilidad na lumabas sa newsfeed ng isang user. Sa ganitong mekanismo, karaniwang ipinapakita ang mga tweet na may kaugnayan sa aktibidad at content ng mga account na kanilang fina-follow, dahilan upang hindi sinasadyang lumitaw ang mga erotic content ng mga alter user.

Lumalabas din sa pag-aaral na karamihan sa mga kalahok ay bumisita na sa alter bago pa man ang pandemya. Gayunpaman, kapag inihambing ang antas ng kanilang paggamit sa panahong bago at habang may pandemya, mas mataas ang dalas at tagal ng kanilang paggamit sa kasagsagan ng pandemya. Maaaring iugnay ang pagtaas na ito sa restriksiyong idinulot ng lockdown, na nagtulak sa kanilang mas gamitin ang alter sa pakikipag-ugnayan.

Sa kabuuan, ang alter ay hindi lamang simpleng plataporma ng seksuwal na ekspresyon, kundi isang queer na espasyong sumasalo sa mga katawan at karanasang patuloy na itinatakwil ng heteronormatibo at heteropatriyarkal na pamantayan. Sa loob ng espasyong ito, nagiging posible ang pag-aasam ng seksuwal, sikolohikal, pinansiyal, at panlipunang kaginhawaan para sa pangkasariang minority. Ipinapakita ng alter ang kakayahan ng mga queer na lumikha ng sariling mga puwang ng pag-iral, paghilom, at pag-angkin sa sarili sa kabila ng umiiral na mga anyo ng pagsikil at regulasyon. Sa ganitong pagbasa, ang alter ay hindi lamang nagsisilbing lugar ng pansamantalang aliw, kundi isang kongkretong manipestasyon ng radikal na posibilidad kung saan patuloy na isinasabuhay ang paglaban para sa makatao, marangal, at maginhawang pamumuhay.

Rekomendasyon

Ipinapakita ng pag-aaral na ang alter bilang ikatlong espasyong queer ay nagsisilbing mahalagang daluyan ng ekspresyon, pag-iral, at kaginhawaan para sa pangkasariang minoryang sistematikong binubura at isinasantabi sa mga tradisyonal na institusyon sa lipunan. Batay sa mga natuklasan, mahalagang palakasin ang mga programa sa ilalim ng Gender and Development (GAD) ng pamahalaan sa pamamagitan ng malinaw at tuwirang pagsasama ng mga LGBTQIA+-specific na module na tumatalakay sa SOGIESC, digital sexuality, queer mental health, at mga prinsipyo ng anti-gender discrimination. Sa ganitong paraan, magiging mas kontekstuwalisado ang mga programa na aktuwal na tumutugon sa karanasan at kahingian ng mga queer. Kaugnay nito, inirerekomenda ang mas masinsinang pakikipag-ugnayan at koordinasyon sa pagitan ng mga ahensiyang tulad ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), Commission on Higher Education (CHED), at Civil Service Commission (CSC) sa mga LGBTQIA+ na organisasyon upang maisulong ang mas inklusibo, makatao, at sensitibong pagsasanay sa larangan ng edukasyon at serbisyo publiko.

Sa antas ng polisiya, binibigyang-diin ng pag-aaral ang agarang pagpasa at epektibong pagpapatupad ng SOGIESC Equality Bill, na mahigit dalawang dekada nang nakabinbin sa kongreso. Layunin ng panukalang batas na ito na palakasin ang gender-responsive na edukasyon at tiyakin ang pananagutan ng mga indibidwal at institusyong patuloy na nandidiskrimina batay sa kasarian at seksuwalidad. Upang masigurado ang epektibong implementasyon ng mga nasabing hakbang, inirerekomenda rin ang pagtatatag ng isang multisektoral na lupong tagapangasiwa (multisectoral oversight body) na bubuoin ng mga kinatawan mula sa pamahalaan, akademya, at civil society organizations.

Marapat na isagawa ang bawat hakbang na ito nang may lubos na pagsasaalang-alang sa anonymity at pagiging pribado ng mga alter user. Dapat tiyakin na walang anumang impormasyong mailalahad na maaaring magbunyag o maglantad sa kanilang tunay na pagkakakilanlan.

Panghuli, iminumungkahi ng mananaliksik na galugarin ng iba pang akademiko ang mga aspektong hindi nabigyang-diin o wala sa saklaw ng pag-aaral, gamit ang lente ng iba pang disiplina tulad ng kasaysayan, pampublikong kalusugan, sikolohiya, at iba pang mga larang. Kabilang sa mga mungkahing paksa ang kababaihan sa alter o *#alterpinay* na hindi nagawang bigyang-diin sa pag-aaral.



- Ahmed, Sara. *Queer Phenomenology: Orientations, Objects, Others*. Duke University Press, 2006.
- Bautista, John Angel N. “Hidden in Plain View: An Exploratory Study on Twitter (X)’s Alter Community.” *Diliman Review*, tomo 67, blg. 1, 2023, pp. 40-63. *ResearchGate*, www.researchgate.net/publication/387030218_Hidden_in_Plain_View_An_Exploratory_Study_on_Twitter_X's_Alter_Community.
- Bhabha, H. K. *The Location of Culture*. ikalawang edisyon, Routledge, 1994, <https://doi.org/10.4324/9780203820551>.
- Braun, Virginia, at Victoria Clarke. “One Size Fits All? What Counts as Quality Practice in (Reflexive) Thematic Analysis?” *Qualitative Research in Psychology*, tomo 18, blg. 3, 2020, pp. 328–352.
- Bucher, Taina. “Want to Be on the Top? Algorithmic Power and the Threat of Invisibility on Facebook.” *New Media & Society*, tomo 14, blg. 7, 2012, pp. 1164–1180.
- Cao, R. J. D. “Amateur Porn in Filipino Twitter Alter Community: Affordances, Commodification, Ghettoization, and Gay Masculinity.” *Media International Australia*, tomo 179, blg. 1, 2021, pp. 52–65, <https://doi.org/10.1177/1329878X211002845>.
- . “Beyond Fame: Online Microcelebrity Porn Stars in the Twitter Alter Community in the Philippines.” *Celebrity Studies*, tomo 15, blg. 2, 2024, pp. 248–265, <https://doi.org/10.1080/19392397.2024.2341601>.
- Caringal-Go, Jaimee Felice, et al. “Work-Life Balance Crafting During COVID-19: Exploring Strategies of Telecommuting Employees in the Philippines.” *Community, Work & Family*, tomo 25, blg. 1, 2021, pp. 112–131, <https://doi.org/10.1080/13668803.2021.1956880>.

- Collins, Dana. *The Rise and Fall of an Urban Sexual Community: Malate (Dis)placed*. Palgrave Macmillan, 2016.
- Doan, Petra L. “Queers in the American City: Transgendered Perceptions of Urban Space.” *Gender, Place & Culture*, tomo 14, blg. 1, 2007, pp. 57–74. *Taylor & Francis*, <https://doi.org/10.1080/09663690601122309>.
- Duria, Jerski. “Being Left Behind: Phenomenological Experience and Narratives of Sex Workers in Rural Philippines Amidst COVID-19 Pandemic.” *SSRN Electronic Journal*, 1 Enero 2021, <https://doi.org/10.2139/ssrn.4188198>. Inakses 21 Enero 2025.
- Fazil, Mohammad, et al. “Analyzing the Impact of Twitter Algorithm on Content Visibility.” *Proceedings of the 2021 ACM Conference on Fairness, Accountability, and Transparency*, 2021, pp. 65–73. *ACM Digital Library*, <https://doi.org/10.1145/3447535.3462491>.
- Griffiths, Mark. “Sex on the Internet: Observations and Implications for Internet Sex Addiction.” *The Journal of Sex Research*, tomo 38, blg. 4, 2001, pp. 333–342, <https://doi.org/10.1080/00224490109552104>.
- Grov, Christian, et al. “Gay and Bisexual Men’s Use of the Internet: Research from the 1990s through 2013.” *The Journal of Sex Research*, tomo 51, blg. 4, 2014, pp. 390–409, <https://doi.org/10.1080/00224499.2013.871626>.
- Hartal, Gilly. “Fragile Subjectivities: Constructing Queer Safe Spaces.” *Social & Cultural Geography*, tomo 19, blg. 8, 2017, pp. 1053–1072, <https://doi.org/10.1080/14649365.2017.1335877>.
- Lodia, Claudia C. “Pinay Femmes Dwelling in Hesitation: Spatiality Tactics in Urban Manila.” *Queer(ing) Urban Space: Histories, Tactics, Futures in a Glocal World*, inedit nina Jessica A. Albrecht at Sanchali Sarkar, Brill Publishers, 2026, pp. 11-37.
- Nash, Catherine Jean. “Trans Experiences in Lesbian and Queer Space.” *The Canadian Geographer / Le Géographe Canadien*, tomo 55, blg. 2, 2011, pp. 192–207. *Wiley Online Library*, <https://doi.org/10.1111/j.1541-0064.2010.00337.x>.

- Piamonte, Samuel Brando H., et al. "Virtual Masquerade: Understanding the Role of Twitter's Alter Community in the Social and Sexual Engagements of Men Who Have Sex with Men." *Banwa A*, tomo 13, 2020.
- Reyes, Marc Eric S., et al. "Trans Visibility: A Look into Filipinos' Attitudes Toward Transgender Individuals." *Sexuality & Culture*, tomo 28, 2024, pp. 509–533. *Springer*, <https://doi.org/10.1007/s12119-023-10130-x>.
- Rice, Eric, et al. "Sex Risk Among Young Men Who Have Sex with Men Who Use Grindr, a Smartphone Geosocial Networking Application." *HIV Clinical Trials*, tomo 84, 2012, pp. 1–6, <https://doi.org/10.4172/2155-6113.S4-005>.
- Ross, Michael W., et al. "The Advantages and Limitations of Seeking Sex Online: A Comparison of Reasons Given for Online and Offline Sexual Liaisons by Men Who Have Sex with Men." *The Journal of Sex Research*, tomo 44, blg. 1, 2007, pp. 59–71, <https://doi.org/10.1080/00224490709336793>.
- Singh, Shweta, et al. "Is Compulsive Social Media Use amid COVID-19 Pandemic Addictive Behavior or Coping Mechanism?" *Asian Journal of Psychiatry*, tomo 54, art. blg. 102290, 2020. *ScienceDirect*, <https://doi.org/10.1016/j.ajp.2020.102290>.
- Soja, Edward W. "Thirdspace: Journeys to Los Angeles and Other Real-and-Imagined Places." *Capital & Class*, tomo 22, blg. 1, 1998, pp. 137–139, <https://doi.org/10.1177/030981689806400112>.
- Solis, Randy Jay. "Cruising through Spaces: Exploring the Mediatization of Gay Cruising in the Philippines." *Plaridel*, tomo 17, blg. 1, 2020, pp. 223–252, <https://doi.org/10.52518/2020.17.1-08solis>.
- . "Now Dating on Steroids: Play and Nostalgia in the Mediatization of Gay Cruising in the Philippines." *International Journal of Communication*, tomo 16, 2022. *International Journal of Communication Website*, ijoc.org/index.php/ijoc/article/view/16000.

- Tan, Mark Remington. “Instances of Queerness in the Philippines: An Exploration of the Production of Gender in the Online and Offline Spaces of Queer Filipinos.” *Social Transformations: Journal of the Global South*, tomo 10, blg. 1, 2022, pp. 23–47. *Archium Ateneo*, <https://doi.org/10.13185/STJGS2022.10103>.
- Wéry, Aline, et al. “The Short French Internet Addiction Test Adapted to Online Sexual Activities: Validation and Links with Online Sexual Preferences and Addiction Symptoms.” *The Journal of Sex Research*, tomo 53, blg. 6, 2015, pp. 701–710, <https://doi.org/10.1080/00224499.2015.1051213>.
- Zivnuska, Suzanne, et al. “Social Media Addiction and Social Media Reactions: The Implications for Job Performance.” *The Journal of Social Psychology*, tomo 159, blg. 6, 2019, pp. 746–760. *Taylor & Francis Online*, <https://doi.org/10.1080/00224545.2019.1578725>.
-



Aljohn Puzon Estrella

Kasalukuyang katuwang na propesor ng antropolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Nagtapos siya ng Batsilyer sa Pansekundaryang Edukasyon - Major sa Araling Panlipunan bilang magna cum laude sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, at ng Masterado ng Artes sa Antropolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nakatuon ang kanyang mga pananaliksik sa pag-aaral ng seksuwal na kultura sa mga birtuwal na plataporma at iba pang alternatibong espasyo. Aktibo siya sa kanyang adbokasiya bilang tagapagtaguyod ng karapatan ng pangkasariang minority at ng kaalaman ukol sa edukasyong seksuwal. Sa kabuoan ng kanyang karera, patuloy siyang nagbibigay ng mga libreng seminar at lektura tungkol sa mga usaping may kaugnayan sa kasarian at seksuwalidad, na kanyang pinaniniwalaang mahalaga sa pagsusulong ng mas inklusibong lipunan.

.....

DALUYAN | XXXI 2025 | #IkatlongEspasyo: Pagsusuri sa Dalas at Tagal ng Paggamit ng Alter ng mga Miyembro ng LGBTQIA+ Community sa Panahon ng Pandemyang Dulot ng COVID-19



Literatura

Ang Ápa Bilang Usapin at Relasyong Pangkasarian at Panlipunan sa *Ullalim* ng Kalinga

Evelyn P. Antonio

Gerome Nicolas dela Peña

ABSTRAK

Ang papel na ito ay sumusuri sa konsepto ng *ápa* sa epikong *Ullalim* ng Kalinga at ipinoposisyon ito bilang isang mahalagang dalumat na sumasalamin sa mga diskursong pangkasarian at panlipunan. Tinutuklas nito kung paano maaaring maging lente ang representasyon ng *ápa* sa pag-unawa sa mga usapin at relasyong pangkasarian at panlipunan sa Kalinga bilang bahagi ng lipunang Pilipino. Nilalayan ng pag-aaral na linawin ang organikong konsepto ng *ápa*, talakayin ang aplikasyon nito sa mga usaping pangkasarian at panlipunan sa epiko, at ilahad ang kahalagahan ng *ápa* sa pagpapalaganap ng pamanang pangkalinangan at pampanitikan.

Ang pagsusuri ay nahahati sa tatlong pangunahing bahagi: (1) ang pagtalakay sa lipunan ng Kalinga at ang *Ullalim* bilang teksto; (2) mga tiyak na halimbawa ng diskursong pangkasarian at panlipunan sa epiko; at (3) ang papel ng mga ito sa pagpapalawak ng pag-unawa sa kalinangan at naratibong katutubo ng Kalinga. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa ugnayan ng tradisyon at modernidad, nilalayan ng papel na itampok ang patuloy na kahalagahan ng *ápa* sa pagtugon sa mga kontemporaneong dinamika ng lipunan at pagpapalalim ng pagpapahalaga sa pamanang Kalinga.

Mga susing salita: *ápa*, Kalinga, *Ullalim*, pangkasarian, panlipunan

The Ápa as a Gendered and Social Discourse in the *Ullalim* of Kalinga

ABSTRACT

This paper examines the concept of *ápa* in the Kalinga epic *Ullalim* and situates it as a critical indigenous construct that reflects gender and social discourses. It explores how the representation of *ápa* may serve as an interpretive lens for understanding gendered and social relations within Kalinga society as part of the broader Filipino sociocultural landscape. The study aims to clarify the organic concept of *ápa*, discuss its application to gender and social issues within the epic, and articulate its significance in sustaining and transmitting Kalinga's cultural and literary heritage.

The analysis is divided into three main parts: (1) a discussion of Kalinga society and *Ullalim* as a cultural text; (2) an examination of specific instances of gender and social discourse within the epic; and (3) an exploration of how these contribute to a deeper understanding of Kalinga's indigenous culture and narrative traditions. By examining the interrelationship between tradition and modernity, the paper highlights the continuing relevance of *ápa* in addressing contemporary social dynamics and in deepening the appreciation of Kalinga's cultural legacy.

Mga susing salita: *ápa, Kalinga, Ullalim, gender, social*

Introduksiyon

Sa pagtuklas sa mga epiko, nagbubukas sa imahinasyon ng mga mambabasa ang mga pamamaraan ng buhay at pag-iral ng mga ninuno. Nagiging daan ang mga kuwento at naratibo ng pakikipagsapalaran upang magbalik-tanaw sa mayamang kasaysayan ng bansa sa isang malikhain at interesanteng pamamaraan.

Nais sagutin ng papel na ito at mapangatuwiran sa pangkalahatan na ang pagiging representasyon ng *ápa* sa *Ullalim* ng mga usapin at relasyong pangkasarian at panlipunan ay maaaring gawing pagbasa sa epikong bayan ng Kalinga tungo sa pagsusulong sa kalinangan at panitikang bayan.

Metodolohiya

Upang masuri ang mga pangkasarian at panlipunang relasyon ng *ápa* sa *Ullalim*, binalikan ang mga tala at transkripsiyon ng mga misyonero-antropologo na sina Francisco Billiet at Francis H. Lambrecht kaugnay ng lipunang Kalinga. Itinuos ito sa mga datos mula sa piling mga sipi sa aklat at tala nina Roy Franklin Barton, Edward P. Dozier, at Frank Lynch bilang etnograpikong pagsusuri sa naisagawang paglalarawan ng dalawang pari. Sa pagsusuring ito ay mailalapat din ang sipat ng mga nabanggit na naunang pag-aaral.

Para maisakatuparan ang mga ito, lumikha ang mga may-akda ng mga sumusunod na susog na tanong bilang pagtugon sa pangkalahatang layunin na itinakda sa taas:

1. Ano ang lipunan ng Kalinga at ang *Ullalim* bilang teksto?
2. Sa alin-aling mga bahagi ng *Ullalim* makikita ang mga usapin at relasyong pangkasarian at panlipunan?
3. Bakit mahalagang aralin/sipatin/analisahin ang *ápa* bilang organikong konsepto sa pag-unawa ng *ápa* sa usapin at relasyong pangkasarian at panlipunan sa Kalinga, tungo sa pagsusulong sa kalinangan at panitikang bayan?

Upang mabigyang-tugon naman ang ganitong katanungan at malapatan ng matibay na direksiyon ang gagawing pagtalakay, narito ang mga sumusunod na tiyak na layunin:

1. Matalakay ang lipunan ng Kalinga at ang *Ullalim* bilang tekstong iniluwal nito;
2. Matukoy ang mga bahagi ng epikong *Ullalim* na kakikitaan ng mga isyu at relasyong pangkasarian at panlipunan sa Kalinga; at
3. Mapahalagahan/mabigyang-saysay ang ápa sa mga usapin at relasyong pangkasarian at panlipunan sa Kalinga, tungo sa pagsusulong sa kalinangan at panitikang bayan.

Mayroong tatlong bahagi ang papel na ito: (A) Pagtalakay sa Lipunan ng Kalinga at ang *Ullalim* bilang Teksto; (B) Ang Usapin at Relasyong Pangkasarian sa Lipunan sa Epikong *Ullalim* ng Kalinga; at (C) Ang Ápa sa Pagsusulong ng Kalinangan at Panitikang Bayan.

Susubukang talakayin sa unang bahagi ang lipunang Kalinga at ang epikong *Ullalim* kasabay ng ilang mga pag-aaral at datos hinggil dito. Magsisilbing inisyal na pagmamapa ito sa pagbabakas ng ápa, hindi lamang bilang konsepto sa loob ng epiko, kundi bilang salalayan din ng tradisyon at paniniwalang umiiral sa nasabing tekstong Kalinga.

Sa ikalawang bahagi naman ng papel, tutukuyin ang mga espesipiko't piling pangyayari sa epiko kung saan hayag at di-hayag na itinakda ang ápa. Ang pagreresolba at pakikitunggali ng mga tauhan sa *Ullalim* sa epektibidad nito, maging ang pagtunghay at paglahok ng likhang komunidad sa loob ng naratibo, ay susubukang sipatin upang maitindig ang mga usapin at relasyong pangkasarian sa ápa bilang kapwa teksto sa *Ullalim*: ang umiiral na pangkalinangang kaalaman at mga batas na sinusunod sa komunidad patungkol sa usaping pangkasarian at panlipunan na umiiral sa teksto.

Kaugnay naman nito, ang ikatlong bahagi ay sumesentro sa pagbasa sa ápa bilang isang organikong konseptong maaaring magpalitaw ng batayang pinagmulan ng panuntunang batas at historisasyon sa mga usaping pangkasarian at panlipunan sa Kalinga, at sa paglaon, pagsusulong ng kaisipan, kalinangan, at panitikang bayan ng Pilipinas.

A. Pagtalakay sa Lipunan ng Kalinga at ang *Ullalim* bilang Teksto

Ang mga Kalinga ay isa sa pangkat ng mga katutubo sa Pilipinas na may umiiral nang mayamang kalinangan at tradisyon bago pa man dumating ang mga mananakop. Isa sa mga paniniwalang umiiral sa kanilang mga pamayanan ay ang *ápa*, isang uri ng “pagbabawal o prohibisyon sa paggamit” na maaaring cognate ng salitang Polynesian na *tapu* (pinaniniwalaang pinagmulan ng salitang Ingles na *taboo*) at ng Ifugao na *paowa* na nagtataglay ng parchong kahulugan (Barton, *Kalingas* 87).

Kung mga pananaliksik na sumesentro sa lipunan at kalinangang Kalinga ang pag-uusapan, mainam na taluntunin ang mga klasikong etnograpiya ng mga mananaliksik na sina Roy Franklin Barton, Edward P. Dozier, at Frank Lynch upang maisakonteksto ang dalumat ng *ápa* bilang interdict mula sa paggamit nito sa epikong *Ullalim* ng Kalinga.

Ang etnograpiya ni Barton ay tumutuon sa mga usaping pampolisiya na sentro sa konsepto ng interdict o pagbabawal/prohibisyon. Sa *The Kalingas: Their Institutions and Custom Law*, tinalakay niya ang mahigpit na pagbabawal sa pagpatay, pagnakaw, o seksuwal na pang-abuso sa ilalim ng *bodong* o peace pact. Kung ang mga kasunduang ito ay pormal na kinilala sa pagitan ng mga mamamayan o mga nayon, ang lalabag ay tiyak na haharap sa kolektibong pamamarusa. Bukod dito, inilarawan din ni Barton ang pagmumulta (sa konseptong kahalintulad ng blood money) sa mga sasalungat o di tutupad sa mga kaugalian ng pangkat na katumbas naman ng panlipunang interdict. Kinikilala ni Barton ang mga pagbabawal o prohibisyong ito bilang moralistiko at ritwalistikong hangganghang umaalalay sa pagsulong ng lipunang Kalinga. Ang bodong mismo ay maaaring tingnan bilang institusyonalisadong interdict upang maiwasan ang malalagim na tunggalian sa pagitan ng mga pangkat.

Sa pananaliksik naman ni Dozier na *The Kalinga of Northern Luzon, Philippines*, sinipat niya ang mga interdict bilang mekanismong kultural ng kontrol at panlipunang regulasyon. Sa usapin ng ekonomiko at ritwalistikong interdiksiyon, binabanggit niyang may ilang partikular na gawaing pang-agrikultura na nagtataglay ng ilang prohibisyong panritwal. Tanging mga kaanak na may kaalaman o bihasa ang maaaring lumahok. Ang paglabag dito ay nangangahulugan ng pagtanggap ng malas o posibleng kolektibong paninisi na sinisipat ni Dozier bilang bahagi ng sistemang Kalinga sa aspektong ekolohikal at panlipunang timbangan. Tinalakay

rin ni Dozier ang mga pangkasarian at seksuwal na tapu, partikular sa mga relasyong lumalabag sa mga panuntunan ng mga magkakaanak o magkakapamilya, na minsa’y nagaganap sa pamamagitan ng pagpapalayas o pagmumulta. Ang mga ito’y nagsisilbi bilang interdiksiyong moral na nagpapanatili ng puridad o pagkadalisay—at higit pa—ng integridad ng angkan.

Sa kabilang banda, nagtuon naman si Lynch—na bagaman di eksklusibo sa lipunang Kalinga—sa mga panlipunang pagpapahalaga ng mga Pilipino, maging sa mga parusang kaakibat nito. Ang mga dalumat ni Lynch ng *hiya*, *pakikisama*, at *utang na loob* ay gumagampan bilang mga interdiksiyong moral sa mga lipunan ng mga nakatira sa kapatagan, aniya’y mga di-tanaw na hanggahang nagbabawal sa mga gawaing sasalongat o lalabag sa mga pamantayang panlipunan. Sa tala niya, ang pamamarusa sa mga lipunang Kalinga ay lantad o hayagan, kaiba sa mga nasa patag na mas panloob o emosyonal ang lapit. Sa komparatibong antropolohiya ni Lynch, nakikita niya ang mga prohibisyon bilang mga panlabas na uri ng moral na kontrol, kaakibat ng mga likhang batas, pagkakaisa ng mga angkan, at kadalisayang panritwal. Samantala, ang mga nasa patag (o di kabilang sa komunidad) ang mas pinangingibabawan ng sikolohikal o emosyonal na mga salik.

Kapansin-pansin na ang paglalatatag nina Barton, Dozier, at Lynch ng usapin ng prohibisyon o pagbabawal ay tuon sa pamamaraan ng lipunang Kalinga—higit sa pagpapanatili ng mga ito ng pamantayang panlipunan at pag-iwas sa tunggalian. Sa usapin naman ng *Ullalim* bilang teksto, nailahad sa rebyu ni Resil Mojares na ang ganitong pagsipat ng aniya’y natatanging mga misyonero-antropologo na sina Billiet at Lambrecht ay higit na nakatulong sa pagsulong ng muling pagdiskubre at pag-aaral sa mga katutubong panitikang Pilipino. Aniya, “[t]hey also bring closer the possibility of a more sustained evaluation of Philippine folk epics not only as documents of ethnology and prehistory but as literary art” (289).

Ang serye ng epikong *Ullalim* na tinipon mula taong 1970-1975 ng Igorot Culture Research Studies sa Lungsod ng Baguio ay tumatalakay sa umiiral na diskurso sa lipunan ng mga Kalinga. Naging malaki ang papel ng dalawang paring sina Padre Francis Lambrecht at Padre Francisco Billiet sa pagtitipon at paglalathala ng nasabing epiko, sapagkat mababasa na sa kauna-unahang pagkakataon ang danas ng mga mamamayan ng Kalinga mula mismo sa kanilang pagsasalaysay. Matutunghayan sa epikong ito kung paanong ang pinakamatatapatang at pinakanakatatakot na mamumugot (headhunter) ay nagiging mapagmahal at maalalahaning mga ama sa kani-kanilang mga pamilya. Naging bahagi rin nito ang tungkulin ng kababaihan at gampanin nila sa komunidad. Pagbabalik ito sa

nakalipas, at ang pagbabahagi nito ay hakbang upang hindi mabura ang oral na tradisyon na simulain ng panitikang Kalinga.

Sa ilang tala nina Billiet at Lambrecht sa panimula ng *Kalinga Ullalim II*, sinabi nilang sa pagkakalathala ng unang tomo ay may isang mambabasang Kalinga na pumuri kay Fr. Billiet sa pagsasabing “Mabuti, Padre! Nailathala na ang aming mga awiting ullalim sa isang aklat, kaya maaari na itong awitin ng aming mga anak” (1). Bagaman hindi iyon ang primaryang dahilan o layunin ng kanilang pagtitipon sa mga aklat, nagpaalala iyon sa kanila na hindi lang payak na pag-aambag ang proyekto sa kabang-yaman ng panitikan, kalinangan, at kasaysayang Kalinga, kundi pagbibitbit ng nakaraan sa kasalukuyan. Dagdag pa, pagbuhay ito sa mga kaugalian ng nakalipas, labas sa prosesong tuon lamang sa pamumugot o headhunting. Susog pa rito, tingnan din itong pagbasa sa *Ullalim* bilang representanteng pangkalinangan sa oral na tradisyon ng Kalinga:

• The ullalim is arguably the best known representative of Kalinga oral traditions. Among many scholars of Cordillera culture, there seems to be a prevalent opinion about this Kalinga oral tradition as solely an epic. This may have stemmed from the works of Lambrecht and Billiet on the ullalim (1970 and 1975)—the earliest and to date still the most exhaustive scholarly studies on this Kalinga oral tradition. (Saboy, “Voicing Ethnicity” 43)

May ilang naunang pag-aaral ding nauukol sa *Ullalim* na sumentro sa ilang mahahalagang bagay at konsepto sa nasabing epiko, gaya halimbawa ng reperensiya sa paggamit ng ngangà o piper betel/areca nut ng mga tauhan sa epiko (Bulwayan et al. 385); sa proseso ng globalisasyon ng tatô ng Kalinga (Kips 69); sa tradisyong *Ullalim* sa usapin ng remixing at Kalinga ethnopop (Saboy, “Voicing Ethnicity” 49); at iba pa. Sa kabilang banda, ang papel na ito ay minabuting iukol ng mga may-akda sa ápa bilang usapin at relasyong pangkasarian at panlipunan na may malaking bahagi sa pag-usad ng buong naratibo ng *Ullalim*.

Upang higit na masuri at maiangat ang antas ng pagbasa sa ápa, tinuklas sa pananaliksik na ito ang integral na papel na ginagampanan ng ápa, partikular sa ikalawang tomo ng aklat na tinipon nina Billiet at Lambrecht. Kung susundin ang salin ng mga patnugot sa ápa bilang interdict o interdiksiyon, kapansin-pansing bagaman napanatili ang kahulugan nito sa kontemporaneong panahon, nagkaroon na rin ng ilang pagbabanyuhay sa posibleng gamit ng salita. Sa diksiyonaryong

Cambridge, ito ay binibigyang-katuturan bilang “the act of stopping something or not allowing something.” Sa isang depinidong halimbawa naman, may kahulugan itong “the act of stopping and taking illegal goods that are being transported somewhere.” Ayon pa sa Louisiana Elder Law Taskforce:

• Interdiction is a legal process in which a court determines, based on the testimony and other evidence presented, whether a person is incapable of making consistent and rational decisions about their property and their person, or of communicating these decisions, and whose interests cannot be protected through less restrictive means. (Louisiana Elder Law Taskforce).

Ang ápa ay ang konsepto o proseso ng hayag na pagbabawal ng tauhang si Suyyaba—isa sa mga lider ng Magobyá, na isang nayon sa Kalinga—sa sinumang lalaking nagnanais na makaisang-dibdib ang anak na dalagang nagnangalang Laggunawa, nang hindi nagagawang mapatay si Liddawa at iuwi ang pugót nitong ulo. Sa paniwala ni Suyyaba, doon lamang ganap na makagaganti o makakukuha ng kabayaran ang kaniyang pamayanan sa bagsik ng kaaway nilang si Liddawa ng Kayyakaya.

Kung ihambing, halimbawa, sa *kissa* o katutubong naratibo ng mga Tausug, matatandaan ang pagpapalayas ng amang Sultan kay Tuwan Putli Kamliyan dahil sa umano’y inestuosong relasyon nito sa anak ding si Datu Ladja Bungsu; o ang ginawang pagtatakwil o pagpapalayas din sa tauhang prinsesa na si Putli’ Kabungsuhan bunga ng paghahangad sa isang lalaking ni hindi kilala ng kaniyang mga nakatatandang kapatid at ama. Magkakaiba man ang danas nina Laggunawa, Tuwan Putli Kamliyan, at Putli’ Kabungsuhan, pare-parehong lumulundo pa rin ang mga ito sa desisyong likha ng kani-kanilang mga ama, na pare-parehong lider o kinikilalang pigura sa kani-kanilang mga komunidad o bayan. Sa *Ullalim*, umiiral ang pagbabawal na makawala sa poder o pangangalaga ng ama. Sa *kissa* naman, tampok ang pagbabawal na makabalik sa kanilang pamayanan. Sa parehong mga kuwento, may malaking partisipasyon ang komunidad at iba pang tauhan sa pagpapatupad ng mga desisyon at prohibisyong ito.

Sa tuong paliwanag nina Billiet at Lambrecht sa nasabing konsepto sa kanilang talababâ, nilinaw nila na:

- The Kalinga term *ápa* in our opinion, best translated by “interdict,” since it is a kind of prohibition that somebody or a specific quasi-custom puts or has put on a fruit-bearing tree, the animal, or the person is debarred from common use or intercourse. (114)

Bagaman ang mga manunulat/mananaliksik ay hindi mga culture bearer o tagapagtaguyod ng kultura ng Kalinga, naniniwala silang dapat higit na makalikha ng mga papel hinggil dito, partikular na sa kung paanong maaaring gamitin ang mga epikong tulad ng *Ullalim* upang basahin/unawain ang kalinangan, lipunan, panuntunan ng Kalinga, at maging ang mga diskursong pangkasarian at panlipunan nito sa bansa.

Dagdag pa, nilinaw sa mga sumunod pang talababâ nina Billiet at Lambrecht ang ilang halimbawa ng ápa na inilalapat sa mga di-tao tulad ng puno, mga abaloryo, at iba pa:

- The owner of a few betel nut trees, growing at a distance from the village where he lived, feared that somebody might tear off at intervals some of his betel nuts. He tried to prevent the theft by putting the ápa on the trees, that is, he wound around each stem of his trees some liana straps and went his way, trusting that everybody inhabiting the area would soon know what he had done. The straps are the visible sign of the ápa clinging to the tree and are, therefore, also called ápa.

Ang paglalagay ng mga liana strap ay isang anyo ng pagsasabing nalapatan na ng ápa ang ilang mga puno ng ngangà. Tulad din ng nabanggit ni Barton sa kaniyang mga tala at pananaliksik, kahit sinong lalaki ay maaaring magdeklara ng ápa sa isang namumungang puno, kahit pa iyong mga may nagmamay-ari na: “People pluck fruit anywhere, and the owner may declare the apa on his own tree in order to taste its fruit. The Ápa will endure until the declarer or his relatives makes a head-hunting expedition.” Mayroon ding tinatawag na *sangi*, na isang kawayang nakatulos sa lupa na ang itaas na dulo ay mayroong biyak na kung hindi nilalagyan ng magkakrus na mga sanga ay panga ng baboy na may simbolong nagsasabi, “Huwag ninyong lalabagin ang Ápa na ito, kung hindi’y tulad ng sa baboy na ito, kukunin ang inyong panga at itutulos din sa kawayang ito” (Barton 88).

Mayroon ding talababá sina Billiet at Lambrecht hinggil sa paggamit ng bead o abaloryo upang patawan ng ápa ang kababaihan:

There are women who wear one single bead stringed around their wrist. The bead shows that their husband has put an ápa-interdict on them by which they are forbidden to eat dog's or cow's meat, or to drink milk. The prohibition clings to the woman; the bead itself is also called ápa or, more commonly, *sípat*. Under certain circumstances, the husband may put the ápa on the meat. Why does a certain husband wish his wife to abstain from eating dog's or cow's meat, or from drinking milk? We cannot answer this question for lack of sufficient information; anyhow, some kind of fear on the part of the husband must be involved.

Bukod sa mga ápa na ipinapataw sa mga bagay bilang babala sa mga lalabag, mahihinuha rin ang pag-iral ng relasyong pangkasarian at panlipunan sa mga ibinigay na halimbawa ng dalawang pari. Sa parehong halimbawa ng ápa ipinataw sa puno at ng ápa nakatali sa single-bead string, lalaki ang tagapataw o tagapagpatupad ng ápa. Sa naunang halimbawa, isa itong ama o pinuno ng pamilya, at sa pangalawa naman ay banang nagbibigay-prohibisyon sa asawang babae sa pag-inom o pagkain ng anumang ipagbabawal niya. Sa pananaliksik ni Dozier, posibleng pagpapalayas o pagmumulta ang kabayaran sa paglabag dito. Kina Barton at Lynch naman ay masasabing nakatuntong sa konsepto ng kasunduan, moral, at panlipunang kontrol ang iniinugan ng posibleng pagbasa sa dalumat ng ápa na tinatalakay sa tekstong *Ullalim*.

Ang Ápa, dagdag pa ng mga patnugot, ang ápa ay likha ng isang tao—kadalasan ay lalaki—na nais proteksiyonan, panatilihin, o panghawakan ang kaniyang mga karapatan sa sariling pamayanan sapagkat nangangambang maaaring malabag ang mga ito. Tila pagseseguro ito sa kaniyang itinuturing na pagmamay-ari, maagap na pagdetermina sa mga posibilidad na maaaring maghatid sa kaniya ng problema o di kanais-nais na pangyayari.

Interesante rin ang pagsipat nina Billiet at Lambrecht na walang iba kundi ang awtor o sinumang nagpataw ng nasabing ápa ang maaaring makapagpawalang-bisa, makapagbago, o makapagpaikli ng durasyon nito. Dagdag pa, ang nagpataw ng ápa ang kinikilala ng pamayanan na maaaring magpatupad nito (na dapat na kilalanin at sundin ng lahat) at siya ring may buong-kakayahang

magparusa sa sinumang lalabag dito. Bagaman maaaring pumatong o magsabay ang pagpapatupad ng nasabing ápa sa umiiral nang mga batas o polisiya sa kanilang pamayanan, siya lamang din ang may karapatang itakda ang multa—o sa terminong Kalinga, *dúsa*—na maaaring ibayad sa kaniya.

Sa isang banda, madaling ipagkamaling payak o simpleng bunga lamang ang ápa ng pagseseguro ng isang lalaki o indibidwal sa kaniyang pagmamay-ari—puno, bagay, o minsan, kahit pa kababaihan. Na hindi ito papasá o maikakategorya bilang diskurso sa usapin at relasyong pangkasarian at panlipunan sa Kalinga. Subalit, kung sisilipin ang ginampanang papel ng ápa sa *Ullalim* sa kahulugan ng pagiging (1) konseptong nagtatakda at nagpapadaloy sa direksiyon ng pag-iisip ng mga kasapi ng isang pangkat na impluwensiyado ng isyu at mga dinamikang pangkasarian at panlipunan; (2) mahalagang salik sa pagpapatupad, pagsunod, at pakikitunggali sa lipunan (o sa pamayanan ng Magobyá); at (3) nakaiimpluwensiya sa mga mamamayan sa panahon ng krisis o pakikipagkasundo (pakikitunggali sa pamamagitan ng pamumugot sa isang dakilang kaaway), maiaangat natin ang pagbasa sa ápa mula sa nosyon ng prohibisyon tungo sa isang umiiral na usapin at relasyong pangkasarian at panlipunan sa epikong *Ullalim* ng Kalinga.

Hindi lamang simpleng naidirehe o naitakda ng ápa ang kilos, desisyon, at serye ng mga hakbang na ginawa ng ilang pangunahing tauhan sa epiko; ito rin ang nagsisilbing mekanismo sa pagsipat sa pangkasarian at panlipunang diskurso ng ilang bahagi ng naratibo ng *Ullalim: Nibalya Da Kalinga o Kasal ng Magkaaway*. Ang pag-iisang-dibdib ay hindi lamang inasahang katapusan o resulta ng mga pangyayari. Ito ang pumihit sa pag-igting ng iba't ibang mga usapin, maging ng mga resolusyong hinatag at tinahak ng iba't ibang panig (o sabihin pa, ng pamayanan na naging bahagi ng bahaging ito ng epiko).

B. Ang Usapin at Relasyong Pangkasarian sa Lipunan sa Epikong Ullalim ng Kalinga

Sa pananaliksik ni Barton partikular sa kababaihan, inilarawan niya ang kababaihan sa Kalinga bilang higit na may sariling ahensiya kaysa sa mga nasa kalapit na mga komunidad at pamayanan. Sa kaniyang tala, maaaring magkaroon ng sariling pag-aari ang mga kababaihan, magmana ng lupang sakahan, at magkaroon ng sariling tinig at desisyon sa mga usaping may kinalaman sa pamilya at tunggalian sa komunidad. Sa kabila nito, tila nakapagtutuon lamang ang pananaw at perspektiba ni Barton sa tradisyonal at kolonyal na pagtingin sa kababaihan bilang

asawa, ina, o anak na babae kaysa bilang mga bahagi ng lipunan labas sa mga papel at tungkuling itinatakda ng pamayanan sa kanila. Ayon din sa kaniyang tala hinggil sa ápa na ipinapataw sa kababaihan, binanggit ni Barton ang sumusunod:

Ápa sometimes assumes a form of spitefulness which men may exercise toward women with whom they have had a disagreement, and on whom they have some claim, as in the following cases: (1) when a man has had a row with a woman with whom he has had the dagdag relationship; (2) when a woman has broken an engagement to marry; (3) when a woman has divorced a man. The apa prohibits any man from courting the woman for a definite period, usually from two months to a year, unless the permission of the declarer has been secured to do so... (90)

Bagaman ang imposisyon ng ápa ay maaaring ibigay rin, halimbawa, sa pangkat ng mga kawayan, punong namumunga, o kaya gubat, minsang nangyayari ding sa kababaihan ito isinasakatuparan ng kalalakihan sa komunidad. Ang nagpahayag nito ay maaaring (o hindi) maningil ng kabayaran para sa kaniyang pagpayag o pagbigay-permiso. Dapat din niyang patayin o saktan ang sinumang lalaki (na maaari niyang kaanak din) na nang walang permiso ay nagkaroon ng seksuwal na relasyon sa nasabing babae bago ang pagtatapos o ekspirasyon ng ipinahayag na ápa. Kung hindi niya ito isasakatuparan ay masisira ang kaniyang reputasyon o di kaya ay mamamaga ang kaniyang bayag, o tinatawag ding *mabutu*.

Madaling sipatin na ang gawaing ito ay paglabag sa indibidwal na karapatan o kagalingan ng isang miyembro ng pamayanan. Subalit sa kabila nito, mainam ding balikan na ang karapatang pantao sa mga espasyong tulad ng Kalinga ay hindi lamang karapatang pansarili (individual rights) kundi karapatang pangkomunidad (community rights). Bunga ito ng mahabang panahon ng pakikibahagi at pakikitunggali sa isa’t isa. Ito rin kadalasan ay kolektibo, pampamayanan, at karapatang nauukol sa lupang ninuno, natatanging kaakuhan, at kalinangan—na primaryang nakatuon sa kakayahang patatagin ang kanilang mga sariling pampolitika, legal, at panlipunang institusyon. Higit pa, karapatan itong hangarin at bigyang-katuparan ang pamamahala sa kanilang sariling lupain at pangkulturang integridad. Kaya naman mahihinuhang ang usapin at relasyong pangkasarian sa lipunang Kalinga—maging ang binibigyang-representasyon ng *Ullalim* bilang teksto—ay may elementong kolektibo, pampangkatan, o panlahat, kahit pa nga sa diskurso ng prohibisyon o interdiksiyon na inihalimbawa sa itaas.

Gaya ng nauna nang naisaad, hindi bago o estrangherong konsepto ang ápa sa kamalayan ng mga Pilipino. Ang ilang akto ng pagbabawal ay nililikha o ipinatutupad sa ngalan ng ipinapalagay na ikabubuti ng mga taong sangkot. Ang mga nasa awtoridad at kapangyarihan ang kadalasang nagpapatupad o humihiling ng pagpapatupad nito. Sa kaso ng *Ullalim*, tampok ang magulang bilang kapwa awtoridad at tagapangalaga.

Sapagkat napakalinaw ng hinihinging kapalit ni Suyyaba (ang ulo ni Liddawa) bago niya ipatigil o kanselahin ang ápa sa anak na si Laggunawa, lumilikha ito ng isang ideolohikal na tunggalian—partikular sa mga lider sa labas ng komunidad ng mga Magobya (na layong ipag-isang-dibdib ang kanilang anak sa dalagang anak ni Suyyaba). Sa isang talababâ rin nina Billiet at Lambrecht, binanggit nilang:

Though Magatañga knows that an ápa-interdict clings to Laggunawa, he still thinks that Suyyaba would change his mind when he would see Aggonnana who is not fully grown up and hear from the boy that he is the son of Magatañga, known to be an undaunted headhunter. In other words, Magatañga hopes that Suyyaba would realize how unreasonable it would be to demand from a mere boy the head of the terrible Liddawa and, therefore, abolish the ápa... (126).

Naging malaking bahagi ang labanán sa buong naratibo ng ikalawang tomo ng *Ullalim*, maging ng pamumugot bilang tanda ng kagitingan sa iba't ibang mga komunidad sa panahon ng kaganapan ng *Ullalim* bago pa dumating ang mga mananakop sa hilaga ng Pilipinas. Naging buhay na sa kanilang komunidad ang pakikidigma upang magkaroon ng lakas o prestihiyo at makilala ang kanilang pangkat. Gayunpaman, ang ganitong kalakaran sa mga pamayanan ay hindi nangangahulugan ng pagiging barbaro at ng kawalan ng sistema. Bagkus, nagpapakita ito ng higit na malalim na ugnayang pantao at panlipunan. Dahil nga naging kalakaran na ang pakikitunggali sa mga panahong ito, naging bahagi ang kababaihan—hindi ng digmaan—kundi ng pagkakasundo ng mga magkakaaway na pangkat. Ang pagpapakasal at pag-aasawa sa epiko ay may malaking gampanin sa pagpapalaki ng nasasakupan at pagpapanatili ng kapayapaan.

Ang pagiging mangangayaw o headhunter ay gampanin sa komunidad upang proteksiyonan ang kanilang lahi, pamilya, at maging ang sarili. Hindi

lamang ito tungkol sa paghahangad ng dangal at katanyagan, bagkus ay mabigat na responsabilidad sa pagtataya ng sarili upang patuloy na umiral at mamayagpag ang pinag-ugatang pamayanan.

Gaya ng unang nailahad, sa epikong *Ullalim*, posible namang magpasya na lamang ang pangkat ng mga Bayuya (sa pangunguna ni Magatañga) o ng mga Dulawon (sa pamumuno naman ni Banna) na magdeklara ng tunggalian kay Suyyaba at sa pangkat nito alang-alang kay Laggunawa. Subalit sa kabila ng posibilidad na ito, mahihinuhang minabuti pa rin nilang respetuhin o kilalanin ang ipinataw nitong ápa sa anak na dalaga, na maaaring basahin o suriin na labis na pagdakila at pamimintakasi kay Laggunawa bilang hangad na binibini, at sa kabilang banda’y paggalang sa puri ng komunidad na pinag-iralan nito. Subalit, ang mainam sigurong itanong o pagmuni-munihan sa tagpong ito ay kung nasaan si Laggunawa—bilang kinatawan ng babae—sa mga usapan at tunggalian ng mga desisyon at tinig, na primaryang nagmumula sa mga lalaki.

Sa ilang pagkakataon, mababakas sa mga berso ng epikong *Ullalim* ang tila pagkahiya at pagkadismaya ng kababaihan—hindi lang ni Laggunawa na direktang pinatawan ng ápa, kundi maging ng isa pang tauhang si Onnawa, anak ni Pañgdan ng Lukiban at asawa ni Banna—sa kapangyarihang lantarang ipinatutupad at inirerepresenta ng kanilang mga ama sa kanilang lipunan.

Babaeng Tauhan	Berso sa Ullalim	Isyung Pangkasarian
Laggunawa	(950) Laggunawa is now left with shame in her mind of what Suyyaba is doing; he bargains on the price [for her] with those gentle-gentlemen, the one coming after the other presenting a bridal-gift for her	Pagkontrol ng Kalalakihan
Onnawa	(1005) When the baby had come out, she bathed him with [her] tears. She is full of pity, foreseeing that Pañgdan might come and throw him away in some distant place, if he would not murder him with his sharpened axe. (1040) A moment later, she utters these [words]: “I shall just let thee float away, “there is nothing else to do. “It is because of the evil mind “of Pañgdan of Lukiban, (1045) “for he might destroy [killing] thee “with his sharpened head-axe.	Takot at Pagsuko sa Sistemang Patriyarkal

Talahanayan 1: Tala ng mga Partikular na Berso sa *Ullalim*, Tauhang Babaeng Nabanggit, at Usaping Pangkasarian na Inirerepresenta ng mga ito

Sa usapin ng pagkontrol ng kalalakihan, hindi maikakailang maraming larang na sa ating lipunan at sa daigdig ang magpasahanggang-ngayong dinodominahan ng mga lalaki. Kabilang dito ang mga larang ng politika, negosyo, industriya ng pagmamamupaktura at konstruksiyon, at iba pa. Sapagkat mahahalaga ang mga sektor na ito, direkta man o hindi ay masasabing naaapektuhan at naiimpluwensiyahan ng kalalakihan ang mga proseso ng pag-iral ng mga ito sa araw-araw. Sa ika-950 berso, nang maramdaman ni Laggunawa ang hiya sa kaniyang isip dahil sa kagagawan ng amang si Suyyaba (at wala siyang magawa kundi sumunod), bakas ang pagkontrol ng kalalakihan. Hindi lamang ito dahil mayroon itong masidhing kondisyon sa pagpapakasal sa kaniya, kundi maging sa bilang ng mga ito na patuloy pa rin sa pagtatangka: “he bargains on the price [for her] / with those gentle-gentlemen / the one coming after the other / presenting a bridal-gift for her” na nagsasabing wala siyang magawa kundi sumunod at makiayon sa mga pangyayari sa kaniyang buhay at kanilang komunidad.

Hindi naman nalalayo rito ang karanasan ni Onnawa, na bagaman walang partikular na ápa na ipinataw sa kaniya ay masidhi pa rin ang pinagdaanan sa buhay bilang anak, asawa, at ina. Ang konsepto ng takot mula sa sistemang patriyarkal o gendered fear ay nakaugat sa umiiral na pananaliksik na mas nakararamdam ng takot ang mga kababaihan kaysa kalalakihan. Bagaman nag-iiba-iba ito batay sa mga uri ng lipunan at bansa, hindi mapasusubaliang sa mga bayang dominante ang kalalakihan, malaki ang tsansa ng kriminalidad laban sa kababaihan. Ang biktimisasyong naranasan ni Onnawa bilang babae ay bakas na bakas sa mga linyang, “When the baby had come out / she bathed him with [her] tears.” Sa takot na iligaw ng amang si Pañgdan ang anak o paslangin ito gamit ang palakol sa pamumugot (Tingnan ang taludtod na “It is because of the evil mind / of Pañgdan of Lukiban”), tila nagpatianod na lamang si Onnawa sa kalungkutan at walang nagawa kundi hayaang mawalay sa kaniya ang anak na si Gassiñga, at manikluhod o sumuko sa kapangyarihan ng patriyarka.

Wala mang direktang pakikisangkot ang kababaihan sa mabibigat na tunggalian at salpukan sa *Ullalim*, malaking bahagi sila ng pagdedesisyon ng kanilang mga pamilya at mga asawa sa pakikidigma. Mula rito, matatawag silang tagapagdala ng kapayapaan sa digmaan at labanang umiiral sa malaking banghay ng epiko para sa pagpapatuloy ng kanilang angkan. Ang kababaihan ang gumaganap ng oral na tradisyon sa pagpapahayag at pagkukuwento ng danas ng kanilang mga asawang lalaking bahagi ng pakikidigma at pamumugot sa sistema ng lipunang nakapaloob dito. Matapos ang digmaan, naisasalaysay ng kababaihan

sa pamamagitan ng panaghoy ang pagdadalamhati, pagmamahal, at maging sákit ng pangungulila. Mahalagang papel ito sa kulturang Kalinga sapagkat nagsisilbi itong gabay at paalala sa komunidad ng mabigat na kapalit ng karahasang bahagi ng kanilang pamumuhay noong panahong ito.

Nakatali ang kababaihan sa pangangailangan pa rin ng pamilya at lipunan. Naging páin sila at pamatò sa pagsupil sa mga kalaban ng kanilang pamayanan bago pa sila bumuo ng sarili nilang pamilya. Mapapansin ding higit na binibigyang-lakas ang labanan at pakikidigma upang mas lumawig ang kani-kanilang mga pangkat. Wala sa mga hanay na itong nabanggit sa *Ullalim* napabilang ang mga kababaihan. Ang kanilang angking karikitan at kasanayan ay naging batayan ng pagpili sa kanila upang maging ina ng magiging anak ng mga mandirigma at lider-komunidad. Bumabalik pa rin ang usapin sa lakas ng pamilya, na lakas na magmumula sa yamang nakamit at karangalan ng pagkitil sa mga kalabang tila bang premyo lamang ang mga babae sa digmaan.

Ang kakayahan at dangal ng lalaki ang katapangan at katapatan sa pamilya. Ang tagumpay sa labanan at mabuting pangalan sa komunidad ay nagpapakitang ang lalaki ay karapat-dapat. Bukod pa rito, ang pagsunod o pagkilala sa ápa ay kaugaliang paghingi ng pahintulot ng pamilya at pagpapakita ng mabuting hangarin at dangal. Bagaman may mga pagkakataong hinihiling ang pagpayag ng mga babae, malaki pa ring higit ang impluwensiya ng pamilya, lalo na ng mga magulang nito. Samakatuwid, ang pag-aasawa sa panahong ito—batay sa naratibo ng *Ullalim* at ilang datos mula sa mga misyonero at antropologo—ay pinagsamang personal na pahintulot, pamantayang kultural, at pananagutang panlipunan.

C. Ang Ápa sa Pagsusulong ng Kalinangan at Panitikang Bayan

Tunay na naging malaking bahagi ang ginampanan ng ápa, hindi lamang bilang terminong Kalinga, kundi bilang lehitimong praktika sa *Ullalim*, kapwa sa isyung pangkasarian at panlipunan. Ang ápa sa *Ullalim*—na bagaman may negatibong konotasyon sapagkat nakaugat sa konsepto ng pagbabawal (o tila akto ng pang-aari/pagmamay-ari sa anak na babae)—ay naging daan upang kilalanin si Suyyaba bilang lider ng mga Magobyá, maitaas ang antas ng pagtingin kay Laggunawa bilang dalaga o binibini, at igalang ang kanilang komunidad bilang isang nagkakaisa at nagpapasyang pamayanan.

Bagaman sa isang banda, malinaw na itinatampok ng Talahanayan 1 ang diskriminasyon o karahasan sa kababaihang tauhan, pansining ibang panahon, lunan, at konteksto ang inirerepresenta ng/sa *Ullalim* bilang panitikang bayan. Hindi maaaring basta ipasuot sa kanila ang sapatos ng lipunan at daigdig sa kasalukuyan, dahil unang-una, sa ibang lipunan at daigdig din sila nakatindig.

Ang mga lalaking anak ay tinitimbang o hinuhusgahan batay sa kasanayan sa pangangaso o pamumugot, samantalang ang mga babae ay sa paghahabi, pagluluto, o di kaya’y kung maipakasal sa isang lalaking buhat sa prominenteng pamilya. Sinasabi nitong sa perspektiba ng mga ama o lalaking lider ng mga pamayanan sa Kalinga, integral ang utilisasyon ng kasangkapan (paggamit ng mga armas at instrumentong pangmusika), kasanayan ng mga lalaki at babaeng anak (mula sa pamumugot tungong pagpapakasal), at kung anumang pamamaraan para sa yaman, dangal, at puri ng komunidad. Ang laging hamong natitira sa mga mambabasa at iskolar ay bakasin kung may nananatili pa ring katulad o kaparehong paniniwala at praktika sa kontemporaneong panahon (na kinikilala na ang karapatan at kagalingan ng mga kababaihan); tiyak na marapat punahin at hapagan ng solusyon, o kung hindi man, ng mga alternatibo.

Ang ápa sa *Ullalim* ng Kalinga—na naging simbolo at representasyon ng paggalang sa komunidad, pagsasakapangyarihan ng takda/hiling ng mga indibidwal at lider, at nagningas ng kapwa tunggalian at resolusyon sa pagitan ng mga pangkat—ay mahalagang tingnan o sipatin bilang kakanyahan ng ating katutubong kalinangan at kasaysayan. Sapagkat isa ring organikong konsepto, nagpapakita ito ng panlipunang representasyon sa posibleng kakayahan ng ating mga ninuno sa kolektibong pagpapasya ng pakikitunggali at pagreresolba rin ng anumang di-pagkakaunawaan sa loob at labas ng pamayanan. Nabigyang-oryentasyon nito ang mga mambabasa at iskolar ng kasaysayan, kalinangan, at panitikan sa tradisyonal na mga pamamaraan sa pagprotekta at pagpapahalaga sa pagmamay-ari, yaman, o bahagi ng pamilya, bagaman nakapagtitindig naman ng respeto sa komunidad at sa mas mataas na politikal na paninindigan ng mga pinuno ng mga pangkat.

Kaya naman pinatunayan sa papel na ito na ang ápa, bilang diskurso sa usapin at relasyong pangkasarian at panlipunan sa *Ullalim* ng Kalinga, ay maaaring maging salalayan at hakbang sa pagsusulong ng kalinangan at panitikang bayan. Ang ápa—na sa simula’y inaasahan sanang magiging malaking hadlang sa mga

tauhan o sa pagsulong ng naratibo sa epiko dahil sa mahigpit na pagpapatupad ng prohibisyon—ang nakapagpakilos o nakapagpausad pa sa mismong banghay nito. Binaybay ng mga tauhan ang iba’t ibang pamamaraan at alternatibo hindi upang baliin, burahin, o ipagsawalang-bahala ang ápa, kundi upang matugunan pa nga ito at, gaya ng nasa dulong bahagi ng proseso, ang mismong nagpataw ang magpawalang-bisa rito.

Kinilala ng pagbasa ng/sa ápa ang kakayahan ng mga ninuno o katutubong Pilipino na kumatha ng mga salaysayin at naratibo batay sa kanilang mga karanasan sa panahon at lipunan kung saan sila umiral. Dagdag pang bagaman mapanghamon ang naging proseso ng pagtatala, pagsasalin, at pagva-validate ng mga patnugot o tagatipon na sina Billiet at Lambrecht sa mga *Ullalim*, matagumpay nilang naitala at nagawang mailathala para sa madla ang dating ipinapasa-pasa lamang sa mga umpukan at gawaing pangkalinangan sa probinsiya ng Kalinga. Bukod pa rito, masasabing matagumpay sapagkat susog kay Mojares, hindi lamang nananatili ang mga pagsusumikap na tulad nito bilang mga “dokumento ng etnolohiya at prehistorya,” bagkus itinatanghal bilang isang pampanitikang sining. Nagagawa nitong hamuning maibalik ang humaling ng mga mag-aaral, guro, at mananaliksik ng panitikan sa mga katutubong kaalaman, pamamaraan, at praktika bilang mainam na materyal sa paglikha at lente sa pag-unawa ng ating kakanyahan, kapwa sa mga usapin at relasyong pangkasarian at panlipunan.

Sa kasalukuyan, nasa iba’t ibang aklatan na sa Pilipinas at ibang bansa ang mga kopya ng likha ng mga paring-iskolar. May salin na rin sa Filipino ang *Ullalim nibalya da Kalinga* (Kasal ng Magkaaway). Isinalin ito ni Phillip Y. Kimpo Jr. at inilathala naman ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining noong 2022. Bukod dito, higit ding popular ang Ullalim Festival sa Kalinga na ipinagdiriwang bilang paggunita sa anibersaryo ng pagkakatatag ng probinsiya. Ang institusyonalisasyon ng Ullalim Festival sa Kalinga ang sinasabing naghatid sa kalinangang Kalinga sa entablado ng industriya ng ekoturismo na agresibong ipinakilala sa ibayong dagat ng pamahalaan ng Pilipinas.

Binasag din ng papel na ito ang ilang hinala na ang mga epiko sa Pilipinas ay impluwensiyado o nanghihiram lamang ng kaisipan, daloy, o balangkas sa dayuhang mga akda. Nilinaw nito ang natatanging kakanyahan ng *Ullalim* bilang epiko, subalit tumutugon at umuugnay rin naman sa iba pang mga epiko o tradisyong oral at pangkasaysayan sa Pilipinas, sa puntong hindi naman nalalayo

o buo-buong estranghero ang naratibong nilikha ng ápa, pareho sa tunggalian at resolusyon na makikita rin sa iba pang katutubong panitikan sa iba't ibang rehiyon sa bansa.

Ang mga awit, epiko, ritwal, at seremonyang ipinakikita sa *Ullalim* ay mahahalagang bahagi ng buhay ng mga katutubo sa Kalinga bago pa man dumating ang mga mananakop. Ang isang indibidwal ay laging bahagi ng isang komunidad, kaya mahalagang magampanan ng bawat isa ang kaniyang tungkulin sa pamayanan ayon sa kaniyang paniniwala at sa umiiral na sistemang panlipunan. Ang pakikidigma at pakikipagsapalaran upang mabuhay ay mahalagang parte ng kanilang lipunan.

Ang oral na tradisyon ay nakapagpapasa ng kasaysayan, aral, pagpapahalagang pampamilya, at pamantayang pangkomunidad. Malinaw rin ang kanilang malalim na pagpapahalaga at ugnayan sa kultura, paniniwala, at kalikasan.

Binubuksan ng papel na ito ang patuloy na pag-aral, pagbasa, at pagsulat sa mga epiko at akdang pampanitikan sa bansa sa usaping pangkomunidad at pangkasarian. Nagbibigay ito ng sipat sa mga tradisyon at kalinangang umiiral sa mga etnolingguwistikong grupo sa Pilipinas. Ang patuloy na pagsusuri sa mga ito ay pagpapatatag at pagpapalakas din sa kasaysayan ng bayan. Ang pag-uugnay sa nakalipas at kasalukuyan ay pagbagtas sa kakulangan at kahinaan ng umiiral na mga batas at polisiya, o maaari din namang maging dahilan ng kalakasan nito.

Nawa ay magbukas ito ng marami pang tangkang pagbasa, pagdalumat, at pagtampok sa mga epiko ng Pilipinas bilang pagsasakasaysayan sa kalinangan at panitikang bayan na umuugnay sa iba't ibang isyu at usaping nakapangyayari pa rin sa kasalukuyan.



Apendiks



Fig. 1: *The Kalinga Ullalim II* na inedit nina Billiet at Lambrecht mula sa: Kalinga Tourism Philippines, "The ULLALIM are Kalinga songs of heroic exploits..." *Facebook*, 9 Oktubre 2020, web.facebook.com/Kalingatourismph/posts/the-ullalim-are-Kalinga-songs-of-heroic-exploits-these-are-long-chanted-stories-/3182812548497799/?_rdc=1&_rdr#. Naakses noong 2 Enero 2025.



Fig. 2: Ullalim Festival na nagpapakita ng buhay at kalinangan ng Kalinga, maging ng mayamang ani ng kanilang probinsiya. Mula sa *Travel to the Philippines*, www.traveltothephilippines.info/2017/01/06/join-the-cultural-ullalim-festival-in-Kalinga/. Naakses noong 2 Enero 2025.




Fig. 3: *Ullalim Nibalya Da Kalingga* (Kasal ng Magkaaway), salin sa Filipino ni Phillip Y. Kimpo Jr. sa *The Kalinga Ullalim II* (1974) nina Padre Francisco Billiet at Padre Francis Lambrecht.



- Almario, Virgilio, editor. *UP Diksiyonaryong Filipino*. Binagong Edisyon, UP Sentrong Wikang Filipino, 2010.
- Barton, Roy Franklin. *The Kalingas: Their Institutions and Custom Law*. University of Chicago Press, 1949.
- . *The Half-Way Sun: Life Among the Headhunters of the Philippines*. Brewer and Warren, 1930.
- Billiet, Francisco, at Francis Lambrecht. *The Kalinga Ullalim II*. Igorot Culture Research Studies, 1974.
- Bulwayan, Ronald, et al. “Piper Betel and Areca Nut: Interfacing Cultural, Communication and Ethno-therapeutic Knowledge as Reflected in the Kalinga Epic, the Ullalim.” *International Journal of English Literature and Social Sciences*, tomo 8, blg. 3, 2023, ijels.com/upload_document/issue_files/60IJELS-106202312-PiperBetel.pdf.
- Kimpo, Phillip Jr. *Ullalim Nibalya Da Kalinga (Kasal Ng Magkaaway)*. Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2022.
- Kips, Tom. *The Globalization of Kalinga Tattoos: From the Philippines to the U.S.A.* University of Utrecht, 2010.
- Louisiana Elder Law Task Force. “A Guide to Interdiction.” *LouisianaLawHelp.org*, 16 Nobyembre 2025, louisianalawhelp.org/resource/what-is-interdiction.

Mojares, Resil B. “Review: The Kalinga Ullalim and Ifugaw Orthography.”

Philippine Quarterly of Culture and Society, tomo 3, blg. 4, 1975,

pp. 288–289. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/29791226.

Inakses 17 Pebrero 2026.

Rixhon, Gerard. *Voices from Sulu: A Collection of Tausug Oral Traditions*. Ateneo de Manila University Press, 2010.

Saboy, Scott. “Voicing Ethnicity: Traditional Referentiality, the Ullalim, and Kalinga Ethnopol.” *Cordillera Review: Journal of Philippine Culture and Society*, tomo 4, blg. 2, Setyembre 2012, pp. 37-64, thecordillerareview.upb.edu.ph/wp-content/uploads/2021/03/4-TCR-IV-2-Saboy_Voicing-Ethnicity-Traditional-Referentiality-the-Ullalim-and-Kalinga-Ethnopol.pdf.

—. “The Ullalim Festival of Kalinga, Northern Philippines as a Peace-Building Strategy for a Multiethnic Community.” *The Asian Conference on the Social Sciences 2014 Official Conference Proceedings*, 2014.

.....



Evelyn P. Antonio

Nagtapos ng Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino - Wika, Kultura, at Midya sa Pamantasang De La Salle Maynila, kasalukuyan siyang Tagapangulo ng Kagawaran ng General Education sa Manila Tytana Colleges at Graduate School Lecturer ng Philippine Normal University Manila. Kasalukuyan siyang Pangalawang Pangulo ng Edukasyon ng Kataga, Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas, Inc. Nailathala ang kaniyang mga akda sa *Saanman Antolohiya* (PageJump Media) at *Tuwing Umuulan Antolohiya* (Kataga, Manila). Siya ang may-akda ng *Retoke at iba pang mga dagli* at *Sari: Isang Dagling Novella* (8letters Bookstore and Publishing at 26 Pages).

Gerome Nicolas dela Peña

Guro ng Filipino at Panitikan sa De La Salle University Manila at Manila Tytana Colleges. Kasalukuyan niyang tinatapos ang digring PhD Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ang Pangulo ng Kataga, Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas at isa sa mga tagapamahalang patnugot ng *Luntian: Online Journal para sa Malikhaing Akda ng mga Guro at Gradwadong Mag-aaral*. Awtor siya ng siyam (9) na aklat ng mga sanaysay, tula, at novella sa Filipino. Mababasa rin ang kaniyang mga artikulo at malikhaing akda sa ilang antolohiya at journal sa loob at labas ng bansa.

Mga Kuwento ng Alon at Ulan:

Pagsusuring Ekokritikal sa mga Piling
Kuwento ni Nap Arcilla at ni Emman
Barrameda Tungo sa Pag-ahon ng
Kamalayan sa Panitikang Tubig

Mary Ann A. Asaytono

ABSTRAK

Hinihimay at pinagtutuonan ng pag-aaral na ito ang manipestasyon ng tubig sa pamamagitan ng pagsuri sa limang maikling kuwento ni Nap Arcilla at ni Emman Barrameda na nasa ilalim ng panitikang tubig. Ginamit ang ekokritisismo at teksto-konteksto upang mailantad ang malalim na ugnayan ng tubig sa kalikasan, kultura, at pamumuhay ng mga tauhan. Napagtibay na ang tubig ay hindi lamang likas na elemento kundi isang aktibong puwersang humuhubog sa kamalayang ekolohikal at panlipunan. Ang mga kuwentong sinuri ay nagbibigay-bose sa mga komunidad na nakadepende sa tubig at nagpapalakas ng kamalayang ekolohikal. Sa ganitong pagbasa, inilalantad ng pananaliksik ang panitikang tubig bilang daluyan ng diskurso sa kalikasan at pagkakakilanlang Pilipino.

Mga susing salita: *baybaying pamayanan; dagat; ekokritisismo; pangingisda; panitikang tubig*

DALUYAN | XXXI 2025 | Mga Kuwento ng Alon at Ulan: Pagsusuring Ekokritikal sa mga
Piling Kuwento ni Nap Arcilla at ni Emman Barrameda Tungo sa Pag-ahon ng Kamalayan sa Panitikang Tubig

Stories of Waves and Rain:

An Ecocritical Analysis of Selected Stories by Nap Arcilla and Emman Barrameda Towards Raising Consciousness of Water Literature

ABSTRACT

This study examines the manifestations of water through an analysis of five short stories by Nap Arcilla and Emman Barrameda, which fall under the category of water literature. Ecocriticism and text-context analysis were utilized to reveal the deep connection between water, nature, culture, and the characters' ways of life. The study affirms that water is not merely a natural element but an active force shaping ecological and social consciousness. The selected stories give voice to communities reliant on bodies of water and strengthen environmental awareness. Through this perspective, the research highlights water literature as a vital medium for discourse on nature and Filipino identity.

Keywords: *coastal communities; ecocriticism; fishing; sea; water literature*

Panimula

Bilang isang arkipelagong bansa, likas na nakaugnay ang Pilipinas sa tubig na siyang pinagmumulan ng kabuhayan, ugnayan, at kultura ng mga mamamayan. Gayunpaman, sa kabila ng malinaw na presensiya nito sa ating kapaligiran at kasaysayan, nananatiling limitado ang pagkilala at pag-aaral hinggil sa panitikang tumatalakay sa tubig. Unti-unti ring lumulubog ang kamalayan sa ganitong uri ng panitikan dahil higit na nabibigyang-pansin ang iba pang espasyo at paksa sa ating mga akda at kritika.

Ayon kay Eros Atalia sa bahaging “Mga Pag-ugsod” sa *Maqueda*, bagaman napaliligiran ng tubig ang bansa at maraming Pilipino ang “nabubuhay at binubuhay ng tubig at dagat” (v), nananatiling manipis ang representasyon ng dagat at tubig sa kasalukuyang pag-aaral at kanon ng panitikang Pilipino. Ayon kay Manzano (“Ontolohiya”), hindi pa rin ganap na natutukoy at nadodokumento ang tinatawag na panitikang maritimo at wala pang malinaw na pagpapakahulugan dito sa akademya. Katunayan, noong 2017 lamang inilathala ang kauna-unahang antolohiya ng ecopoetry sa bansa—ang *Sustaining the Archipelago* na inedit ni Chua—kung saan tinitipon ang mga akdang nakasentro sa ugnayan ng tao at kalikasan, kabilang ang tubig. Sa rehiyonal na antas, binibigyang-diin ni Alegre ang kung paanong umuusbong pa lang ang Blue Humanities sa Timog-silangang Asya, na naglalayong ituwid ang naunang land-centric na bias ng ekokritika. Idinagdag pa ng isang pag-aaral pampolisiya na may “critical gap in raising the archipelagic and maritime consciousness in the Philippines” (Mangahas at Roldan), na nagpapaliwanag sa kung bakit madalas maetsapuwera ang dagat sa pambansang imahinasyon.

Inilahad din ni Gideon Lasco sa sanaysay niyang “Rediscovering Our Maritime Consciousness” na tila nawala na ang kamalayang maritimo ng mga Pilipino:

Today, however, we seem to have lost our maritime consciousness. We see this in the fact that many Filipinos don’t even know how to swim... We also see this in the neglect of our waterways. (10)

Binanggit din niya ang tala ni William Henry Scott hinggil sa Pilipinas bago dumating ang mga Kastila, kung saan sinabing “communities were connected,

not separated with water” (Scott sipi sa Lasco). Ipinapahiwatig nito na unti-unting naisantabi ang dating sentral na papel ng tubig sa ating lipunan.

Ngunit ang sinasabing pagkawala ng kamalayang maritime ay hindi nangangahulugang kawalan nito sa mga pamayanang baybayin, kundi tumutukoy sa pagkapusyaw ng tubig sa pambansang imahinasyon at institusyon. Sa harap ng land-centric na edukasyon at kanon, urban-at-elit na lente sa mga diskurso, at mga patakarang nagtatangi sa paggamit ng lupa kaysa ng dagat, ang mga kuwento at kaalamang pantubig ay naiiwan at hindi nakikitang sentral. Nananatiling buhay ang kamalayang ito sa mismong tabing-dagat, subalit sila rin ang pinakaapektado ng estruktural na pagkalimot: nawawala ang akses at kabuhayan, napipinsala ang ekolohiya, at nalilimitahan ang kanilang boses sa publikong espasyo. Sa ganitong pagbasa, ang sipi ni Lasco ay isang macrodiagnosis ng pambansang paglayo sa tubig imbes na anumang pagtangga sa lokal na karanasang nananatiling nakaugat sa dagat. Malinaw dito kung paanong ang problema—bagaman ugat-estruktural—ay tahasang sumasapol sa araw-araw na buhay ng mga naninirahan sa baybayin.

Ayon naman sa pag-aaral nina Mangahas at Roldan, ang pananaliksik sa karagatan ay naitulak sa laylayan ng agham panlipunan at humanidades dahil sa dominasyon ng Kanluraning pananaw na higit na nagbibigay-pansin sa mga diskursong nakatuon sa kalupaan. Ipinapakita nito na hindi lamang usapin ng pananaw ang pagkawala ng kamalayang maritime kundi bunga ng mas malalim na estrukturang panlipunan at akademiko na nagtatakda kung alin ang pahahalagahan at alin ang maiiwan sa laylayan.

Dahil dito, kahit mayaman ang ating oral at kontemporaneong panitikang tumatalakay sa dagat at tubig, kapansin-pansing kulang pa rin ang sistematikong pagbasa, dokumentasyon, at pagsuri dito sa kasalukuyang panahon.

Sa mahabang panahon kung kailan patuloy na nalalaglag sa laylayan ang usapin tungkol sa panitikang tubig, lumitaw ang ilang mga akda mula sa iba’t ibang rehiyon ng bansa na nagpapatunay sa malalim na ugnayan ng mga pamayanan sa tubig: mula sa mga epiko ng mga Subanen at Sama na nakatuon sa ilog at dagat (Demetrio); sa mga kuwentong-bayan at ritwal ng mga Bikolano na gumagamit ng tubig bilang midyum ng orasyon at paghilom (Realubit); at hanggang sa mga awit at epiko ng mga Lumad ng Mindanao na kinapapalooban ng mga nilalang at espiritu ng tubig (Paredes). Sa kontemporaneong panitikan, kapansin-pansin din ang mga akda ni Gremer Chan Reyes at ni John Iremil Teodoro na gumagamit ng dagat bilang espasyo ng pagmuni, tunggalian, at kabuhayan (Manzano, “Ontolohiya”; Teodoro).

Sa ganitong lawak ng tradisyon, umusbong sina Emmanuel “Emman” Barrameda at Napoleon “Nap” Arcilla III, mga Catandunganong manunulat na nag-ambag ng kani-kanilang akdang nakatuon sa tubig at kalikasan. Ayon kay Jun Cruz Reyes, napunan ng kanilang panulat ang ilang puwang sa panitikang tubig na matagal nang hinahanap sa mga kontemporaneong akda. Gayunman, higit na dapat tingnan ang kanilang mga ambag bilang pagpapatuloy at pagpapatingkad sa umiiral na tradisyon ng panitikang tubig mula sa iba’t ibang rehiyon ng bansa. Sa kabila ng malawak na lawas ng oral at rehiyonal na panitikang may kaugnayan sa tubig, nananatiling kulang ang nakatalang akda at lalo pang kakaunti ang kritikal na pananaliksik na sistematikong sumusuri dito (Mangahas at Roldan; Manzano, “Ontolohiya”).

Gamit ang lente ng ekokritisismo, susuriin ng pag-aaral na ito ang mga maikling kuwento ni Emman Barrameda at ni Nap Arcilla upang ipakita kung paanong gumagalaw ang tubig bilang materyal na puwersa at simbolikong lunan: nakapagpapakilos ng banghay, nakaaapekto sa katawan at ugnayan ng mga tauhan, at nagsisilbing salamin ng mga realidad pangkapaligiran. Pinili ang ekokritisismo sapagkat ito ang dulong na nakatuon sa ugnayan ng tao at kalikasan, na isang ugnayang nakaugat sa mismong likas na kalagayan ng Pilipinas bilang arkipelago. Bagaman nagmula sa Kanluran ang karamihan sa mga teorisasyong ekokritikal tulad ng kay Rob Nixon hinggil sa slow violence at kay Stacy Alaimo hinggil sa transcorporeality, mahalaga ang kanilang pagbasa dahil inilalantad nito ang mabagal at di-agarang pinsalang dulot ng polusyon, reklamasyon, at pagkaubos ng yamang-dagat na direktang nararanasan ng mga pamayanang baybayin sa bansa. Kaugnay nito, idiniriin nina Huggan at Tiffin na maaaring gamiting sandata laban sa mga kolonyal at makadayuhang ideolohiya ng kalikasan ang postkolonyal na ekokritisismo, na isang lenteng akmang-akma sa Pilipinas kung saan nangingibabaw ang mga dayuhang interes sa karagatan at yamang-tubig.

Sa lokal na konteksto, ipinakita nina Mangahas at Roldan na naitulak sa mga laylayan ng agham panlipunan at humanidades ang maritimong antropolohiya dahil sa dominasyon ng mga pananaw na nakasentro sa lupa, kaya’t higit na nangangailangan ng pagbabalik-tanaw at pagbabalik-diin sa dagat bilang sentrong bahagi ng ating imahinasyon. Gayundin, ipinapakita ng antolohiya ni Chua na posible at makabuluhan ang paggamit ng ekokritikal na lente sa Pilipinas, sapagkat binibigyang-tinig nito ang mga makata at manunulat na nagtatampok sa dagat, bagyo, at iba pang anyong-tubig bilang bahagi ng ating kultura at kasaysayan. Samakatuwid, ang paggamit ng ekokritisismo sa pananaliksik na ito

ay hindi simpleng pag-angkat mula Kanluran, kundi isang pagbabagong-lapat na isinasaalang-alang ang partikular na konteksto ng bansa bilang arkipelago kung saan tubig ang pangunahing espasyo ng kabuhayan, paniniwala, at panitikan. Sa ganitong pagbasa, nagiging malinaw na ang pagsusuri sa tubig ay pagsusuri din sa lipunan at kalagayan ng mga Pilipino, na isang mahalagang hakbang upang palawakin ang diskurso sa panitikang tubig at sa panitikang rehiyonal.

Balangkas Teoretikal

Sinandigan ng pananaliksik na ito ang ekokritisismo bilang pangunahing lente upang mailarawan at masiyasat ang ugnayan ng teksto at kapaligiran, partikular ang tubig bilang materyal na puwersa at diskursibong anyo sa panitikan sa mga piling maikling kuwento ni Emman Barrameda at ni Nap Arcilla. Sa orihinal na artikulo ni Rueckert, ipinakilala ang ekokritisismo bilang isang paraan ng pagbasa na tumuturing sa panitikan bilang bahagi ng mas malawak na ugnayan ng buhay at ekolohiya. Pinalawak nina Glotfelty at Fromm sa *The Ecocriticism Reader* ang saklaw ng lapit na ito, at nagbigay-diin na hindi dapat manatiling dekorasyon lamang ng akda ang kalikasan, kundi dapat itong kilalanin bilang aktibong ahente ng kahulugan. Idinagdag pa ni Buell sa *The Environmental Imagination* ang idea ng *environmental referentiality*, na nagmumungkahi na ang kapaligiran—tulad ng tubig—ay may tuwirang impluwensiya sa anyo, banghay, at tunggalian sa loob ng teksto.

Mula sa ganitong batayan, itinatampok sa pag-aaral na ito ang tubig bilang espesipikong dimensiyon ng ekokritisismo. Ginagamit ang balangkas ni Murphy hinggil sa tatlong antas ng paglitaw ng tubig sa panitikan: (1) literal/materyal, gaya ng ulan, baha, ilog, at dagat na kumikilos sa banghay; (2) simboliko-retorikal, gaya ng tubig bilang paglilinis, panganib, o paglalakbay; at (3) naratibong puwersa, kung saan ang tubig ay aktibong humuhubog sa desisyon ng tauhan at daloy ng kuwento.

Ang mga kontemporaneong pag-aaral hinggil sa tubig sa panitikan ay nagsisilbing mas tiyak na giya sa pananaliksik na ito. Sa pagsusuri ni Manzano sa dagat bilang ontolohiya, materyalidad, metapora, at transgresyon, naipapakita na ang tubig ay maaaring sabay-sabay na bagay, karanasan, simbolo, at hangganang tinatawid. Nagbubukas ang ganitong pagtingin ng posibilidad na makita ang tubig bilang higit pa sa metapora, at bilang isang puwersang may sariling bigat sa naratibo. Samantala, naglatag si Quintos ng pagbasa sa “babae-sa-tubig” bilang

troping nakaangkla sa kasaysayan at kultura, na nagpapakita sa kung paanong ang tubig ay nagiging lunan ng gender coding, panganib, at kapangyarihan (“Babaye ug Suba”). Magbibigay-daan ang ganitong pananaw upang mabasa ang tubig hindi lamang bilang natural na elemento kundi bilang imaheng may nakaugat na kahulugan sa kulturang Pilipino.

Idinagdag din ni Sy ang lente ng hydroaesthetics na nakatuon sa pampang at dagat bilang espasyong politikal: Ang tubig ay hindi lamang natural na daluyan kundi ritmo at kondisyon ng pakikibaka ng mga mangingisda. Gayundin, ipinakita ni Ray na ang krisis sa klima at tubig ay lumilikha ng mga pagbabago sa estetika at diskurso, na nagpapakita kung paanong may tuwirang epekto ang karanasan ng tubig sa anyo ng sining at panitikan.

Batay sa balangkas na ito, ang pagsusuri sa panitikang tubig ay nakatuon sa pagsipat sa tubig bilang parehong sangkap pampanitikan at puwersang panlipunan na humuhubog sa kahulugan ng akda. Upang maisakatuparan ito, itinatakda ang ilang hakbang ng pagsusuri na nakaugat sa tatlong pangunahing dimensiyon: (a) *imahen*, o ang literal at pandamang presensiya ng tubig sa teksto—ilog, dagat, ulan, baha—na lumilikha ng kongkretong larawan, atmospera, at ritmo ng salaysay; (b) *tropo*, o ang paggamit sa tubig bilang simbolo at retorikal na hulmang kumakatawan sa pagbabago, panganib, kalinisan, pagkawala, at iba pang pananaw na hinuhubog ng manunulat; at (c) *motibo*, o ang mga umuulit na hulma o pattern ng tubig na nakikita sa banghay at sa pagdaloy ng naratibo.

Mula sa tatlong dimensiyong ito, maisasagawa ang mas sistematikong pagsusuri sa pamamagitan ng apat na hakbang. Una, ang pagkilala sa literal o materyal na presensiya ng tubig sa teksto: kung paano inilalarawan ang ilog, dagat, ulan, o baha, at paanong nagiging mahalagang bahagi ng tagpuan at atmospera ang mga ito. Ikalawa, ang pagsusuri sa simbolismo o metapora ng tubig: kung paano ginamit ng manunulat ang tubig upang kumatawan sa mga puwersang gaya ng pagbabago, panganib, kalinisan, o pagkawala, at kung paano ito nagiging susi sa paglikha ng pananaw at kahulugan. Ikatlo, ang pagtukoy sa interaksyon ng mga tauhan at tubig upang makita kung paanong direktang naaapektuhan ng tubig ang kilos, kapalaran, at relasyon ng mga tauhan: kung paanong nagiging dahilan ito ng kanilang pag-iral, tunggalian, at pagbabago. Ikaapat, ang pagsusuri sa ugnayang panlipunan at pampolitika na kaakibat ng tubig: kung paano ipinapakita ng naratibo ang tensiyon sa pagitan ng tao, institusyon, at kalikasan; kung sino ang may kontrol sa tubig at sino ang higit na naaapektuhan ng kakulangan o kalabisan nito; at kung paano ito sumasalamin sa mga kongkretong kalagayan ng

pamumuhay sa isla, kabuhayan sa pangingisda, at dalas ng bagyo sa rehiyong Bikol at Catanduanes.

Sa pamamagitan ng kombinasyon ng ekokritisismo at dulong teksto-konteksto (Torres-Yu), nagtataglay ang pagsusuri ng pagtinging nagbabalanse sa masinsinang pagbasa sa anyo at wika ng teksto sa isang banda, at sa pag-uugnay naman nito sa materyal na realidad ng pamayanan sa kabila. Sa ganitong pagbubuo, ang balangkas teoretikal ay nagsisilbing gabay upang mailarawan ang tatlong dimensiyon—imahen, tropo, at motibo—bilang lente ng pagsusuring nagbubukas ng pag-unawa sa tubig hindi lamang bilang sangkap pampanitikan kundi bilang materyal at diskursibong puwersa. Lumalampas ito sa papel ng pagiging tagpuan at nagiging aktibong kalahok sa paghubog ng kahulugan, sa paglantad ng tunggalian, at sa pagbukas ng diskurso hinggil sa ekolohiya, karapatan, identidad, at katatagan ng pamayanan sa mga piling maikling kuwento ni Arcilla at ni Barrameda.

Ang Agos ng Tubig sa Kultura at Panitikang Pilipino

Sa kulturang Pilipino, hindi lamang likas na yaman ang tubig kundi pundasyon ng kabuhayan, ritwal, at imahinasyon. Tulad ng idiniin ni William Henry Scott, “communities were connected, not separated, by water” (5). Naging ugat ito ng kalakalan at ugnayan bago pa man dumating ang mga kolonisador, at nanatiling buhay sa mito, ritwal, at panitikan hanggang sa kasalukuyan. Sa mito ng paglikha, halimbawa, lumitaw ang mga isla mula sa labanan ng diyos ng langit na si Bathala at ng diyosa ng dagat na si Aman Sinaya, na kalauna’y nagbunga ng kaayusan at ng unang tao (Sellmann).

Sa Luzon, ang mga Ifugao ay gumagamit ng tubig bilang sagisag ng kamatayan at muling pagkabuhay sa kanilang kosmolohiya. Sa praktikal na antas, nakaugnay ito sa *puntunaan* at tungkulin ng *tomona* sa pagpapanatili ng irigasyon at panlipunang kaayusan (Acabado at Martin). Sa mga Kankanaey naman, nagpapakita ang ritwal na *legleg* ng kanilang pananaw sa tubig bilang sagradong yaman kung saan kinakailangang pasayahin ang mga diyos upang manatiling dumadaloy (Dictaan-Bang-oa). Sa Katagalugan, ayon kay Riego, malinaw ang pagpapahalaga sa tubig bilang lunas at kalinisan. Inilarawan din ni Pedro Chirino ang mga praktika ng paliligo at paglangoy bilang likas na gawi ng mga Tagalog. Sa Bikol, ginagamit ang tubig bilang midyum ng espiritwal na komunikasyon, gaya sa orasyon sa pagpatinaw at sa paniniwala sa mga diwang nakatira sa ilog at lawa (Realubit).

Sa Visayas, higit pang lumulutang ang halaga ng tubig bilang tagapagdala ng kaayusan at sagisag ng pamumuhay-agraryo. Sa mga Ati ng Panay, ang ritwal na *pang-alap* ay alay upang humingi ng ulan tuwing tagtuyot (Salazar). Sa *sanggi* ng mga Hiligaynon, malinaw ang paniniwala na ang ilog at sapa ay tirahan ng mga espiritung nagbabantay sa ani (Magos). Hindi lamang pisikal na pangangailangan ang tubig kundi bahagi ng ugnayang espiritwal at panlipunan ng mga pamayanang ito. Makikita rin sa mga akdang mula Visayas ang sentralidad ng dagat at ilog. Halimbawa, sa epikong *Hinilawod* ng Panay, ginagamit ang tubig bilang daluyan ng tunggalian at paglalakbay. Sa kontemporaneong panahon, masinsing ginamit ni Gremer Chan Reyes ang dagat sa kaniyang mga kuwentong dagat (Manzano, “Ontolohiya”) bilang puwersang nagtutulak sa banghay.

Sa Mindanao, lumilitaw ang tubig bilang buhay at espiritu mismo. Sa mga Sama at Bagobo, may mga ritwal para parangalan ang kaluluwa ng dagat at bangka—tanda ng pananaw na may sarili itong espiritwal na kakanyahan (Abrera). Sa mga Matigsalug at Manobo, ang *pagdiwata* ay isang ritwal sa gilid-ilog upang mapanatili ang balanse ng kalikasan at kabuhayan (Buenconsejo). Para naman sa mga Subanen, idiniin ni Demetrio na ang tubig ay tirahan ng masasamang espiritu, kaya dapat itong igalang at iwasan. Makikita rin sa kanilang epiko at folklor ang kapangyarihan ng tubig bilang puwersang humuhubog sa pamumuhay.

Sa ganitong pagbasa, malinaw na nakapaloob ang tubig sa mismong kultura ng Pilipinas, mula ritwal at relihiyon hanggang sa pang-araw-araw na praktika at paniniwala. Subalit, higit pa rito, nakikita rin ang tubig bilang masalimuot na espasyo sa panitikan. Binanggit ni Boomgaard na may dalawang mukha ang tubig. Nagbibigay-buhay ito ngunit maaari ding pumatay; bukal ng kasaganaan ngunit daluyan din ng kapahamakan. Para naman kay Rano, nagsisilbing ritwalistikong tagapamagitan ang tubig sa mga mito at alamat; dumadaloy ito sa pagitan ng mortal at banal, sa pagitan ng pagkakasala at paglilinis. Sa pagbasa ni Hastrup, ang agos ng ilog at balon ay hindi lamang pisikal na daloy kundi panlipunang tagapag-ayos, humuhubog sa gawi at pagpapahalaga ng mga pamayanan. Binubuod ni Quintos ang tatlong pangunahing tungkulin ng tubig: (1) nagbubuklod sa watak-watak na kapuluan; (2) nagsisilbing bahagi ng araw-araw na tradisyon at paniniwala; at (3) nagsisilbing balon ng historikal at panitikang pag-unawa (“Babaye ug Suba”).

Sa antas ng panitikang Pilipino, hindi lamang natural na elemento ang tubig kundi isang espasyong pampanitikan. Mula sa impluwensiyang Kanluranin—gaya ng biblical flood na kumakatawan sa sabayang pagkawasak at muling paglikha, at ng mga mitong Greco-Roman kung saan ang dagat ay espasyo ng paglalakbay at pagsubok—naipapakita ang tubig bilang puwersang humuhubog sa kapalaran (Frye). Sa katutubong tradisyon naman ng Pilipinas, makikita ang parehong pananaw. Ang mga epikong gaya ng *Darangen* at *Ibalon* ay nakasandig sa ilog at

dagat bilang espasyong pinagdarausan ng pakikipagsapalaran at pakikipagtagpo sa mga nilalang. Samantalang sa mga ritwal at alamat na tinipon ni Demetrio at ni Realubit, itinuturing ang tubig bilang daluyan ng paglilinis, paghilom, at komunikasyon sa banal.

Mula rito, kongkreto ng makikita ang tatlong tungkuling ito. Una, ang tubig ay aktibong puwersa sa banghay, gaya sa ipinakita ni Manzano sa mga kuwentong dagat ni Gremer Chan Reyes kung saan ang dagat mismo ang nagtutulak sa tunggalian (“Ontolohiya”). Ikalawa, nagsisilbi itong metapora ng alaala at pagkawala, gaya sa mga kontemporaneong maikling kuwento na nakalunan sa dalampasigan na binasa ni Teodoro. Ikatlo, tagapamagitan ito ng ritwal, gaya sa paghilom at paglilinis sa mga salaysay ng Bikol at Katagalugan (Realubit; Riego). Dagdag pa rito, ang malawak na folklor na tinipon ni de los Reyes at ni Demetrio ay naglalarawan sa tubig bilang puwersang dapat igalang; minsan itong bukal ng buhay, at minsan namang pinagmumulan ng kamatayan.

Makikita rito na ang tubig ay pundasyong kultural at pampanitikang imahen na humuhubog sa identidad ng Pilipinas bilang arkipelago. Hindi lamang ito motibong paulit-ulit lumilitaw sa panitikan, kundi arkitektura ng ating pag-iral. Pinagmumulan ito ng kaayusan, ritwal, at panlipunang ugnayan, at patuloy na inuukit ng panitikan bilang salamin ng ating kasaysayan at kabuhayan. Sa ganitong pananaw, nakapundar ang ugnayan ng tubig at panitikan, na isang ugnayang siyang bubuoin at palalawakin sa pagsusuri sa mga akda ni Barrameda at ni Arcilla.

Panitikang Bikol Bilang Isa sa mga Lunan ng Kuwentong Ekolohiya at Katubigan

Isang rehiyon ang Bikol sa timog-silangang bahagi ng Luzon na kilala sa mayamang kasaysayan, kultura, at kalikasan nito. May mahigit limang milyong tagapagsalita ng wikang Bikol na nahahati sa labindalawang diyalekto mula sa apat na pangunahing sangay (Lobel et al.). Ayon kay Realubit, kaugnay ng maunlad na wika ang maunlad na panitikan, na umugat sa mga sinaunang orasyon, mito, at folklor. Sa pagpasok ng kolonyalismo at modernisasyon, nakisabay din ang panitikang Bikol sa pagbabago ng estilo at paksa. Isa sa pinakatinig na lumalakas sa kontemporaneong yugto ay ang usapin ng tubig at kalamidad—isang likas na bunga ng heograpiya ng rehiyon. Bilang rehiyong palaging nasa landas ng bagyo mula Pasipiko, nakaugat sa kamalayang Bikolnon ang unos, ulan, at dagat (Romero). Tulad ng itinatampok ni Santos (“Uran”), nasisinag ito maging sa *Ibalon* at sa mga bugtong, kasabihan, at awit pambata, kung saan malinaw ang pag-iral ng tubig bilang imahen ng panganib at panibagong simula.

Partikular na tampok ang Catanduanes—tinaguriang “Land of the Howling Winds”—na may dalawang katangiang humuhubog sa identidad nito: una, ang pagiging hiwalay na isla sa kabuuang Bikol; at ikalawa, ang pagiging lunan ng mga unang landfall ng bagyo (Sarmiento). Sa ganitong kalagayan, natural na nakatuon ang panitikang mula rito sa kabuhayan at pakikibaka sa tubig. Bagaman marami sa mga publikasyon sa lalawigan ang tumatalakay sa pamilya, pag-ibig, relihiyon, at kultura, kakaunti ang tuwirang sumusuyod sa mismong karanasan ng pamumuhay sa gitna ng dagat at bagyo (Balunsay at Tindugan). Ang puwang na ito ang pinunan ng mga kontemporaneong manunulat na sina Emmanuel “Emman” Barrameda at Napoleon “Nap” Arcilla III.

Si Barrameda ay kinilala sa Gawad Palanca para sa “Nando” (2014) at “Bangkera” (2016), at sa aklat na *Pwera Bisita* (2018) na ginawaran ng National Book Award. Si Arcilla naman ay nagmarka sa “Mga Gunita ng Kalipung-awan” at sa *Maqueda* (2020), na tumanggap ng Madrigal Gonzalez Best First Book Award. Kapansin-pansin sa kanilang mga akda ang sentral na papel ng tubig—ang hampas ng alon, bigat ng ulan, at pananalasa ng bagyo—bilang parehong kongkretong danas at metaporang salamin ng buhay-isla. Ayon sa komento ni Arcilla na nakalimbag sa harapang bahagi ng aklat na *Pwera Bisita*, naipapakita sa mga kuwento ni Barrameda ang “mahika ng mga hampas ng alon,” na nagsisiwalat ng tibay at kahinaan ng mga Catandunganon. Dagdag ni Jarin sa bahaging “Mga Pag-ugsod” ng *Maqueda*, binuksan ni Arcilla ang puwang para muling pakinggan ang mga kuwentong-dagat na matagal nang nasa gilid ng pambansang imahinasyon (iii).

Mahalagang ilapat ang isla bilang categoryang panlunan sa pagbasa sa mga akdang ito. Sa pagtingin ni Zayas, ang mga pamayanang maritimo ay nakikilala sa kislap ng dagat. Ito ang bukal ng kabuhayan at sabayang hangganan ng panganib. Sa Catanduanes, ang dagat ay tahanan at kulungan. Nagbibigay-biyaya ito sa anyo ng huli at daloy ng kalakal at impormasyon, ngunit dala rin nito ang bagsik ng unos at posibilidad ng pagkalayo sa sentro. Dito matatagpuan ang tambisan ng isla at kapatagan/bayan sa loob ng isang bansa: Ang tubig ang literal na tumitindig na impraestruktura ng koneksiyon, ngunit sa lipunang malimit na nakasentro sa lupa at lungsod, naiiwanang mahina sa representasyon at akses ang mga espasyong baybayin.

Sa antas panlipunan at pang-ekonomiya, lumilitaw sa mga naratibo ang kasapatan at kasalatan; sapat ang tubig bilang pinagkukunan ng kabuhayan at identidad, ngunit salat naman ang estruktural na suporta—pamilihan, proteksiyon

sa yamang-dagat, at seguridad sa panahon ng kalamidad. Itinatala ni Turgo sa pag-aaral sa mga mangingisda na ang dagat ay parehong biyaya at pasanin. Bukal ito ng hanapbuhay ngunit lunan din ng kahirapan at panganib kung kulang ang institusyonal na tugon. Kaayon nito, ipinakita nina Mangahas at Roldan na ang produksiyon ng kaalamang maritimo ay madalas naitutulak sa laylayan bilang gray literature: umiiral, ngunit hindi napapantayan ng pagbasa at pagkilalang akademiko. Sa ganitong lente, nababasa ang mga teksto ni Barrameda at ni Arcilla bilang pagsisiwalat sa estrukturang pagkalimot at sabayang pagbawi sa boses ng mga pamayanang baybayin.

Sa antas pangkultura, ang ulan at dagat ay higit sa natural na penomenon. Pook sila ng alaala at ritwal, at wika ng paulit-ulit na pagharap sa unos at pagbangon. Sa ganitong diwa, nakikisangkot ang mga akda sa tinutukoy ni Quintos (“Babaye ug Suba”) na arkipelagikong imahinasyon: ang tubig bilang imaheng nagbubuklod sa watak-watak na kapuluan at balon ng pag-unawa sa nakaraan-ngayon-bukas. Dito rin makabuluhan ang mungkahi ni Manzano sa paglalatatag ng akdang maritimo bilang domain (“Ontolohiya”). Hindi lamang sapat na may dagat sa tagpuan. Bagkos, kailangang kritikal ang dagat sa banghay at sosyopolitikal na tensiyon ng teksto, na isang katangiang makikitang gumagana sa Catanduanes bilang pokus ng kontradiksiyon: laylayan at sentro, panganib at pag-asa, paghihiwalay at pagdurugtong.

Sa antas pampolitika, malinaw ang puwang sa kapangyarihan. Ang mga pasyang may kinalaman sa baybayin—zoning, reklamasyon, pangisdaan, disaster governance—ay madalas nagmumula sa labas ng isla, samantalang ang agarang epekto ay sumasapol sa mga katawan at kabuhayan ng mga naninirahan sa tabing-dagat. Sa pagdikit sa mga pag-aaral nina Zayas, Guieb III (sa kaalaman/kinagawian ng mangingisda), at Mangahas (sa etnograpiya ng mga baybaying pamayanan), masusukat kung paanong ang mga naratibo ng Catanduanes ay hindi lamang katutubong kulay o local color, kundi kritikal na pagsipat sa pamamahala at pag-aari ng likas-yaman.

Mula rito, ang panitikang Bikol—lalo na ang mula sa Catanduanes—ay nagtatanghal ng kuwentong ekolohiya at katubigan kung saan ang tubig ay hindi lamang tagpuan ng mga tauhan, kundi puwersang humuhubog sa kabuhayan, kultura, kapangyarihan, at identidad. Sa pamamagitan ng mga akda ni Barrameda at ni Arcilla, lumilitaw ang isla bilang tropo at realidad: pinagdurugtong at

pinaghihiwalay ng tubig, at lunan ng panganib at batis ng pag-asa. Sa gayon, hindi lamang ito lokal na salaysay kundi bahagi ng pambansang arkitektura ng panitikang tubig, at isang mahalagang ambag sa patuloy na pagbubuo ng imahinasyong pangkultura ng Pilipinas bilang arkipelago.

Ekokritisismo at Panitikang Tubig: Ugnayang Panitikan at Kalikasan

Sa larangan ng panunuring pampanitikan, ang ekokritisismo ay isang teoretikal na lenteng sumusuri sa relasyon ng panitikan at kalikasan. Layunin nitong tuklasin kung paano inilalarawan ng mga akda ang mundo ng kalikasan at kung paano rin itinuturing ang tao sa ugnayang iyon. Sa simula pa lamang, ipinakilala ni Glotfelty ang ekokritisismo bilang “pagsusuri ng relasyon ng panitikan at kalikasan sa lahat ng anyo ng kultural na produksiyon.” Sa mas makabagong diskurso, idiniin ni Garrard at ni Classen na ang tubig bilang elemento ay may espesyal na kapasidad bilang simbolo at materyal na puwersa sa panitikan, mula literal na lawas ng tubig hanggang daluyan ng kapangyarihan, buhay, at pagbabago.

Sa pandaigdigang diskurso, marami ang nagsasabing ang tubig, o elemento ng tubig, ay may espesyal na lugar sa ekokritika. Tulad ng sinabi ni Kalieva sa “Representation of the Concept ‘Water’ in Literature (Eco-Feminist Perspective),” madalas na ginagamit ang tubig para ipakita ang kakayahan ng isang pamayanan na umasenso o mabigo—fertilidad, sustenance, resilience—lalo na sa mga komunidad na nakadepende sa tubig. Kumakatawan ito sa parehong kasaganaan at panganib, at madalas na ginagamit upang tukuyin ang lakas at kahinaan ng lipunan.

Sa lokal na antas, ipinakita naman ni Maleon na ang ekokritikal na pagbasa ay maaari ding ilapat sa kontemporaneong akdang Pilipino, gaya ng speculative fiction, kung saan malinaw ang papel ng kapaligiran bilang kasangkapan sa paglalahad ng identidad at kultural na karanasan. Pinapatunayan ng ganitong mga halimbawa na ang tubig ay hindi lamang pisikal na realidad kundi isang aktibong sangkap sa paghubog ng diskurso at karanasan ng tao sa panitikan.

Bagama’t may pag-unlad na sa larangan ng kritika sa Pilipinas, hindi pa rin pantay ang aplikasyon ng ekokritikal na pananaw, lalo na kung ang mismong tubig ang sentro ng pagbasa (Santos, “Uran”). Totoo na maraming pag-aaral sa panitikang Pilipino ang nananatiling nakatuon sa isyung panlipunan gaya ng kahirapan, identidad, at politika, kaya’t ang ugnayan ng tao at kalikasan—

partikular ang tubig—ay madalas na naiiwan bilang metapora imbes na pangunahing pokus (Yapan; Nibalvos, “Maka-Pilipinong”). Gayunman, may mahahalagang hakbang na nagbukas ng pinto sa ekokritisismong Filipino nitong nakaraang dekada. Inilathala ang *Sustaining the Archipelago: An Anthology of Philippine Ecopoetry*, na itinangi bilang unang malaking antolohiya ng ecopoetry sa bansa at naglatag ng mas sistematikong pagtingin sa teksto–kalikasan (Chua, “Philippine Ecopoetry and Climate Change”). Lumitaw din ang serye ng artikulo sa *Kritika Kultura* (hal. Chua, “Dismantling Disaster, Death, and Survival”) na sumusuri sa anyo at krisis sa ekolohiya sa kontemporaneong tula, at kamakailan ay mga usaping Blue Humanities sa Timog-silangang Asya (Alegre).

Sa ibang larangan, kapaki-pakinabang ang malalaking serye ng etnograpikong pananaliksik na nakatuon sa tubig. Ang seryeng *Visayas Maritime Anthropological Studies* (VMAS) na inedit ni Zayas ay matagal nang nagtatala ng buhay-dagat, paniniwala, at subsistence practices sa mga isla ng Visayas—patunay na may lawas ng datos at naratibo sa dagat, bagaman nananatili sa laylayan ng kanon ng humanidades at panitikan. Kaugnay nito, ipinakita ni Turgo na ang dagat ay sabayang biyaya at pasanin; bukal ng kabuhayan ngunit pinagmumulan din ng panganib at kawalang-katiyakan sa polisiya at merkado, isang pananaw na kaagapay ng pagbasa sa panitikang tubig bilang ambivalent na karanasan. Samantala, sa teoretikal na antas, tinukoy ni Alegre ang Blue Humanities bilang bagong lente sa Pasipiko upang iposisyon ang dagat bilang kultural at tekstuwal na espasyo, hindi lamang pisikal na tagpuan.

Sa ganitong balangkas, kapaki-pakinabang ang obserbasyon ni Santos (“Risoma”) at ni Teodoro: Sa maraming akda, nananatiling tagpuan ang tubig, at bibihira pa rin ang paglalapat na ginagawang aktibong puwersa ng banghay at pag-iral. Ibig sabihin, umuusad ang larangan (may mga antolohiya, artikulo, at espesyal na isyu na nagtutulay ng teksto at ekolohiya) ngunit nananatili ang pangangailangan ng masinsing pagbasa sa mismong panitikang tubig—mga kuwentong ang ilog, dagat, ulan, at unos ang gumagalaw sa salaysay—upang lubusang maisentro ang tubig sa kritika, lalo na sa panitikang rehiyonal.

Sa ganitong kadahilanan, may mahalagang papel ang ekokritikal na pagsuri sa panitikang tubig. Hindi lamang nito pinatitingkad ang paraan ng paglalarawan ng tubig sa teksto, kundi sinusuri din kung paano ito nagiging puwersang nakaaapekto sa tao, lipunan, at kapaligiran. Ang tubig, kung gayon, ay hindi dapat ituring na simpleng tagpuan, kundi isang aktibong salik ng naratibo—isang puwersang nagdudulot ng tensiyon, hamon, pagbabago, at repleksiyon sa

mga tauhan. Sa rehiyong Bikol, halimbawa, ang ulan, bagyo, at dagat ay hindi lamang lunan ng kuwento; sila mismo ang tumutulak ng banghay at humuhubog ng kamalayan (Sarmiento). Sa Catanduanes, ang tubig ay pumapasok sa karanasan ng mga tauhan bilang puwersang lumilikha at sumisira, nagtatakda ng trahedya ngunit nagbubukas din ng daan tungo sa katatagan. Ito ang makikitang malinaw sa mga akdang pampanitikan ni Emman Barrameda at ni Nap Arcilla, na gumagamit ng tubig hindi lamang bilang tagpuan kundi bilang pangunahing sangkap sa pagkatha ng danas ng mga Catandunganon.

Sa paglalapat ng ekokritisismo sa panitikang tubig, maaaring gamiting gabay ang tatlong dimensiyon—imahen, tropo, at motibo—kasabay ng ilang hakbang tulad ng pagtukoy sa literal na presensiya ng tubig, pagbasa sa mga simbolismo o metapora, pagsuri sa ugnayan ng mga tauhan at tubig, at pag-unawa sa mas malawak na ugnayang panlipunan at pampolitika na inilalarawan nito. Sa pamamagitan ng ganitong balangkas, naipapakita kung paano maaaring masipat ang tubig bilang puwersang materyal at diskursibo na nakaugnay sa teksto at sa konteksto ng lipunan at kalikasan. Hindi lamang nito pinatitingkad ang papel ng tubig bilang motibo o simbolo, kundi ipinapakita rin ang mas malawak na ugnayan ng tao, kalikasan, at lipunan. Sa ganitong direksiyon, ang panitikan ay naipapakita bilang dokumento ng ekolohiya at kasaysayan, at kasabay nito ay naitatanghal ang kalikasan bilang aktibong bahagi ng kulturang Pilipino. Sa gayon, higit na nabibigyang-diin ang kahalagahan ng panitikang tubig hindi lamang bilang teksto kundi bilang bahagi ng mas malawak na kamalayang kultural at panlipunang nakaugat sa kalikasan.

Tubig Bilang Puwersa ng Pagkawasak at Pagbabago

Sa pagsisimula ng kuwentong “Domingo” ni Emman Barrameda, inilalatag agad ang dalawang anyo ng unos—ang panlabas na bagyong babagsak sa isla at ang panloob na bagyong bumabagabag sa isang indibidwal na nagnanais kumawala mula sa kaniyang kinagisnang mundo. Sa ilalim ng lente ng ekokritisismo, lumitaw ang tubig hindi lamang bilang natural na elemento kundi bilang isang masalimuot na puwersang humuhubog sa karanasan at kamalayan. Ipinapakita nito ang hindi mapipigilang kapangyarihan ng kalikasan—isang siklong nagpapalaya at sumasalanta, lumilikha at gumugunaw.

Batay sa imahen, makikita ang kongkretong presensiya ng tubig sa pamamagitan ng ilog, bagyo, at dagat na bumabalot sa naratibo. Hindi lamang

dekorasyon ang mga ito kundi lumilikha ng atmospera ng pangamba at kawalang-katiyakan. Ang imahen ng bagyo ay hindi lamang pisikal na detalye ng panahon kundi tanda ng paparating na krisis—isang realidad na hindi mapipigilan nino man.

Sa antas ng tropo, malinaw ang paggamit ng tubig bilang sagisag ng pagwasak at paglipat. Ang rumaragasang ilog na gumupo sa kanilang tahanan ay nagiging retorikal na larawan ng pagkawala. Dito, ang tubig ay tropo ng pagkawasak—puwersang pumupunit hindi lamang sa pisikal na estruktura kundi sa mismong pundasyon ng alaala at pagkakakilanlan. Ayon kay Lawrence Buell, ang kapaligiran ay may environmental referentiality—direktang impluwensiya sa anyo at tunggalian sa teksto—na makikitang malinaw sa pagwasak ng bahay bilang simbolo ng pagputol sa nakaraan.

Samantala, ang motibo ng tubig bilang paulit-ulit na puwersang lumilitaw sa naratibo ay pinakamatingkad sa paglitaw ng gintong barko. Ang barko ay hindi lamang pampanitikang simbolo ng paglipat; ito’y nakaugat sa lokal na imahinasyon ng mga bayang madalas salantahin ng bagyo. Sa konteksto ng Catanduanes at Bikol, kung saan ang bagyo ay taunang bisita, lumilitaw ang mga alamat at salaysay bilang mekanismo ng pagharap sa kolektibong trauma. Tulad ng tinukoy ni Turgo, ang dagat ay sabayang biyaya at pasanin—isang puwersang nagbibigay-buhay ngunit nagdadala rin ng pagkawasak. Sa ganitong lente, ang gintong barko ay maaaring basahin bilang imahen ng espiritwal na paglisan, isang folkloric na paliwanag sa pagkawala ng mga mahal sa buhay tuwing delubyo. Nagiging alternatibong naratibo ito ng komunidad; sa halip na tuluyang lamunin ng unos ang tao, iniisip silang tinatawid patungo sa isang mas ligtas na lunan. Hindi lamang ito kathang-alamat na ipinapaliwanag ng matatanda sa mga bata, kundi nagsisilbing pampamayanang paraan ng pagharap sa trauma. Tuwing may bagyong nagdudulot ng pagkawala ng mga mahal sa buhay, ang ganitong naratibo ay nagiging sikolohikal at kultural na pagtakas. Sa halip na tanggapin na tuluyang nilamon ng unos ang kanilang kaanak, iniisip na sila ay “itinawid” sa mas ligtas na pampang. Sa ganitong paraan, nakalilikha ang komunidad ng alternatibong paliwanag na nagbibigay ng ginhawa at dignidad sa pagkawala.

Hindi rin ipininta ang tubig sa akda bilang romantisadong puwersang nagbibigay-buhay, kundi bilang isang realidad na hindi maaaring tanggihan. Ang dagat, ilog, at bagyo ay nagpapatunay na ang kalikasan ay hindi maipasasailalim sa kagustuhan ng tao; may sarili itong batas at galaw. Ang ugnayan ng panitikan at tubig sa kuwentong ito ay nagbubunyag ng hilaw, marahas, at di-mapipigilang

interaksiyon ng tao at kalikasan. Sa huli, walang ibang pagpipilian ang mga tauhan kundi ang tanggapin ang agos, sapagkat ang tubig ay magpapatuloy sa pagdaloy, magpapatuloy sa pagwasak, at magpapatuloy sa pagbuo ng panibagong mundo sa gitna ng pagguho.

Tubig Bilang Daluyan ng Kalayaan at Hangganan

Sa panitikang tubig, ang dagat ay madalas na itinatanghal bilang isang lunan ng paglalakbay, isang espasyong nag-aalok ng pansamantalang kalayaan. Sa “Bangkera” ni Emman Barrameda, ang tubig ay hindi lamang pisikal na espasyo kundi isang metaporikal na puwersang humuhubog sa buhay ng mga tauhan; daluyan ito ng pagtakas at paglaya, ngunit kasabay nito, isa rin itong hadlang na hindi maaaring tawirin nang walang kabayaran. Sa ekokritikal na pagbasa, lumilitaw ang tubig bilang isang paradoks: ito’y laging bukas ngunit hindi palaging abot; isang espasyo ng posibilidad ngunit may malinaw na limitasyon ang pangakong ibinibigay nito (Garrard).

Batay sa imahen, ang dagat ay nagiging kongkretoong presensiya ng paghahanap sa sarili. Ang pangunahing tauhan—isang bangkera—ay hindi umaayon sa nakagisnang papel ng kababailhan sa pamayanang nakasandig sa dagat. Dito, makikitang ang bangka ay hindi lamang tanda ng identidad kundi isa ring materyal at ekonomikong sagisag. Karaniwang ginagamit ang bangka bilang kasangkapan ng produksiyon: panghuli ng isda para sa kabuhayan ng pamilya at komunidad. Subalit sa akda, ang bangka ay nagiging sasakyan ng personal na paglalakbay. Sa ganitong pagbabago ng gamit, naililihis ang bangka mula sa kolektibong ekonomiya tungo sa indibidwal na ugnayan. Tulad ng inilarawan ni Eder, ang mga pamayanang baybayin sa Pilipinas ay may malinaw na hati batay sa uri, kasarian, at akses sa yaman. Ang pagbago sa gamit ng bangka ng “Bangkera” ay isang tahasang pagbaluktot sa nakaugat na pamantayan ng paggawa at kabuhayan, kaya’t ang kanyang “destinasyon” ay hindi lamang abstraktong paghahanap sa sarili kundi pagbalikwas din sa nakapirming ugnayang panlipunan at pang-ekonomiya.

Sa antas ng tropo, lumilitaw ang tubig bilang simbolo ng fertilidad. Ang Buto ni Kuracog—isang batong nasa gitna ng dagat—ay pinaniniwalaang may kapangyarihang magpabunga ng sinapupunan. Sa ekokritikal na pagbasa, may matagal nang ugnayan ang tubig at fertilidad: ito ang nagdidilig sa lupa, nagpapasigla sa pananim, at nagsisilbing tahanan ng yamang-dagat. Tulad ng

ipinaliwanag ni Carolyn Merchant, sa kasaysayan ng kaisipan, madalas iniuugnay ang likido at tubig sa mga daloy ng buhay at muling paglikha. Gayundin, binigyang-diin ni Vandana Shiva na sa mga lipunang agraryo at baybayin, ang tubig ay nakaugnay hindi lamang sa kaligtasan ng sambahayan kundi sa kababaihan bilang tagapagdala ng buhay.

Sa ganitong pananaw, makabuluhang balikan ang pagbasa ni Kalieva mula sa ekofeminismo. Iniuugnay niya ang tubig sa kababaihan bilang parehong mapagkalinga at marupok, bukal ng sustansiya ngunit maaaring maging daluyan din ng kawalan. Ang tubig, tulad ng babae sa patriyarkal na lipunan, ay kadalasang pinagsasamantalahan bilang likas-yaman, ngunit nananatiling tagapagdala ng posibilidad ng muling paglikha. Dito nagiging matingkad ang ironiya ng “Bangkera”: kahit pa ulit-ulit ang ritwal ng pagbabasag ng itlog sa Buto ni Kuracog, nananatiling ilusyon ang fertilidad. Hindi nagbunga ang pag-aalay, at sa halip, inihahayag na ang tubig ay hindi palaging kongkretong puwersa ng pagbabago. Sa halip, ito’y nagsisilbing salamin ng kawalang-katiyakan, isang kondisyong kaakibat ng parehong likas na daloy at panlipunang estruktura na humuhubog sa kapalaran ng babae at ng pamayanan.

Sa dimensiyon ng motibo, ang tubig ay paulit-ulit na mensahero ng pagtakas at pagbabalik. Sa bawat pamamangka, may pagkakataong lumitaw ang kalayaan at pagkilala sa sarili. Ngunit gayon din, sa di-maiiwasan, bumabalik ang tauhan sa pampang; ang dagat ay naging pansamantalang espasyo, hindi panghabambuhay na tahanan. Ang pagbalik ay bahagi ng karanasan ng mga pamayanan sa baybayin, kung saan ang tubig ay kapwa biyaya at pasanin. Tulad ng ipinapakita sa pag-aaral nina Asong et al., maraming pamilya sa baybayin ang humahanap ng alternatibong kabuhayan upang tugunan ang kahinaan ng pangangisda bilang tanging pinagkakakitaan. Ang dagat, kung gayon, ay parehong lunan ng kabuhayan at kawalang-katiyakan.

Sa dulo, malinaw na ang tubig sa “Bangkera” ay hindi ganap na nagbibigay ng kalayaan kundi nagsisilbing espasyo ng transisyon. Ang mga linya sa akda ay sumasalamin sa tauhang nagnanais ipahayag ang kaniyang tunay na katauhan, kabilang ang kanyang seksuwalidad o kasarian. Subalit, napipigilan siya ng lipunang ginagalawan, isang lipunang nakatali pa rin sa mahigpit na pamantayan ng kasarian at papel ng babae/bata sa pamilya at komunidad.

Malinaw ang implikasyong panlipunan nito: May mga indibidwal na, tulad ng tauhan, nananatiling “nakabalot” o nakatali dahil hindi sila tanggap ng nakararami kapag lumampas sa inaasahang anyo ng kasarian. Politikang din ito

sapagkat ipinapakita ang kawalan ng sapat na espasyo para kilalanin at mamuhay sa sariling identidad. Nakaangkla pa rin ang pagkatao sa kaayusang patriyarkal kahit sa baybaying komunidad. Sa ganitong pagbasa, ang tubig ay nagiging larawan ng posibilidad ngunit may hangganan. Isa itong puwersang nagbibigaydaan sa pag-asa ngunit hindi pa rin tuluyang nakapagpapalaya laban sa umiiral na estrukturang panlipunan.

Tubig Bilang Espasyo ng Pag-aalala at Kawalan

Isa ring katangian ng dagat sa panitikang tubig bukod sa pagiging lunan nito ay pagiging daluyan ng alaala, isang saksi sa pagkawala, at isang espasyo kung saan ang mga hindi maipaliwanag ay nabibigyang-porma. Sa “Mga Ilaw sa Dagat” ni Emman Barrameda, inilalarawan ang tubig bilang pagitan ng buhay at kamatayan, ng pag-iral at paglaho. Sa pamamagitan ng ganitong representasyon, ipinapakita ng akda na ang kalikasan ay hindi lamang background ng naratibo kundi aktibong puwersang nakikilahok sa karanasan ng mga tao, lalo na sa usapin ng pagkawala at pangungulila.

Batay sa imahen, ang dagat ay tumatayong imbakan ng alaala at kasaysayan. Sa kuwento, ang mga tanong ng mga bata tungkol sa kanilang pinagmulan ay tinutugunan ng matanda sa pamamagitan ng imahen ng mga ilaw na nakikita sa dagat. Ang ganitong paglalarawan ay nagpapakita na ang tubig ay hindi lamang espasyo ng pisikal na karanasan kundi isang taguan ng mga memoryang hindi tuluyang nawawala. Kaayon nito, binanggit ni Buell na ang kalikasan ay may environmental referentiality, o kakayahang magsilbing tagapagpaalala ng mga karanasan at alaala na lampas sa nakikitang anyo. Sa ganitong pagbasa, ang dagat ay naging kolektibong tagapagdala ng kasaysayan at alaala.

Sa antas ng tropo, malinaw na ang paulit-ulit na paglitaw ng mga ilaw sa dagat ay sumasagisag sa mga nawala—mga umalis, nilamon ng tubig, o hindi na nakabalik. Hindi ito direktang pamamaalam kundi isang alternatibong naratibo ng pagpapatuloy. Sa halip na ituring na lubusang pagkawala, nagsisilbing tanda ang ilaw na ang mga nawala ay nananatili sa ibang anyo. Ang ganitong pagbasa ay maaaring iugnay sa paliwanag ni Paredes hinggil sa papel ng katubigan sa mga pamayanang Lumad. Sa kaniyang pag-aaral, ipinakita niya na ang mga ilog at dagat ay hindi lamang pisikal na daluyan ng kabuhayan kundi itinuturing ding lunan ng

alaala at karanasan—mga espasyong pinag-uugatan ng mga ritwal, paniniwala, at kuwentong-bayang tumutulong sa mga tao na harapin ang pagkawala at kawalan ng katiyakan. Sa ganitong pananaw, ang tubig ay nagiging bahagi ng kultural na imahinasyon na humuhubog sa kolektibong kamalayan.

Makikita rin ang dimensiyon ng motibo sa paulit-ulit na ugnayan ng mga tauhan sa dagat bilang lunan ng paglisan. Sa isang tagpo, ipinakita ang pagkawala ng bangkang sinasakyan ni Sol. Ang dagat dito ay espasyo ring may kapangyarihang magtakda ng kapalaran. Ayon kay Eder, ang pamumuhay sa baybayin ay nakaugat sa kawalang-katiyakan ng dagat, kung saan ang panganib at pagkawala ay itinuturing na bahagi ng siklo ng buhay sa mga pangingisdang pamayanan. Ang motibo ng bangkang hindi nakabalik ay malinaw na nagpapakita ng tensiyon sa pagitan ng pag-asa at panganib na dulot ng dagat.

Sa huling bahagi ng kuwento, higit pang lumilina ang papel ng tubig bilang espasyo ng pag-aalala sa paglitaw ng Santelmo—isang nagliliyab na liwanag na sumanib sa mga ilaw sa dagat. Nagpapakita ang eksenang ito na ang pagkawala ay transisyon patungo sa ibang anyo. Ang paglitaw ng Santelmo, bagaman isang elementong folklor, ay nagsisilbing kongkretong halimbawa ng kung paano nagiging daluyan ng paniniwala at alaala ang tubig. Sa pamamagitan ng mga kuwentong-bayang nakaugat sa dagat—tulad ng mga apoy na nakikitang lumulutang sa tubig tuwing gabi—nagkakaroon ng alternatibong paraan ang mga tao upang unawain at tanggapin ang pagkawala. Sa ganitong pagbasa, ang dagat ay hindi lamang lunan ng panganib kundi espasyo ng kultural na imahinasyon kung saan nananatiling buhay ang mga alaala sa pamamagitan ng paniniwala. Kaayon nito, binibigyang-diin ni Paredes na ang mga katubigan sa Mindanao ay nakikita bilang puwang ng gunita, mga lugar na nag-iingat ng mga kasaysayan at karanasang hindi maipaliwanag ng lohika, kundi ng tradisyon at paniniwalang nakaugat sa kultura.

Sa kabuuan, makikita na ang tubig sa “Mga Ilaw sa Dagat” ay kumakatawan sa isang espasyo ng di-tiyak at kawalan, ngunit kasabay nito ay nagsisilbing daluyan ng alaala at pag-asa. Tulad ng binanggit nina Kalieva et al., ang tubig ay maaaring basahin bilang metapora ng katatagan, isang proseso ng patuloy na pag-iral at pagbuo ng sarili sa kabila ng pagkawala. Kaya sa kuwento ni Barrameda, ang dagat ay isang puwang kung saan patuloy na umiiral ang alaala at nagkakaroon ng bagong kahulugan.

Tubig Bilang Puwersa ng Pagsubok at Pananakop

Sa “Manabang” ni Nap Arcilla, hindi lamang lumilitaw ang dagat bilang tagpuan ng salaysay kundi bilang aktibong entidad na sabay na nagbibigay-buhay at nananakit. Sa lente ng ekokritisismo, ang tubig ay kumakatawan sa puwersang nagbibigay ng kabuhayan at pangarap, ngunit kasabay nito ay espasyong pinagmumulan ng panganib, kawalan, at pananamantala. Tulad ng binanggit ni Manzano sa kaniyang pagbasa sa dagat bilang ontolohiya at materyalidad, ang tubig ay puwersang nararanasan at nakapagpapakilos sa katawan at kapaligiran ng tao (“Ontolohiya”).

Mula sa simula, malinaw ang imahen ng dagat bilang inaasahang biyaya ngunit hindi kailanman tiyak na pag-aari. Ang buhay sa isang bayang nakadepende sa pangangisda ay hindi kuwento ng kasaganaan kundi ng araw-araw na pakikibaka. Ang ganitong kongkretong paglalarawan ay nagpapakita ng kawalang-katiyakan ng dagat bilang pinagkukunan ng pagkain at yaman. Kaayon ng obserbasyon ni Eder, ang kabuhayan sa baybayin ay nakaugat sa kawalang-katiyakan ng dagat, kung saan ang kasaganaan at kakulangan ay kapwa bahagi ng siklo ng pamumuhay. Ito ay hindi kathang-isip lamang. Ipinakita ng *Visayas Maritime Anthropological Studies* na ang pang-araw-araw na buhay ng mga mangangisda ay nakapaloob sa ganitong ritwal ng panganib at kakulangan, kung saan ang bawat huli ay sinusukat hindi lang sa bigat ng isda kundi sa halaga ng panganib na nilampasan upang makauwi nang buhay.

Subalit, sa antas ng tropo, ang dagat ay hindi lamang espasyo ng pagsubok kundi lunan din ng pananamantala. Ang mga tauhan ay nakapailalim sa sistema ng pangungutang o predatory lending. Dito, ang tubig na inaasahang simbolo ng kalayaan ay nauuwi sa pagiging kulungan, sapagkat may mga makapangyarihang gumagamit sa yamang-dagat upang ipataw ang kanilang kapangyarihan. Katulad ng binigyang-diin ni Sy sa kaniyang konsepto ng hydroaesthetics, ang tubig ay hindi lamang likas na espasyo kundi isang politikal na daluyan kung saan nasasalamin ang tunggalian sa pagitan ng mga mangangisda at ng mga may hawak ng yaman. Sa aktuwal na buhay, tinukoy ni Pomeroy na ang maliliit na mangangisda sa Palawan ay nalulugmok sa sistema ng utang, dahil kontrolado ng mga middleman ang presyo ng huli at suplay ng gasolina. Ang naratibong ipinakita sa “Manabang” ay tumutugma rito—na ang dagat, sa kabila ng pagiging bukal ng kabuhayan, ay nalilimitahan ng estruktura ng kapangyarihang panlipunan at pang-ekonomiya.

Sa dimensiyon ng motibo, paulit-ulit na lumilitaw ang tubig bilang puwang ng pang-aabuso at pagsubok. Sa gitna ng laot kung saan walang saksi, nagaganap ang pananamantala. Ang dagat dito ay nagiging kulungan, isang espasyo ng katahimikan na kasabay ay espasyo ng karahasan. Hindi lamang pisikal ang

panganib kundi emosyonal at panlipunan. Ang ganitong eksena ay maitutugma sa tala ni Fabinyi sa kaniyang pag-aaral sa mga mangingisdang Pilipino sa Calamianes, Palawan, kung saan ang dagat ay larangan din ng eksploytasyon sa pamamagitan ng mapanganib na gawain tulad ng cyanide at dynamite fishing na itinutulak ng kagipitan at utang.

Gayunpaman, mahalaga ring itampok na sa parehong espasyo, lumilitaw din ang pagtutol. Sa alok na lumahok sa ilegal na pangunguha ng korales, pinili ng pangunahing tauhan ang hindi madaling paraan. Ang pagtanggap rito ay tanda ng paninindigan na hindi dapat pagsamantalahan ang tubig. Kaayon nito, ipinakita ni Ray na ang krisis sa klima at tubig ay humuhubog sa estetika at moralidad ng mga tauhan sa panitikan—isang paalala na ang kalikasan ay hindi puwedeng ubusin para sa agarang pakinabang.

Sa isang tagpo, inilalarawan ang tubig bilang aktibong kalaban kung saan malinaw ang kapangyarihan ng kalikasan laban sa tao. Tulad ng binanggit ni Murphy, ang tubig ay maaaring lumitaw bilang puwersang pangnaratibo na humuhubog ng kapalaran at daloy ng banghay—isang puwersang hindi kayang pigilan ng sinumang tauhan.

Ngunit bukod sa pagiging puwersa ng pananakop, ang dagat ay tagapag-ingat din ng kultura at paniniwala. Ang tinatawag na “dangop ni Tatay,” isang sagradong bahagi ng dagat, ay pinaniniwalaang nagdudulot ng masaganang huli. Sa ganitong paglalarawan, ang tubig ay nagiging daluyan ng tradisyon at paniniwala, isang katawan ng kultura na hindi lamang pinagkukunan ng pagkain kundi nagsisilbing espasyo ng pananampalataya at ritwal. Tulad ng binanggit ni Quintos (“Babaye ug Suba”), ang tubig sa panitikang Pilipino ay madalas nagiging tropo ng kapangyarihan at paniniwala na nakaugat sa kasaysayan ng pamayanan.

Tubig Bilang Puwersa ng Pagkawala at Pagbabalik

Ang dagat ay espasyo rin ng kapangyarihan at kapalaran sa panitikan. Isa itong puwersang may kakayahang magbigay ng buhay, kumuha ng buhay, at maghubog ng kapalaran ng sinumang nakasandig dito. Sa “Ang Reyna ng Tamban” ni Nap Arcilla, lumilitaw ang tubig bilang simbolo ng pagsubok, paniniwala, at paulit-ulit na daloy ng buhay, bilang isang lunan ng pananampalataya at pagkawala, kung saan ang isang tauhan ay patuloy na hinahamon at binibigyan ng mga dahilan upang muling bumalik sa kanyang sarili.

Mula sa simula, inilalarawan ang katahimikan ng dagat: banayad ang alon, maliwanag ang araw, payapa ang paligid. Ngunit sa likod nito’y naroon ang alaala

ng nakaraan at ang paglitaw ng hindi pa nahihilom na sugat. Sa imaheng ito, ang dagat ay nagiging imbakan ng kasaysayan at alaala, isang daluyang nagtataglay ng parehong ginhawa at bagabag. Kaayon ng obserbasyon ni Buell, ang kalikasan sa panitikan ay hindi lamang backdrop kundi may environmental referentiality— isang kakayahang magsilbing daluyan ng mga naiwang karanasan at alaala.

Lumilitaw din ang dagat bilang pintuan ng pagsubok at pagkakataon. Ang relasyon ng pangunahing tauhan sa dagat ay higit pa sa paghahanap ng kabuhayan; ito ay isang personal na ugnayang nagdidikta ng paniniwala at kapangyarihang hindi madaling ipaliwanag sa lohikal na paraan. Sa isang eksena sa akda kung saan kinakausap niya ang dagat at isinisisi dito ang lahat ng nangyaring paghihirap, ang tubig ay hindi lamang likas na bagay na nagbabantay, kundi nilalang na may sariling kalooban— isang presensiyang hindi maaaring suwayin, subalit maaaring tanungin at kausapin. Ayon kay Manzano (“Pagtukoy”), ang ganitong pagbibigay-katauhan sa tubig sa panitikang Pilipino ay nagpapakita ng malalim na pananaw sa kalikasan bilang aktibong katuwang sa paghubog ng karanasan ng tao.

Lumilitaw din ang tropo ng dagat bilang tagapamagitan ng kapalaran. Ito ang tagapaghatid ng mga mahal sa buhay, ngunit siya ring sanhi ng pagkawala ng mga ito. Isang sipi sa akda ang nagsasaad na hindi maaaring sisihin ang dagat dahil isa itong cardinal na kasalanang maaaring maging ugat ng panibagong paghihirap. Sa ganitong pagbasa, ang dagat ay isang puwersang iginagalang, kinatatakutan, at pinaniniwalaang may sariling batas. Tulad ng binanggit ni Eder, ang pamumuhay sa baybayin ay laging nakaugat sa kawalang-katiyakan ng dagat, na isang lugar kung saan ang panganib at pagkawala ay itinuturing na normal na bahagi ng siklo ng pamumuhay.

Sa antas ng motibo, paulit-ulit na lumilitaw ang dagat bilang puwersa ng pagkawala at pagbabalik. Ang buhay ng tauhan ay nakatali sa alon—pagkawala ng minamahal, paglitaw ng bagong pag-ibig, pagbagsak ng relasyon, at muling pagbabalik sa tubig upang maghanap ng kasagutan. Ang ritwal ng pagkain ng tamban ay nagiging representasyon ng mga pangyayaring ito: ang inihaw na tamban bilang sagisag ng maalab na pag-ibig; ang kinilaw bilang hilaw at masakit na pagsasama; ang pritong tamban bilang mabilis at mababaw na ugnayan; ang ginataan bilang mainit ngunit panandalian; at ang paksiw bilang simbolo ng pagsuko sa mga bagay na hindi na mababago. Kaayon nito, ipinaliwanag ni Fabinyi na ang yamang-dagat sa Pilipinas ay hindi lamang nakikita bilang kabuhayan kundi bahagi ng mga ritwal at kultural na ekspresyon ng komunidad, kung saan ang pagkain at dagat ay nakaugat sa buhay at lipunan.

Gayunpaman, higit pa sa kabuhayan at ritwal, ang dagat ay lumilitaw bilang metapora ng pagpapaubaya. Ang tauhan ay nagtatanong sa dagat—bakit tila siya’y laging sinusubok, bakit tila pinaglalaruan ng agos ang kanyang kapalaran. Sa ganitong paglalarawan, ang dagat ay itinuring na nilalang na may sariling kalooban. Ayon kay Manzano (“Pagtukoy”), sa maraming akdang Pilipino, ang tubig ay nagiging “subhektibong presensya”—isang entidad na binibigyan ng boses at kapangyarihang makipag-ugnayan sa tao.

Sa dulo, ipinakita ng akda na ang dagat ay hindi nagbibigay ng tiyak na sagot, kundi nagtuturo ng pagtanggap sa siklo ng pagkawala at pagbabalik. Sa ekokritikal na pagbasa, malinaw na ang tubig sa “Ang Reyna ng Tamban” ay hindi lamang likas na elemento kundi aktibong puwersang humuhubog sa pagkatao, damdamin, at pananampalataya ng mga tauhan.

Pag-ahon ng Panitikang Tubig: Ang Ugnayan ng Tao, Kalikasan, at Lipunan sa Lente ng Ekokritisismo

Ang pagsusuri sa mga piling kuwento ni Emman Barrameda at ni Nap Arcilla ay nagpapatunay na ang panitikang tubig ay isang natatanging larangan ng panitikang Pilipino na nagtatampok sa masalimuot na ugnayan ng tao, kalikasan, at lipunan. Sa lente ng ekokritisismo, lumilitaw na ang tubig—sa anyo ng dagat, ilog, at ulan—ay hindi lamang simpleng tagpuan ng naratibo kundi aktibong puwersang humuhubog sa kapalaran ng mga tauhan, sumasalamin sa tunggalian ng tao at kalikasan, at nagiging daluyan ng kolektibong karanasan. Ayon kay Murphy, ang ekokritisismo ay naglalantad sa kung paanong may sariling tinig at kapangyarihan ang kalikasan sa loob ng panitikan, at ito mismo ang malinaw na nakikita sa mga kuwentong sinuri.

Sa “Domingo,” ang bagyo at baha ay salamin ng panloob at panlabas na unos—isang metapora ng siklikal na pag-iral kung saan walang sinuman ang ligtas sa hampas ng kalikasan. Sa “Bangkera,” ang dagat ay espasyo ng pansamantalang laya, ngunit may malinaw na hangganan—isang paalala na ang kalayaan ay laging nakatali sa lipunan at pinagmulan. Sa “Mga Ilaw sa Dagat,” lumitaw ang dagat bilang mitolohikal na lunan ng pagkawala at alaala, kung saan ang mga nilamon ng alon ay hindi lubos na nawawala kundi nagiging bahagi ng kolektibong gunita. Sa

“Manabang,” nakita ang dagat bilang entablado ng in hustisyang panlipunan, kung saan ang yamang-dagat ay nagiging instrumento ng pananamantala. At sa “Ang Reyna ng Tamban,” ipinakita ang siklikal na kalikasan ng buhay at pagkawala—ang dagat bilang pintuan ng kapalaran, na nagbibigay at bumabawi ng buhay.

Mula sa mga kuwentong ito, lumitaw ang tatlong pangunahing dimensiyon ng tubig bilang panitikang sangkap: imahen, tropo, at motibo. Ang mga imahen ng dagat, ilog, at ulan ay nagtatakda ng kongkretong presensiya at ritmo ng salaysay. Ang mga tropo ng bagyo, alon, o ilaw ay sumasagisag sa mga siklo ng pag-asa at kawalan. At ang mga motibong paulit-ulit na pamamangka, paglisan, o pagbabalik ay nag-uugnay sa mga tauhan at kanilang kapaligiran. Tulad ng binigyang-diin ni Quintos, ang tubig sa panitikan ay hindi lamang likas na anyo kundi entidad na nakaugnay sa lipunan at kultura, at may kapangyarihang magtakda ng kahulugan at kapalaran (“Babaye ug Suba”).

Higit pa rito, ipinakita ng mga akda na ang tubig ay hindi pantay—ito ay may dalang pampolitika at panlipunang bigat. Sa “Manabang,” ang ilegal na pangunguha ng koraless at sistemang utang ay sumasalamin sa kapitalistang pagsasamantala sa kalikasan. Sa ganitong pagbasa, lumilitaw na ang tubig ay hindi lamang espasyo ng kabuhayan kundi larangan ng tunggalian kung saan nakataya ang kinabukasan ng tao at komunidad. Ayon kay Nibalvos, mahalagang maunawaan ang ekolohikal na dimensiyon ng panitikan sapagkat inilalantad nito ang aktuwal na krisis ng kapaligiran at lipunan, na isang diskursong malinaw na ipinapakita ng mga kuwentong ito (“Maka-Pilipinong”).

Sa ganitong pagbasa, ang panitikang tubig ay isang daluyan ng kritikal na diskurso sa ekolohiya, trahedya ng climate change, at pangangalaga sa yamang-dagat. Kailangang maunawaan ang ekolohikal na dimensiyon ng panitikan sapagkat ito ay nagpapakita ng aktuwal na suliranin sa pagkasira ng kalikasan at ang epekto nito sa pamumuhay ng tao (Nibalvos, “Maka-Pilipinong”). Sa pamamagitan ng tubig, inilalahad ang mga panlipunan at pangkalikasang tunggaliang humuhubog sa lipunan at pagkatao ng mga tauhan.

Sa ganitong perspektiba, ang panitikang tubig ay hindi lamang isang genre kundi isang kritikal na larangan ng panitikang Pilipino na nagpapatingkad sa ugnayan ng tao, lipunan, at kalikasan. Tulad ng binanggit ni Jarín at ni Jun Cruz Reyes, ito ay isang puwang ng pambansang kamalayan na matagal nang umiiral ngunit ngayon lamang lubos na pinagtutuonan. Ang mga kuwentong ito

ay hindi nagtatanghal ng kalikasan bilang laging mapagkalinga o romantisado, kundi bilang isang aktibong entidad na dapat igalang, unawain, at pagnilayan. Ang tubig, kung gayon, ay hindi lamang dumadaloy sa anyo ng ulan, ilog, o dagat; ito rin ay dumadaloy sa panitikan bilang isang puwersa ng kaalaman, identidad, at pakikibaka.

Sa huli, ang panitikang tubig ay nananawagan ng isang bagong sensibilidad, ng isang kamalayang ekolohikal at panlipunan na nakaugat sa ating identidad bilang arkipelagikong bansa. Dahil dito, dapat itong kilalanin bilang isang mahalagang daluyan ng pambansang kamalayan, isang salamin ng relasyon ng tao sa kalikasan, at isang patunay na sa tubig nagmumula ang maraming kuwento ng buhay, trahedya, at patuloy na pakikibaka ng sambayanang Pilipino.

Kongklusyon

Sa pagsusuring isinagawa, lumitaw na ang tubig ay higit pa sa isang tagpuan sa mga akda ni Emman Barrameda at ni Nap Arcilla. Isa itong mahalagang puwersang bumabalot sa buhay ng mga tauhan, nagtatakda ng kanilang mga pagsubok, at humuhubog sa kanilang pananaw at pag-iral. Ang tubig ay hindi lamang isang espasyong pampanitikan kundi isang aktibong elementong sumasalamín sa kalagayan ng pamayanan, kultura, at ekolohiya. Sa pamamagitan ng tubig, naipakita kung paanong ang karanasan ng mga tauhan ay direktang naaapektuhan ng kalikasan—mula sa pangingisda bilang pangunahing kabuhayan, hanggang sa pagsuong sa hagupit ng bagyo at pagharap sa pang-araw-araw na siklo ng buhay sa baybaying-dagat. Litaw din ang tubig bilang metapora ng kapalaran, kung saan maaari itong maging daluyan ng pangarap at pag-asa, ngunit maaari ding maging banta ng trahedya at panganib.

Naging mahalaga ang paggamit ng ekokritisismo sa pagsusuri ng mga akdang ito sapagkat ipinakita nito ang ugnayan ng tao at kalikasan sa loob ng panitikan. Ipinakita sa mga akda na hindi lamang bahagi ng kapaligiran ang tubig; ito ay isang puwersang humuhubog sa pamumuhay at kamalayan ng mga tauhan. Sa pamamagitan ng lente ng ekokritisismo, mas naunawaan kung paano nagiging

tagapaglikha at tagapagwasak ang tubig—isang biyayang nagbibigay-buhay ngunit isa ring puwersang may kakayahang sumira sa mga komunidad. Ang paglitaw ng mga pamahiin, ritwal, at paniniwala sa tubig sa mga akda ay patunay rin na higit pa ito sa isang natural na elemento; bahagi ito ng paniniwala, kultura, at pagkatao ng mga tauhan.

Mula sa pagsusuring ito, higit pang napagtibay ang kahalagahan ng panitikang tubig bilang bahagi ng panitikang Pilipino. Hindi lamang nito inilalarawan ang pisikal na anyo ng bansa bilang isang arkipelago kundi inilalantad din ang realidad ng mga pamayanang umaasa sa tubig. Ang mga akdang ito ay nagbibigay-bose sa mga karanasang madalas na naiiwan sa gilid ng panitikan—ang buhay sa tabing-dagat, ang pakikibaka sa unos, at ang siklo ng pag-asa at pangamba na dala ng tubig. Dahil dito, dapat itong kilalanin bilang isang mahalagang daluyan ng kamalayang ekolohikal at panlipunan, isang salamin ng relasyon ng tao sa kalikasan, at isang patunay na sa tubig nagmumula ang maraming kuwento ng buhay at pakikibaka.





- Abrera, Maria Bernadette. “Bangka, Kaluluwa at Katutubong Paniniwala.” *Philippine Social Sciences Review*, tomo 57, blg. 1–4, 2005.
- Acabado, Stephen, at Mark Martin. “The Sacred and the Secular: Practical Applications of Water Rituals in the Ifugao Agricultural System.” *TRaNS: Trans-Regional and -National Studies of Southeast Asia*, tomo 4, blg. 2, 2016, pp. 307–327.
- Alegre, Anne Nichole. “The Wails of Heaven: The Representation of Water in Contemporary Southeast Asian Poetry.” *TRANS-*, blg. 29, 2024.
- Alaimo, Stacy. *Bodily Natures: Science, Environment, and the Material Self*. Indiana UP, 2010.
- Arcilla, Napoleon I. *Maqueda*. Isang Balangay Media Productions, 2020.
- Asong, Joseph M., et al. “Alternative Livelihoods in a Coastal Village: Its Implications to Coastal Resource Management.” *Science Diliman*, tomo 23, blg. 1, 2011, pp. 1–16.
- Atalia, Eros. Mula sa “Mga Pag-ugsod.” *Maqueda*, ni Napoleon I. Arcilla, Isang Balangay Media Productions, 2020, p. v.
- Barrameda, Emmanuel T. *Pwera Bisita*. Isang Balangay Media Productions, 2018.
- Balunsay, Jovert R., at Susan M. Tindugan. “Tigsik at Tirigsikan: Sipat at Suri sa mga Piling Pasalitang Tulang Caramoranon ng Isla Catanduanes, Pilipinas.” *Malay*, tomo 30, blg. 1, 2017, pp. 38–50.
- Boomgaard, Peter. *A World of Water: Rain, Rivers and Seas in Southeast Asian Histories*. KITLV Press, 2007.
- Buell, Lawrence. *The Environmental Imagination: Thoreau, Nature Writing, and the Formation of American Culture*. Harvard UP, 1995.

- Chua, Rina Garcia. "Dismantling Disaster, Death, and Survival in Ecopoetry." *Kritika Kultura*, blg. 25, 2015, pp. 26–45, <https://doi.org/10.13185/1656-152X.1642>.
- . "Philippine Ecopoetry and Climate Change: Rina Garcia Chua on *Sustaining the Archipelago*." Interbyu ni Kristine Ong Muslim. *Chicago Review of Books*, 28 Marso 2016, chireviewofbooks.com/2016/03/28/rina-garcia-chua-sustaining-the-archipelago-interview/.
- , editor. *Sustaining the Archipelago: An Anthology of Philippine Ecopoetry*. UST Publishing House, 2017.
- Classen, Albrecht. *Water in Medieval Literature: An Ecocritical Reading*. Lexington Books, 2018.
- Demetrio, Francisco. *Myths and Symbols, Philippines*. Rev. ed., Navotas Press, 1990.
- Dictaan-Bang-oa, Eleanor P. "Traditional Water Management Practices of the Kankanaey." *Cultural Survival Quarterly*, 7 Mayo 2010, www.culturalsurvival.org/publications/cultural-survival-quarterly/traditional-water-management-practices-kankanaey.
- Eder, James F. "Coastal Resource Management and Social Differences in Philippine Fishing Communities." *Human Ecology*, tomo 33, blg. 2, 2005, pp. 147–169.
- Fabinyi, Michael. *Fishing for Fairness: Poverty, Morality and Marine Resource Regulation in the Philippines*. National Library of Australia, 2012.
- Garrard, Greg. *Ecocriticism*. Ikalawang edisyon, Routledge, 2012.
- Glotfelty, Cheryll, at Harold Fromm, mga editor. *The Ecocriticism Reader: Landmarks in Literary Ecology*. University of Georgia Press, 1996.
- Guieb III, Eulalio R. "Place Names, Seascape, and Cartography of Marine Rights: Cases of Claims to Places on the Reef of Batasan in Bohol." *Hukay*, tomo 17, 2012, pp. 23–59.
- Hastrup, Kirsten. "Water and the Configuration of Social Worlds: An Anthropological Perspective." *Journal of Water Resource and Protection*, tomo 5, 2013, pp. 59–66.
- Huggan, Graham, at Helen Tiffin. *Postcolonial Ecocriticism: Literature, Animals, Environment*. Routledge, 2015.

- Jarin, Ferdinand Pisigan. Mula sa “Mga Pag-ugsod.” *Maqueda*, ni Napoleon I. Arcilla, Isang Balangay Media Productions, 2020, p. iii.
- Kalieva, Kanykei, et al. “Representation of the Concept ‘Water’ in Literature (Eco-Feminist Perspective).” *BIO Web of Conferences*, tomo 121, art. blg. 05005, 2024, <https://doi.org/10.1051/bioconf/202412105005>.
- Lasco, Gideon. “Rediscover Our Maritime Consciousness.” *Inquirer.net*, 14 Set. 2017, opinion.inquirer.net/107114/rediscover-maritime-consciousness.
- Lobel, Jason William, et al. *An Satuyang Tataramon: A Study of the Bikol Language*. Holy Rosary Minor Seminary, 2000.
- Maleon, Jeremie Monter. “Seeing in the Dark through a Green Lens: An Ecocritique of Contemporary Philippine Speculative Fiction.” *SSRN*, 2023, <https://doi.org/10.2139/ssrn.4583571>.
- Mangahas, Maria, at Susan Roldan. “Recovering Filipino Production of a Maritime Anthropology.” *Southeast Asian Anthropologies: National Traditions and Transnational Practices*, inedit nina Eric Thompson at Vineeta Sinha, NUS Press, 2019, pp. 111–140.
- Magos, Alicia P. *The Enduring Ma-aram Tradition: An Ethnography of a Kinaray-a Village in Antique*. New Day Publishers, 1992.
- Manzano, Joanne V. “Pagtukoy at Pagpapakahulugan sa mga Akdang Maritimo sa Pilipinas.” *Daluyan*, tomo. 24, 2018, pp. 103–123.
- . “Ontolohiya, Materyalidad, Metapora, at Transgresyon: Haraya ng Dagat sa mga Piling Kuwento ni Gremer Chan Reyes.” *Malay*, tomo 33, blg. 1, 2020, pp. 52–65.
- Merchant, Carolyn. *The Death of Nature: Women, Ecology and the Scientific Revolution*. Harper, 1990.
- Murphy, Patrick D. *Ecocriticism and the Waters of the World*. Academia.edu, 2006, [www.academia.edu/8724683/Ecocriticism and the Waters of the World](https://www.academia.edu/8724683/Ecocriticism_and_the_Waters_of_the_World). PowerPoint slides.
- Nibalvos, Irene M. P. “Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa.” *Malay*, tomo 32, blg. 1, 2019.

- . “Ang Maka-Pilipinong Ekofeministang Lapit sa Pagsusuri ng mga Eko-Siday.” *Daluyan*, tomo 27, blg. 2, 2021, pp. 46–63.
- Nixon, Rob. *Slow Violence and the Environmentalism of the Poor*. Harvard University Press, 2011.
- Paredes, Oona. “Rivers of Memory and Oceans of Difference in the Lumad World of Mindanao.” *TRaNS*, tomo 4, blg. 2, 2016, pp. 329–349.
- Pomeroy, Robert S., at Melvin B. Carlos. *A Review and Evaluation of Community-Based Coastal Resource Management Programs and Projects in the Philippines, 1984–1994*. ICLARM, 1997.
- Quintos, Jay Jomar F. “An Babaye ug Suba: Ang Talinghaga sa Anyo ng ‘Babae-sa-Tubig’ sa Tradisyong Pampanitikan sa Pilipinas.” *Humanities Diliman*, tomo 18, blg. 2, 2018, pp. 93–119.
- . “Sa Pagitan ng Kultura at Kalikasan: Isang Pagsisiyasat sa Talinghaga ng ‘Engkanto’ sa mga Pelikula ng Shake, Rattle, and Roll.” *Social Science Diliman*, tomo 16, blg. 2, 2020.
- Ray, Sugata. “Hydroaesthetics in the Little Ice Age.” *South Asia*, tomo 40, blg. 1, 2016, pp. 1–23.
- Realubit, Maria Lilia F. *Bikols of the Philippines*. AMS Press, 1983.
- Reyes, Jun Cruz. Lektura sa MAF620 Panitikang Rehiyonal. 8 Mayo 2021, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Lektura sa klase.
- Riego, L. A. D. “Tao at Tubig: Isang Pag-aaral ng mga Ritwal ng Tubig sa Pilipinas.” 2014, Academia.edu.
- Romero, Segundo Eclar. “Bicol’s triumph in adversity.” *Inquirer.net*, 6 Nobyembre 2020, opinion.inquirer.net/135047/bicols-triumph-in-adversity.
- Salazar, Zeus A. *Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas*. Palimbagan ng Lahi, 1999.
- Santos, P. V. “Uran, Uran, Tagantan.” *Malay*, tomo 24, blg. 1, 2011, pp. 65–69.
- . “Risoma para sa mga Puno.” *Katipunan*, tomo 4, 2019, pp. 189–198.
- Sarmiento, R. “The Catandunganons.” *AghamTao*, tomo 20, 2011, pp. 68–86.

- Scott, William Henry. *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Ateneo de Manila UP, 1994.
- Sellmann, James D. “Correlative Thinking in Pacific Island Cultural Philosophies.” *Pacific Asia Inquiry*, tomo 11, blg. 1, 2020.
- Shiva, Vandana. *Staying Alive: Women, Ecology and Survival in India*. Zed Books, 1989.
- Sy, Jose Monfred C. “The Littoral Zone as a Guerilla Zone.” *Environment, Media, and Popular Culture in Southeast Asia*, 2022, pp. 99–115. *Springer*, https://doi.org/10.1007/978-981-19-1130-9_6.
- Teodoro, John Imeril E. “Ang Dagat ug ang Tawo.” *Malay*, tomo 26, blg. 1, 2013, pp. 60–70.
- Turgo, Nelson Nava. “Fishermen, Fishmongers, and the Sea.” *Philippine Studies*, tomo 63, blg. 3, 2015, pp. 365–391.
- Yapan, Alvin B. “Ilang Paliwanag Tungkol sa Ekokritisismong Filipino.” *Katipunan*, blg. 4, 2019.
- Yu, Rosario Torres. *Alinagnag*. Anvil Publishing, 2011.
- Zayas, Cynthia N. “Aral ng Dagat.” *AghamTao*, tomo 25, 2016, pp. 1–20.

.....



Mary Ann A. Asaytono

Isang guro sa Filipino sa Melchora Aquino High School sa Lungsod Quezon. Nagtapos siya ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon, Medyor sa Filipino noong 2018 at Master of Arts in Filipino - Panitikan noong 2024 sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas Maynila. Kasalukuyan siyang Filipino Reading Coordinator sa kanyang paaralan at Filipino Subject Coordinator sa GRACE, na nakatuon sa pagbuo at pagsusuri ng mga kagamitang pampagtataya. Masigasig siyang tagapagtaguyod ng pagbasa ng panitikang Filipino at patuloy na nagsusulong ng pagpapahalaga sa wika at panitikan, katuwang ang kanyang asawang si Jeric Bautista.

PAHAYAG SA ETIKA AT PAGLABAG SA PATAKARAN NG PUBLIKASYON SA JOURNALS NG SENTRO NG WIKANG FILIPINO - UP DILIMAN

Ang *Daluyan at Agos Journal* ay mga refereed journal ng Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman (SWF-UPD) na nakatuon sa at nagpapanatili ng mataas na kalidad at akademikong integridad sa paglalathala ng mga artikulo at malikhaing akda. Sa layuning ito, ang *Daluyan at Agos*, sampu ng lupon ng mga editor, mga referee, at awtor, ay nararapat tumupad sa isinasaad ng pahayag sa etika at paglabag sa patakaran ng publikasyon.

Mataas na Antas ng Paggalang — Ang lupon ng mga editor, mga referee, awtor, at kawani sa produksiyon ng mga journal ay kinakailangang magpamalas ng mataas na antas ng paggalang sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin sa lahat ng pagkakataon.

Tungkulin ng mga Editor — Ang lupon ng mga editor ang nagtatakda ng direksiyon ng bawat isyu at nagbibigay ng paunang desisyon kung mataas ang kalidad ng mga isinuniteng artikulo/akda upang maisalang sa pagsusuri. Sa pamamagitan ng masusing paunang pagsusuri, maaaring hindi tanggapin o irekomenda ang mga manuskrito para sa pagtatasa ng mga referee, sang-ayon sa angkop na teoretikal at konseptuwal na balangkas, metodolohiya, at panuntunan sa pagsipi o pagtukoy ng sanggunian ng *Daluyan at Agos Journal*. Tungkulin din ng mga editor na pumili ng hindi bababa sa dalawang referee upang suriin ang isang manuskrito. Titiyakin nila na may integridad ang proseso ng blind-refereeing sa pamamagitan ng pagpili sa mga referee na may kahusayan sa akademikong larang/praktis o malikhaing pagsulat at walang anumang kasalungat na interes. Maaaring gumawa ng mga pangunahing desisyon upang tanggapin o hindi tanggapin ang mga manuskrito o akda para sa publikasyon. Ang mga desisyon ay batay sa pagsusuri ng mga referee alinsunod sa pahayag sa etika at paglabag sa patakaran ng publikasyon ng *Daluyan at Agos*.

Tungkulin ng mga Referee — Malaki ang kontribusyon ng mga referee sa pamantayan ng mga journal. Ang pagpili sa mga referee ay batay sa kanilang kahusayan at kasanayan sa pananaliksik o malikhaing pagsulat. Inaasahan silang magbigay ng kanilang masinop na pagsusuri sa artikulo at/o akda sa layuning mapahusay ang mga ito. Marapat na sumunod ang mga referee sa itinatakdang pamantayan sa pagrerebyu, at kung hindi ito masusunod, marapat na ipabatid sa mga editor ang hindi pagtanggap o pag-urong sa gawain. Kinakailangan nilang panatilihin ang kumpidensiyalidad sa buong proseso ng rebyu. Hindi sila maaaring magpahayag, makipag-usap, o gamitin ang anumang datos, argumento, o kongklusyon ng mga sinusuring manuskrito. Dapat ipagbigay-alam ng mga referee sa lupon ng mga editor ang kahit anong kahina-hinalang paglabag tulad ng etika sa pananaliksik (e.g., plahiyo o plagiarism), pagkukulang sa pagsipi sa mga impormasyon, o kasabay na pagpapasa ng manuskrito sa iba pang journal.

Tungkulin ng mga Awtor — Marapat na ang awtor ay nagsumite ng artikulo/akda nang may pagkilala o pahintulot sa kapuwa awtor, at may katiyakan sa orihinalidad at pag-aari sa manuskrito. Responsabilidad ng awtor na ipahayag kung may kasalungat na interes at/o may pinagmumulang pondo ang pananaliksik na maaaring makaimpluwensiya sa resulta ng pag-aaral. Gayundin, tungkulin niyang basahin at sundin ang nakasaad sa panuntunan ng pagpapasa ng manuskrito na nasa panawagan, lalo na sa paggamit ng tamang format at pagsipi bago magsumite ng kanilang manuskrito. Ipinagbabawal ang sabay na pagsusumite ng iisang artikulo/akda para sa konsiderasyon ng paglalathala sa ibang publikasyon. Kailangang sumunod ang awtor sa iskedyul na itinakda ng lupon ng mga editor sa pagsusumite ng kanilang mga rebisyon. Kung sakaling hindi nila matugunan ang iskedyul, dapat nila itong ipabatid at humingi ng panibagong kasunduan sa timeline mula sa lupon ng mga editor para sa isang makatwirang timetable. Ang pagkabigo ng awtor na tumugon sa anumang uri ng komunikasyon mula sa mga editor ay maaaring magresulta sa hindi pagtanggap sa manuskrito.

Proseso ng Rebyu — Naglalathala ang *Daluyan* at *Agos Journal* ng mga orihinal na artikulo/akda na dumaan sa isang masusing proseso ng **double-blind peer-review**. Ang mga manuskrito ay paunang sinusuri ng lupon ng mga editor para matiyak na nakasasapat ito bilang artikulo/akda bago ibigay sa mga referee na partikular namang titingin sa nilalaman (i.e., konseptuwalisasyon, teorisasyon) nito.

Kumpidensiyalidad — Sumusunod ang *Daluyan* at *Agos Journal* sa mga pangkalahatang tuntuning umiiral sa usapin ng kumpidensiyalidad. Ang impormasyon tungkol sa awtor at mga referee ay tinitiyak na mananatiling pribado. Kaugnay nito, ang mga isinumiteng artikulo/akda na naglalaman ng mga personal na impormasyon tungkol sa buhay ng awtor ay limitado lamang sa lupon ng mga editor at mga referee kung mayroon man.


Kasunduan sa Pormularyo ng Awtor — Kailangang mabasa, maunawaan, at sang-ayunan ng mga awtor ang itinatakda sa Pormularyo ng Awtor bago tumuloy sa rebyu ang mga manuskrito.


Pagtugon sa Paglabag sa Publikasyon — Mayroong karapatan ang *Daluyan* at *Agos Journal* na tukuyin ang maling gawain o asal ng awtor na may kinalaman sa publikasyon. Ang alinmang paglabag o maling gawain ng awtor, gaya ng intensiyong pagpapalabas sa publiko ng mga pahayag na walang katotohanan at pawang paninira sa publikasyon, ay kailangang matukoy. Ang lupon ng mga editor, kasama ang mga referee na sumuri ng artikulo at/o akda, ang magdedesisyon sa bigat ng parusang dulot ng paglabag na gaya ng pagbawi sa publikasyon sa journal at pagpapahayag nito sa publiko.

Sanggunian:

“Publication Ethics and Malpractice Statement.” Plaridel Journal of Communication, Media, and Society, www.plarideljournal.org/information-for-authors/publication-ethics-malpractice-statement/. Pe tsa ng pag-akses 13 Marso 2024.

Committee on Publication Ethics. (1999). Guidelines on good publication practices. Retrieved from <http://publicationethics.org/resources/code-conduct>








Daluyan
Journal ng Wikang Filipino

